Mag – aaral Komentryo

AKLAT NG MGA HEBREO

Tomobolumen Sampu

Dr. Bob Utley

Bible Lessons International

Ako ay ihandog itong tomobolumen sa aking guru ni Hebreo

F. B. Huey

Itong ay guru ni Southwestern Baptist Theological Seminary.

Kotento ni Talaan

NATATANGING PAKSA NI HEBREO

AKLAT NG MGA HEBREO

PANANALITA MULA SA MAY-AKDA: PAANO MAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA IYO?

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyunal at ispiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon.

Ang pamamaraang ispiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para pagsilbihan Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, pangungumpisal, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Ispiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang misteryo.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa teksto at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o panggrupong pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga prinsipyo ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

Unang Prinsipyo

Ang unang prinsipyo ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang teksto ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang intensyon ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o panggrupo. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang intensyon ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa

kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Ispiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming posibleng pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga sitwasyon. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay idinisenyo upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

Pangalawang Prinsipyo

Ang pangalawang prinsipyo ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga kapitulo, talata, o berso- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit . Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa pantiyakang pagdulog o inductive approach. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay idinisenyo upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga dibisyon ng talata at kapitulo ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa lebel ng talata—hindi sa lebel ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na tema o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang temang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay idinisenyo upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang teorya sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang nirebisang ikaapat na edisyon (UBS4). Ang tekstong ito ay iisinatalata ng mga makabagong pan tekstong iskolar.

2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng manuskritong Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.

3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.

4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS4 at TEV ay inilathala nang parehong grupo, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.

5. Ang New Jerusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.

6. Ang nakaimprentang teksto ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang berso sa bersong mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

Pangatlong Prinsipyo

Ang pangatlong prinsipyo ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan.

Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga manuskritong Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Pang-apat na Prinsipyo

Ang pang-apat na prinsipyo ay ang pagpansin sa anyong pampanitikan. Ang orihinal na mga inspiradong may-akda ay piniling italâ ang kanilang mga mensahe sa iba't-ibang anyo (hal. pangkasaysayang salaysay, pangkasaysayang drama, tula, paghulà, Ebanghelyo [parabula], liham, apokaliptiko). Itong mga iba't-ibang anyo ay may espesyal na mga susi sa

pagpapakahulugan (tingnan ang Gordon Fee and Doug Stuart, How to Read the Bible for All Its Worth o Robert Stein, Playing by the Rules).

Ang mga prinsipyong ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasnan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang teksto. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
Hunyo 27, 1996

ISANG GABAY SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA:
ISANG PERSONAL NA PAGHAHANAP PARA SA MASISIYASAT NA KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Eccl. 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuong lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakáng pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangatngatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuong lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling testimonya ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuong lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at

sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong libro ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo , maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

I. Mga Pagpapalagay

A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.

B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng

karaniwang isip ng tao at gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.

C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.

D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:

1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
7. mga kaagapay na pahayag/pasahe

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan

A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.

B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.

C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.

D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.

E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang "tugon ng mambabasa" o *reader response* (pagpakahulugang "ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto").

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:

Ang

Mga Orihinal Na Tagatanggap

Ang Nasusulat Na Teksto

Ang Orihinal Na Hangarin Ng Manunulat

Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya,

Mga Pagkakaiba sa Manuskrito
Ang Banal Na Ispiritu
Mga Kahuli-hulihang Mananampalataya

Ang Nasusulat Na Teksto

Ang Orihinal Na Hangarin Ng Manunulat

Ang Mga Orihinal Na Tagatanggap

Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga posibleng pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang posibleng pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

III. Mga Posibleng Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga prinsipyong hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang libro para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang How To Read The Bible For All Its Worth, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na siklo ng pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa , hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: “Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo.” Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
    a. tagpuang pangkasaysayan
    b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
    a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)

b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa

c. anyo

3. ang ating pag-intindi sa naaayong

a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/pasahe

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na siklo sa pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

A. Ang unang siklo ng pagbasa

1. Basahin ang libro sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin

a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)

b. dinamikong katumbas (TEV, JB)

c. pagpapahawig(paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)

2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.

3. Ihiwalay (kung posible) ang isang yunit na pampanitikan, isang kapitulo, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.

4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan

a. Lumang Tipan

(1) salaysay na Hebreo

(2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)

(3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)

(4) Mga pambatas na koda

b. Bagong Tipan

(1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)

(2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)

(3) Mga liham/epistulo

(4) panitikang Apokaliptiko

D. Ang pangalawang siklo ng pagbasa

1. Basahin ang buong libro muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.

2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.

3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.

C. Ang pangatlong siklo pagbasa

1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.

2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya

a. ang may-akda

b. ang petsa

c. ang mga tagatanggap

d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat

e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat

f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan

4. Lawakan ang iyong balangkas sa lebel na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan.

Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang kapitulo o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.

4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

D. Ang pang-apat na siklo ng pagbasa

1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
    a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
    b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
    c. paghahawig) (Living Bible, Amplified Bible)
2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
    a. mga inuulit na parirala, Eph. 1:6,12,13
    b. mga inuulilt na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
    c. magkakatambis na mga konsepto
3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
    a. mga mahahalagang salita
    b. mga di-karaniwang salita
    c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
    d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
4. Hanapin ang mga kaugnay na pasaheng magkahanay
    a. hanapin ang pinakamalinaw na pasaheng pampagtuturo sa iyong sabdyek gamit ang

(1) mga aklat ng “sistematikong teolohiya”

(2) mga sangguniang Bibliya

(3) mga pagkakatugma

b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong sabdyek. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-text ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.

c. Hanapin ang mga magkakahanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.

5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon

a. mga pag-aaral ng Bibliya

b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo

c. mga paunang salita ng Bibliya

d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang “pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon.”

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang pasaheng Bibliya sa ating sariling panahon hangga’t di natin napag-aalaman kung ano ang

sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang pasaheng Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa lebel na patalata (siklo ng pagbabasa #3), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa lebel ng talata, hindi sa lebel ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ayy may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Ispiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay hindi inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng "kaya winika ng Diyos," ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa lebel ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga prinsipyo mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang prinsipyo. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga prinsipyo ay ganoon na lamang, "ating" mga prinsipyo—hindi ang mga prinsipyo ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming posibleng pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklist ay nakatulong sa akin:

A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu(cf. I Cor. 1:26-2:16).
B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I John 1:9).
C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Ps. 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

A. Mula sa James W. Sire, Scripture Twisting, pp. 17-18:

"Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura."

B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, Protestant Biblical Interpretation, p. 75: Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. "Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos."

C. H. H. Rowley sa The Relevance of the Bible, p. 19: "Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga ispiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga ispiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing ispiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa

kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat."

VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo

A. Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadisenyo upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang "siklo ng pagbasa #3" ay tsekin itong impormasyon.

B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat kapitulo. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.

C. Sa simula ng bawat kapitulo o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:

1. The United Bible Society Greek text, fourth edition revised(UBS4)
2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
3. The New King James Version (NKJV)
4. The New Revised Standard Version (NRSV)
5. Today's English Version (TEV)
6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na "ang paksang pangungusap" o "ang pangunahing ideya ng teksto." Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat

nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang lebel ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng sabdyek na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa berso-sa-bersong pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:

1. pampanitikang konteksto
2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
3. impormasyong panggramatika
4. mga pag-aaral ng salita
5. mga kaugnay na pasaheng magkakahanay

E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:

1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng "Textus Receptus."
2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
3. Ang Today's English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasaling Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.

Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasaling Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga problema sa teksto:

1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
2. mga pamalit na kahulugan ng salita
3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
4. mga tekstong iba't iba ang pakahulugan

Gayong ang mga pagsasaling Ingles ay hindi makakalutas sa mga problemang ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.

G. Sa pagtatapos ng bawat kapitulo kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kapitulong iyon.

PAMBUNGAD SA HEBREO

MAHALAGANG PAMBUNGAD NA PAHAYAG

Dahil aking pinag-aralan ang aklat na ito, naging mas maliwanag na ang aking teolohiya ay hinubog ni Paul. Napakahirap kong payagan ang pagdami ng ibang NT may-akdang ipahayag ang kanilang binigyang-diwang pag-iisip dahil mayroon akong ugaling ilagay sila sa kategoryang Paulinyo. Ito ay lalong halata sa pagbibigay-diin sa Hebreo sa pagpapatuloy sa pananampalataya. Sa aklat ng Hebreo ang pananampalataya ay hindi isang pakikipagtalong posisyon (pangangatwiran sa pamamagitan ng pananampalataya), kundi isang matapat na buhay hanggang sa katapusan (mga kapitulo 11-12).

Natatakot ako na marami sa mga tanong na aking ibinaka sa Hebreo ay hindi kailanman tinanong ng kanyang may-akda (o ni Peter, o James). Ang Hebreo ay isang pambihirang dokumento, tulad ng lahat ng mga NT libro. Dapat kong hayaang magsalita ang may-akda kahit na nagdudulot siya sa akin ng di pagkapalagay; kahit na hindi siya gumagamit ng aking mga pinapahalagahang kategorya o kahit na tunay na ginulo itong mga kategorya. Hindi ko kayang palitan ang aking sistematikong teolohiya para sa isang binigyang-diwang mensahe nang NT may-akda.

Mas nais kong pagsisihan ang aking pangteolohiyang pagkakitid at mabuhay sa loob ng isang NT tensyong hindi ko kabuuang naiintindihan o nagugustuhan! Natatakot akong tinitingnan ko ang NT sa pamamagitan ng salaang makabagong ebanghelikal, mapagbagong-loob na pananaw. Gusto kong pagtibayin ang mga pangbibliyang pangako; mga pangakong pagmamahal ng Panginoon, pagtatalaga, at pagpapanatili ng kapangyarihan; ngunit ako ay binilanggo ng mga makapangyarihang babala at utos ng mga NT may-akda. Lubhang kailangan kong marinig ang Hebreo, ngunit napakasakit nito! Gustong ipaliwanag ang tensyon. Sa tingin ko, sa totoong buhay, gusto kong pagtibayin ang malayang kaligtasan at isang halaga-lahat na Kristiyanong buhay. Ngunit saan ako maglalagay ng linya kung ang huwaran ay hindi nakamit? Ang walang hanggang relasyon sa Panginoon ba ay isang panimulang pananampalatayang tugon o isang patuloy na pananampalatayang tugon? Ang Hebreo ay malinaw na nagpapahayag ng gawaing isang patuloy na pananampalatayang tugon. Ang Kristiyanong pamumuhay ay tinitingnan mula sa huli, hindi sa umpisa!

Ito ay hindi nangangahulugang gustong sabihin ang isang mga-gawaing-tutok na uri nang kaligtasan, kundi isang mga-gawaing-tutok na kumpirmasyon. Ang pananampalataya ay ang katibayan, hindi ang mekanismo (na ay ang biyaya). Ang mga sumasampalataya ay hindi niligtas

ng mga gawain, kundi sa mga gawain. Ang mga gawain ay hindi ang mga paraang kaligtasan, kundi ang resulta ng kaligtasan. Ang MakaDiyos, matapat, araw-araw na Pagkamala-Cristo ay hindi nating ginagawa, ngunit kung paano tayo sa Kanya. Kapag walang pagbabago, at nagbabagong buhay sa pananampalataya, walang katibayan ng ating kaligtasan, walang katiwasayan para sa sumasampalataya. Ang Diyos lamang ang nakakaalam sa puso at sa mga kalagayan. Ang katiwasayan ay dapat nakatalagang kasama sa isang buhay ng pananampalataya, hindi isang panimulang teolohikal na pagpapahayag na walang katibayan sa uri ng pamumuhay.

Ang aking panalangin ay hayaan natin itong binigayang-diwang NT may-akdang malinaw na makapagsalita at hindi hayaang isantabi ang Hebreo sa isang teyolohikal na pandagdag na salita lamang sa isang sistematikong teolohikal na balangkas, maka-Calvin man o maka-Arminia.

MGA PAMBUNGAD NA KAALAMAN

A. Ang aklat na ito ay gumagamit ng mga OT tekstong sinalin ng mga rabinikal na hermeniyuniko upang ipahayag ang kanyang mensahe. Upang maintindihan ang hangarin ng orihinal na may-akda, ang aklat na ito ay dapat isalin sa konteksto ng unang siglong rabinikal na Judionismo, hindi ng makabagong pangkanlurang pag-iisip.

B. Ang aklat na ito ay nagsisimula katulad ng isang sermon (walang bating panimula o karaniwang pagbati) at nagtatapos tulad ng isang sulat (karaniwang pagtatapos ng Paulinyong kapitulo 13). Ito ay maaaring isang pangsimbahang homilyang ginawang isang sulat. Tinatawag ng may-akda ang kanyang aklat "isang salitang panghihikayat" sa 13:22. Itong parehong parirala ay ginamit rin sa Acts 13:15 ng isang sermon.

C. Ito ay isang puno ng kaaalaman a komentaryo ng Bagong Tipang sa Mosaic na tipan:

1. isang kapanipaniwalang pananaw ng OT
2. isang paghahambing ng luma at bagong tipan
3. ang nag-iisang NT aklat na tumatawag kay Jesus bilang ating pinakapunong saserdote

D. Ang aklat na ito ay puno ng mga babala laban sa paglagas ("pag-urong pabalik" cf. 10:38), o pagbalik sa Judionismo (i.e., mga kapitulo 2,4,5,6,10,12; cf. Di Madaling Kaligtasan ni R. C. Glaze, Jr., nilathala ng Insight Press).

E. Kahit na ito ay isang higit na pangpangalahatang salita, nakakatulong makita si Paul sa kanyang pagbibigay-diin sa kaligtasan bilang isang natapos na gawain ng isang naghaharing Panginoon (gaya ng, pangangatwiran sa pamamagitan ng pananampalataya) pagpapahayag sa katiwasayan bilang panimulang katotohanan. Sina Peter, James, at ang mga sulat ng 1 at II John nagbibigay-diin sa patuloy na mga tungkulin ng Bagong Tipan at napapahayag na ang katiwasayan ay pang-araw-araw, pinatibay ng isang nabago at nagbabagong buhay. Ang may-akda ng Hebreo, nagbibigay-diin sa isang buhay ng katapatan (cf. kapitulo 11), ay nagpapahayag na ang katiwasayan mula sa katapusan-ng-buhay na pananaw. Ang makabagong kanluraning rasyunal na pag-iisip may ugaling humiwalay sa mga pananaw na ito, habang ang mga NT may-akda, sa pamamagitan ng isang banal na may-akda (gaya ng, ang Espiritu), gustong panghawakan silang may tensyon at pagtibayin silang tatlo. Ang katiyakan ay hindi kailanman naging layunin, kundi ang resulta ng isang masiglang pananampalataya sa lahat ng mga pangako ng Panginoon.

ANG PAGKAMAY-AKDA

A. Bagama't ang pagkamay-akda ng Hebreo ay pinagtatalunan, ilan sa mga naunang Gnostikong gawain (gaya ng, Ang Ebanghelyo ng Katotohanan, Ang Ebanghelyo ni Philip at Ang Apokripa ni John) ay bumabanggit nito ng ilang beses, na nagpapakitang ito ay inaayunang bahagi ng mga pinapaniwalaang pang-Kristiyanong kasulatan sa ikalawang siglo (cf. ang kay Andrea Helmbold na Ang Mga Nag Hammadi Gnostikong Teksto at ang Bibliya, p. 91).

B. Ang Silangang Simbahan (Alexandria, Ehipto) tinanggap ang pangangatha ni Paul ayon sa nakita sa kanyang pagsulat ng Hebreo sa mga sulatin ni Paul sa sinaunang papyrus na kasulatan o manuscript P46. Ang kasulatang ito ay tinatawag na Chester Beatty Papyri at kinopya sa katapusan ng ikalawang siglo. Nilalagay nito ang Hebreo pagkatapos ng mga Romano. Ang ilang pinuno sa Alexandria ay kinalala ang mga pampanitikang problemang may relasyon sa pangangatha ni Paul.

1. Si Clemente ng Alexandria (A.D. 150-215, binanggit ni Eusebius) ay nagsasabing si Paul ay isinulat ito sa Hebreo at isinalin ito sa Griyego ni Lukas.

2. Si Origen (A.D. 185-253) ay pinanindigang ang mga kaisipan ay kay Paul ngunit ito ay sinulat ng isang huling tagasunod, tulad ni Lukas o Clemente ng Roma.

C. Ang aklat na ito ay hindi isinama sa talaang mga sulat ni Paul na kinupkop ng Kanlurang Simbahang tinawag na Muratorian Fragment (isang talaan ng mga NT kanonikal na aklat mula sa Roma ng halos A.D. 180-200).

D. Ano ang ating alam tungkol sa may-akda

1. Siya ay mukhang ikalawang henerasyong Judiong Kristiyano (2:3).

2. Siya ay pumupulot mula sa Griyegong pagsaling tinatawag na ang Septuagint.

3. Siya ay gumagamit ng makalumang tabernakulong pamamaraan at hindi mga pangkasalukuyang templong ritwal.

4. Siya ay nagsusulat gamit ang tanyag na Griyegong bararila at sintax (ang aklat na ito ay hindi espiritwal. Ang kanyang oryentasyon ay ang OT, hindi Pilosopiya).

E. Ang aklat na ito ay di-kilala, ngunit ang kanyang may-akda ay kilala sa mga tumatanggap (cf. 6:9-10; 10:34; 13:7,9).

F. Bakit may mga pag-alinlangan tungkol sa pagkamay-akda ni Paul

1. Ang estilo ay ibang-iba (maliban sa kapitulo 13) mula sa iba pang sinulat ni Paul.

2. Ang bokabularyo ay iba.

3. Mayroong mga munting pagkakaiba sa paggamit ng mga salita at parirala at pagbibigay-diin.

4. Tuwing tawagin ni Paul ang kanyang mga kaibigan at katrabaho ng "kapatid" ang pangalan ng tao ay laging nauuna (cf. Rom. 16:23; I Cor. 1:1; 16:12; II Cor. 1:1; 2:13; Phil. 2:25) ngunit sa 13:23 mayroong "ang ating kapatid Timoteo."

G. Mga Teyorya sa Pinakamay-akda

1. Si Clemente ng Alexandria sa kanyang aklat Hypotyposes (na sinipi ni Eusebius) naniwalang si Lukas ang nagsalin sa Giryego ng orihinal na sulat sa Hebreo ni Paul (si Lukas ay gumamit ng napakagaling na Koine Griyego).

2. Si Origen nagsabing alinman kina Lukas o Clemente ng Roma ang nagsulat nito ngunit sumunod sa turo ni Paul.

3. Sina Jerome at Augustine ay tinanggap ang pangangatha ni Paul upang mapadali ang pagtanggap ng aklat sa Canon ng Kanluraning Simbahan.

4. Si Tertullian (De Pudic. 20) naniwala na si Barnabas (isang Levite na inugnay kay Paul) ang nagsulat nito.

5. Si Martin Luther ay nagsabi na si Apollos, isang hinasa sa Alexandriang intelektwal na inugnay kay Paul (cf. Acts 18:24), ang nagsulat nito.

6. Si Calvin ay nagsabing si Clemente ng Roma (ang unang nagsabi nito noong A. D. 96) o si Lukas ang may akda.

7. Si Adolph von Harnack ay nagsabing si Aquila at Priscilla (tinuruan nila si Apollos ng buong ebanghelyo at inugnay kay Paul at Timoteo, cf. Akto 18:26) ang nagsulat nito.

8. Si Sir William Ramsey ay nagsabi na si Philip (ang ebanghelista) ang nagsulat nito para kay Paul habang si Paul ay nasa piitan sa Caesarea.

9. Ang iba ay pinipilit si Philip o si Silas (Silvanus).

MGA TUMANGGAP

A. Ang pamagat "para sa mga Hebreo" tumutukoy sa mga Hebreong tao, kung sa gayon, ang aklat at sinulat para sa lahat ng mga Judio (cf. Clement of Alexandria, quoted by Eusebius, Eccl. Hist. VI, 14).

B. Ang panloob na katibayang kasunod ng kay R. C. Glaze, Jr.'s Di Madaling Kaligtasan ay nagpapahayag na ang tiyak na grupo ng mga sumasampalatayang Judio o isang sambahayan ay ang tinutukoy (cf. 6:10; 10:32-34; 12:4; 13:7,19,23).

1. Sila ay inaakalang mga Judiong sumasampalataya dahil sa maraming OT sinipi at ang paksa (cf. 3:1; 4:14-16; 6:9; 10:34; 13:1-25).

2. Sila ay nakaranas ng ilang pag-usig ((cf. 10:32; 12:4). Ang Judionismo ay kinilala bilang isang ligal na relihiyon ng mga Romang awtoridad habang noong huling bahagi ng unang siglo ng Kristiyanismo ay tinatanggap bilang iligal noong humiwalay ito mula sa sambahayang pagsamba.

3. Sila ay mga sumasampalataya nang mahabang panahon, ngunit mga hindi pa hinog (cf. 5:11-14). Natatakot silang humiwalay ng lubusan sa Judionismo (cf. 6:1-2).

C. T Ang malabong tekstong 13:24 ay maaaring magpahayag na ito ay nasulat (1) mula sa Italya o (2) papunta sa Italya, maaaring Roma.

D. Ang lugar ng mga tumanggap ay kinakabit sa iba't-ibang teyorya tungkol sa pagmamay-akda.

1. Alexandria - Apollos

2. Antioch - Barnabas

3. Caesarea - Lukas o Felipe

4. Roma - Celemente ng Roma at ang pagbanggit ng Italya sa 13:24.

5. Espana – Ito ang teorya ni Nikolas ng Lyra (A.D. 1270-1340)

PETSA

A. Maliit na panahon bago ang pagkasira ng Jerusalem ng Romanong Heneral (noong huli Emperor) Titus, noong A.D. 70

1. ang may akda ay bumabanggit ng kasama ni Paul na nagngangalang Timoteo (cf. 13:23)

2. ang may akda ay tumutukoy sa mga pagsasakripisyong patuloy sa Templo

3. ang may akda ay bumabanggit ng pag-usig na maaaring bumagay sa panahon ni Nero (A.D. 54-68)

4. ang may-akda ay humihikayat sa mga mambabasang huwag bumalik sa Judionismo at sa kanyang mga ritwal

B. Pagkatapos ng A.D. 70

1. ang may-akda ay gumagamit ng mga ritwal ng tabernakulo, hindi ng templo ni Herod

2. ang may-akda ay bumabanggit ng pag-usig

a. maaaring nasa ilalim ni Nero (cf. 10:32-34)

b. lnoong huli maaaring nasa ilalim ng Domitian (cf. 12:4-13)

3. ang aklat ay maaaring may relasyon sa pagsabuhay ng rabinikal na Judionismo (mga sulatin mula kay Jamnia)

C. Bago A.D. 95 dahil ang aklat ay sinipi ni Clemente ng Roma

LAYON

A. Ang mga Judiong Kristiyano ay hinihikayat na umalis sa sambahayan at magpakilala sa publiko (ng kabuuan) sa simbahan (cf. 13:13).

B. Ang mga Judiong Kristiyano ay hinihikayat na kunin ang misyunaryong gawain ng ebanghelyo (cf. Matt. 28:19-20; Lukas 24:47; Acts 1:8).

C. Ang mga Judiong hindi sumasampalatayang sa pakikipagkapwa dito sa mga Judiong Kristiyano ay ang sentro ng mga kapitulong 6 at 10. Pansinin ang pagkakaroon ng tatlong grupo, "tayo," "kayo," at "sila." Sila ay binabalaang sumagot ng personal sa maramihan ay malinaw na katibayan sa mga buhay ng kanilang Kristiyanong kaibigan at kasama sa pananampalataya.

D. Itong inaakalagang pangkasaysayang pagsabuhay ay kihuna mula sa No Easy Salvation ni R. C. Glaze, Jr.

> "Ang problema ay hindi ang tensyon sa gitna ng Kristiyanong mayorya at ng di-Kristiyanong menorya. Ang pinakasalungat ang totoo. Ang mga Judiong Kristiyano nitong kongregasyon ay tuluyang kinompromiso ang kanilang pananampalataya at kamalayang tagapangalagang ang dalawang grupo ay maaaring magsambang magkasama bilang isang kongregasyon. Wala sa dalawang grupo ang totohanang binababahala ang konsyensiya ng kabila. Hindi na nauuwi sa paghatol at desisyon ang pagsermon ng Kristiyanong grupo sa bahagi ng mga hindi sumasampalatayang kasapi ng sambahayan. Ang mga Kristiyano ay nasa kalagayang walang pagkilos dahil sa kanilang kaayawang tumanggap ng kabuuang pangangailangan ng matapang na Kristiyanong pamumuhay. Ang mga hindi sumasampalataya ay naging matigas dahil sa patuloy na pagtanggi hanggang sa punto ng ganap na kawalang malasakit. Ang mga grupong ito ay ngayon naging magkasundong magkasama.
>
> Ang pag-atubili ng mga Kristiyanong grupong 'magpunyagi tungo sa sukdulan ng kabutihan' (6:1) ay ginaganyak ng dalawang pangyayari: ang mataas na pagtingin para sa mga tradisyon ng Judionismo at ang hindi kagustuhang magbayad sa buong halaga ng pagkilala sa Kristiyanismo, na mas nagiging isang Hentiles na pagkilos" (p. 23)

MAIKLING BALANGKAS NG HEBREO

1:1-3	Ang Anak at higit kaysa mga propeta
1:4-2:18	Ang Anak ay higit kaysa mga anghel
3:1-4:13;	Ang Anak ay higit kaysa Mosaic na Tipan o Mosaic Covenant
4:14-5:10	
6:13-7:28	Ang Anak Anak ay higit kaysa Aaronic na Saserdote
5:11-6:12	Ang mga sumasampalatayang Judio ay higit kaysa mga hindi sumasampalatayang Judio
8:1-10:18	Ang Anak ay higit kaysa mga pamamaraan ng Mosaic na Tipan
10:19-13:25	Ang Anak ay higit kaysa tinaguyod at pinakita sa mga sumasampalataya

PAGBASA SA UNANG SIKLO (tingnan ang p. vi)

Ito ay isang gabay sa pag-aaral na komentaryong nangangahulugang ikaw ay may tungkulin sa iyong sariling pagsalin ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakas sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Hindi mo dapat ibigay ito sa isang tagapagsalita.

Basahin ang buong pangbibliyang aklat sa isang upuan. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng buong aklat
2. Uri ng panitikan (uri)

PAGBASA SA PANGALAWANG SIKLO (tingnan sa pp. vi-vii.)

Ito ay isang gabay ng pag-aaral na komentaryong nangangahulugang ikaw ay may tungkulin para sa iyong sariling pagsalin ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Hindi mo dapat ibigay ito sa isang tagapagsalita.

Basahin ang kabuuang pangbibliyang aklat ng pangalawang beses sa isang upuan. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit
2. Paksa ng ikalawang pampanitikang yunit
3. Paksa ng ikatlong pampanitikang yunit
4. Paksa ng ikaapat na pampanitikang yunit
5. At iba pa.

HEBREO 1

PAGKAKAHATI NG MGA TALATA SA MAKABAGONG MGA PAGSASALIN*

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang Diyos ay Nagsalita sa Pamamagitan ng Anak	Ang Pinakamataas na Pagbubunyag	Ang Paunang Salita	Ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng Anak	Ang Katanyagan ng Ipinanganak na Anak ng Diyos
1:1-4	1:1-4	1:1-4	1:1-4	1:1-4
Pinakamataas ang Anak sa mga Anghel	Itinaas ang Anak sa mga Anghel	Ang Kadakilaan ni Kristo sa mga Anghel	Ang Kadakilaan Anak ng Diyos	Mas Dakila ang Anak kaysa mga Anghel
		(1:5-2:18)		(1:5-2:18)
12:4-11			1:4-13	
1:5-14	1:5-14	1:5-14		1:5-13
			1:14	1:14

PAGBASA SA SIKLO TATLO (pagbasa p. vi pagbasa sa Panimulang mga Tala)
BILANG PAGSUNOD SA ORIHINAL NA HANGAD NG MAY-AKDA SA ANTAS NG TALATA

Isa itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral, na nagangahulugan na responsible ka sa sarili mong intepretasyon ng Bibliya. Bawat isa sa atin ay dapat na sundan ang ilaw natin. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ang pinahahalagahan sa pagsasalin. Hindi mo dapat ito ipaubaya sa taga-komentaryo.

Basahin ang kapitulo sa isang upuan. Tukuyin ang mga paksa. Paghambingin ang mga pagkakahati ng mga paksa na may limang pagsasalin sa iataas. Ang pagtatalata is walang inspirasyon, subalit ito ang susi upang masundan ang nais ng orihinal na may-akda, na isang interpretasyong mula sa puso. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

* Dahil nga sa hindi sila inspirado, ang paghahati ng talata ang siyang susi sa pag-unawa at masundan ang nais ng may-akda. Bawat makabagong pagsasalin ay hinhati at binibigyang buod ang mga talata sa unang kabanata. Ang bawat talata ay may pangunahing paksa, katotohanan, o kaisipan. Bawat bersyon ay nakabuod ang paksa sa sarili nitong kakaibang paraan. Habang binabasa mo ang tksto, tanungin ang sarili kung aling pagsasalin ang akma sa iyong pag-unawa sa paksa at pagkakahati ng mga berso.

Sa bawat kapitulo ay dapat muna natin basahin natin ang Bibliya at subuking tukuyin ang mga paksa (mga talata), pagkatapos ay ipaghambing an gating pag-unawa sa makabagong mga bersyon. Sa ating pag-unawa lamang sa layon ng orihinal na may-akda ating masusundan ang kanyang pag-iisip at presentasyon saka natin masasabi na tunay nga nating nauunawaan ang Bibliya. Ang orihinal na may akda lamang may inspirasyon—ang mga mambabasa ay walang karapatan na baguhin o ayusin ang mensahe. Ang mga mambabasa ng Bibliya ay mayroon naming pananagutan na gamitin ang inspiradong katotohanan sa kanilang araw at sa kanilang mga buhay. Pansinin na lahat ng mga terminong teknikal at mga pagpapaikli ay ipinapaliwanag ng mabuti sa Apendise Isa, dalawa at Tatlo.

MGA KONTEKSTUWAL NA PAGPAPALAGAY
Ang unang talata ay isang patula/himnong presentasyon ng mga nakamit ni Hesus kanyang mga kahanga-hangang mga nagawang pagtubos sa atin. Siya ang Panginoon ng kalangitan at ng mundo. Inilabas ito ng isa-isa sa pitong naglalarawang mga anyo.

Isa ito sa pinaklamataas na mga pag-aaral tungkol kay Kristo sa NT I NT (cf. John 1:1-18; Phil. 2:6-11; at Col. 1:15-17).

1. ang tagapagmana ng paglikha ng Ama (v. 2)
2. ang ahente ng paglikha ng Ama (v. 2)
3. ang ningning ng kaluwalhatian ng Ama (v. 3)

4. ang kahawig na larawan ng katangian ng Ama (v. 3)
5. tagapagpatuloy ng paglikha ng Ama (v. 3)
6. ang paraan ng pagpapatawad sa mga nilikha ng Ama (v. 3)
7. ang marangya at mala-saserdoteng Mesiyas na ipinadala ng Ama (v. 3)

B. Ang mga berso 1-4 na may pangunahing kaugnayan kung paano nakipag-usap sa atin ang Diyos sa bagong paraan sa pamamagitan ng kanyang anak na si Hesus ng Nazareth. Hindi na tayo nakakatanggap ng pagpapahayag ng paunti-unti sa pamamagitan ng mga tagapaglingkod (gaya ng mga propeta ng OT), subalit sa ngayon ay sa buong pagbubunyag ng isang kasapi ng pamilya ("ang anak", cf. 1:2; 3:6; 5:8; 7:28).

Ang pangalawang talata (vv. 5-14) ipinagpapatuloy ang tema ng kapangyarihan ni Hesus. Sa vv. 1-4 Siya ay naging mas higit pa sa pagbubunyag kaysa mga propeta; sa vv. 5-14 Siya ang mas mahusay na tagapamagitan kaysa mga anghel; pinagtibay ng serye ng pitong teksto ng OT mula sa Septuagint (karamihan mula sa mga Psalms): Psalm 2:7; II Sam. 7:14; Ps. 97:7; Ps. 104:4; Ps. 45:6-7; Ps.102:25-27 at Ps. 110:1.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

NASB (BINAGO) TEKSTO: 1:1-4

1Ang Diyos, nang matapos siyang magsalita noong unang panahon sa mga ama sa pamamagitaan ng mga propeta sa maraming mga bahagi at sa maraming paraan, 2sa huling mga araw ay nagsalita sa atin sa Kanyang Anak, na Kanyang hinirang bilang tagapagmana ng lahat ng mga bagay, sa pamamagitan din ginawa Niya ang sandaigdigan. 3At Siya sa liwanag ng Kanyang Kaluwalhatian at ang tiyak na pagpapakita ng Kanyang likas na pagkatao, at pinagtitibay ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang salita. Nang ginawa Niya ang pagdalisay ng mga kasalanan, umupo Siya sa kanang kamay ng kanyang Kamahalan sa itaas, 4sa kanyang pagiging mas mahusay sa mga anghel, dahil sa nakamana siya ng mas mahusay na pangalan kaysa sa kanila.

1:1 "Ang Diyos, pagkatapos Niyang magsalita" ang " Diyos" ay hindi una (nasa unahan) sa pangungusap na Griego; kung sa gayon, ang tekstong ito ay hindi binibigyan-diin ang doktrina ng pagkahayag, subalit sa sa paraan ng paghahayag sa nakaraan (AORIST AKTIBONG PANDIWARI).

▣ **"sa mga propeta"** Ang mga Hudyo ay naniniwala na ang mga propeta ang siyang nagsulat ng Banal na Kasulatan. Ito ang dahilan kung bakit si Moses ay ipinapalagay na isang propeta. (cf. Deut. 18:15) At kung bakit ang mga hudyo ay tinaguriang sa mga librong pangkasaysayan ni Joshua hanggang sa mga Hari bilang "mga dating propeta." Samakatuwid, ang pariralang ito ay hindi tumutukoy sa mga propetang OT lamang, sa halip sa lahat ng mga manunulat ng OT.

Ang pariralang "sa (en) mga propeta" (v.1) ay kapareho ng "sa (en) Kanyang anak" (v.2). May kitang-kita na na mayroong pagkaka-iba sa pagitan ng dalawang paraan ng

pagpapahayag. Ang isa ay tagapanglingkod at ang isa naman ay isang kasapi ng pamilya.Ang una ay bahagi lamang subalit ang pangalawa ay buo at kumpleto (cf. Col. 1:15-17).

▣

NASB "sa karamihan ng mga kabahagi at sa karamihan ng mga paraan"
NKJV "sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang mga paraan"
NRSV "sa marami at sa iba't ibang mga paraan"
TEV "sa maraming mga panahon at sa maraming mga paraan"
NJB "sa maraming nakaraan na mga sandal at sa maraming mga paraan"

Ang pagpapahayag ng OT ay paunti-unti sa anyo at nilalaman. Ang pariralang ito ay inilagay sa unahan (iniunan) ng tekstong Griego ng berso 1 upang ipakita ang binibigyang-diin ng may-akda.

1:2 "itong mga huling araw" Ang mga Hudyo ng panahon ng mga bibliya ay nakakitaan ng dalawang panahon: ang kasalukuyang masama/evil na panahon ng pagrerebelde at kasalanan (simula sa Genesis 3) at ang pagdating ng panahon ng kabutihan ay ipinasinayaan ng pagdating ng Mesias sa kapangyarihan ng Ispiritu. Binibigyan-diin ng OT ang pagdating mg Mesias sa paghuhukom at kapangyarihanthe na maitatag ang bagong age. Gayunman, hindi nito nakita ng malinaw ang unang pagdating ni Hesus bilang ang "Matiising Tagapagsilbi" sa Isaiah 53; ang Isang mababa ang loob na nakasasakay sa isang colt ng donkey sa Zech. 9:9; at ang Isang sinaksak sa Zech. 12:10. Mula sa NT na progresibong rebelasyon alam natin na ang Diyos ay nagplano ng dalawang pagdating ng Mesiyas. Ang panahon sa pagitan ng Inkarnasyon/Incarnation (ang unang pagdating) at ang pangalawang pagdating na nakapaloob sa magkasanib na dalawang mga edad ng Hudyo. Nakatalaga ito sa NT na pariralang "mga huling araw." Nasa panahong ito tayo sa mahigit na 2000 na taon.

PAKSA: ANG PANAHONG ITO AT SA MGA DARATING PANG PANAHON:

Tinatanaw ng mga propeta ng OT ang darating na panahon bilang karugtong ng kasalukuyan. Para sa kanila ang hinaharap ay isang pagbabalik sa heyograpiyang Israel. Gayunman, kahit sila ay nakita ang bagong araw (cf. Isa. 65:17; 66:22). Sa patuloy na pagtanggi sa YHWH ng mga anak ni Abraham (kahit na pagkatapos ng malayo/ exile nila) isang bagong paradigm ang pinaunlad ng *intertestamental apocalyptic* na panitikan ng mga Hudyo

(gaya ng, I Enoch, IV Ezra, II Baruch). Ang mga panulat na ito ay nagsimulang tingnan ang kaibhan sa pagitan ng dalawang panahon: a kasalukuyang panahon ng kasamaan na pinangungunahan ni satanas at ang pagdating ng panahon ng kabutihan*/righteousness* na pinangungunahan ng Ispiritu at inaugurated ng Mesiyas (madalas ay isang masiglang mandirigma).

Sa bahaging ito ng teyolohiya (eschatology) ay may nakikitang pag-unlad. Tinatawag ito ng mga teyolohiko na "umuunlad na pagpapakita/rebelasyon." Pinatotohanan ng NT ang bagong katotohanang ito na pangkalawakan/pang-cosmic ng dalawang panahon (gaya ng isang temporal

dualism):

Hesus	**Pablo**	**Hebreo**
Matthew 12:32	Romans 12:2	1:2
Matthew13:22 & 29	I Cor. 1:20; 2:6,8; 3:18	6:5
Mark 10:30	II Cor. 4:4	11:3
Luke 16:8	Galatians 1:4	
Luke 18:30	Eph. 1:21; 2:1,7; 6:12	
Luke 20:34-35	I Timothy 6:17	
	II Timothy 4:10	
	Titus 2:12	

Sa teolohiya ng NT ang dalawang panahon ng Hudyo na ito ay pinagsanib dahil sa di-inaasahan at nakaligtaang mga panghuhula ng dalawang pagdating ng Mesiyas.

Ang pagkabuhayating ni Hesus ay natupad sa karamihan sa OT na mga panghuhula sa pasinaya ng bagong panahon. Gayunman, nakita rin sa OT ang Kanyang pagdating bilang Hukom at Tagalupig, kung tutuusin una siyang dumating bilang Matiising Tagapagsilbi (cf. Isa.53), mapagkumbaba at humble at tahimik. (cf. Zech. 9:9). Mananatili siya sa kapangyarihan gaya ng hula/prediction sa OT (cf. Rev. 19). Ang dalawang-bahaging katuparan na ito ay nagsanhi sa pagkakaroon ng Karaharian (pagpapasinaya), subalit sa hinaharap (hindi lubusang natutupad). Ito ang tesnyon ng NT na nangyari na, subalit hindi pa!

□ **"Ang kanyang Anak"** Ang pariralang ANARTHROUS "ang anak" ay dapat hindi isulat sa malaking titik dahil sa ang reperensya nito ditto ay hindi sa paraan ng paghahayag/revelation, hindi titulo para kay Hesus (cf. 3:5-6; 5:8; 7:28). Si Hesus ay hindi tagapagsilba gaya ni Moses o ng mga propeta, subalit isang miyembro ng pamilya (isang anak na lalaki).

□ **"na siya Niyang hinirang"** Isa itong AORIST na AKTIBONG INDIKATIBO, na nagpapahiwatig na ketong pagkilos (ANG PAMANAHONG AORIST) sa nakaraang panahon (KILOS NA INDIKATIBO). Kailan hinirang ng Panginoon si Hesus bilang tagapagmana? Sa

kanya bang binyag (cf. Matt. 3:17) o sa kanyang pag-akyat sa langit (cf. Rom.1:4)? Nagdadala ang tanong na ito sinasabi/*heresy* ng "pag-aampon" (tingnan sa Glosaryo), na nagsasabi na si Hesus ay naging Mesiyas sa isang panahon. Ito, kung sa gayon,ay di tumutugma sa John 1:1-18; 8:57-58; Phil. 2:6-7; at Col. 1:17. Si Hesus ay hindi nagbabago bilang bathala (cf.John 1:1-2); gayunman, ang pagmamana ay dapat na mauna sa pagkabuhay/incarnation sa pakahulugang ontolohika.

□ **"tagapagmana ng lahat ng bagay"** Bilang "Anak ng Panginoon," ang naiibang anak ng Panginoon (cf. John 3:16), Siya ang tagapagmana (cf. Matt. 21:33-46; Ps.2:8). Ang bagay na nakakamangha ay ang makasalanang sangkatauhan, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya,ay nakikibahagi sa Kanyang kaharian (cf. 1:14; 6:2; Rom. 8:17; Gal. 4:7).

□ "**sa pamamagitan nito ginawa Niya ang daigdig"** Madalas ay mahirap malaman ng tiyak kung paano bibigyan ng kahulugan ang mga salitang magkaka-ugnay. Mayroon lamang isang tiyak na magkakaugnay na kahulugan sa pagitan ng mga magkakasing-kahulugan. Ang teknikal na Griegong termino ng pagkabuo mula sa wala ay ang ktizo, hanggang ngayon ang salitang ginagamit sa tekstong ito ay poieo, na nangangahulugan ng pagbubuo ng isang bagay mula sa dati nang substansya. Ang may akda kaya ay ginagamit ang mga terminong ito ng pareho ang pagpapakahulugan o isang sinadyang tiyak na kaibhan. May pag-aalinlangan na ang teknikal na kaibhan ay sinadya dahil sa ang kontekstong teolohikal ay tumutukoy sa pagbubuo gamit ang sinasabing salita (ex nihilo, cf. Gen. 1:6,9,16,20,24,26, subalit sa 2:7 gumawa ng tao ang Panginoon).

Ang terminong "mundo" ay literal na "mga panahon" (aionos). Maaaring tukuyin nito ang daigdig (cf. Matt. 28:20) o ang mga panahon (gaya ng oras). Si Hesus ang tiyak na tagagawa ng pareho sa dalawa (cf. John 1:3; Col. 1:16; I Cor. 8:6). Ang may akda ng Hebreo ay gumagamit ng parehong aionos (cf. 1:2; 6:5; 11:3) at kosmos (cf. 4:3; 9:26; 10:5; 11:7,38), na makikita bilang mga terminong magkasingkahulugan.

1:3
NASB "Siya ang liwanag ng Kanyang Kaluwalhatian"
NKJV "kung sino ang siyang kaliwanagan ng Kanyang kaluwalhatian"
NRSV, NJB "Siya ang larawan ng kaluwalhatian ng Panginoon"
TEV "Ipinapakita Niya ang kaliwanagan ng kaluwalhatian ng Panginoon"

Ang salitang "ningning"(apaugasma) ay ginagamit lamang dito sa NT. Sa Philo ginamit itong relasyon ng Mesiyas sa YHWH na ang pagpapakahulugan na ang logos ay larawan ng diwata. Ang mga sinaunang mga pari ng simbahang Griego ay ginamit ito sa pagpapakahulugan kay Kristo bilang larawan o bilang ang maningning na Diyos. Sa isang popular na pagpapakahulugan ang pagkakita kay Hesus ay ang pagkakita sa Panginoon (cf. John 14:8-9), bilang salamin ng liwanag ng buong araw. Ang termino sa Hebreo na "glorya" (kabod) ay madalas gamitin sa pagpapakahulugan ng kaliwanagan (cf. Exod.16:10; 24:16-17; Lev. 9:6).

Ang paggamit ng parirala ay maaaring kaugnay sa Prov. 8:22-31, kung saan ang "kaalaman" (ang termino ay PAMBABAE kapwa sa Hebreo at Griego) ay binibigyan ng katauhan sa unang paggawa ng tao ng Panginoon (cf. Sirach 1:4) at bilang ahente ng

pagbubuo/creation (cf. Kaalaman ni Solomon 9:9). Ang parehong konsepto ay pinaunlad sa librong apocryphal na Kaalaman ni Solomon 7:15-22a at 22b-30. Sa Prov. 8:22 ang kaalaman ang siyang gumagawa sa lahat ng bagay; sa v.25 ang kaalaman ay busilak na pagsasabuhay ng kapurihan ng Makapangyarihan; sa v. 26 ang kaaalaman ay salamin ng walang kamatayang liwanag, isang walang bahid na salamin ng gumagawang Panginoon; at sa v. 29 ay inihahambing sa liwanag (gaya ng araw at mga bituin) siya ay natagpuang mas nakatataas/superior."

Sa OT ang pinakakaraniwang salitang Hebreo para sa "kaluwalhatian" (kabod) ay orihinal na komersyal na termino (na tumutukoy sa isang pareha ng iskala) na nangangahulugang "mabigat." Ang mabigat na iyan ay mahalaga o mayroong nakapaloob na kahalagahan. Kadalasan ang konsepto ng liwanag ay idinaragdag sa salita upang maipahayag ang kadakilaan ng Panginoon sa panahon ng paghahanap sa kagubatan (Shekinah ang Ulap ng Kaluwalhatian). Siya lamang ang mahalaga at kagalang-galang.Napakagaling Niya para mahawakan ang pagbagsak ng sangkatauhan. Ang Panginoon ay totoong makikilala lamang sa pamamagitan ni Hesus (cf. Jer. 1:14; Matt. 17:2; Heb. 1:3; James 2:1).

Ang terminong "kaluwalhatian" ay para malabo/di-tiyak: (1) maaaring magkatulad ito ng "katapatan ng Panginoon"; (2) maaaring tumutukoy ito sa "kabanalan" o "kawalan ng kapintasan" ng Panginoon; (3) maaaring tumutukoy ito sa larawan ng Panginoon kung saan binuo ang sangkatauhan (cf. Gen. 1:26-27; 5:1;9:6), subalit nasira sa kalaunan dahil sa paghihimagsik/rebelyon (cf. Gen. 3:1-22).

□
NASB "ang tiyak na pagpapakita ng kakanyahan Niya"
NKJV "pagpapahayag ng larawan ng pagkatao Niya"
NRSV "ang tiyak na bakas ng katauhan ng Panginoon"
TEV "ang tiyak nang pagiging pareho ng sariling katauhan ng Panginoon"
NJB "nagdadala ng bakas ng sariling katauhan ng Panginoon"

Ang pariralang ito ay matatagpuan lamang dito sa NT subalit matatagpuan ng madalas sa mga panulat ni Philo, na siyang nagkumpleto at nagdagdag sa nakaraang pagbibigay katauhan. Ang terminong Griegong ito ay orihinal na ginamit bilang gamit na pang-ukit, subalit dumating ito upang maipakita ang markang ginawa nito. Si Hesus ay hindi lamang naglalarawan ng pagkabathala, Naipapakita rin Niya ang kakaibang tatak ng pagkabathala (cf. John 14:9).

Mayroong dalawang terminong Griego na ginamit sa paglalarawan ng ugnayan ni Kristo sa Ama: (1) eikon, na ang ibig sabihin ay larawan/imahe (cf. II Cor. 4:4; Col. 1:15) at (2) pag-uugali/karakter(cf. Heb. 1:3). Ang una ay mas karaniwan sa NT subalit ang mas huling termino ay mas mahusay ang kahulugan (cf. KJV "the exact image"). Ano ang mukha ng Maykapal? Kapareho ang mukha niya ni Hesus ng Nazareth, na buo at kumpleto ang paghahayag/rebelasyon ng di nakikitang Maykapal!

□ **"pinapanatili ang lahat ng mga bagay"** Isa itong karaniwang termino "pagtiisan o dalhin" (phero), subalit sa kontekstong ito ay may pakahulugang ng "pagpapatibay," "pagpapanatili" "pagpapatulot." Ipinapaabot nito ang konseptong teyolohiko ng "Probidensya" (cf. Col. 1:17 at isa pang posibleng pahiwatig sa Kaalaman ni Solomon 8:1). Hindi lamang linikha ni Hesus and

santinakpan (isang posibleng kahulugan ng phero) sa pamamagitan ng pananalita (cf. Gen. 1), subalit pinagpatuloy niya ito sa pamamagitan ng wikang sinasalita!

□ **"sa pananalita ng Kangyang kapangyarihan"** Sa kaisipang Hudyo ang kapangyarihan ng Panginoon ay ipinahahayag sa wikang sinasalita. Ang elohim ay binubuo ng wikang sinasalita (cf. Gen. 1:3,6,9,14,20,24). Ang salita ni YHWH ay may sariling lakas upang matupad ang Kanyang kalooban (cf. Isa. 55:11). Hindi aksidente na ang Kristo ay tinawag na "ang Salita" sa John 1:1.

□ **"Nang ginawa niyang dalisay ang mga kasalanan"** Isa itong GITNANG PANDIWARI na AORIST na nagbibigay-diin sa simuno (GITNANG AKTOR) at naglalarawan sa kumpletong kilas (PANAHUNANG AORIST, cf. 7:27; 9:12,28; 10:10). Si Hesus ay kumilos alang-alang sa makasalanang sangkatauhan (cf. Mark 10:45; II Cor. 5:21).

Ang terminong "kalinisan" ay ginamit sa NT sa ilang pagpapakahulugan: (1) seremonyal na paglilinis (cf. Luke 2:22; 5:14; John 2:6); (2) pangkatawan/pisikal na pagpapagaling (cf. Mark 1:44); at (3) isang metaporang nanghihingi ng patawad sa kasalanan (cf. Heb. 1:3; II Pet. 1:9, na siayng sinasabi ni William D. Mounce sa kanyang Analytical Lexicon sa Bagong Testamento sa Griego, p. 257). Nakuha natin ang salitang Inglis na "catharsis" mula sa terminong Griego.

Pansinin ang pariralang naglalarawan "ng mga kasalanan." May dalawang posibleng paraan ng pag-unawa sa pariralang ito: (1) isa itong OBJECTIVE GENITIVE "ng mga kasalanan," hindi ABLATIVE "mula sa mga kasalanan." Ang kamatayan ni Hesus ay may kaugnayan sa suliranin ng kasalanan; (2) isa itong PANGMARAMIHAN na hinid nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng katangian ni Adan ng sangkatauhan, "ang problema ng kasalanan," subalit magkakahiwalay na gawaing kasalanan. Hinarap ni Hesus ang pagkakasala ng paghihimagsik/rebelyon ng sangkatauhan (nakaraan at kasalukuyan).

Ang tesktwal na pagpipiliang ito ay tanggap ng mga iskolar ng UBS4, subalit wala itong posibilidad. Ang pamilyang tekstwal ng Alexandria na ipinapakita bilang P46 ang pariralang "sa pamamagitan ng kanyang sarili" (dia heautou) ang nangyari sa halip na "ng Kanya" (autou), na nagawa nitong tukuyin ang nakaraang sugnay. Ang kaparehong uri ng manuskritong ito ay naiba/baryant na matatagpuan sa I John 5:18b. Nakakawili na itong "sa pamamagitan ng kanyang sarili" ay wala sa ibang naunang mga kinatawan ng tekstwal na pamilyang Alexandria (W at B). Maaring maging possible na ang orthodox na mga iskribo ay natakot na ang pariralang "tsa pamamagitan ng kanyang sarili ay nagawa ang pagpadalisay sa mga kasalanan" ay maaaring magdala sa mga espekulasyong agnostiko at mabago ang "di'heautou" tungo sa "autou." Para sa may kumpletong pagtalakay ng mga tesndesya ng mga iskribong orthodox tingnan ang Bart D. Ehrman's, The Orthodox Corruption of Scripture, Oxford Press, 1993.

□ **"Umupo Siya sa kanang kamay ng Kamahalan sa itaas"** Isa itong paraang naglalarawan ng natapos nang gawain ni Hesus at pagdakila sa kanya (cf. Ps. 110:1; Luke 22:69). Ang Panginoon ay walang kanang kamay. Isa itong metapora sa bibliya (anthropomorphic) ng lakas, kapangyarihan, at ang kabanalan. Walang OT na pari ang kailanman ay umupo! Natapos na ang gawain sa mundo ni Hesus. Sa pakahulugan ito ay isang panghari, malaharing metapora (cf. Ps. 2; 45; at 110:1-3) kaugnay ng gawaing pampari (cf. Ps. 110:4 at Zechariah 4). Ang komunidad

ng Dead Sea ay umaasa sa dalawang Mesiyas, isa ang malapari (gaya ng, linya ni Aaron, tribu ni Levi), isang malahari (gaya ng, linya ni Jesse, tribu ni Judah). Tinupad ni Hesus ang lahat ng tatlong OT na binasbasang mga opisina: propeta (cf. Deut. 18:18), pari (cf. Ps. 110:4), at hari (cf. II Sam. 7:13,16; Ps. 2; 110:1-3).

□
NASB, NKJV,
NRSV "ang Kabanalan/Majesty sa itaas"
TEV "ng Diyos, ang Pinakahigit na Makapangyarihan"
NJB "ang divine na Kabanalan sa itaas"

Isa itong pagpapaliguy-ligoy. Takot ang mga Hudyo na gamitin ang pangalan ng Diyos baka magamit nila ito sa masama (cf. Exod.20:7) kaya isiningit nila ang maraming mga pamalit na mga termino at mga parirala (gaya ng, "Kaharian ng Langit,"" "trono," atbp.) o gumamit ng nasa PASSIVE VOICE upang tukuyin Siya.

1:4 Ang bersong ito ay ipinapalagay na transisyon sa pagitan ng vv. 1-3 at vv. 5-14. Ang Bersyon sa Inglish/English Version (TEV) sa ngayon ay nagsisimula ng pagtalakay sa kahigitan ni Hesus kaysa mga anghel sa v. 3.

Ang pangalan na ibinigay kay Hesus na mas higit sa mga anhel (cf. Rom. 8:38-39; Eph. 1:21; Col. 2:15) ay ng "anak" (cf. vv. 5 [dalawang beses] at 8) r "ang Diyos" (cf. v. 10 at Phil. 2:9-11). Para sa "mas mabuti" tingnan ang mga tala sa 7:7.

NASB (BINAGO) NA TEKSTO: 1:5-14

5Para o kung saan ang mga angel ang siyang nagsabi na Siya , "IKAW ANG AKING ANAK, NGAYON AY NAGING ANAK KITA"? At muli, "MAGIGING AMA AKO PARA SA KANYA AT SIYA AY MAGIGING ANAK PARA SA AKIN? 6 At kapag dinala Niyang muli ang panganay sa mundong ito, sasabihi Niya, "AT HAYAANG ANG LAHAT NG MGA ANGHEL NG DIYOS AY SAMBAHIN SIYA ." 7At ang sabi Niya sa mga anghel, "NA SIYANG GUMAWA SA MGA ANGHEL BILANG MGA HANGIN, AT ANG MGA MINSTRO ANG MGA FLAME NG APOY." 8Subalit ang Anak sinabi Niya, "ANG IYONG TRONO, O DIYOS, AY PANG HABANG BUHAY AT MAGPAPATULOY, AT ANG SETRO NG KABUTIHAN AY ANG SCEPTER NG KANYANG KAHARIAN. 9IKAW AY NAGMAHAL SA KABUTIHAN AT NAGALIT SA LAWLESSNESS; SAMAKATUWID ANG DIYOS, ANG IYONG DIYOS, AY BINASBASAN KA NG LANGIS NG KASIYAHAN NG MAS HIGIT SA IYONG MGA KASAMA" 10 , "IKAW, NA DIYOS, SA SIMULA ANG NAGLAGAY NG PUNDASYON NG DAIGDIG, AT ANG KALANGITAN AY SIYANG GINAWA NG IYONG MGA KAMAY; 11MAMAMATAY SILA, SUBALIT IKAW AY MANANATILI; AT LAHAT SILA AY MALULUMA GAYA NG DAMIT, 12AT GAYA NG MANTEL AY IPUPULUOT MO ITO NG PATAAS; GAYA NG DAMIT AY PAPALITAN DIN ANG

MGA ITO. SUBALIT IKAW AY MANANATILI, ANG ANG IYONG MGA TAON AY WALANG KATAPUSAN." 13Subalit sa mga anghel ay nagwika Siya, "UMUPO KAYO SA AKING KANANG KAMAY, HANGGANG GAWIN KO ANG IYONG MGA KAAWAY NA TUNTUNGAN NG INYONG MGA PAA"? 14Hindi ba silang lahat ang mga espiritung gumagabay, na ipinadala upang magsagawa ng paglilingkod para sa kapakanan ng mga magmamana ng kaligtasan?

1:5 "IKAW AY AKING ANAK" Isa ito sa mga una sa serye ng pitong OT sipi mula sa Septuagint upang ipatunay ang higit na kagalingan ng Mesiyas sa mga angel. Ang unang parirala ay mula sa Ps. 2:7, habang ang pangalawa ay mula sa II Sam. 7:14. Ang unang pariralang ito ay ginamit ng ilang beses sa mga Ebanghelyo na tumutukoy kay Kristo:

1. sa Pagbibinyag sa Kanya (cf. Matt. 3:17; Lk, 3:22)
2. sa Transfiguration (cf. Matt. 17:5; Mark 9:7)
3. sa Resurrection (cf. Acts 13:33; Rom. 1:4)

Ang terminong "anak", na ginamit sa mga sipi ng v. 5, ay mula sa OT kung saan maaari nitong tukuyin ang iba't ibang tao/grupo
1. mga anghel (cf. Gen. 6:2,4; Job 1:6; 2:1; 38:7; Ps. 29:1,8)
2. ang bansang Israel (cf. Hos. 11:1)
3. ang hari ng Israeli (cf. II Sam. 7:14; Ps. 89:27)
4. ang Mesiyas (cf. Ps. 2:7)
5. si David at ang Mesiyas (rabbinical na interpretasyon)

□ **"NGAYON AY NILIKHA KITA"** Si Hesus ay madalas maging bathala (cf. John 1:1-18). Kung gayon, hindi ito tumutukoy sa diwa ng Kanyang katauhan, subalit sa Kanyang pagpapakita sa tamang panahon (sa pagkabuhay). Ilang mga komentarista ang nag-ugnay nito sa pagkabuhay na muli (cf. Rom. 1:3-4). Ilang mga rabbi sa Ps. 2:7 ang tumingin na ang Mesiyas ay bumalik sa muling pagkabuhay pagkatapos ng banal na pagtitis (cf. Isa. 53). Ang PERFECT ACTIVE INDICATIVE ay nangangahulugan na "nalikha". Maaring isa lamang itong pagpahiwatig na pang-rabbi sa Prov. 8:22-31 kung saan ang "karunungan" (na PAMBABAE sa Hebreo) ay siyang unang nilikha ng Diyos at naging unang sugo ng Diyos upang maipagpatuloy ay paglikha (tingnan din ang Kaalaman ni Solomon 7:1-8:1). Ipinahiwatig ito, hindi ang pagdadala ng isang pambabaeng aspeto ng pagkabathala, subalit ang pagpapatunay na si Hesus mula sa Nazateth bilang Diyos na sugo ng paglikha (cf. v. 10; John 1:3; I Cor. 8:6; Col. 1:16 na nabanggit sa v. 2).

□ **"MAGIGING AMA AKO PARA SA IYO"** Isa itong sipi mula sa Septuagint ng II Sam. 7:14, na sa simula ay tumukoy kay Solomon. Ang may akda ng Hebreo ay ginamit ito kay Hesus. Ang dalawang magkatulad na pagbanggit na ito ng "isinilang ng birhen" na paghuhula sa Isa. 7:14. Pareho itong mga halimbawa ng paghuhula na pangmaramihan ang katuparan. Ang mga may-akda ng NT sa ilalim ng inspirasyon ay ginamit ang OT sa mga paraang pang-rabbi,

mga paraang tipolohikal, at paglalaro ng mga salita na hindi angkop sa mga huli nang mga pagpapakahulugan.

NATATANGING PAKSA: PAGPAPALIWANAG

"Kumilos ang Diyos sa nakaraan upang malinaw niyang God ipakita ang sarili Niya sa sangkatauhan. Sa teyolohiya tinatawag itong pagbubunyag. Pinili niya ang ilang tao upang mairekord at maipaliwanag ang pagbubunyad ng sarili. Sa teyolohiya ay tinatawag itong inspirasyon. Ipinadala niya ang Kanyang Espiritu upang makatulong sa mga mambabasang maunawaan ang Kanyang salita. Sa teyolohiya tinatawag itong tanglaw/liwanag. Lumabas ang problema kapag ipinipilit natin na ang Espiritu ay may kinalaman sa pag-unawa sa salita ng Diyos—kaya't bakit mayroong maraming interpretasyon nito? Bahagi ng problema ay nasa dati nang pag-unawa ng mambabasa o personal na karanasan. Madalas ang personal agenda ay nakatuon sa paggamit ng Bibliya sa paraang proof-text o *atomistic*. Kadalasan ang teyolohikal na *grid* ay imposed sa buong Bibliya na hinayaang makapagsalita ito sa ilang bahagi lamang at sa paraan sa pagpili. Ang tanglaw/liwanag ay hindi maipapantay sa inspirasyon kahit na ang Banal na Espiritu ay kasama sa bawat isa. Ang pinakamahusay na paraan ay ang tankaing ipilit ang sentral na ideya ng talata, hindi ang pagpaliwanag sa bawat detalye ng teksto. Isa itong kaisipang pampaksa na nagbibigay ng orihinal na katotohang sentral ng may akda. Ang pagbubuod sa libro o isang yunit na pampanitikan ay makakatulong sa isang tao na masundan ang balak/intent ng inspiradong orihinal na may-akda. Walang tagapagsalin na inspirado. Hindi natin mailalabas muli ang paraan ng interpretasyon ng may-akda sa bibliya. Dapat natin at dapat subukang unawain ang kanilang sinasabi ayon sa panahon nila at ipaalam ang katotohanan sa ating panahon. May mga bahagi ng Bibliya na Malabo o nakatago (hanggang sa oras o panahon). Mayroon lagging di pagkakasunduan sa ilang mga teksto at kalahok subalit dapat nating isulat nang malinaw ang pinakamahalagang/sental na mga katotohanan at hayaan ang malayang interpretasyon ng bawat indibidwal na naaayon sa orihinal na paksa/intent ng may-akda. Ang mga tagapagsalin ay dapat sundan ayon sa kanilang nakikita, na palaging bukas ayon sa liwanag na nagmumula sa Bibliya at sa Espiritu. Ibibigay ng Diyos ang paghuhukom sa atin ayon sa antas ng ating pag-unawa at kung paaano natin isinasabuhay ang pag-unawang ito.

1:6
NASB "at nang muli Siyang magdala"
NKJV "Subalit nang muli siyang magdala"
NRSV "At muli, mang magdala siya"
TEV "Subalit nang ang Diyos ay magpapadala na"
NJB "Muli, nang magdala siya"

Hindi ito tumutukoy sa pangalawang pagbabalik ng anak. Isa itong paraang pampanitikan nang pagpapakilala ng bagong sipi (cf. v. 5d; 2:13; 4:5; 10:30).
Pansinin na ang NASB, NKJV, NRSV, at NJB ay "nagdala" habang ang TEV "nagpadala." Ang una ay nagbibigay-diin sa pag-akyat ng ipinagbubunying Kristo; ang pangalawa ay tumutukoy sa pagkabuhay sa Bethlehem. Dahil sa ang Ama-Anak na pagkakatulad ay nagsisimula sa pagkabuhay ni Hesus, ang TEV ay tumutugma sa pinakatamang konteksto.

□ **"unang anak"** Ang pariralang ito ay ginagamit (1) sa OT kung saan ang unang anak ay nakatanggap ng dobleng mana upang alagaan ang mga magulang; (2) sa Ps. 89:27 upang tukuyin

ang hari ng Israel; (3) sa Rabbinical Judaism itong nagging pariralang para sa bago pang pagdating (cf. Rom. 8:29; Col. 1:15,18; Rev. 1:5). Ang pariralang ito ang buod ng kontrobersiya ng Arius/Athanasius. Iginigiit ng Arius na si Hesus ang pinakamataas na likha ng Diyos, bilang pagsipi sa siping ito at Ps. 89:27. Ang Athanasius naman ay iginigiit na si Hesus ay tunay na diyos at isinipi ang mga berso 2 at 3; (4) sa isang pagpapakahulugang ng paglalarawan, si Kristo ang "unang anak ng bagong sangkatauhan na siyang sinasamba, na ang itinataas na Diyos ay sinasamba…ang isa ay nanggaling sa Diyos na nagtatag ng bagong komunidad ng mga santo" (mula sa Greek-English Lexiconni Bauer, Arndt, Gingrich, at Danken, p. 726); at (5) sa daigdig ng Greco-Romanng unang anak na gumawa bilang pari ng pamilya (cf. The Vocabulary of the Greek Testament ni Moulton and Milligan, p. 557).

NATATANGING PAKSA: ANG UNANG ANAK

Ito ang pangalawa sa tatlong mga pariralang naglalarawan. Itong salitang "unang anak" (prototokos) ay giangamit sa Bibliya ng ilang sa mga tiyak na agpapakahulugan: i
1. ang background ng OT ay tumutukoy sa bago na katanyagan ng unang anak na lalaki ng pamilya (cf. Ps. 89:27; Luke 2:7; Rom. 8:29; Heb. 11:28)
2. ang gamit nito sa Col. 1:15 ay nasasaad kay Hesus bilang unang nilikha na maaaring mangyaring pagpapahiwatig ng OT sa s Prov. 8:22-31, o ahente ng Diyos sa paglikha (cf. John 1:3; I Cor. 8:6; Col. 1:15-16; Heb. 1:2)
3. ang gamit nito sa Col. 1:18; I Cor. 15:20 (at dito) ay tumutukoy kay Hesus bilang unang anak mula sa mga patay
4. isa itong pamagat OT ng OT na ginamit ng Mesiyas (cf. Ps. 89:27; Heb. 1:6; 12:23). Isa itong pamagat na na pinagsasama ang ilang mga aspeto ng pangunguna at pagtuon nit okay Hesus. Sa kontekstong ito #3 o #4 ang pinakaakma.
▣ "patungo sa mundo" Ipinapaalam nito ang pagkabuhay ni Hesus, na hindi nagbabagong bathala, but isang bagong antas ng nagsimula ang Kanyang ministri ng pagkatubos sa Bethlehem nang nagkatawang lupa Siya (cf. Phil. 2:6-8a). Hindi ito ang karaniwan na terminong kosmos, subalit oikoumene, na ginamit sa pagtukoy sa ibabaw ng mundo na pinaninirahan ng mga tao. Ginamit din ang terminong ito sa 2:5 na metapiriko bilang pagtukoy sa bagong panahon.

▣ **"Nagwika Siya, "AT HAYAAN SIYANG SAMBAHIN NG LAHAT NG MGA ANGHEL NG DIYOS"** Isa itong pagsipi mula sa Septuagint ng alinman sa Deut. 32:43 o Ps. 97:7. Ang salitang Hebreo ng "mga anghel" ay ginamit sa Ps. 97:7 ay isang Elohim. Mula sa Cave #4 ng Dead Sea Scrolls ay nagakaroon ng pagtutulungan nitong Septuagint na pagsasalin. Ang terminong Elohim ay maaaring tumukoy sa Diyos, sa mga taong angel, mga taong hukom (cf. Exod. 21:6;22:8-9), o kahit na espiritung tao. (cf. I Sam. 28:13). Ang siping ito ay hindi nangangahulugan na nagtuturo na ang mga anghel ay hindi sumamba sa Diyos hanggang sa kanyang pagsilang. Sa konteksto nito ipinapakita na mas nakahihigit ang Anak dahil sa katotohanang sinasamba Siya ng mga anghel.

1:7 "ANG SIYANG GUMAWA SA MGA ANGHEL NA PARANG MGA HANGIN" Dito nagsimula ang paghahambing sa pagitan ng mga anghel na masasabing nagbabago (cf. LXX of Ps. 104:4) na kakaiba ka Hesus na walang kupas at di nagbabago (cf. vv. 8,11,12; 13:8). Ang mga rabbi, sa pagsisipi sa Lam. 3:23 o Dan.

7:10, sinabi na ang Diyos ang lumikha sa mga anghel na laging bago bawat umaga.

1:8 "Ang Kanyang trono, O Diyos ay walang katapusan" Isa itong pagsipi mula sa Septuagint ng Ps. 45:6, na siyang kumakausap sa Haring Mesiyas. Sa konteksto ng OT ang PANGHALIP ay napakalabo at maaaring tumukoy sa Diyos Aman o Diyos Anak. Gayunman, sa tekstong ito ipinapalagay na isa ito sa pinakamatinding pagsang-ayon ng pagiging bathala ni Kristo kahit saan sa Banal na Kasulatan (cf. John 1:18; 20:28).
May mahalagang problema sa Griegong manuskrito sa bahaging ito. Ilang sa mga napakaunang mga manuskrito (P46, W, at B) ay may PANGHALIP have the PRONOUN (autou, gaya ng, "Kangyang trono") na nagdadagdag sa pagiging hindi maliwanag nito. Ang pang-apat na edisyon ng United Bible Society ay sumusuporta sa "iyong" ng isang gradong "B" (halos tiyak ang teksto). Ang katulad nito ay matatagpuan sa mga manuskrito A at D at siyang eksaktong sipi mula sa Septuagint ng Ps. 45:6. Madalas ang mga sinaunang mga eskribo ay kadalasang sumusulat ng mga teksto na mas hayag, lalo na kung ito ay iniuugnay sa Often ancient scribes tended to make texts more explicit, especially if they relate to sa mga debate tungkol kay Kristo noong panahon nila (cf. Bart D. Ehrman The Orthodox Corruption of Scripture, Oxford Press, 1993, p. 265). Ang talakayang ito ay hindi balak na hindi pagtanggap sa pagiging tunay na bathala ni Kristo kung hindi ang maipakita ang tendensya ng mga sinaunang eskribo na baguhin ang mga teksto para sa mga layong teyolohika at gramatika. Ito ang dahilan kung bakit ang modernong akademikong disiplinang Kritisismo na Tekstuwal ay pinapalagay na ang pagkakaiba-iba ng mga manuskrito ay ayon sa sumusunod: (1) ang pinaka hindi karaniwang babasahin ay maaaring ang orihinal; (2) ang babasahin na nagpapaliwanag sa ibang anyo ay maaaring ang orihinal; at (3) ang babashain na may malawak na distribyusyong heyograpika (hindi lamang isang pamilya ng mga manuskrito) ay maaaring ito ang orihinal. Natukoy rin sa aklat ni Bart Ehrman na ang mga eskribo ang gumawa ng mga pagbabago sa tekstong Griego para sa mga layong teyolohikal, lalo na sa mga panahon ng pagtatalo sa pagitan ng Christology at Trinity (gaya ng, sa pangatlo at pangapat na mga dantaon).

▣ **"NGAYON AT MAGPAKAILAMAN"** Ito ay tiyak na hindi tumutukoy sa kapanahunan ng milenya, kundi ang walang katapusang pamamahala (cf. Isa. 9:8; Dan. 7:14,18; Luke 1:33; II Pet. 1:11; Rev. 11:15).

NATATANGING PAKSA: MAGPAKIALANMAN (MGA IDYOMANG GRIYEGO)
Ang isang parirala ng idyomang Griyego ay "patungo sa mga panahon" (cf. Luke 1:33; Rom. 1:25; 11:36; 16:27; Gal. 1:5; I Tim. 1:17), na maaaring sumalamin sa olam ng Hebreo. Tingnan sa Robert B. Girdlestone, Synonyms of the Old Testament, pp. 321-319. Ang iba pang kaugnay na mga parirala ay ang "patungo sa panahon" (cf. Matt. 21:19 [Mark 11:14]; Thess. 1:55; John 6:58; 8:35; 12:34; 13:8; 14:16; II Cor. 9:9) at "ang panahon ng lahat ng kapanahunan" (cf. Eph. 3:21). Mukhang walang pagkakaiba sa pagitan ng mga idyomang ito para sa "magpakailanman." Ang terminong "mga panahon" ay maaaring pangmaramihan sa pagpapakahulugang paglalarawan ng *rabbinical grammatical construction* na tinatawag na "ang pangmaramihan ng kanyang kamahalan" o maaring tukuyin nito ang konsepto ng ilang "mga panahon" sa pakahulugan ng mga Hudyo sa "panahon ng kawalang-malay", panahon ng kasamaan," "ang panahong darating" o "ang panahon ng kabanalan."

1:9 "NAGMAHAL KA SA KABANALAN AT KINAMUHIAN MO KASAMAAN" Isa itong sipi mula sa Septuagint ng Ps. 45:7 na nag-uugnay ng buhay sa lupa ni Hesus Kristo.

NATATANGING PAKSA: KABANALAN

"Ang kabanalan" ay isang napakahalagang paksa na kailangan ng isang mag-aaral na Bibliya na personal na mapag-aralan ang malawak na konsepto. Sa OT ang pag-uugali ng Diyos ay inilarawan bilang "makatarungan" o "banal" (BDB 841). Ang terminong ng Mesopotamia na ito ay nagamumula sa isang tambo mula sa ilog na ginagamit sa konstruksyon upang malaman kung tuwid ng pahalang ng mga ito dingding at bakod. Siya ang tuwid na gilid (ginamit ito ng Diyos bilang metaporikong termino ng Kanyang katangian). Siya ang tuwid na gilid (reglador) kung saan ang lahat ng bagay ay sinusukat. Ipinapahayag ng konseptong ito ang kabanalan ng Diyos pati na ang Kanyang karapatang humusga. Binuo ang tao ayon sa imahen ng Diyos (cf. Gen. 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Binuo ang sangkatauhan para makasama sa Diyos. Lahat ng bagay ay isang entablado o likuran sa ugnayan ng Diyos at sangkatauhan. Nais ng Diyos na ang Kanyang pinakamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Niya, para sa Kanya, paglingkuran Siya, at maging kagaya Niya! Nasubok ang katapatan ng sangkatauhan (cf. Gen. 3) at ang orihinal na mag-asa ay bumagsak sa pagsubok. Naging sanhi ito ng kaguluhan sa ugnayan ng Diyos at sangkatauhan (cf. Gen. 3; Rom. 5:12-21). Ipinangako ng Diyos na aayusinat ibabalik ang pagsasamahan (cf. Gen. 3:15). Ginawa niya ito ayon sa Kanyang kagustuhan at kagustuhan ng sarili Niyang Anak. Hindi kaya ng sangkatauhan ang maibalik ang pagkasira (cf. Rom. 1:18-3:20). Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos ay ang mabalik ang konsepto ng kasunduan ayon sa Kanyang imbitasyon at at ang pagsisisi ng sangkatauhan, katapatan, masunuring pagtugon. Dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay hindi kayang gumawa ng angkop (cf. Rom. 3:21-31; Gal. 3). Ang Diyos sa Kanyang sarili ay gumawa ng mga sariling pagkilos upang maibalik ang mga taong siyang sumira sa kasunduan. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng:

1. pagpapahayag na ang kabanalan ng sangkatauhan ay sa pamamagitan ng gawain ng Diyos (gaya ng kabanalan sa pagtatalo).
2. malayang pagbibigay ng tao ng kabanalan sa pamamagitan ng gawain ng Diyos (gaya ng ipinaparatang na kabanalan).
3. pagbibigay sa nakapaloob na Espiritu na siyang nagdadala ng kabanalan (gaya ng, pagiging maqla-Diyos, pagbabalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatauhan.

Gayunman, Ang Diyos ay nangangailangan ng tugon sa kasunduan. Nagbibigay ng mga dekrito ang Diyos (gaya ng malayang pagbibigay at ipinagakakaloob, subalit ang tao ay dapat tumugon at magpatuloy sa pagtugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. isinabuhay na pagsunod
4. pagtitiyaga

Ang kabanalan, kung sa gayon, ay isang kasunduan, magkatugon na gawa sa pagitan ng Diyos at Kanyang mahalagang nilikha. Ayon sa katangian ng Diyos, ang gawain ni Kristo, at ang pagkilos ng Espirito, na dapat ang bawat isa ay naaangkop na personal at patuloy na tumutugon.

Tinatawag ang konseptong ito na "pagbibigay katuturan sa pananampalataya." Ang konseptong ito ay ipinakita sa mga Ebanghelyo, subalit hindi sa ganitong mga paraan. Pangunahin na binigyan ito ng ng kahulugan ni Pablo, na gumagamit ng terminong Griyegong "kabanalan" sa iba't ibang uri ng mahigit sa 100 beses. Si Pablo, na isang sanay na saserdote, ay ginagamit ang terminong dikaiosunesa pagpapakahulugang Hebreo ng terminong SDQ na ginagamit sa Septuagint, hindi sa panitikang Griego. Sa mga Griegong panulat ang termino ay kaugnay sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng bathala at lipunan. Sa pagpapakahulugang Hebreo ito ay kadalasang nakabalangkas sa mga terminaong pangkasunduan. Ang YHWH ay makatarungan, tumutugon sa moralidad ng Diyos. Nais Niya na ang kanyang mga nilikha ay sinasalamin ang Kanyang pag-uugali. Ang naisalbang sangkatauhan ay naging mga bagong nilikha. Ang pagbabagong ito ay isang bagong uri ng pamumuhay ng pagka-Diyos (ang pinagtutuunang pagbibigay katuwiran ng Katolikang Romana). Simula ng ang Israel ay maging theocracy ay nawalan ng malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng secular (ang mga pagkilos sa lipunan) at ang sagrado (ang kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinapahayag sa Gebreo at Griegong mga termino na isinasalin sa Ingles bilang "katarungan" (kaugnay sa lipunan) at "kabanalan" (kaugnay ng relihiyon).

Ang ebanghelyo (ang mabuting balita) ni Hesus ay ang lugmok na sangkatauhan na naibalik upong magkaroon ng pakikisama sa Diyos. Naisagawa ito sa pamamagita ng pagmamahal, awa, at pagpapala ng Ama; ang buhay ng Anak, pagkamatay, at ang muling pagkabuhay; at ang panliligaw ngEspirito at ang paglalapit sa ebanghelyo. Ang pagbibigay-katarungan ay malayang gawa ng Diyos, At dapat manggaling sa pagiging maka-diyos (ang posisyon ni Augustine, na nagpapakita ng parehong pagbibigay-tuon ng Repormasyon sa pagiging malaya ng ebanghelyo at ang pagbibigay-tuon ng Katolika Romana sa pagbabago ng buhay sa pamamgitan ng pag-ibig at pagkamatapat). Para sa mga repornista ang terminong "ang pabanalan ng Diyos" ang isang OBJECTIVE GENITIVE (gaya ng, ang gawa ng makaslalang sangkatuhan na maging tanggap sa Diyos [ang lugar ng kabanalan], na ayon sa katoliko ay isa itong SUBJECTIVE GENITIVE, na siyang proseso sa pagiging kapareho ng Diyos [ang karanasang sa pagtaas ng kabanalan]. Sa katotohanan tiyak na dalawa ang mga ito!!). Sa aking palagay ang lahat sa Bibliya mula sa Gen. 4 - Rev. 20 ay isang tala ng pagbabalik ng Diyos sa pagsasama sa Eden. Nagsisimula ang Bibliya sa Diyos at ang angsangkatuhan na magkasama sa isang lugar sa mundo (cf. Gen. 1-2) at ang Bibliya at nagtatapos sa kaparehong lugar (cf. Rev. 21-22). Ang larawan ng Diyos at layon ay maibabalik! Upang maidokumento ang mga talakayan sa itaas pansinin ang sumusunod na mga piling NT na passages na naglalarawan sa pangkat na mga salitang Griyego:

1. Banal ang Diyos (kaugnay kadalasan sa Diyos bilang Hukom)
   a. Romans 3:26
   b. II Thessalonians 1:5-6
   c. II Timothy 4:8
   d. Paghahayag 16:5

2. Banal si Hesus
   a. Mga Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (title of Messiah)
   b. Mateo 27:19
   c. I Juan 2:1,29; 3:7

3. Kabanalan ang gusto ng Diyos para sa Kanyang mga nilikha
    a. Leviticus 19:2
    b. Matthew 5:48 (cf. 5:17-20)

4. Ang mga paraan ng Diyos sa pagbibigat at pagsasagawa ng kabanalan
    c. Romans 3:21-31
    b. Romans 4
    c. Romans 5:6-11
    d. Galatians 3:6-14
    e. Ibinigay ng Diyos
        1) Romans 3:24; 6:23
        2) I Corinthians 1:30
        3) Ephesians 2:8-9
    f. Pagtanggap sa pamamagitan ng pananampalatay
        1) Romans 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
        2) I Corinthians 5:21

    g. Sa pamamagitan ng mga gawain ng Anak
        1) Romans 5:21-31
        2) II Corinthians 5:21
        3) Philippians 2:6-11

5. Ang kagustuhan ng Diyos ay ang maging banal ang kanyang mga tagasunod
    a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
    b. Romans 2:13; 5:1-5; 6:1-23
    c. I Timothy 6:11
    d. II Timothy 2:22; 3:16
    e. I Juan 3:7
    f. I Peter 2:24

6. Ang Diyos ang maghuhbukom sa daigdig sa pamamagitan ng kabanalan
    a. Acts 17:31
    b. II Timothy 4:8

Ang kabanalan ay isang katangian ng Diyos, malayang ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Isa itong:
    1. isa itong dikrito ng Diyos
    2. isa itong handog ng Diyos
    3. isa itong gawa ni Kristo

Subalit ang pagiging banal ay isang proseso na dapat na mahigpit at matapat na sundan, na isang araw ay magtatapos sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik. Ang pakikpag-ugnaya sa Diyos at nabalik sa kaligtasan, Subalit umuunlad hapakikipagtagpo sa pagkamatay o Parousia! Narito ang isang magandang sipi sa pagtatapos ng talakayan. Kinuha ito mula sa Diksyunaryo ni Pablo at Kanyang mga Sulat mula sa IVP "Si Calvin, lalo na si Luther, ay binibigyang-diinjang aspeto ng ugnayan sa kabanalan ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa kabanalan ng Diyos ay mukhang

naglalaman ng aspeta ng pagpapawang-sala. Binibigyang-diin ni Calvin an gang naparangyang katangian ng komunikasyon o pagdulot ng kabanalan ng Diyos sa atin" (p. 834).

Para sa akin ang kaugnayan ng taong sumasampalataya sa Diyos ay may tatlong aspeto:

1. ang ibanghelyo ay tao (ang Simbahang Silangan at ang pagbibigay-diin ni Calvin)
2. ang ebanghelyo ay katotohanan (ang pagbibigay-diin nina Augustine at Luther)
3. ang ebanghelyo ay binagong buhay (pagbibigay-diin ng Katoliko)

Lahat ng mga ito aya katotohanan at dapat ay magkasama-sama para sa isang malusog, tunpak, at Kristiyanismong maka-bibliya. Kung mayroong isa man na nabigyang-diin ng labis o nabawasan, nagkakakroon ng problema.

Dapat maligaya nating hintayin si Hesus!
Dapat paniwalaan natin ang ebanghelyo!

Dapat hangarin natin ang pagiging kagaya ni Kristo!

"BINASBASAN KA" Ang Hebreong termino na "binasbasan" (msh) ay ang salitang OT para sa Mesiyas (masiah). Ang mga propeta ng OT, mga pari, at mga hari ay binabasbasan ng langis ng olive bilang simbolo ng pinili ng Diyos at panlaan sa iniatas na gawain. Tumutukoy rin ito sa konteksto ng paggamit ng langis ng olive sa panahon ng kaligayahan at pagpipiyesta. (cf. Isa. 53:11).

NATATANGING PAKSA: PAGBABASBAS SA BIBLIYA (BDB 603)

A. Ginamit sa pagpapaganda (cf. Deut. 28:40; Ruth 3:3; II Sam. 12:20; 14:2; II Chr. 28:1-5; Dan. 10:3; Amos 6:6; Mic. 6:15)
B. Ginamit para sa mga bisita (cf. Ps. 23:5; Luke 7:38,46; John 11:2)
C. Ginagamit sa panggagamot (cf. Isa. 6:1; Jer. 51:8; Mark 6:13; Luke 10:34; James 5:14)
   [ginagamit sa pagpapakahulugan sa kalinisan sa Ezek. 16:9]
D. Ginagamit sa paghahanda para sa pagpapalibing(cf. Gen. 50:2; II Chr. 16:14; Mark 16:1; John 12:3,7; 19:39-40)
E. Ginagamit sa pagpapakahulugang pananampalatay (ng isang bagay, cf. Gen. 28:18,20; 31:13 [isang haligi]; Exod. 29:36 [ang altar]; Exod. 30:36; 40:9-16; Lev. 8:10-13; Num. 7:1 [sa tabernakulo])
F. Mga ginamit sa pagtatalaga ng mga pinuno:
   1. Mga Pari
   a. Aaron (Exod. 28:41; 29:7; 30:30)
   b. Mga anak ni Aaron (Exod. 40:15; Lev. 7:36)
   c.Istandard na parirala o pamagat (Num. 3:3; Lev. 16:32)
   2. Mga Hari
   a. ng Panginoon (cf. I Sam. 2:10; II Sam. 12:7; II Kgs. 9:3,6,12; Ps. 45:7; 89:20)
   b. ng mga propeta (cf. I Sam. 9:16; 10:1; 15:1,17; 16:3,12-13; I Kgs. 1:45; 19:15-16)
   c. ng mga pari (cf. I Kgs. 1:34,39; II Kgs. 11:12)
   d. ng mga nakatatanda (cf. Jdgs. 9:8,15; II Sam. 2:7; 5:3; II Kgs. 23:30)

e. ni Hesus ang haring Mesiyas (cf. Ps. 2:2; Luke 4:18 [Isa. 61:1]; Acts 4:27; 10:38; Heb. 1:9 [Ps. 45:7])
f. Ang mga tagasunod ni Hesus (cf. II Cor. 1:21; I John 2:20,27 [chrisma])
3. posibleng mga propeta (cf. Isa. 61:1)
4. unbelieving instruments of divine deliverance
a. Cyrus (cf. Isa. 45:1)
b. Ang hari ng Tyre (cf. Ezek. 28:14, kung saan gumagamit siya ng metapora ng Edom)
5.ang termino o pamagat na "Mesiyas" ay nangangahulagan na "ang may Basbas" (BDB 603)

▣ "**MALIBAN SA IYONG MGA KASAMA**" Isa itong pagpapatuloy sa sinipi mula sa Septuagint ng Ps. 45:6-7. Bawat detalye ng Salmo ay dapat hindi piloting magkaroon ng pagtitibay pangteolohika na kaugnay ni Hesus. Bawat detalye ng Salmo ay dapat na hindi ipilit sa teolohikal na pagpatibay ng kaugnayan nito kay Hesus. Ang parirala ay maaaring maiugnay sa pagiging higit ni Hesus sa (1) mga anghel; (2) mga hari ng Israel; (3) pandaigdigang mga pinuno; o (4) nabawing sangkatauhan.

1:10 "ikaw PANGINOON" Lamang ang Septuagint na salin ng Salmo 102:25 kabilang ang salitang "Panginoon" na kabilang ang salitang "Panginoon" na tumutukoy sa YHWH, subalit sa pakahulugang ito ay tumutukoy kay Hesus. Ito ay isa na naming dahilang pagkonteksto kung bakit ang v. 9 ay tumutukoy din kay Hesus bilang "Panginoon."

▣ **"itinanim ang pundasyon ng mundo, at ang kalangitan ay ang gawa ng iyong mga kamay"** Isa itong pangitain pagtukoy sa 1:2 ng si Hesus bilang tauhan ng Pannginoon sa pagbubuo ng sangkatauhan. Tingnan ang Espesyal na Topic: ang Arche sa 3:14. Sa Genesis 1 ipinipilit na ang pagbubuo ng Panginoon sa pamamagitan ng mga sinabing pananalita (cf. 1:3,6,9,14,20,24,26), habang ang Genesis 2 ay nagpapatibay sa tuwirang pakikilahok ng personal ng Panginoon, na ipinapaalam ang "paggamit ng mga kamay" sa paghuhulma kay Adan at Eba mula sa putik (cf. 2:7,8,19,22). Ang siping ito (Ps. 102:25) ay sumasakop sa personal na metapora ng lahat ng pisikal na paggawa.

1:11 "MAMATAY SILA SUBALIT MANANATILI KA; AT LAHAT SILA AY MALULUMA KATULAD NG DAMIT" Ipinapakita muli ditto ang kawalan ng kamatayan ng Anak. Sa mga propeta ng OT madalas gamitin ang e3ksena sa korte sa pakikipag-usap sa YHWH na di kasiya-siya sa Kanyang rebeldeng asawa, ang Israel. Ihinabla niya "siya" (ang Israel) sa korte ng deborsyo at tinawag ang kinakailangang dalawang saksi (cf. Deut. 19:15)—ang dalawangpinakapermanenteng mga saksi, "ang langit at mundo"—upang susugan/to corroborate ang Kanyang testimonya. Kahit itong dalawang permanenteng saksi ay mawawala rin. Ang pagsipi na ito ay nagsusuggest ng dalawang posibleng senaryo: (1) ang unang pandiwa (apollumi) ay may konotasyon ng biyolenteng paninira (cf. II Pet.3:10) at (2) ang pangalawang parirala ay nagpapahiwatig ng pagtanda at pagkamatay gaya ng isa piraso ng damit. Isa pa itong paghahambing ng walang katiyakan ng nabuong pagkakasunod-sunod (mga anghel, pagbubuo) kontra ang pagiging permanente at pagiging matibay ng trono ng Panginoon at ng Anak!

1:12 "SUBALIT HINDI KA NAGBABAGO" Isa itong sipi mula sa Septuagint ng Ps. 102:27. Ang parehong konseptong ito (immutability) ay ginamit sa 13:8 upang mailarawan ang di-

pagbabago ni Hesus. Nagbabago ang mga anghel, nagbabago ang langit at mundo, hindi nagbabago si Hesus, narito ang pag-asa ng sangkatauhan. (cf. Mal. 3:6; James 1:17).

▣ **"ang iyong mga taon ay walang katapusan"** Sa nakaraang parirala ay tumutugon sa tibay ng karakter ni Hesus, ang isang ito ay tumutugon sa pagiging permanent eng Kanyang katauhan.

1:13 "UMUPO SA AKING KANANG KAMAY" Isa itong sipi mula sa Septuagint ng Ps. 110:1. Isa itong kasiya-siyang Messianic Psalm. Pinagsasama nito ang malahari (vv. 1-3) at malaparing (vv. 4-7) aspeto ng Mesiyas (gaya ng dalawang punong olive sa Zech. 4). Pansinin ang dalawang uri ng "panginoon); ang una ay YHWH, ang pangalawa ay Adon (Panginoon). Ang Panginoon ni David (ang Mesiyas) na nakaupo sa trono ng YHWH ng (PANGINOON), sa halip ng lugar ng kapangyarihan at lakas. Ito hindi-hindi kailanman mangyayari sa mga anghel!

1:14 "Hindi ba sila ang mga gumagabay na espiritu na ipinadala upang magsagawa ng serbisyo para sa kapakanan ng mga magmamana ng kaligtasan" Ang mga anghel ay nabob uhay upang magsilbi sa Diyos at sangkatauhan. Ang nabawing sangkatauhan ay may mataas ang kalagayan espirituwal ng pagkabuhay kaysa mga anghel. Ang mga naniniwala ang siyang maghuhukom sa mga anghel (cf. I Cor. 6:3). Hindi namatay si Hesus upang mabawi ang mga anghel (cf. 2:14-16).

NATATANGING PAKSA: GRIEGONG PANDIWANG PAMANAHON NA GINAMIT SA PAGLILIGTAS

Ang pagliligtas ay isang produkto, subalit hindi ito relasyon. Hindi ito natatapos kapag ang isang tao ay nagtitiwala kay Hesus; nagsimula pa lamang ito! Hindi ito policy ng isang seguro sa sunos, ni hindi ito tiket sa langit bagkus isang buhay sa pagiging kapareho ni Kristo.

PAGLILIGTAS BILANG ISANG KUMPLETONG GAWAIN (AORIST)

Acts 15:11
Romans 8:24
II Timothy 1:9
– Titus 3:5
Romans 13:11 (kakombinasyon ng AORIST na may oryentasyong PANGHINAHARAP)

PAGLILIGTAS BILANG KASALUKUYANG KALAGAYAN (KAGANAPAN)

Ephesians 2:5,8

PAGLILIGTAS BILANG PAGPAPATULOY NG GAWAIN/PROSESO (KASALUKUYAN)

I Corinthians 1:18; 15:2
II Corinthians 2:15

PAGLILIGTAS BILANG KATUPARAN NG HINAHARAP SA HINAHARAP FUTURE SA PANAHUNAN NG PANDIWA o pagpapakahulugan)

Romans 5:9,10; 10:9,13
I Corinthians 3:15; 5:5
Philippians 1:28; I Thessalonians 5:8-9

Hebrews 1:14; 9:28
(Implied in Matt. 10:22, 24:13; Mark 13:13)

PANGTALAKAYAN NA MGA TANONG

Isa itong komentaryo sa patnubay ng pag-aaral, na ang ibig sabihin may pananagutan kang sa iyong interpretasyon ng Bibliya. Bawat isa sa atin ay dapat na maglakad ng ayon sad ala nating liwanag. Ikaw, ang Bibliya at ang Banal na Espiritu This is a study guide commentary, which means that you are responsible for your own interpretation of the Bible. Eachay ang mahalaga sa ineterpretasyon. Dapat hindi mo ito ipaubaya sa tagapagsalita/commentator.

Ang talakayang mga tanong na ito ay ibinigay upang matulungan kang mapag-isipan ang mga pangunahing mga isyu sa bahaging ito ng libro. Sinadya ito na makapanghikayat na mag-isip, hindi nagbibigay lamang ng kahulugan.

1. Ano ang binibigyang-halaga sa v. 1?
2. Ano ang pagkakaiaba sa pagitan ng natural at espesyal na rebelasyon?
3. Pakilista ang pitong aspeto ng katauhan ni Hesus at gawain sa mga berso 2-3.
4. Bakit ang paglalarawang it okay Hesus ay mahalaga sa mga tagatanggap/makikinabang?
5. Paano maiuugnay ang mga anghel sa gawain/ministry ni Hesus?

HEBREO 2

PAGKAKAHATI NG MGA TALATA SA MAKABAGONG MGA PAGSASALIN*

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang Dakilang Kaligtasan	Huwag Magpabaya sa Kaligtasan	Babala Laban sa mga Paghihiwalay	Ang Dakilang Kaligtasan	Masidhing Panghihikayat
2:1-4	2:1-4	2:1-4	2:1-4	2:1-4
Ang Nangunguna sa Kaligtasan	Ang Anak na Ginawang mas Mababa kaysa mga Anghel	Ang nagdala sa Atin Patungo sa Kaligtasan	Ang Kahihiyan at Pagpupuri kay Hesus	Ang Kaligtasan mula kay Kristo
2:5-9	2:5-9	2:5-9	2:5-10	2:5-8a
	Magdala ng maraming lalaking anak sa Kaluwalhatian			2:8b-9
2:10-18	2:10-18	2:10-13		2:10-13
			2:11-13	
		2:14-18	2:14-18	2:14-18

ANG PANGATLONG ULIT NA PAGBASA (tignan sa pahina vii)
PAGSUNOD SA ORIHINAL NA PANUKALA NG MAY AKDA

Ito ay gabay sa pag-aaral na kumentaryo o pagpapaliwanag na ang ibig sabihin ay kayo ang mananagot sa inyong sariling pananaw o paliwanag sa Biblia. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na hawak natin. Ikaw, ang Biblia at ang Banal na Espirito ang siyang una sa lahat o prioridad sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat na isuko ito sa sino mang ibang nagpapaliwanag.

Basahin mo ang kapitolo sa isang pagbasa. Tukuyin mo ang mga paksa. Ihambing mo ang mga bahagi ng iyong paksa sa limang pagsasalin na nabanggit. Ang paghiwalay sa mga talata ay hindi kinasihan ng Diyos subalit ito ay susi sa pagsunod sa orihinal na panukala ng may akda, na ito ang buod ng pagpapaliwanag. Ang bawat talata ay may isa lamang na kaisa isang paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. At ibapa.

TAROK ISIP NG NILALAMAN O NG KONTEKSTO

A. Ang una at pangalawang kapitulo ay isang buong panitikan. Tinutuloy nito ang pagtalakay sa pagigihing higit ni Jesus sa pahayag ng Lumang Tipan (ihambing sa 1:1-3 at 2:2-4) ang pagiging higit ni Jesus sa mga anghel. (ihambing sa 1:4-14 at 2:9)

B. Ang bagong diin ng pangalawang kapitulo ay ang kaugnayan ni Jesus sa kanyang bayan (ihambing sa 2:5,10-18) Si Jesus ay tunay na kumikilala sa kanila, at ang bunga nito, sila naman ay makikihati sa kanyang kaluwalhatian. Ang hangad ng mas nakahihigit na tipan ay ang nagkasalang sangkatauhan ay maibalik (ihambing 2:9-11,14-18) sa dati nitong katungkulan na nangunguna sa sangkalikhaan. (ihambing sa Ps. 8). Si Jesus ang siyang ganap na tao, ang ating sakdal na halimbawa.

C. Ang pangalawang kapitulo ang isa sa maraming babala. Ang unang babala ay tumutukoy sa mga tao na maaring magwalang bahala sa pahayag ng bagong tipan (ang ebanghelyo). Ito ay maaring tumutukoy sa mga taong namuhay na Judyo na may maigting na paggalang sa tipan ni Moses, kaya nga ay kailangan ang paghahambing.

PAGAARAL NG SALITA AT KATAGA
NASB (Ginawang Bago) TEXT: 2:1-4
Hango sa Magandang Balita Balita, 2008, Hebreo 2:1-4

1"Kaya nga, dapat nating panghawakang mabuti ang mga katotohanang narinig natin upang hindi tayo maligaw. 2 Ang salitang ipinahayag ng mga anghel ay napatunayang totoo, at ang bawat sumuway o lumabag dito ay tumanggap ng kaukulang parusa. 3 Gayon din naman, hindi tayo makaiiwas sa parusa kapag hindi natin pinahalagahan ang kaligtasang ito na napakadakila. Ang Panginoon ang unang nagpahayag ng kaligtasang ito, at ang mga nakarinig sa kanya ang nagpatunay sa atin na ito ay totoo. 4 Pinatunayan din ito ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda at iba't ibang himala, at sa pamamagitan ng mga kaloob ng Espiritu Santo na ipinamahagi niya ayon sa kanyang kalooban."

2:1 "Sa dahilang ito" Ito ay tumutukoy sa mga katotohonan ng unang kapitulo.
▣ "Kailangan nating gawin" Ito ay salitang "*dei*" sa Griyego na ibig sabihin ay kailangan gampanin ang mga aral. Ito ay isa sa maraming babala sa aklat ng Hebreo na pinaaabot sa pangkat ng mga mananampalatayang Judyo na nanatiling sumasamba sa sinagoga na kasama ang mga hindi mananampalatayang Judyo. Ang ibang mga babala sa aklat ay umuudyok sa mga

mananampalataya na tumuloy na at hayagang sumanib sa iglesiya upang dumating na sila sa sakdal at hinog na pangdaigdigang misyon ng ebanghelyo (ihambing Matt. 28:19-20; Acts 1:8).

Ang ibang mga babala ay ipinaabot ng tuwiran sa mga di sumasampalatayang mga Judyo na unang nakapakinig sa ebanghelyo at nasaksihan ang kapangyarihan nito sa mga buhay ng kanilang mga kaibigang mananampalatayang mga Judyo at kasamang sumasamba subalit tumututol na tanggapin si Jesus bilang pinangakong Mesias at humiwalay sa kanilang mga tradisyon. (ihambing sa mga kapitolo 6 &10).

▣

NASB "bigyan ng mas masusing paglingap"
NKJV "bigyan ng mas higit na pansin"
NRSV "magbigay ng mas higit na paglingap"
TEV "hawakan ito ng lalong mahigpit "
NJB "ibaling and ating isipan ng may paglingap"

Ito ay malakas na salitang Griyego na comparatibo o paghahambing at infinitive na ang ibig sabihin ay bigyan ng tangi at lubos na kalinga at pagtanaw ang mga bagay o ang tao. (ihambing sa Acts 8:6,10; 16:14).

Ang Bagong Tipan ng Anak (ang ebanghelyo) ay kapwa mahalaga at mapanganib. Ang katotohanan ng Diyos ay dapat na gamitin ng tama.

▣ "huwag mahihiwalay dito" Ito ay salita na ginamit lamang dito sa buong Bagong Tipan. And tunay na ibig sabihin nito ay "maanod" o "madulas" Ito ay ginagamit na may pang anyo na isang malakas na daloy ng tubig at hihip ng hangin na tumatangay sa isang tao palayo sa ligtas na daungan.

Itong babala ay sinulat sa AORIST PASSIVE SUBJENCTIVE FIRST PERSON PLURAL o sa unang personang higit sa isa na na nagsasaad na ito ay mayroong bahaging dahilan ng isang panglabas at di matukoy na puwersa. Ang pagkaanod palayo sa katotohanan ay tunay na maaring mangyari. Maari ding mangyari na ang salita ay pinaabot sa mga taong dipa tumatanggap habang ang katotohanan ay kumikilos. Ito ay ang maaring pinaabot sa Kawikaan 3:21 sa saling Septuagint na ang parehong pangwatas o berbo ay ginamit.

Mayroon tatlong pamamaraan para maunawaan ang babalang ito:

1. Ito ay tumutukoy doon sa mga taong tutol na tumugon sa tawag ng ebanghelyo (ihambing sa talata 3)
2. Tumutukoy sa mga taong nanampalataya ("dapat nating bigyan ng mas higit pansin ang bagay na ating narinig, " talata 1) subalit hindi pa hinog sa pananampalataya
3. Tumutukoy sa mga taong sumampalataya at nanganib na hindi makatagal sa kanilang pagtanggap at pagsunod kay Kristo.

Ang una ay tumutukoy sa mga Judyong hindi nanampalataya at ang pangalawa at pangatlo ay tumukoy sa mga sumasampalatayang mga Judyo. Ang gamit ng unang tao na higit sa isa o plural ay tila nangangahulugan na ang may akda mismo ay sinama niya ang kanyang sarili sa mga pinapasabihan at tinukoy na sila ay mga mananampalataya. Magkagunyan man, itong

gramatikong plural ay lumilitaw na pampanitikan at hindi literal na gamit na ayon sa talata sa 10:26.

2:2 “kung” Ito ay FIRST CLASS CONDITIONAL SENTENCE o unang uring klaseng pangungusap na ayon sa kásunduan na pinapalagay na totoo ayon sa pananaw ng may akda para sa kanyang sadyang pampanitikan. Ito ay madalas na isinalin sa Ingles na “yamang” o “sapagkat.”

▣ “ang mga salitang binanggit ng mga anghel” Ito ay tumutukoy sa mga Batas ni Moses. Ang mga Judyo ay naniniwala na ang mga anghel ay gumaganap na tagapamagitan sa YHWH at Moses sa bundok ng Sinai. (ihambing sa Exod.3:2; 14:19; 23:20-23; 32:34; 33:2; Acts 7:38,53; Gal. 3:19).

▣

NASB “napatunayang hindi nababago”
NKJV “napatunayang hindi natitinag”
NRSV “ito ay too”
TEV “napakita na totoo”
NJB “napatunayan na maasan”

TANGING PAKSA: PANANAGOT O PAGAKO
Ito salitang Griyego “*bebaios”* na mayroong tatlong kahulugan:

5. Ang Diyos ay tapat sa kanyang salita, pagpapala man o pagsumpa. (ihambing sa Deut. 27-28).
6. Yung tiyak, tunay at maasahan. (ihambing sa Rom. 4:16; II Cor. 1:7; Heb. 2:20; 3:6,14; 6:19; II Pet. 1:10,19).
7. Ang pamamaraan ng pagtitiwala ay pinakita at natatag. (ihambing sa Rom. 15:8; Heb. 2:2, ihambing sa Louw at Nida, Greek-English Lexicon of the New Testament, Vol. 1, pp. 340,377,670).

8. Sa mga unang kasulatang ito ay naging salitang teknikal para sa pag-akòng ayon sa batas. (ihambing sa Moulton and Milligan, The Vocabulary of the Greek New Testament, pp. 107-8). Ito ay magiging kasalungat ng talata 14.
Ang mga pangako ng Diyos ay tiyak!

▣ “ang bawat pagsuway at pagsalangsang ay tumanggap ng matuwid na kaparusahan” Ang mga Tipan ay nakasalalay sa pagsunod! Ang sinasadyang pagsuway ay may maliwanag at agad na kakahinatnan (ihambing sa 10:28). Ang dalawang katagang ito ay yari sa magkaparehong pagkakauna sa lagay o PREPOSISYON; “*parabasis at parakoe*” na maaaring ito ay sinasadyang salita (tunog) sa laro o sa tugtog.

2:3 “paano tayo makakatakas” Ang aklat ng Hebreo ay mayroong maraming matinding babala sa pagiisang tabi ng katotohanan ng Diyos. (ihambing sa 2:1-4; 3:7-4:11; 5:10-6:12; 10:19-39; 12:14-29).

▣ "kung pababayaan ang dakilang kaligtasan?" Ang salitang "pabaya" o (*ameleo* sa Griego) ay ang ibig sabihin ay "hindi nagpapahalaga" sa isang bagay o tao. Ito ay ginamit sa Bagong Tipan para sa (1) isang payo kay Timoteo na huwag tatalikuran o pababayaan ang kanyang handog na espiritual. (ihambing sa I Tim. 4:14) at (2) ang pagpapatibay ng kulang na pagpansin ng Diyos YHWH sa Israel sa dahilang sinuway nila ang kanyang Tipan (ihambing sa Heb. 8:9).

Ito ang malaking puntos ng isang nangangatwiran na kung ang Tipan ni Moses ay mayroong matinding kakahinatnan sa mga tatalikod dito mas lalong mabigat ang kakahinatnan sa mga magpapabaya sa mas higit at bagong Tipan na dinala ni Jesus (ang Anak). Ang mga kakahinatnan ng mga may alam at sinadyang tumalikod sa mensahe ay may kaugnayan sa kadakilaan ng Siya na nagdala ng mensahe. (ihambing sa Matt. 22:2-5).

Ang tanong na may pagpapaliwanag ay "Ito ba ay tumutukoy sa (1) pagtanggi sa bagong tipan (ang ebanghelyo) o (2) a pagtalikod sa bagong tipan?" Ang makabagong gamit ng salita ay tumutukoy sa pangalawa o #2. Ang ibang mga tagapagpaliwanag ay magdaragdag ng salitang "tayo" para maging katunayan na ang may akda ay isinasama niya ang kanyang sarili sa mga pangkat ng mga sumasampalataya. Subalit sa 10:26 ang may akda ay gumagamit sa parehong panghalip (UNANG TAO HIGIT SA ISA) sa paghiwatig sa pangkat ng di mananampalataya. Ang mga tumanggap na ito ay di tumatalikod sa ebanghelyo kundi pinaliliit nila ang kapangyarihan nito sa kanilang mga buhay.

▣ "ito ay unang sinabi sa pamamagitan ng Panginoon?" Si Jesus ay tinawag na YHWH ng Lumang Tipan na isang titulong tipan sa "PANGINOON" (ihambing sa Exod.3:14). Ito ang isa sa mga pamamaraan ng mga may akda ng Bagong Tipan na pinapatunayan ang pagkadiyos ni Jesus ng Nazaret. Ang YHWH mismo ang nagpapatunay bilang saksi sa katotohanan ng mensahe ni Jesus. (ihambing sa v. 4). Tingnan ang Tanging Paksa: Arche at 3:14.

▣ "yaong mga nakarinig", kapwa sila John Calvin at Martin Luther ay naniniwala na ang katagang ito ay tumutukoy sa pangalawang henerasyon ng mga Kristiano. Maliwanag na hindi ito tumutukoy kay Pablo (ihambing sa Gal. 1:11). Hindi si Pablo ang may akda ng Hebreo. Tingnan ang sulat sa 13:23. 2:4 "Ang Diyos ay siyang sumasaksi kasama nila sa pamamagitan ng mga tanda at mga kapabalaghan at ng mga ibat ibang himala." Ang mga tanda at mga kababalaghan ay sinadya para magpalakas loob sa mga mananampalataya at para matulungan ang mga hindi mananampalataya na tumaggap sa katotohanan. (ihambing sa Acts 2:22).

Ang Diyos ay nagpapatuloy (KASALAKUYAN NA AKTIBONG SALITA O PRESENT ACTIVE PARTICIPLE) na magbigay saksi sa katotohanan ng ebanghelyo. Mayroong pagtindi ng parehong kasamaan at handog espiritual na bumabalot sa unang pagdating ni Jesus na babalot din sa kanyang pangalawang pagparito.

▣ "at sa pamamagitan ng mga handog ng Banal na Espirito" Ang bawat mananampalataya ay mayroong isang handog na espiritual na ibinigay ng Espiritu sa panahon ng pagbabago (ihambing sa I Cor. 12:7,11,18; Eph. 4:11,12). Itong handog espiritual ng mga mananampalataya ay isa sa mga makabagong katibayan ng katotohanan ng ebanghelyo na itinatangi at itinatakwil ng ilan na tumanggap ng sulat.

▣ "sangayon sa Kanyang kalooban" Ang Espiritu ang pumipili at namamahagi ng mga handog (ihambing sa I Cor. 12:7,11) Ang mga mananampalataya ay hindi binigyan ng handog sangayon sa pangsariling karapatan o pangsariling pasiya! Kung ang handog espiritual ay may kinalaman sa pangkalikasang galing o kakayahan ito ay pinalalakas at ibinabaling para parangalan si Kristo at hindi ang isang Kristiano.

NASB (GINAWANG BAGO) TEXT: 2:5-9
Hinango sa Magandang Balita Biblia, Hebreo 2:5-9
"5 Hindi sa mga anghel ipinailalim ng Diyos ang sanlibutan na noo'y kanyang lilikhain—ang sanlibutang tinutukoy namin. 6 Sa halip ay ganito ang patunay
Sa ibang bahagi ng Kasulatan, "ANO ANG TAO UPANG SIYA'Y IYONG ALALAHANIN O ANG ANAK NG TAO UPANG IYONG PANGALAGAAN? 7 SANDALING PANAHONG SIYA'Y PINABABA MO KAYSA SA MGA ANGHEL, NGUNIT PINAGKALOOBAN MO SIYA NG KADAKILAAN AT KARANGALANG MARAPAT SA ISANG HARI, 8 AT PINAILALIM MO SA KANYANG KAPANGYARIHAN ANG LAHAT NG BAGAY" Nang ipailalim ng Diyos ang lahat ng bagay sa kapangyarihan ng tao, walang bagay na di ipinailalim sa kanya. Sa kasalukayan, hindi pa natin makikitang na papailalim sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay. 9 Subalit alam nating si Jesus, bagamat sandaling panahong pinababa kaysa mga anghel, ay binigyan ng karangalan at kadakilaan dahil sa kanyang pagkamatay. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, niloob na si Jesus ay mamatay para sa ating lahat."

2:5 "Hindi sa mga anghel ipinailalim ng Diyos ang sanlibutan" Tunay nga na ang mga anghel ay nasa katayuang espiritual ngayon na mas mataas at nakahihigit (ihambing sa Deut. 32:8 sa saling Septuagint at sa aklat ng Daniel, kapitulo 10). Gayunman, sa darating na daigdig, ang mga tao sa pamamagitan ng kanilang Tagapagligtas na nagkatawang tao at nabigyang luwalhati ay mauupo sa kapangyrihan. Ito ang dagdag na paghahambing na may kinalaman sa mas nakatataas o nakahihigit na katungkulan ni Jesus at ng kanyang mga alagad kaysa mga anghel. (ihambing sa 1:4-14).

2:6 "Sa halip ay ganito ang patunay sa ibang bahagi ng Kasulatan na nagsasabi" Ito ay isang wika na Hebreo tungkol sa pagkasihan ng buong Lumang Tipan, at hindi dahil ito ay isang pagkalimot kung saan ang salitang ito ay matatagpuan (ihambing sa 1:5; 2:11). Ang sumusunod ay mga salitang hango sa Lumang Tipan na pangkaraniwan sa aklat ng Hebreo.

▣ "ANO ANG TAO NA MAAALALA MO SIYA" Ito ay talata na hango sa Septuagint sa Awit 8:4-6 na nakabatay sang ayon sa pagaaral theological sa Genesis 1:26,28. talata 6,7, at 8 na hindi tumutukoy sa Mesyas ("Ang Anak ng Tao") kundi sa pagkatao. Sa Awit ang salitang "anak ng tao" ay may kinalaman na malapit sa salitang "tao" at hindi dapat na isulat sa malalaking letra. Ito and wikang Hebreo sa sangkatauhan, o galing kay Adan, na pangkaraniwan sa aklat ni Ezekiel (ihambing sa 2:1; 3:1,3,4,10,17, etc.).

2: 7 "SA SANDALING PANAHONG SIYA'Y GINAWA MONG MABABA KAYSA SA MGA ANGHEL"   Ito ay ang pagpapatuloy ng salita sa Awit 8:5-6 hango sa Septuagint. Ang tanong sa dalawang pagsasalin at pagpapaliwanag ay, papaano dapat maunawaan ang salitang Hebreo na "*Elohim?*"

1. Sa saling Septuagint sa Awit 8:5 ito ay “mga anghel” at tulad din sa mga saling Aramaic Targums at Pehsitta, Vulgate at KJV
2. Ang Jewish Publication Society of America ay isinalin ito na “mas mabababa ng kaunti sa pagkadiyos,”

Ang ibang pagsasaling Ingles ay sinalin ito na “Diyos” (ihambing sa ASV, NASB, RSV, NEB, NRSV, REB, JB, NJB, TEV). Ang salitang ito pag ginamit sa Lumang Tipan na nagiisa na pangwatas o berbo tulad sa Gen 1:1 ay tumutukoy sa Diyos. Ginamit ito ni Jesus tulad nito sa Juan 10:31-39. Ito ay ginamit din sa mga “diyos” ng mga paganong bansa. Ito rin ay maaring tumukoy sa mga anghel sa isipang ang Konseho ng Diyos sa langit ay kinakaaniban niya at kasama ang mga katulong na anghel. (ihambing sa I Kgs. 22:19; Dan. 7:10).

3. Maari ring mangyari na ito ay tumutukoy sa mga Hukom ng Israel. (ihambing sa Exod.21:6; 22:8-9,28; Ps. 82:1,6). Sa nilalaman nito ang puntos theological ay si Jesus at ang kanyang mga tagasunod (ihambing sa 1:14) ay mas nakahihigit sa mga anghel. Mayroong Griegong kasulatan na may pagkakaiba sa huli ng ikapitong talata. Ang ibang matandang kasulatang Griego (W , A, C, D*, P) na nagpapatuloy tumukoy sa mga salita sa Awit 8:7, subalit ang iba ay tumigil sa pangugusap na “Ngunit pinagkalooban mo siya ng kadakilaan at karangalang nararapat” (P46, B. Dc, K, L). Kaya dahil sa maraming pagkakaiba hindi ito mahalaga sa pagpapaliwanag ng talata.

TANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA DIYOS

A. El
1. Ang orihinal na kahulugan ng karaniwan at matandang salita para si diyos ay hindi tiyak subalit maraming mga dalubhasa ang naniniwala na ito ay galing sa salitang Akkadian “na maging malakas” o “maging makapangyarihan” (ihambing sa Gen. 17:1; Num. 23:19; Deut. 7:21; Ps. 50:1).
2. Sa templo ng mataas na diyos ng mga Kanaanita na si El (talata nakaukit sa Ras Shamra)
3. Sa Biblia ang *El* ay karaniwang hindi kasama ng ibang salita. Pag may kasama ito iyon ang paraan para ilarawan ang Diyos.

a. El-Elyon (Pinakamataas na Diyos), Gen. 14:18-22; Deut. 32:8; Isa. 14:14
b. El-Roi (“Ang Diyos na nakakakita” o “Ang Diyos na nagpapakilala ng Sarili niya”), Gen. 16:13
c. El-Shaddai (“Pinakamakapangyarihang Diyos” o “Ang Diyos na Mahahabagin sa Lahat” o “Diyos ng kabundukan”), Gen. 17:1; 35:11;
43:14; 49:25; Exod. 6:3
d. El-Olam (Ang Diyos na Walang Katapusan), Gen. 21:33. Itong salitang ito na theological ay nakakawing sa pangako ng Diyos kay Haring David, II Sam. 7:13,16
e. El-Berit (“Ang Diyos ng Tipan o Kasunduan”), Jdgs. 9:46
4. El ay katuwang ng
a. YHWH sa Awit 85:8; Isa. 42:5
b. Elohim sa Gen. 46:3; Job 5:8, “Ako ay si El, ang Elohim ng ama”
c. Shaddai sa Gen. 49:25
d. “panibugho” sa Exod. 34:14; Deut. 4:24; 5:9; 6:15
e. “kahahabagan” sa Deut. 4:31; Neh. 9:31; “tapat” sa Deut. 7:9; 32:4

f. “dakila at kamanghamangha” sa Deut. 7:21; 10:17; Neh. 1:5; 9:32; Dan. 9:4
g. “kaalaman” sa I Sam. 2:3
h. “ang aking matibay na kanlungan” sa II Sam. 22:33
i. “ang aking tagapaghigantí” sa II Sam. 22:48
j. “ang siyang banal” sa Isa. 5:16
k. “kalakasan” sa Isa. 10:21
l. “aking kaligtasan” sa Isa. 12:2
m. “dakila at makapangyarihan” sa Jer. 32:18
n. “kaparusahan:” sa Jer. 51:56

5. Ang pagkakabagay o pagkakasama ng lahat ng mahalagang pangalan ng Diyos sa Lumang Tipan ay matatagpuan sa aklat ng Joshua 22:22 (El, Elohim, YHWH, inulit)

B. *Elyon*

Ang ugat na kahulugan ay “mataas” “itinaas” o “binuhat paitaas” (ihambing sa Gen. 40:17; I Kgs. 9:8; II Kgs. 18:17; Neh. 3:25; Jer.
20:2; 36:10; Ps. 18:13).

2. Ito ay ginamit na magkalapit na kahulugan sa iba pang mga pangalan at titulo ng Diyos.
a. Elohim - Ps. 47:1-2; 73:11; 107:11
b. YHWH - Gen. 14:22; II am. 22:14
c. El-Shaddai - Ps. 91:1,9
d. El - Num. 24:16
e. Elah – ginamit ng malimit sa Daniel 2-6 and Ezra 4-7, may ugnay sa “*illair”* (salitang Aramaic para sa “Mataas na Diyos”) sa Dan. 3:26; 4:2;
5:18,21

3. Ito ay madalas na gamitin ng mga hindi Israelita
a. Melchizedek, Gen. 14:18-22
b. Balaam, Num. 24:16
c. Moses, na tumutukoy sa mga bansa sa Deut. 32:8
d. Ang Ebanghelyo ni Lukas sa Bagong Tipan, na sinulat para sa mga Gentil o pagano ay gumamit din ng salitang katulad na Griego na *Hupsistos* (ihambing sa 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Acts 7:48; 16:17)

C. Elohim (maramihan), Eloah (nag-iisa), na ginamit lalo na sa mga tula

1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Lumang Tipan.
2. Ang salitang ito ay maaring tumukoy sa Diyos ng Israel o sa mga diyos ng mga paganong bansa (ihambing sa Exod. 12:12; 20:3). Ang mga kamag anakan ni Abraham ay sumasamba sa maraming diyos (ihambing sa Josh. 24:2).
3. Ito rin ay maaring tumukoy sa mga hukom ng Israel (ihambing sa Exod. 21:6; Ps. 82:6).
4. Ang salitang *elohim* ay ginamit din sa ibang nilikhang espirito (mga anghel, ang demonyo) tulad sa Deut. 32:8 (LXX); Ps. 8:5; Job 1:6; 38:7. Ito rin ay maaring tumukoy sa mga taong hukom (ihambing sa Exod. 21:6; Ps. 82:6)

5. Sa Bibliya ito ang unang pangalan o titulo para sa diyos. (ihambing sa Gen. 1:1). Ito rin ay ginamit na nabubukod hanggang sa Gen. 2:4, na kung saan ito ay isinama sa YHWH. Ito ay unang tumutukoy (theologicaly) sa Diyos na manlilikha, na bumubuhay at nagbibigay buhay sa lahat sa mundong ito (ihambing sa Ps. 104). Ito ay tulad sa El (ihambing sa Deut. 32 :15-19). Ito rin ay maaring katuwang ng YHWH sa Awit 14 (elohim) at tunay na katulad sa Awit 53 (YHWH), maliban sa pagbabago ng pangalan ng diyos.

6. Bagamat higit sa isa at ginamit sa ibang diyos, ang katagang ito ay malimit na tumutukoy sa Diyos ng Israel, subalit malimit ito ay may pangwatas o berbong nag-iisa na nagpapahiwatig na ito ay gamit sa pagsamba sa isang Diyos.

7. Ang katagang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga hindi Israelita na siyang pangalan ng diyos.
a. Melchizedek, Gen. 14:18-22
b. Balaam, Mga Bilang 24:2
c. Moses, pag tinutukoy niya ang mga bansa, Deut. 32:8

8. Katakataka na ang karaniwang pangalan ng nagiisang Diyos ng Israel ay plural o tumutukoy sa higit sa isa! Bagamat hindi tiyak narito ang ilang mga hakahaka na maaring paliwanag ditto.
a. Ang Hebreo ay maraming plural o talatang higit sa isa na malimit ay ginamit para magbigay diin. Malapit na kauri dito ang tanging gramatika ng Hebreo na ang tawag “ang plural ng kaharian” na ang plural ay ginagamit para dakilain ang isang salita.
b. Ito ay maaring tumukoy sa konseho ng mga anghel na tinatagpo ng Diyos sa langit at gumaganap ng kanyang mga tagubilin. (ihambing sa I Kgs.
22:19-23; Job 1:6; Ps. 82:1; 89:5,7.

c. Maari din naman na ito ay naglalarawan ng mga pahayag ng Bagong Tipan ng isang Diyos sa tatlong persona. Sa Gen. 1:1 ang Diyos ang lumikha; Gen. 1:2 ang Espiritu ay nagmamasid at mula sa Bagong Tipan si Jesus ay Diyos at siya ang inatasan na taga likha ng Ama (ihambing sa John 1:3,10;
Rom. 11:36; I Cor. 8:6; Col. 1:15; Heb. 1:2; 2:10).

D. YHWH

1. Ito ang pangalan na naglalarawan sa diyos na isang Diyos na gumagawa ng tipan; Diyos na tagapagligtas at tagatubos! Lumabag ang tao sa kasunduan subalit ang Diyos ay tapat sa kanyang salita, pangako at tipan (ihambing sa Ps. 103)
Ang pangalang ito ay nabanggit na katuwang ng salitang *Elohim* sa Gen. 2:4. Hindi dalawa ang salaysay ng paglikha sa Gen. 1-2, subalit dalawa ang dinidiin:
(1) Diyos na lumikha ng buong sansinukob (ang pisikal) at (2) Diyos na siyang tanging lumikha ng sangkatauhan.

Genesis 2:4 ay nagsimula sa isang tanging pahayag tungkol sa mataas na katayuan at layunin ng sangkatauhan at kasama na ang suliranin ng kasalanan at ang paghimagsik na kaugapay ng kanyang di karaniwang katungkulan.

2. Sa Gen. 4:26 sinasabing “ang tao ay nagsimulang tumawag sa pangalan ng PANGINOON” (YHWH). Gayunman sa Exod. 6:3 ay may pinapasabi na ang unang mga tao ng tipan (ang mga

Patriarka at ang kanilang mga pamilya) ay alam lamang ang pangalan ng Diyos na *El-Shaddai*. Ang pangalang YHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang beses sa Exod. 3:13-16, lalo na sa talata 14. Subalit ang mga sulat ni Moses ay malimit na ipinapaliwanag gamit ang mga salita na kilala at hindi ng etymologia o ng kasaysayan ng salita kung saan galing ang salita at ang kahulugan nito (ihambing sa Gen. 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong mga pagaaral sa kahulugan ng pangalang ito.
(hinango sa IDB, vol. 2, pp. 409-11).

a. galing sa ugat ng salitang Arabo "ipakita ang mainit na pagmamahal"
b. galing sa ugat ng salitang Arabo "para hipan" (YHWH ang Diyos ng bagyo)
c. galing sa Ugartic (Canaanite) na ugat na salita "magsalita"
d. sinusundan ang nakaukit na salitang Phoenician isang CAUSATIVE PARTICIPLE na ibig sabihin ay "Siya na bumubuhay o umaalalay" o "Siya na nagtatatag"
e. galing sa talatang Hebreo na Qal "Siya na siya nga" o "Siya na naririto" o sa hinaharap na kahulugan "Siya na paririto"

f. galing sa talatang Hebreo "Siya na naging pasimula"
g. galing sa salitang ugat ng Hebreo "para mabuhay" (halimbawa, Gen. 3:20), na ibig sabihin "siya na laging nabubuhay, siya na tanging buhay"
h. galing sa nilalaman ng Exodus 3:13-16 ang gamit ng IMPERECT na talata na gamit sa PERFECT na kahulugan "Ako ay magpapatuloy na maging gaya ng pagiging tulad ko" o "Ako ay magpapatuloy na maging tulad ng pagiging tulad ko sa nakaraan" (ihambing sa J. Wash Watts, Ang Talaan ng Sintaks sa Lumang Tipan pahina 67. Ang lubos na pangalan ni YHWH ay malimit na nasusulat sa tahasang pagpappa-ikli ng salita o abbreviation na maari ring ito ay nasa orihinal na sulat.

(1) Yah (halimbawa, Hallelu - yah)
(2) Yahu (mga pangalan, halimbawa, Isaiah)
(3) Yo (mga pangalan, halimbawa, Joel)

3. Sa mga sumusunod na Judaismo itong pangalan ng tipan ay naging napakabanal (ang tetragrammaton YHWH) na ang mga Judyo ay natatakot na bigkasin ito at baka malabag nila ang utos sa Exod. 20:7; Deut. 5:11; 6:13. Kaya ay pinalitan nila ang banal na pangalang ito ng mga salitang "may Ari" "Amo" "asawang lalaki" "Panginoon" —adon o adonai (aking panginoon). Pag nakarating sila sa talatang YHWH sa kanilang pagbabasa ng Lumang Tipan ay binibigkas nila itong "panginoon." Kaya nga ang talatang YHWH ay nasusulat na PANGINOON o LORD sa mga saling Ingles.

4. Gaya ng sa talatang El, malimit ang YHWH ay katuwang sa ibang mga salita para mabigyan diin ang ilang tanging kalikasan ang Diyos ng Tipan ng Israel. Bagamat maraming maaring isama o ituwang na mga talata, narito ang ilan
a. YHWH - Yireh (YHWH ang nagbibigay ng kabuhayan), Gen. 22:14
b. YHWH - Rophekha (YHWH ang taga gamot), Exod. 15:26
c. YHWH - Nissi (YHWH ang aking watawat), Exod. 17:15
d. YHWH - Meqaddishkem (YHWH na SIYA ang nagpapabanal sa iyo), Exod. 31:13
e. YHWH - Shalom (YHWH ay Katahimikan), Jdgs. 6:24

f. YHWH - Sabbaoth (YHWH ng maraming mandirigma), I Sam. 1:3,11; 4:4; 15:2; malimit matatagpuan sa mga aklat ng mga Propeta)
g. YHWH - Ro'i (YHWH ay aking pastol), Ps. 23:1
h. YHWH - Sidqenu (YHWH an ating katuwiran), Jer. 23:6
i. YHWH - Shammah (YHWH ay naririito), Ezek. 48:35

▣ "Pinutungan mo Siya ng korona ng may Kaluwalhatian" tingnan ang sulat sa talata 1:3.

2:8 Para itong tumutukoy sa Gen. 1:26,28-30. Ang mga tao ay nilikha sa larawan o imahen ng Diyos (ihambing sa Gen. 1:26-27) at gumaganap na mga pinuno sa mundo (na mga kinatawan ng Diyos). Subalit ang pagkahulog ng tao sa kasalanan sa Genesis 3 ay pumigil sa ganitong panukala para sa tao (ihambing sa v. 9c).

2:9 "Subalit nakikita natin siya" Ang saling NASB ay ginawang maliit na letra ang lahat ng PANGHALIP o PRONOUNS sa talatang 7 at 8, ngunit sa talatang 9 lahat ito ay nasa malaking letra kaya nga inihahalintulad ang nagkasalang tao sa sakdal na lawaran ng tao.

Nilagay ng Diyos ang sangkatauhan sa isang marangal na luklukan ng kapangyarihan, subalit nagkasala ang tao at nawala sa kanya ang kapangyarihang ito. Si Jesus na nagkatawang Tao ay gumanap ng hinarahap ng sangkatauhan at sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay ibinalik ang mga nananampalatayang mga tao sa luklukan ng karangalan. Si Jesus ay totooong tao! Ito ay dagdag na panukoy sa uring Adan – Kristo (ihambing sa Rom. 5:12-21; I Cor. 15:21-22,45-49; Phil. 2:6-11)

▣ "na nilikhang mas mababa ng bahagya sa mga anghel" Ito ay maliwanag na paghahambing sa talata 6 and 7. Ito ay tumutukoy sa pagiging tao at buhay ni Jesus sa lupa.

▣ "Jesus" Ang may akda ng Hebreo ay katangi tanging gumagamit ng "Jesus" na walang dagdag na paglalawaran. (ihambing sa 2:9; 3:1; 6:20; 7:22; 10:19; 12:2,24; 13:12). Maaring ito ay isang paglalawaran kay Jesus na isang bagong Joshua. Ang dalawang pangalan ay tunay na magkatulad. Ang may akda ng Hebreo ay gumamit ng maraming salita sa Exodus. Gaya ng pagdala ni Joshua sa bayan ng Diyos sa kapahingan ng Lupang Pangako gayun din na si Jesus ay dadalhin ang mga tagasunod niya sa kalangitan (halimbawa, ang ikapitong araw ay kapahingahan).

▣ "kinoronahan ng kalawulhatian at karangalan" Ito ay PERFECT PASSIVE PARTICIPLE. Kinoronahan siya at patuloy na kinokoronahan! Tingnan ang sulat sa 1:3.

▣ "sa biyaya ng Diyos" Ang saling ito (*chariti Theos*) ay matatagpuan sa lahat ng Bibliang Ingles at pinapatunayan ng matandang kasulatang Griyego. (P46, W, A, B, C, D). Gayunman ang masusing pagbasa ng "hiwalay sa Diyos" (choris Theos), ay matatagpuan sa marami at mga sumusunod na mga lumang kasulatan.

Sa isang Komentaryo o Pagpapaliwanag na Tekstuwal sa Griegong Bagong Tipan na sulat ni Bruce M. Metzger ay nagsasabi na ito sa orihinal ay isang paliwanag sa isang di kilalang salita sa kasulatan na may kinalaman sa I Cor. 15:27, na hindi naunawaan na isang itong pagtatama sa "*chariti Theos*" (p. 664).

Ang isang aklat tungkol sa Sulat sa mga Hebreo ng United Bible Society na sulat ni Paul Ellingworth at Eugene A. Nida ay nagbibigay ng haka-haka na ang mga salitang "hiwalay sa Diyos" ay maaring tumutukoy sa Awit 22 na ginamit ni Jesus para maihayag ang kanyang damdamin noong naiwang siyang nagiisa sa krus. (ihambing sa Markos 15:34) p. 37. Ito ring ang tulad na haka-haka na nilahad ni Myles M. Bourke sa kanyang pagpapaliwanag sa biblia ni Jerome mula sa kanyang aklat na Jerome Biblical Commentary (pahina 385).

Ito rin ang pangatlong pagpipilian (kuha sa aklat ni Bart D. Ehrman, The Orthodox Corruption of Scripture, Oxford Press, 1993, pahina 146-150) na nagsasabing ang mga eskribo ay sadyang binago ang "hiwalay sa Diyos" sa dahilang may kinalaman ito sa kanilang pagaaral tungkol sa Diyos lalo na sa harap ng banta ng taliwas na turo ng gnosticismo. Ang pagbabagong ito ay alam ni Origen at Jerome. At ang salitang "hiwalay" *(choris*) ay ginamit na labing tatlong beses sa Hebreo na naglalahad ng pagkahilig ng may akda na gamitin ito. Dagdag pa ni Ehrman (p. 148) na ito ay laging sinusundan ng ANARTHROUS (walang artikulo) na pangalan.

▣ "Baka siya makatikim ng kamatayan" Mahalagang maunawaan na ang paghihirap ni Jesu Kristo ay kalooban ng Diyos para sa kanya (ihambing sa Isa. 53:4,10; Mark 10:45; I Cor. 5:21) na nagpahinog at nagpatibay sa kanya, sa isang salitang pangtao, ng kanyang hinarap ang kanyang mga kaaway (ihambing sa 5:8-9; Markos 10:45). Ang paksang ito ng paghihirap ay nagpatuloy mula sa mga talata ng Lumang Tipan na matatagpuan sa hulian ng ikalawang kapitulo

▣ "para sa lahat" Ang laman nito ay tumutukoy sa paghihirap at kamatayan ni Jesu Kristo para sa atin at sa ating lugar para mapalapit tayo sa Diyos. (ihambing sa Isa. 53:6; Rom. 5:8; I Cor. 15:22; I Tim. 2:4,6; 4:10; Titus 2:11; II Pet. 3o :9). Namatay si Jesus para lutasin ang suliranin ng sangkatauhan ukol sa kasalanan. Ang kaisa isang bagay na pumipigil sa mga tao na maligtas ay ang kanilang di pagsangayon na tanggapin ang walang bayad na handog ng Diyos na nakasalalay sa tapos nang gawa ni Jesu Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya. (ihambing sa Juan 3:17-21)

TANGING PAKSA: ANG MGA KINIKILINGANG TURONG EBANGHELYO NI BOB

Inaamin ko sa mga nagbabasa nito no ako ay may kinikilingan sa puntos na ito. Ang aking sistemang theologia o pagaaral tungko sa Diyos ay hindi Calvinist o Dispensationalist kundi ang Ebanghelyo ng Dakilang Tagubilin o
Great Commission Evangelism. Naniniwala ako na ang Diyos ay may planong pangwalang hanggan para sa kaligtasan at katubusan ng lahat ng tao
(e.g., Gen. 3:15; 12:3; Exod. 19:5-6; Jer. 31:31-34; Ezek. 18; 36:22-39; Acts 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; Rom. 3:9-18,19-20,21-32), lahat ay nilikha sa Kanyang lawaran at kaanyuaan (ihambing sa Gen. 1:26-27). Ang mga tipan ay naging isa kay Kristo. (ihambing sa Gal.3:28-29; Col. 3:11). Si Jesus ay misteryo o hiwaga ng Diyos na nakatago subalit ngayon ay napahayag na (ihambing sa Eph. 2:11-3:13)!

Ang paunang pangunawang ito ay nagbibigay kulay sa lahat ng aking paliwanag sa Biblia. (halimbawa, Jonah) Binasa ko ang buong aklat na ito gamit ang ganitong pangunawa. Ako ay

may tunay na kinikilingan (lahat ng tagapagpaliwanag ay mayroon nito) Subalit ito ay ayon o nakabatay lamang sa Biblia.

.

NASB (GINAWANG MAS BAGO) TEXT: 2:10-13
Hango sa Magandang Balita Biblia, Hebreo 2:10-13
10 Sa pamamagitan ng pagtitiis siya'y pinapaging ganap na lumikha at nangangalaga sa lahat ng bagay, upang makapagdala ng marami sa kaluwalhatian. Marapat lamang na gawin niya iyon sapagkat si Jesus ang pinagmulan ng kanilang kaligtasan. 11 Si Jesus ang nagpapabanal sa kanila at iisa ang ama ng nagpapabanal at ang pinapaging banal. Kaya hindi niya ikinahiyang tawagin silang mga kapatid. 12 Ganito ang kanyang sinabi: "IPAHAHAYAG KO SA AKING MGA KAPATID ANG IYONG PANGALAN, AT AAWIT AKONG NG PAPURI SA IYO SA GITNA NG KAPULUNGAN."
13 At sinabi rin niya, "Ako'y nanalig sa Diyos." At sabi pa niya, "NARIRITO AKO AT ANG IYONG MGA ANAK NA IBINIBIGAY SA ATIN NG DIYOS."

2:10 "Na marapat lamang sa kanya, na sa kanya ang lahat ng bagay at sa kanya nanggaling ang lahat ng bagay" Dito ang mga PANGHALIP ay hindi malinaw. Maari itong tumutukoy sa Diyos Ama (ihambing sa Rom. 11:36) o sa Anak (ihambing sa 1:2,3; Col. 1:15-17). Dahilang si Jesus ay binabanggit na "may akda" sa huling bahagi ng talata, ang naunang PANGHALIP ay maaring tumutukoy sa Ama, at si Jesus ang katulong ng Ama sa paglikha. (ihambing sa 1:2; John 1:3;I Cor. 8:6; 15:25-27).

▣ "sa pagdala ng maraming mga anak sa kaluwalhatian" Ang turo ukol sa pamilya ng bagong tipan ay ganap na ipinahayag sa mga natitirang talata ng pangalawang kapitulo. Mapapansin ang maraming nabanggit na salitang ukol sa pamilya. Ang layunin ng bagong tipan ay ang mapabalik ang larawan ng Diyos sa nagkasalang katauhan. Ang salitang "marami" ay hindi nangangahulugan na may "ilan" na laban sa "lahat" (ihambing sa talata 9, "bawat isa"). Ang salitang "lahat" at "marami" ay ginamit na magkasing kahulugan sa Biblia (ihambing sa Isa. 53:6 kasama ang 11,12 at Rom. 9:18 kasama ang 19). Kung magkagayon ang Marcos 10:45 at 14:24 ay dapat tumukoy sa "lahat" hindi lamang sa "iilan"! Hindi ito maaring gamitin na katibayang mga talata ng saradong Calvinismo. (halimbawa, supralapsarian).

▣

NASB "para maging ganap ang may akda ng kanilang kaligtasan"
NKJV "para gawing ganap ang may akda ng kanilang kaligtasan"
NRSV "para gawing ganap ang tagapanguna ng kanilang kaligtasan"
TEV "dapat maging ganap si Jesus"
NJB "maging ganap. . .ang pinuno ng kanilang kaligtasan"
Ang salitang "ganap" (AORIST ACTIVE INFINITIVE) ay nangangahulugan na "maging lubos, hinog, at sapat sa mga kailangan para ganapin ang itinakdang gawain" (ihambing sa Eph. 4:12).

Ang may akda ng Hebreo ay gumamit ng "sakdal" tatlong ulit para ilarawan si Jesus. (ihambing sa 2:10; 5:9; 7:28) at tatlong ulit din para sa ilarawan ang kaniyang mga tagasunod (ihambing sa 10:14; 11:40; 12:23). Tignan and buong sulat at talata 10:1. Si Jesus ay totoong isang tao (ihambing sa Luke 2:40,52). Lumaki siya sa pananampalataya at pagtalima (ihambing sa Luke 2:40,52). Sinubukan siya ng kahirapan (ihambing sa 5:8-9). Hinarap niya at tinalo ng

lahat ng mga balakid na espiritual. (ihambing sa 4:15). Siya ang naging dakilang halimbawa ng sangkatauhan (ihambing sa I Pet. 2:21).

TANGING PAKSA: AKDA/PUNO (ARCHEGOS)

Ang salitang "akda" o "puno" ay salitang Griego na *archegos.* Galing ito sa ugat na salitang Griego na "simula" (*arche*) at "tumungo" o "mamuno" (*ago*). Itong samasamang mga salita ay ginamit sa mga salitang namumuno, prinsipe o pinuno. Ang salitang ito ay ginamit lamang sa Bagong Tipan

1. prinsipe o may akda sa Mga Gawa 3:15
2. prinsipe o pinuno (ihambing sa Mga Gawa 5:21)
3. para maging ganap ang may akda ng kanilang kaligtasan, Heb. 2:10
4. ang may akda (o nanguna) at tagalubos ng pananampalataya sa Heb. 12:2

Si Jesus ang nagsimula, ang taga pangalaga at taga tapos ng kaligtasan

▣ "sa pamamgitan ng pagdurusa" si Jesus ay ginawang ganap, sa salitang pangtao, ng mga pagdurusa (ihambing sa 5:8-9).

Madalas mabanggit ni Jesus ang mga pagsubok at paguusig na mararanasan ng kanyang mga tagasunod. (ihambing Mateo. 5:10-12; Juan 15:18-19; 17:14).
Ang unang iglesiya ay humarap sa matinding paguusig mula sa mga Judio, mga pagano, mula sa pamahalaan ng Roma at mula sa may akda ng kasamaan. Subalit ginamit ng Diyos ito at ginawa niya itong kasangkapan para magbunga ng pananalig at kabuhayang tulad kay Kristo. (ihambing Rom. 8:17; Phil. 1:29; II Tim. 3:12; James 1:2-4; at I Pet. 4:12-19). Ang katotohanan ay maaaring ipaliwanag mula

(1) sa Lumang Tipan (ihambing Heb. 11) at
(2) Sa gawain ni Pablo (ihambing I Cor.4:9-12; 6:4-10; 11:24-27)

2:11 NASB, NRSV "para doon sa nagaaring banal at doon sa ginagawang banal"
NKJV "para sa kanya na nagaaring banal at doon sa ginagawang banal"
TEV "Nililinis niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan, siya at yung mga ginagawang malinis."
NJB "Para sa nagtatalaga at iyong mga itinatalaga"

Ito ay isang gamit ng salitang "banal" o "ginawang banal" (ihambing 10:10,14). Ang unang gamit ay PRESENT ACTIVE PARTICIPLE (Jesus) at ang pangalawa ay PRESENT PASSIVE PARTICIPLE (Kanyang bayan, ihambing sa Juan 17: 19).

Si Jesus ay tinukoy kasama ng bayan niya (ihambing 1:14 at 2:6-8,9-18). Ang mga mananampalataya ay ginawang banal ng Ama (ihambing sa Juan John 17:7; I Thess. 5:23); sa pamamagitan ng pagtulong ng Anak (ihambing I Cor. 1:2; Eph. 5:26); ang mga tulad na gawaing ito ay pinagisa sa Heb. 2:11.

6. Banal na Ama
7. Banal na Anak
8. Mga banal na Tagasunod (ihambing I Pet. 1:13-25)

Ito ay totoo sa katayuan at sa karanasan. Tayo ay banal kay Kristo at tayo ay tinawag na maging banal tulad ni Kristo.

TANGING PAKSA: PAGIGING BANAL

Ang Bagong Tipan ay nagbibigay diin na pag ang mga makasalanan ay lumapit kay Jesus ng may pagsisisi at pananampalataya, sila ay agad ginawang ganap at ginawang banal. Ito ang kanilang bagong katayuan kay Kristo. Ang kaniyang katuwiran ay itinuring na parang kanila. Sila ay ipinahayag na matuwid at banal (isang gawang legal ayon sa batas ng Diyos)

Subalit ang Bagong Tipan ay naghihimok sa mga mananampalataya na mabuhay ng may kaganapan at kabanalan. Ito ay isang katayuang theological o sang ayon sa pagaaral tungkol sa Diyos at isang pagtawag sa mga mananampalataya na mabuhay na parang si Kristo sa kanilang isipan at gawain sa pang araw araw na buhay. Dahil ang kaligtasan ay walang bayad na handog ng Diyos gaya ng pagbabago sa ating buhay tungo sa kabanalan.

Ang unang tugon: Ang pagsulong na pagiging tulad ni Kristo.
Acts 20:23; 26:18 Romans 6:19
Romans 15:16 II Corinthians 7:1
I Corinthians 1:2-3; 6:11 I Thessalonians 3:13; 4:3-4,7; 5:23
II Thessalonians 2:13 I Timothy 2:15
Hebrews 2:11; 10:10,14; 13:12 II Timothy 2:21
I Peter 1:1 Hebrews 12:14
I Peter 1:15-16

▣ "lahat ay galing sa isang Ama" "Ama" ay hindi salitang Griyego (ihambing NASB, NRSV, TEV). Ang PANGHALIP na "Siya" sa susunod na mga talata ay tumutukoy kay Jesus (ihambing NRSV, TEV, NIV). Kung gayon, maaring ang salin ng NJB na "lahat ay iisang lahi" o sa NIV "lahat ay isang pamilya" ay pinakamalapit sa talata o konteksto.
▣ "sa dahilang ito siya ay hindi nahihiyang tawaging silang mga kapatid." Lubos na kinilala ni Jesus ang kanyang sarili na kaugapay sa mga mananampalatayang sangkatauhan. Dahil sa kanyang paghihirap ang larawan ng Diyos ay nabalik sa kanila.

Ang tatlong salita mula sa Lumang Tipan
(ihambing sa vv. 12-13) ay parang wala sa konteksto o sa nilalaman pero galing ito sa mga talatang tungkol sa Mesias na gamit ay salita ng mga rabbi. Ang konteksto ng talata 10-18 ay naglalahad ng lubos na pagkilala ni Jesus sa sarili niya na kasama ng kanyang mga tagasunod.
1. sila ay kapwang naghahayag sa Ama
2. sila ay kapwang pumupuri sa Ama
3. sila ay kapwang nagtitiwala sa Ama
4. Jesus (ihambing sa "Ako"ng talatang 13b) at ang kanyang mga tagasunod ("mga bata" ng talata 13b) ay inugnay sa handog ng Diyos Ama sa Anak
5. Si Jesus at ang kanyang mga tagasunod ay kapwa nagtataglay ng kalikasang tao
6. Si Jesus at ang kanyang mga tagasunod ay kapwa tinukso 2:12

"IPAPAHAYAG KO ANG AKING PANGALAN SA MGA KAPATIRAN"

Ito ay galing sa Awit 22:22 na naguugnay sa hula tungkol sa pagpako ni Jesus sa krus.
▣"kapulungan"

TANGING PAKSA: IGLESIYA (EKKLESIA)

Itong salitang Griyego na *ekklesia*, ay galing sa dalawang salita "galing sa" at "tinawag," kung kaya nga ang salitang ito ay tumutukoy doon sa mga tinawag palabas ng Diyos. Ang unang Iglesiya ay kinuha ang salitang ito mula sa secular o hindi pang relihiyon na gamit (ihambing Mga Gawa 19:32,39,41) at dahil sa gamit ng saling Septuagint ang salitang ito na "mga nagpupulong" ng Israel. (ihambing sa Num. 16:3; 20:4). Ginamit nila ito para sa kanilang sarili na silang nagpapatuloy ng bayan ng Diyos sa Lumang Tipan. Sila ang bagong Israel (ihambing sa Rom. 2:28-29; Gal. 6:16; I Pet. 2:5,9; Rev. 1:6), ang kaganapan ng gawain ng Diyos sa buong mundo (ihambing Gen. 3:15; 12:3; Exod. 19:5-6; Matt. 28:18-20; Luke 24:47; Acts 1:8). Ang salitang ito ay ginamit ng may ilang konteksto sa mga aklat ng Ebangelyo at Mga Gawa

6. ang pagpupulong sa isang bayan, Gawa 19:32,39,41
7. ang bayan ng Diyos kay Kristo sa buong mundo, Mat. 16:18 at Ephesians
8. ang lokal na pagpupulong ng mga mananampalatay kay Kristo, Mat. 18:17; Acts 5:11 (sa mga talatang ito ay tumutukoy sa iglesiya sa Jerusalem)
9. ang sama-samang bayan ng Israel, Gawa 7:38, sa mensahe ni Esteban
10. ang mga tao ng Diyos sa isang rehiyon, Gawa, 8:3 (Judah or Palestine)

2:13 "AKING IBIBIGAY SA KANYA ANG PAGTITIWALA KO" Ang salitang ito ay hango sa Isa. 8:17.

Sa puntos na ito ay gusto kong magdagdag ng ilang salita tungkol sa patuloy na pag gamit ng may akda ng saling Septuagint na kakaiba, minsan nga ay malaki ang pagkakaiba sa saling Hebreo (Masoretic). Parang malaki ang pagtatalo sa panahong ito na may kinalaman sa mga ibat ibang salin. Ang iba ay may kinikilingan mga salin kaysa sa ibang salin na minsan ay may pagdududa pa sa layunin o pagiging Kristiano ng mga tagasalin.

Kung nagawa ng Espirito ng Diyos na gamitin ang mga saling Griego para maiparating ang Ebanghelyo sa mga tao sa malapit silangan noong unang panahon ay kaya niyang gamitin ng gayun din ang maraming salin sa panahon nating ito. Hindi ang kuro kuro sa pagsalin ang mahalaga kundi ang kalooban ng Diyos na ang mga tao ay makapakinig at manampalataya sa mabuting balita tungkol kay Kristo.

▣ "TIGNAN NINYO, AKO AT ANG MGA ANAK NA IBINIGAY SA AKIN NG DIYOS" Ito ay hango sa saling Septuagint sa Isa. 8:18. Ang buong puntos ay para bigyan diin ang pagiging isa ni Jesus sa kanyang mga tagasunod.

NASB (GINAWANG BAGO) TEXT: 2:14-18

Hango sa Mabuting Balita Biblia, Hebreo 2:14-18

14 Yamang ang anak na tinutukoy niya ay tao, naging tao rin si Jesus, tulad nila-- may laman at dugo. Ginawa niya ito upang sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay maigupo ang diyablo na siyang may kapangyarihan sa kamatayan. 15 Sa gayon pinalaya niya ang lahat na maging alipin

sa habang panahon dahil sa kanilang takot sa kamatayan. 16 Hindi ang mga anghel ang kanyang tinutulungan kundi "Ang lahi ni Abraham." 17 Kaya kailangang matulad siya sa kanyang mga kapatid sa lahat ng paraan. Sa gayon siya'y naging isang dakilang saserdote, mahabagin at tapat, naglilingkod sa Diyos at naghahandog ng hain sa ikapapatawad ng mga kasalanan ng tao. 18 Sapagkat siya ma'y tinukso at nagbata, kayo ngayoy matutulungan niya ang mga tinukso.

2:14 "yamang" Ito ay FIRST CLASS CONDITIONAL SENTENCE o unang klaseng pangungusap na kondisiyonal na tinatayang totoo mula sa pananaw ng may akda para sa layuning literaryo
▣ "ang mga anak ay may bahagi sa laman at dugo, siya mismo ay kumuha sa ganoong kalikasan (koinonia) [PERFECT ACTIVE INDICATIVE] ay tumutukoy sa una at patuloy na pagiging lubos na tao ni Jesu Kristo

Ang mga talata 14 at 17 ay nagbibigay diin sa tunay na pagkatao ni Jesus na naging suliraning theologikal ng mga unang guro na Gnostics na nagtuturo ng taliwas sa Biblia (ihambing I John 4:1-6) Ang kataga sa Griyego ay literal na "laman at dugo" Ito ay saliwat sa karaniwang gamit ng katagang ito. Ang mga rabbi o mga guro ng Israel ay ginamit ang katagang ito para ituro ang kahinaan ng tao. Maaring binaligtad ito ng may akda ng Hebreo para ipakita na bagaman tao si Jesus, hindi siya nadala ng pagkadapa sa kasalanan ng sangkatauhan. (ihambing Rom. 8:3; Phil. 2:7-8).

Ang Hebreo ay nagbibigay diin sa kapwang pagkadiyos (ihambing sa 1:1-3; 4:14) at pagkatao ni Jesus:

1. 2:14 sinuot niya ang kalikasan ng tao
2. 4:15 tinukso siya sa lahat ng bagay gaya ng mga tao
3. 5:7 nanalangin siya sa Ama ng may malakas na iyak at luha
4. 5:8-9 ginawang ganap ng pagdurusa

▣ "sa kamatayan" Sa pagkamatay ni Jesus, namatay ang kamatayan!

Ito ang paninawalang theological na panglahatan ng mga Judyo sa kanilang pag-alay na hayop (ihambing sa Lev. 1-7). Isang walang sala, isang namatay para sa lahat (ihambing Rom. 5:12-21; II Cor. 5:14-15,21).

2:15 "na nakuhang alisan siya ng kapangyarihan"
Ito rin ang katagang "*katargeo*" na isinalin ng King James Version na "magwasak" sa Rom. 6:6. Tiyak na ito ay may gayon din pahiwatig sa II Thess. 2:8. Malimit ay mahirap, maging sa konteksto na malaman kung ang berbo o pangwatas na ito na dapat na isalin na "magsawak/lumipol" o "magwalang halaga o bisa" (ihambing I Cor. 15:24, 26; Eph. 2:15). Gayun man ang katagang ito ay may pahiwatig na "dalhin sa wala, pawalang bisa o halaga, gawing walang silbi" (ihambing Rom. 3:3, 31; 4:14; 6:6; I Cor. 2:6; 13:8; II Cor. 1:7).

TANGING PAKSA: NAPAWALANG HALAGA AT BISA (KATARGEO)

Itong salitang "katargeo" ay isa sa mga kinikilingang salita ni Pablo. Ginamit niya ito ng dalawamput limang beses subalit ito ay may napakalawak na gamit semantiko o kahulugan ng salita.

F. Ang unang ugat etymological o kasaysayan ng salita ay galing sa salitang “argos” na ibig sabihin ay:
1. Hindi na kumikilos
2. Walang ginagawa
3. Hindi nagagamit
4. Walang silbi
5. Hindi gumagana

B. Kasama ang salitang “kata” ay nagpapahiwatig na:
3. Walang ginagawa
4. Walang gamit o silbi
5. Yung nabura o inurong na
6. Yung isinang tabi na lamang
7. Yung talagang hindi na mapagana

C. Ito ay ginamit sa Lukas na naglalawaran ng isang puno na walang bunga at walang silbi (ihambing Lukas 13:7).
D. Ginamit ni Pablo ito sa pinakaanyông kahulugan o figurative sense, sa dalawang pamamaraan:
3. Ginawa ng Diyos na walang bisa o silbi ang mga bagay na laban at galit sa sangkatauhan
e. Ang makasalanang kalikasan ng tao - Rom. 6:6
f. Ang batas ni Moses na kaugnay sa pangakong “binhi” ng Diyos - Rom. 4:14; Gal. 3:17; 5:4,11; Eph. 2:15
g. Ang mga lakas espiritual - I Cor. 15:24
h. Ang tao na walang batas - II Thess. 2:8
i. Ang pisikal na kamatayan - I Cor. 15:26; II Tim. 1:16 (Heb. 2:14)

4. Pinalitan ng Diyos ang matanda (tipan, panahon) ng bago
a. Mga bagay na ugnay sa Batas ni Moses - Rom. 3:3,31; 4:14; II Cor. 3:7,11,13,14
b. Ang pagkakahawig ng gamit sa batas ng kasal o pagaasawa, Rom. 7:2,6
c. Ang mga bagay sa panahong ito - I Cor. 13:8,10,11
d. Itong katawan- I Cor. 6:13
e. Mga pinuno ng panahong ito - I Cor. 1:28; 2:6 (ihambing sa Rev. 1:18).

Itong salitang ito ay isinalin sa maraming ibat ibang pamamaraan subalit ang punong kahulugan nito ay gawin ang isang bagay na walang silbi, walang bisa at walang saysay, hindi gumagana, walang kapangyarihan subalit hindi naman kailangan na ito ay hindi totoo, wasak o nagunaw na.

▣ “na may kapangyarihan sa kasalanan, na siya ang diyablo” Si Satanas ay walang sakdal na kapangyarihan sa kamatayan. (ihambing Job 2:4-6; I Cor. 5:5), ngunit siya ang may hawak ng kapangyarihan ng takot sa kamatayan (ihambing. v. 15; Rom. 8:15) na hawak niya sa buong sangkatauhan (ihambing sa I Cor.15:54-57). Mayroong lakas na personal ang kasamaan na ang layunin ay salungatin at pawalang bisa ang kalooban ng Diyos sa mundong ito. (ihambing John 12:31; 14:30; 16:11;

II Cor. 4:4; Eph. 2:2; I John 4:4; 5:19). Pinawalang bisa at nilipol ni Jesus ang kamatayan (ihambing II Tim. 1:10) hawak niya ang susi ng impierno (hades) at kamatayan (ihambing Rev. 1:18)

TANGING PAKSA: SATANAS

Ito ay napakahirap na paksa sa ilang mga dahilan:

1. Ang Lumang Tipan ay naglalahad kay Satanas na hindi siya kalabang mortal ng kabutihan kundi isang alagad ni YHWH na may handog na ibang pamamaraan sa sangkatauhan at may akusa at paratang sa sangtakauhan ng pagiging hindi makatuwiran. May isa lamang Diyos (monotheismo) isang kapangyarihan, isang pinaglalaban sa Lumang Tipan, si YHWH.

2. Ang isipan na siya ay pangunahin at matinding kaaway na personal ng Diyos ay sinulat sa mga aklat na na hindi parte ng biblia na galing sa mga dalawahang o dualistic relihiyon ng Persia (Zoroastrianism.) Ito ay nakahawa at nakaimpluensiya nang malaki sa mga guro ng Judaismo at sa mga Essenes (halimbawa ang Dead Sea scrolls o mga sinaunang sulat na natagpuan na malapit sa Dead Sea.)

3. Ang Bagong Tipan ay sinulong ng mga paksang ito na galing sa Lumang Tipan sa isang nakakagulat na hubad ngunit mapamiling kategorya. Kung sisimulan ang pagaaral ng kasamaan sa pananaw ng theologiya ng Biblia (ang bawat aklat at akda o klase ay pagaaralan at isusuIat ang anyo nito ng hiwalay) ay mahahayag ang tunay na kakaibang pananaw ng kasamaan.

Kung sisimulan ang pagaaral ng kasamaan mula sa mga sulating hindi kasama o labas sa Biblia ng mga pananaw ng mga relihiyon ng mundo o ng malapit na silangan, makikitang malaki sa Bagong Tipan ay naunahan ng dualismo ng Persia at espiritismo ng Griyego-Romano. Kung ang sinoman ay buong pusong nananalig sa kapangyarihan ng Biblia na ito'y galing sa Diyos, kung gayon ang bagong Tipan ay dapat na itong ituring na isang may pagsulong na paglalahad. Dapat na magingat ang mga Kristiano na huwag nilang pabayaaan na ang mga kuwentong bayan ng Judaismo o mga sulat at literatura ng kanluran (Dante, Milton) ay bumago sa kanilang isipan sa bagay na ito.

Tunay na may hiwaga at hindi malinaw ang bahaging ito ng pahayag. Pinili at minabuti ng Diyos na huwag ihayag ang lahat ng bagay tungkol sa kasamaan, ang sinimulan nito, ang pagsulong nito, ang layunin nito, subalit inihayag ng Diyos ang pagkagapi nito!

Sa Lumang Tipan ang salitang “satanas” o “taga akusa” (BDB 966) ay maaring umugnay sa tatlong hiwalay na pangkat:

1. mga taong nagaakusa (ihambing I Sam. 29:4; II Sam. 19:22; I Kgs. 11:14,20,29; Ps. 109:6)
2. mga anghel na nagaakusa (ihambing Num. 22:22-23; Job 1-2; Zech. 3:1)
3. mga demonyong nagaakusa (ihambing I Chr. 21:1; I Kgs. 22:21; Zech. 13:2)

Sa bandang huli sa panahon ng gitna ng dalawang tipan, ang ulupong na binanggit sa Genesis 3 ay tinukoy na si Satanas (ihambing Book of Wisdom 2:23-24; II Enoch 31:3), at sa banda huli ay pinili pa ito ng mga rabbi ng Israel. (ihambing sa Sot 9b and Sanh. 29a). Ang “mga anak ng Diyos” ng Gen 6 ay tinaguriang mga anghel sa I Enoch 54:6.

Binaggit ko ito hindi para igiit ang pagkatama nito sa theologia kundi ipakita ang pagsulong at pagbabago nito. Sa Bagong Tipan itong mga gawa ay inuugnay sa isang anghel, ang kasamaan na naging nilalang. (ihambing I Cor. 11:3; Rev. 12:9).

Ang simula ng kasamaan na naging nilalang ay mahirap at hindi maaring (sangayon sa iyong pananaw) malaman sa Lumang Tipan. Ang isang dahilan nito ay ang matibay na monotheismo o pagkilala sa iisang Diyos ng Israel. (ihambing sa I Kgs. 22:20-22; Eccl. 7:14; Isa. 45:7; Amos 3:6) Lahat ng pangyayari ay inuugnay kay YHWH upang ipakita ang kanyang pagiging mataas at higit sa lahat at ang kanyang katangi tanging likas (ihambing sa Isa. 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Ang maaring mga pinagkunan ng kaalaman ay ang (1) Job 1-2, na kung saan si Satanas ay isa sa mga "anak ng Diyos" (halimbawa, mga anghel) o ang (2) Isa. 14 at Ezek. 28, kung saan and mga hambog na mga hari sa malapit na silangan (Babylon and Tyre) ay maaring ginamit na paglalarawan ng kayabangan o kahambugan ni Satanas (ihambing sa I Tim. 3:6). Mayroon akong magkahalong duda tungkol sa paggamit nito.

Ginamit ni Ezekiel ang Hardin ng Eden na paglalarawan at pagtutularan, hindi lamang para sa hari ng Tyre (ihambing sa Ezek. 28:12-16) subalit gayun din sa hari ng Ehipto na nilarawan niyang Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama (Ezek. 31). Gayunman, sa Isa. 14, lalo na ang talata 12-14 ay nilalarawan ang himagsikan ng mga anghel dahil sa pagmamataas. Kung gusto ng Diyos na ihayag sa atin ang tanging likas at simula ni Satanas, ito ay a hindi sapol na pamamaraan at lugar na gawin ito.
Kailangan nating huwag tularan ang takbo sa sistematikong theologia na kumukuha ng maliliit at hindi malinaw na bahagi ng maraming ibat ibang mga kasulatan, akda, aklat, at mga klase at pinagsasama ito parang gawin isang palaisipan mula sa Diyos.

Sangayon ako kay Alfred Edersheim (sa kanyang aklat na The Life and Times of Jesus the Messiah, vol. 2, appendices XIII [pp. 748-763] and XVI [pp.770-776]) na ang mga guro ng Judaismo ay nahawa ng matindi ng dualismo ng Persia at ng kanilang haka haka tungkol sa demonyo.

Ang mga rabbi ay hindi mabuting pagkunan ng katotohanan sa paksang ito. Si Jesus ay matinding lumilihis at sumasalungat sa mga turo ng Sinagoga sa paksang ito. Sa palagay ko ang kaisipan na ang pinakapunong kaaway ni YHWH ay kinuha at pinasulong mula sa dalawang matataas na diyos ng Iran ng dualismo na sina Ahkiman and Ormaza, ay pinasulong ng mga rabbi na dualismo sa Biblia na sina YHWH at Satanas. Tiyak na may pasulong na paghahayag sa Bagong Tipan tungkol sa pagiging persona ng kasamaan ngunit hindi kasing masalimuot tulad ng turo ng mga rabbi.

Isang magandang halimbawa ng pagiging iba nito ay ang "digmaan sa langit." Ang pagbagsak ni Satanas ay kinakailangan mangyari subalit ang mga tingi o detalye ay hindi inihayag. Yung may ipinahayag ay nakatabing sa larawang apokaliptiko o mga hula tungkol sa hinaharap na dilubyo. (ihambing Rev. 12:4,7,12-13). Bagamat nagupi na ni Jesus si Satanas at itinapon sa mundo siya ay gumaganap pa ring alipin ni YHWH (ihambing sa Matt. 4:1; Luke 22:31-32; I Cor. 5:5; I Tim. 1:20).

Kailangan nating putulin ang ating pigiging palaisip sa paksang ito. Mayroong puwersang personal ang tukso at kasamaan, subalit mayroong pa ring isang Diyos at tayo pa rin ang mananagot sa ating mga pagpili. Mayroong isang digmaang espiritual bago at matapos ang kaligtasan. Ang tagumpay ay darating lamang at mananatili sa pamamagitan ng tatlong persona ng Diyos. Ang kasamaan ay nagapi na at tuluyang pupuksain! 2:16
NASB “Dahil sa katiyakan”
NKJV “Dahil nga totoo”
NRSV, TEV “Dahil sa maliwanag”
NJB --omitted—

The NRSV at TEV ay nagpapahayag ng pinakamagandang kaisipan.
▣ “Hindi siya nagbibigay ng tulong . . .Siya ay tumutulong” Ang mga ito ay nasa PRESENT MIDDLE (deponent) INDICATIVES. Ang “hindi” ay nakalagay sa unahan ng pangungusap na Griyego para sa pagdiriin. Ang pangwatas o berbo ay *epilambano* na galing sa ugat na salita na *lambano*, “kunin” o “hawakan” na may layuning negatibo o positibo. Sa konstekto ito ay tumutukoy sa mga positibo at tamang gawa ni Jesus (ihambing sa 8:9) para sa sumasampalatayang mga tao at hindi kailanman inihayag sa mga anghel. Sa ulitin, si Jesus at ang kanyang mga tagasunod ay tinuring na iba sa daigdig ng mga anghel.

▣ “sa mga lahi ni Abraham” Ito ay sa literal ay “mga binhi ni Abraham.” Pinangako ni YHWH sa walang anak na si Abraham na siya ang mgaging ama ng isang dakilang bayan na may maraming lahi at angkan. (ihambing Gen. 12:2; 15:2-6; 17: 4-7; 18:10, 18). Ang salitang “binhi” ay maaring nagiisa o higit sa isa. Anopat ito ay tumutukoy sa bansang Israel at sa darating na Mesias. Sa ibang bahagi ng Bagong Tipan ay makikita na ito ay may kinalaman sa pananampalataya, hindi dahil sa lahi o dugo o sa mga ginawa. (ihambing sa Juan 8:31-59; Gal. 3:7,9,29; Rom. 2:28.29).

Ang mga pangako kay Abraham ay binigay na walang kondisyon o kabagayan. (ihambing lalo na sa Gen. 15:12-21; Rom. 4), at sa kabila naman ang Tipan ni Moses ay nakasalalay sa pagsunod. 2:17 “Kailangan siyang gawing tulad ng kanyang mga kapatid sa lahat ng bagay” Ang gawaing tagamagitan ni Jesus para sa sangkatauhan ay may kaugnayan sa kanyang pagtapos at pagunawa sa ating likas (ihambing 2:18; 4:15) para siya ay maging ating dakila at punong saserdote.
▣ “para siya ay maaring maging ating mahahabagin at tapat na saserdote”

TANGING PAKSA: SI JESUS BILANG PUNONG SASERDOTE

Ang aklat ng Hebreo ay walang tulad sa Bagong Tipan sa pagtawag kay Jesus bilang isang punong saserdote. May mga lugar sa Lumang Tipan na ang Mesias ay inilarawan sa mga salitang saserdote. (ihambing sa Awit 110:4; Zech. 3-4).
Ang paksang ito ay isusulong at pagiigihin sa mga kapitlo 4:14-5:10 at 7-9.
Ang aklat ng Hebreo ay naglalarawan sa gawaing saserdote ni Kristo sa may ilang pamamaraan:

1. ang kabayaran para sa kasalanan (ihambing sa 2:17; 7:27; 9:14)

2. kalakasan para doon sa mga tinutukso ng kasalanan (ihambing sa 2:18)
3. biyaya sa panahon ng pangangailangan (ihambing sa 4:15-16)
4. nagdudulot ng buhay na walang hanggan (ihambing sa 5:9-10)
5. tagapamagitan para sa mga mananampalataya (ihambing sa 7:25)
6. may tiwala na lumapit sa banal na Diyos (ihambing sa 10:19-21)

▣ "para magbayad ng mga kasalanan ng mga tao" Ang salitang "kabayaran" ay ginamit sa Septuagint para sa mercy seat o luklukan ng kahabagan na nakapatong (takip) sa arko ng tipan sa lugar na Pinakabanal sa templo. Gayunaman, ang kahulugan sa Griyego ay ang maibsan ang galit ng diyos na ang pakay ay maalis ang harang na humihiwalay sa "mga diyos" at tao.

Dahil sa ganitong gamit ng salitang ito ng mga makabagong salin ay may kaba sa pagtukoy ng salitang ito kay YHWH (ihambing sa RSV a nd NJB) at isinalin ito na "pagaalis". Pinagisa ni Jesus ang kahabagan at katarungan ni YHWH (ihambing I Juan 2:2; 4:10). Gayunman, hindi natin dapat na makita ang galit na Diyos sa Lumang Tipan at ang mapagmahal na si Jesus. Isinugo ng Ama ang Anak (ihambing sa Juan 3:16). Ang anak ay kumakatawan at ginagaya ang Ama. 2:18

"Yamang siya mismo ay tinukso at siya nga ay nagdusa." Ang "siya ay nagdusa" ay isang PERFECT ACTIVE INDICATIVE na tumutukoy sa patuloy na pagsubok na hinarap ni Jesus. Ang salitang "tinukso" (*peirazo*) ay may kahulugan na tukso na may pakay tungo sa kapahamakan. (ihambing sa Matt. 4:1). Ang masamang nilalang na iyon ay sumubok na puksain si Jesus sa Kalbaryo subalit binagligtad ito ng Diyos at ginawa niya itong isang malaking pagwawagi ng kaligtasan.

TANGING PAKSA: MGA SALITANG GRIYEGO TUNGKOL SA "PAGSUBOK" AT ANG MGA IBIG SABIHIN NITO

Merong dalawang salita ang Griyego na nagbibigay pahiwatig ng pagsubok na may pakay sa tao.

1. *Dokimaz* , *dokimion, dokimasia*
Ang mga salitang ito ay salitang panday para masukat at masubukan ang pagiging totoo ng isang bagay tulad ng asero (sa isang gamit paglalawaran, ng isang tao) sa pamamagitan ng apoy. Ang apoy ay naglalahad ng tunay na metal o bakal sa pamamgitan ng pagsunog (panglinis) sa mga duming nakapaloob dito.
Ang pamamaraang ito ay naging malakas na paglalawaran sa Diyos na sumusubok sa mga tao o ang mga tao ay sumusubok sa kapwa nila.
Ang salitang ito ay ginamit lamang sa positibo at tamang kahulugan ng pagsubok na ang pakay ay kusang pagtanggap. Ito ay ginamit sa Bagong Tipan sa pagsubok:

a. baka, Luke 14:19
b. sarili natin, I Cor. 11:28
c. ang ating pananampalataya, James 1:3
d. kasama ang Diyos , Heb. 3:9

Ang kinalabasan ng ganitong mga pagsubok ay pinapalagay na tama o positibo (ihambing sa Rom. 1:28; 14:22; 16:10; II Cor. 10:18; 13:3; Phil.
2:27; I Pet. 1:7). Anopat ang salitang ito ay naghahayag ng kaisipan o idea na ang isang tao ay nililitis at pinatunayang
c. may halaga
d. mabuti
e. totoo at tunay
f. mahalaga
g. pinarangalan

2. *Peiraz peirasmos*
Ang salitang ito ay may pahiwatig ng isang paglilitis na ang pakay ay makita ang mga kamalian o pagtakwil. Ito ay malimit na gamitin na kaugnay doon sa pagtukso kay Jesus sa ilang na lugar
a. Ito ay nagpapahiwatig ng mga tangka na masilo si Jesus (ihambing sa Matt. 4:1; 16:1; 19:3; 22:18,35; Mark 1:13; Luke 4:2; 10:25; Heb. 2:18).
b. Ang salitang ito (*peiraz*) ay ginamit na titulo para kay Satanas sa Mat. 4:3; I Thess. 3:5.
c. Ito (sa may kasamang salita, *ekpeiraz*) ay ginamit ni Jesus na nagbabala na huwag subukan ang Diyos (ihambing sa Matt. 4:7; Luke 4:12; tignan rin ang I Cor. 10:9)
d. Ito ay ginamit na may kaugnay sa tukso at mga pagsubok ng mga mananampalataya (ihambing sa I Cor. 7:5; 10:9,13; Gal. 6:1; I Thess. 3:5; Heb. 2:18; James 1:2,13,14; I Pet. 4:12; II Pet. 2:9).

▣ "Kaya niya na lumapit at tumulong sa mga taong natutukso" Ang katotohanang ito ay inulit sa talata 4:15. Isinama at kinilalang lubos ni Jesus ang kanyang sarili sa mga pangangailangan ng kanyang mga tagasunod!

MGA TANONG PANG TALAKAYAN

Ito ay ay isang gabay sa pagaaral na komentaryo o pagpapaliwanag, na ibig sabihin ay kayo ang dapat managot sa inyong sariling paliwanag ng Biblia. Ang bawat isa sa atin ay dapat na lumakad sa liwanag na hawak natin. Ikaw, ang Biblia at ang Banal na Espirito ay unang una dapat isaalang alang sa pagpapaliwanag. Hindi ninyo dapat na isuko ito sa mga ibang tagapaliwanag.

Ang mga tanong pantalakayan na narito ay inisulat para tulungan kayo na mapag-isipan ang mga malaking mga tanong sa bahagi ng aklat na ito. Ang mga ito ay ginawa para maging palaisipan at hindi tuos na tapos o definitibo.

1. Itala ang mga bagay o dahilan na ang Bagong Tipan ay nakahihigit sa tipan ni Moses
2. Bakit ang may akda ng Hebreo ay malimit na humango ng salita mula sa tipan ni Moses?
3. Kanino nakatuon ang mga babala sa pangalawang kapitulo ng Hebreo?
4. Yung talata 2:6-8 ay tumutukoy ba sa sangkatauhan o kay Jesus?
5. Bakit dapat na magdusa si Jesus at paano ba matinag o maapektohan ang mga Kristiano ng pagdurusa?
6. Sangayon sa talata 14 si Satanas ba ay may kapangyarihan sa kamatayan ng mga Kristiano?
7. Itala ang lahat ng dahilan na nagkatawang tao si Jesus

HEBREO 3

PAGKAKAHATI NG MGA TALATA SA MAKABAGONG MGA PAGSASALIN*

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Si Jesus ay Higit na Mahalaga Kaysa Kay Moises	Ang Anak ay Matapat	Si Kristo ay Higit na Mahalaga Kaysa Kay Moises	Si Jesus ay Higit na Mahalaga Kaysa Kay Moises	Si Cristo ay Higit na Mahalaga Kaysa Kay Moises
3:1-6	3:1-6	3:1-6	3:1-6	3:1-6
Isang Kapahingahan Para sa Sambayanan ng Diyos	Maging Matapat	Babala at Paghimok	Isang Kapahingahan Para sa Sambayanan ng Diyos	Paano Maabot ang Lupang Kapahingahan ng Diyos
(3:7-4:13)		(3:7-4:13)	(3:7-4:13)	(3:7-4:13)
3:7-11	3:7-15	3:7-19	3:7-11	3:7-11
3:12-19	Ang Pagkabigo sa Kasukalan		3:12-15	3:12-19
	Ang Pagpapalaboy-laboy			
	3:16-19		3:16-19	

MGA KAALAMAN AYON SA KONTEKSTO: HEBREO 3:1-4:13

KAALAMANG BUHAT SA KARANASAN

A. Ang bahaging ito ay tumatalakay sa kahigitan ni Jesus kaysa kambal na mga pinuno ng Mosaic na Tipan, sina Moises at Aaron, na parehong pinanganak na magkapatid at Levite. Ito ay nagdadala sa atin sa praktikal na pag-uusap ng Melchizedek na pagkasaserdote ng Heb. 4:14-7:28.

B. Ang bahaging ito ay isang rabinikal na palabas ng dalawang konsepto: (1) “ang sambahayan ng Diyos,” sa 3:1-6 (cf. Num. 12:7-8; II Sam. 7), at (2) ang “kapahingahan” sa 3:7-4:13 (cf. Ps. 95:7-11).

C. Ang pangangatwiran ay umuunlad bilang sumusunod:

1. Si Moises ay bahagi ng bahay/sambahayan ng Diyos, ngunit si Jesus ang tagagawa ng bahay/sambahayan

2. Si Moises ay isang lingkod sa sambahayan, habang si Jesus ay isang kasapi ng pamilya

3. Si Moises ay nabigong dalhin ang kapahingahan ng Diyos, habang si Jesus ay hindi nabigo

D. Ang teolohikal na layunin ng pampanitikang yunit ay isang babala upang maging masunurin at matapat. Si Jesus ay masunurin at tapat, ngunit ang mga Israelite ay hindi. Ang Mosaic na tipan ay may bunga para sa paglabag na matindi. Gaano pa kaya kalala ang mga bunga ng pagtanggi o paglabag sa bagong tipan (cf. 2:1-4)?

E. Ang bahaging ito ay tipolohikal. Tinitingnan nito ang NT bilang isang bago at espiritwal na paglisan!

ANG PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 3:1-6

1Kaya nga, mga banal na kapatid, kayong kabahagi sa tawag na makalangit, magtuon kayo ng inyong pag-iisip kay Jesus na siyang apostol at pinakapunong-saserdote na aming ipinahahayag. 2Kung paanong si Moises ay matapat sa lahat ng sambahayan ng Diyos ay gayundin naman si Jesus ay tapat sa nagsugo sa kaniya. 3Sapagkat nasumpungan siyang higit na karapat-dapat na parangalan kaysa kay Moises. Katulad din naman sa nagtayo ng bahay, ay dapat na higit na parangalan kaysa sa bahay. 4Sapagkat may gumagawa ng bawat bahay ngunit ang Diyos ang gumagawa ng lahat ng bagay. 5At si Moises ay totoong naging tapat bilang isang lingkod sa buong sambahayan ng Diyos, bilang patotoo sa mga bagay na sasabihin pa lamang. 6Ngunit si Jesus ay ang anak na namamahala sa kaniyang bahay at ang bahay na ito ay tayo, kapag mananangan tayong may katatagan hanggang sa katapusan sa katiyakan at sa magpapapuri ng ating pag-asa.

3:1
NASB, NKJV "mga banal na kapatid"
NRSV "mga kapatid na lalaki at babae"
TEV "aking mga Cristianong kaibigan"
NJB "mga banal na kapatid na lalaki"

Ang salitang "kapatid" ay ginagamit paulit-ulit (cf. 2:11; 3:1,12; 10:19; 13:22) na (kasama ng paksa) ay nagpapahiwatig ng mga Judiong sumasampalataya. Ngunit, ang ilan sa mga maraming babala tila tumutukoy sa hindi sumasampalatayang pangkat ng mga Judio. Tingnan ang tatlong uring panghalip na ginamit sa 5:11-6:12:

1. "kayo" 5:11; 6:9, na pumapatungkol sa mga sumasampalataya
2. "tayo" 6:1, na tumutukoy sa may-akda (at/o sa kanyang pangkat)
3. "sila" 6:4, na tumutukoy sa isang pangkat ng mga hindi sumasampalatayang kasama

"mga kabahagi ng makalangitang tawag" Itong konsepto ay ginamit sa ilang paraan sa Bibliya: (1) Ang Isreal ay tinawag ng Diyos upang maging kaharian ng mga saserdote upang ibalik ang sanlibutan sa Diyos ((cf. Gen. 12:3; Exod.19:5). Sa OT, ito ay isang tawag sa panglilingkod, hindi pansariling kaligtasan, at isang pangpangkat na tawag (pambansang Isreal) sa isang nakatakdang gawain (buong mundong ebanghelisasyon); (2) ang bawat sumasampalataya ay tinatawag (cf. John 6:44,65) sa isang walang hanggang kaligtasan; at saka (3) ang bawat isang Cristiano ay tinatawag na maglingkod sa katawan ni Cristo sa pamamagitan ng espiritwal na paghahandog (cf. I Cor. 12:7,11).

"tanggapin si Jesus" Ito ay isang MAKA-AARON NA AKTIBONG PAUTOS. Ito ay nangangahulugang isaalang-alang ng mabuti. Sa konteksto ito ay nagpapahiwatig ng paghahambing sa Kanyang katauhan at gawain sa mga pinuno ng Mosaic na tipan.

"ang Apostol at Pinakapunong Saserdote" Itong dalawang titulo ay nagsasabi ng kahigitan ni Jesus kaysa kay Moises bilang opisyal na sugo at kay Aoron bilang Levitihikal na pinakapunong saserdote. Ang mga kapitulo 3 at 4 ay tumatalakay sa kahigitan ni Jesus kaysa kay Aoron. Dahil ang mga Griyegong salita para sa "sugo" at "anghel" ay pareho, ang "apostol," na isang Griyegong salita "ipadala," ay maaaring may relasyon sa parehong mga anghel na pinadala ng Diyos upang paglingkuran ang mga nililigtas (cf. 1:14) at kay Jesus na pinadala ng Diyos upang sagipin ang mga nililigtas (cf. John 3:17). Ito ang nag-iisang lugar sa NT kung saan si Jesus at tinawag na "ang Apostol," ngunit si John ay gumagamit ng pandiwa ng paulit-ulit upang

tumukoy sa Kanya na “pinadala” mula sa Ama (cf. John 3:17,34; 5:36,38; 6:29,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,18,21,23,25; 20:21).

“Apostol” Ito ay nanggaling sa pandiwang “ipadala” at ginamit ng mga saserdote sa paraang ang isa ay pinadala bilang isang kinatawan ng isa pa. Si Moises ay naglingkod sa sambahayan ng Diyos bilang isang lingkod habang si Jesus ay “isang anak,” isang kasapi ng pamilya. Tinawag ng Diyos si Moises na maglingkod, ngunit pinadala si Jesus mula sa kalangitan.

Pinakapunong Saserdote” Ang Hebreo ay ang nag-iisang aklat ng Bibliyang tumatawag kay Jesus na pinakapunong saserdote. Ito ay nangangailangan ng malawak na rabinikal na pangangatwiran upang makumbinsi ang mga Judio ng unang siglo na si Jesus, mula sa tribo ni Judea, ay totoong isang saserdote. Ang bayan ng mga Sulatin ng Patay na Dagat o Dead Sea Scroll ay umasa na ang dalawang Sugo, isang maharlika (tribo ng Judea) at isang makasaserdote (tribo ni Levi, cf. Deut. 18:18; Ps. 110:4; Zech. 3).

“ating pangungumpisal” Ito ay isang Griyegong salitang homologiya, na isang pinagsamang “sabihin” at “pareho.” Ang mga mambabasa ay nangumpisal ng kanilang pananampalataya kay Jesucristo. Ngayon kailangan nilang panindigan itong pangungumpisal/ pagpapahayag (cf. 4:14; 10:23). Ito ay isa sa mga pangunahing usapin ng aklat.

NATATANGING PAKSA: PANGUNGUMPISAL

A. Mayroong dalawang uring may parehong Griyegong ugat na ginagamit para sa pangungumpisal o pagpapahayag, homologiyo at eksomologeo. Ang pinagsamang salitang ginamit sa James ay mula sa homo – pareho, lego, magsalita, at ex, sa labas ng. Ang pangunahing kahulugan ay “magsabi ng parehong bagay,” “sumang-ayon sa.” Ang ex ay dinadagdag sa kaisipan ng isang pampublikong pagpahayag.

B. Ang mga Ingles na pagsalin nitong salitang grupo ay:

1. purihin
2. sumang-ayon
3. magsabi
4. magpahayag
5. mangumpisal

C. Itong pangkat ng salita ay tila may dalawang magkasalungat na mga gamit:

1. sa pagpuri (Diyos)

2. sa pagtanggap ng kasalanan

Ang mga ito ay maaaring umusbong mula sa nadaramang kabanalan ng sangkatauhan sa Diyos at sa kanyang sariling pagkamakasalanan. Ang pagkilala sa isang katotohanan ay ang pagkilala sa dalawa.

D. Ang mga NT na paggamit ng pangkat ng salita ay:

1. sa pagpangako (cf. Matt. 14:7; Acts 7:17)

2. sa pagsang-ayon o pagpayag sa isang bagay (cf. John 1:20; Luke 22:6; Acts 24:14; Heb. 11:13)

3. sa pagpuri (cf. Matt. 11:25; Luke 10:21; Rom. 14:11; 15:9)

4. sa pagsang-ayon sa

   a. isang tao (cf. Matt. 10:32; Luke 12:8; John 9:22; 12:42; Rom. 10:9; Phil. 2:11; Rev. 3:5)

   b. sa katotohanan (cf. Acts 23:8; II Cor. 11:13; I John 4:2)

5. sa paggawa ng isang pampublikong pagpahayag ng (ligal na nararamdamang umunlad sa isang relihiyosong pagpatotoo, cf Acts 24:14; I Tim. 6:13)

   a. walang pagtanggap ng kasalanan (cf. I Tim. 6:12; Heb. 10:23)

   b. mayroong pagtanggap ng kasalanan (cf. Matt. 3:6; Acts 19:18; Heb. 4:14; James 5:16; I John 1:9)

3:2 "Siya ay tapat sa Kanyang sumugo sa Kanya" Sa konteksto ang pagbibigay-diin ay sa (1) paghirang at pagbigay kasangkapan ng Ama kay Jesus para sa tinalagang pagligtas na gawain (cf. Mark 3:14) at (2) ang pagsabuhay ni Jesus ng pananampalataya (PANGKASALUKUYANG PANDIWARI) sa Ama tulad ng pagsasabuhay ng mga sumasampalataya sa pananampalataya. Siya ay totoong kaisa ng sangkatauhan. Ngunit ang isang maaring etimolohiya para sa "sugo" ay "likha." Ginamit ni Arius ang pandiwang "pagsugo" sa kanyang kontrobersiya kay Athanasius upang ipanindigang si Jesus ang pinakamataas na nilikha (cf. Prov. 8:22) ng Diyos ngunit hindi ang Panginoon mismo (cf. Acts 2:36; Rom. 1:4; Col. 1:15). Itong ikaapat na siglong kontrobersiya ay nagdulot ng malinaw na pagtuturo ng isang banal na esensya, ngunit may tatlong personang pagpapakita, Ang Ama, Anak, at Espiritu (ang Trinidad). Itong tatlong

personang katauhan ang habangbuhay na bumubuo sa iisa at totoong Diyos (cf. John 1:1-18). Para sa isang magaling, maiksing pagtatalakay ng Arianismo, tingnan ang Kristiyanong Teolohiya (ikalawang edisyon) ni Millard J. Erickson, pp. 711-715.

"lahat ng Kanyang sambahayan" Ito ay pagtukoy sa Num. 12:7,8. Ang mga tao ng Diyos bilang ang sambahayan ng Diyos ay isang paulit-ulit na pangbibliyang paghahambing (cf. "sambahayan," Gal. 6:10; I Tim. 3:15; "espiritwal na bahay," I Pet. 2:5; "sambahayan ng Diyos," 4:17). "Ang sambahayan" ay ginamit ng anim na beses sa talatang ito, minsan may konotasyong paggawa at minsan ng isang pamilya. Ang pangangatwiran tila ay tumatakbo bilang sumusunod: (1) Si Moises ay bahagi ng bahay/sambahayan ng Diyos, ngunit si Jesus ang gumagawa ng bahay na iyon, (2) Si Moises ay isang lingkod, habang si Jesus ay kasapi ng pamilya, (3) si Moises ay nabigong ihatid ang kapahingan ng Diyos, habang si Jesus ay hindi mabibigo.

3:3 "nasumpungang higit na karapat-dapat na parangalan kaysa kay Moises" Ito ay isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PATUROL. Ito ay dapat ganap na kasindak-sindak na pahayag sa mga Judio (cf. II Cor. 3:7-11).

3:4 "Sapagkat may gumagawa ng bawat bahay" Ito ay ginamit para sa pilosopikal/teolohikal na pangangatwiran ng "kahuli-hulihang dahilan" sa isang pagtatangkang patunayan ang pagkaroon ng Diyos (cf. Thomas Aquinas). Ngunit, itong linya ng pangangatwiran ("unang dahilan") ay hindi maaaring makarating kailanman sa pagbubunyag ng Diyos bilang Ama ng Panginoong Jesucristo, o sa Diyos bilang kaibigan ng mga makasalanan.

"ngunit ang Diyos ang gumagawa ng lahat ng bagay" Ang Ama ang gumagawa ng lahat (cf. Rom. 11:36; I Cor. 15:25-27). Si Jesus ay ang kinatawan ng Ama sa paggawa (cf. John 1:3; I Cor. 8:6; Col. 1:16; Heb. 1:2).

3:5-6 "ngunit si Cristo ay matapat bilang Anak na namamahala sa Kaniyang bahay" Si Jesus ang Anak (cf. 1:2; 3:6; 5:8; 7:28) ay pinagkaiba kay Moises, ang lingkod (cf. 1:2; 3:5; 5:8; 7:28). Si Moises ay matapat (cf. Num. 12:7), ngunit si Jesus ay isang kasapi ng pamilya!

3:6 "ang bahay na ito ay tayo" Ito ang pamilya ng sumasampalatayang nilalarawan bilang isang bahay (cf. Gal. 6:10; I Tim. 3:15; I Pet. 2:5; 4:17). Itong parehong uri ng samasamang paggawang pagsimbolo ay ginagamit tuwing ang simbahan ay tinatawag na isang templo (cf. I Cor. 3:16). Ang pagtutuon ay sa (1) pag-aari ni Jesus at (2) ang mga tao ng Diyos bilang isang

samahang nilikha. Hindi pangkaraniwang sabihing ang simbahan bilang bahay ni Jesus. Dahil dito ang ilan sa mga lumang Griyegong sulatin ay pinalitan ang PANGHALIP para ito at tutukoy sa Ama (cf. MSS P46 and D*).

"kung" Ito ay isang PANGATLONG URING PASUBALI na nangangahulugang potensiyal ng pagkilos (ean dagda ang isang PASAKALI). Ito ay nagbibigay sa salaysay ng isang elementong maaring mangyari (cf. 3:14; 4:14; Rom. 11:22; I Cor. 15:2).

. **"mananangan tayong may katatagan at sa magpapapuri sa ating pag-asa."** "Mananangan" ay isang patuloy na pagdidiin sa pagtitiyaga (MAKA-AORONG TAHASANG PASAKALI, cf. 3:14; 4:14). Ang naiwang bahagi nitong kapitulo at ng kapitulo 4 ay isang patuloy na babala (1) para sa mga Judiong sumasampalatayang tumungo sa kapanahunan at (2) sa mga nakarinig na ng ebanghelyo at nakita itong makapangyarihan sa buhay ng kanilang mga sumasampalatayang Judiong kaibigan upang kabuuan nilang matanggap ito.

"magpapapuri ng ating pag-asa" Ang pagbibigay-diin na ito sa pag-asa ay katangian ng mga Hebreo (cf. 3:6; 6:11; 7:19; 10:23; 11:1). Ang pag-asa ay tumutukoy sa katiyakang pagbubuo na ating katapatan!

NATATANGING PAKSA: PAG-ASA

Ginamit ni Paul ang salitang ito sa ilang magkakaiba ngunit makakaugnay na kahulugan. Kalimitan ito ay sinasama sa pagbubuo ng katapatan ng sumasampalataya (e.g., I Tim. 1:1). Ito ay maaaring ipahayag bilang kaluwalhatian, walang hangganang buhay, kahulihulihang kaligtasan, Ikalawang Pagdating, atbp. Ang pagbubuo ay tiyak, ngunit ang panahong elemento ay sa hinaharap at walang nakakaalam. Ito ay karaniwang sinasama sa "katapatan" at "pagmamahal" (cf. I Cor. 13:13; I Thess. 1:3; II Thess. 2:16). Ang bahagi ng talaan ng ilang paggamit ni Paul ay:

1. Ang Ikalawang Pagdating, Gal. 5:5; Eph. 1:18; 4:4; Titus 2:13
2. Jesus is our hope, I Tim. 1:1 Si Jesus ay ang ating pag-asa, I Tim. 1:1
3. Ang sumasampalataya ihaharap sa Diyos, Col. 1:22-23; I Thess. 2:19
4. Ang pag-asa ay nakahain sa kalangitan, Col. 1:5
5. Magtiwala sa ebanghelyo, Col.   1:23; I Thess. 2:19
6. Kahulihulihang kaligtasan, Col. 1:5; I Thess. 4:13; 5:8

7. Ang kaluwalhatian ng Diyos, Rom. 5:2, II Cor. 3:12; Col. 1:27
8. Ang kaligtasan ng mga Hentiles sa pamamagitan ni Cristo, Col. 1:27 9. Ang katiyakan ng kaligtasan, I Thess. 5:8
10. Walang hangganang buhay, Titus 1:2; 3:7 11. Ang resulta ng Cristianong kapanahunan, Rom. 5:2-5 12. Kaligtasan ng buong nilikha, Rom. 8:20-22 13. Ang kabuuan ng pagkupkop, Rom. 8:23-25 14. Titulo para sa Diyos, Rom. 15:13 15. Ang kagustuhan ni Paul para sa mga sumasampalataya, II Cor. 1:7 16. OT bilang gabay sa mga NT sumasampalataya, Rom. 15:4

"katatagan hanggang sa katapusan" Ang pariralang ito hindi lumalabas sa lumang Griyegong sulatin P46 o B at, kaya, ay maaaring hindi orihinal. Ngunit, ito ay nakasama sa ibang lumang unsiyal na Griyegong sulatin (W, A, C, D, K, at P). Kasama ito sa berso 14 at maaaring nilipat dito ng isang manunulat para sa kapakanan ng balanse. Totoong umaakma ito sa teolohista ng konteksto.

NASB (SINAPANAHON) TEKSTO: 3:7-19 (kumpletong talatang sumasama ng 3:7-4:13)

7Iyan ang dahilan kaya sinabi ng Banal na Espiritu: "NGAYON, KUNG INYONG
MARINIG ANG KANIYANG TINIG, 8HUWAG NINYONG PAGMATIGASIN ANG
INYONG MGA PUSO, GAYA NG INYONG GINAWA NANG KAYO AY
MAGHIMAGSIK, NOONG PANAHON NANG KAYO AY SINUBOK NG ILANG. 9
DOON AKO AY TINUKSO AT SINUBOK NG INYONG MGA NINUNO AT
NAKITA NILA ANG AKONG MGA GAWA SA LOOB NG APATNAPUNG TAON.
10KAYA NGA, AKO AY NAGALIT SA LAHING IYA. ANG AKING SINABI: ANG
KANILANG MGA PUSO AY LAGING NALILIGAW AT HINDI NILA NALAMAN
ANG AKING DAAN. 11KAYA NGA, SA AKING PAGKAPOOT, SUMUMPA AKO:
HINDI SILA MAKAKAPASOK SA LUGAR NG KAPAHINGAHAN NA AKING
INIHANDA." 12Mga kapatid, mag-ingat kayo, na walang isa man sa inyo na may
masamang puso na hindi sumasampalataya na magpapalayo sa inyo sa buhay na Diyos.
13Ngunit samantalang ito ay tinatawag na ngayon, hikayatin ninyong may katapatan
araw araw ang isa't isa upang hindi patigasin ng daya ng kasalanan ang puso ng sinuman
sa inyo. 14Sapagkat tayo ay naging mga kabahagi ni Cristo kung ang pagtitiwalang
natamo natin sa pasimula pa ay pananatilihin nating matatag hanggang sa katapusan.

15Katulad ng sinabi ng mga kasulatan: "NGAYON, KUNG INYONG MARINIG ANG KANIYANG TINIG, HUWAG NINYONG PATIGASIN ANG INYONG MGA PUSO NA INYONG GINAWA NANG KAY AY MAGHIMAGSIK." 16Sapagkat ang ilang nakarinig ay naghimagsik. Ngunit hindi naghimagsik ang lahat ng inilabas ni Moises mula sa Egipto. 17At kanino siya nagalit sa loob ng apatnapung taon? Hindi ba doon sa mga nagkasala at ang kanilang mga katawan ay nabuwal sa ilang? 18At sa kanino siya sumumpa na hindi sila makapasok sa kaniyang kapahingahan? Hindi ba sa kanila na mga sumuway? 19Kaya nga, nakikita natin na dahil hindi sila sumasampalataya, hindi sila nakapasok sa kapahingahan.

3:7 "gaya ng sinabi ng Banal na Espiritu" Ito ay pagbibigay pugay sa pagbigay-diwa ng OT sa Banal na Espiritu. Sa konteksto ito napakahalaga dahil ang Kasulatan ay binibigay pugay sa Panginoon sa 1:5,13; 2:6,11; 4:3,4; 10:9; 13:5. Kaya, ito ay isang malakas na salita tungkol sa kabanalan at sa pagkatao ng Espiritu (cf. 9:8; 10:15).

NATATANGING PAKSA: ANG TRINIDAD

Bigyang-pansin ang mga gawain ng lahat ng tatlong Personahe ng Trinidad sa vv. 4-6. Ang salitang "trinidad," unang ginamit ni Tertullian, ay isang hindi pangbibliyang salita, nguit ang konsepto ay malawakan.

1. ang Ebanghelyo
   a. Matthew 3:16-17; 28:19
   b. John 14:26
2. Mga Gawa – Mga Gawa 2:32-33, 38-39
3. Paul
   c. Romans 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
   d. I Corinthians 2:8-10; 12:4-6
   e. II Corinthians 1:21; 13:14
   f. Galatians 4:4-6
   g. Ephesians 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-6

h. I Thessalonians 1:2-5
g. II Thessalonians 2:13
h. Titus 3:4-6
4. Peter - I Peter 1:2
5. Jude - vv. 20-21 Ito ay pinaalala sa OT
1. Paggamit ng pangmarami para sa Diyos
c. Ang pangalang Elohim ay pangmarami, ngunit kung ang paggamit ng Diyos ay palaging isahan d. "Tayo" sa Genesis 1:26-27; 3:22; 11:7 e. "Isa" sa Deuteronomy 6:4 ay pangmarami (katulad nang sa Gen. 2:24; Ezek. 37:17)
2. Ang anghel ng Panginoon bilang isang pisikal na kinatawan ng kabanalan
c. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16 d. Exodus 3:2,4; 13:21; 14:19
c. Judges 2:1; 6:22-23; 13:3-22
d. Zechariah 3:1-2
3. Ang Diyos at ang Espiritu ay hiwalay, Genesis 1:1-2; Psalm 104:30; Isa. 63:9-11; Ezek. 37:13-14
4. Ang Diyos (YHWH) at ang Messiah (Adon) ay hiwalay, Psalm 45:6-7; 110:1; Zechariah 2:8-11; 10:9-12 5. Ang Messiah at ang Espiritu ay hiwalay, Zechariah 12:10
6. Ang lahat na tatlo ay nabanggit sa Isa. 48:16; 61:1 Ang kabanalan ni Jesus at ang personahe ng Espiritu ay nagdulot ng mga suliranin para sa mga mahigpit, iisa ang pinapaniwalaan, sinaunang sumasampalataya:

1. Tertullian – pinailalim ang Anak sa Ama
2. Origen – pinailalim ang banal na esensiya ng Anak at ng Espiritu
3. Arius – tinanggi ang kabanalan sa Anak at Espiritu
4. Monarkiyanismo – naniwala sa isang pagkakasunod-sunod na pagpapakita ng Diyos
Ang trinidad ay isang pangkasaysayang umunlad na pagbubuong pinaalaman ng pangbibliyang bagay.
4. Ang kabuuang kabanalan ni Jesus, ay kapareho ng Ama, pinagtibay noong 325 A.D. ng Kapulungan Nicea 5. Ang kabuuang personhe at kabanalan ng Espiritu kapareho sa Ama at Anak ay pinagtibay ng Kapulungang Constantinople (381 A.D.) 6. Ang paniniwala ng trinidad ay buong pinahayag sa gawain ni Augustine na De Trinitate. Mayroong totoong misteryo rito. Ngunit ang NT ay tila nagpapatibay sa isang banal na esensiya na mayroong tatlong walang hanggang personaheng pagpapakita.

"NGAYON KUNG INYONG MARINIG ANG KANIYANG TINIG" Ang mga bersong 7-11 ay mga pagsipi mula sa Septuagint ng Ps. 95:7-11, na isang babala sa Isreal sa panahon ng ilang palaboy-laboy laban sa hindi pagsasampalataya. Ang Hebreo 3:17 hanggang 4:13 ay batay sa isang pagpapalawig nitong salita. Ito ay isang PANGATLONG URING PASUBALING PANGUNGUSAP. Sila ay nagkaroon ng pagkakataong makarinig (cf. v. 9) ngunit buong kaloobang tinanggihan at pinagmatigasan ang kanilang mga puso.

3:8 "HUWAG NINYONG PAGMATIGASIN ANG INYONG MGA PUSO GAYA NG INYONG GINAWA NANG KAYO AY MAGHIMAGSIK" Ang pangkasaysayang pagtukoy ay sa panahon ng ilang palaboy-laboy ng Israel. Ang Masoretik na Hebreong teksto ay tumatala ng mga pangheograpiyang lugar ng paghihimagsik sa Israel bilang Meribah (cf. Exod.17:7; Num. 20:13) at Massah (cf. Exod.17:7; Deut. 6:16). Sinasalin sila ng Septuagint sa pamamagitan ng kanilang etimolohiya (Meribah=lugar ng labanan at Massah=tukso, cf. v. 9).

Ang salitang "puso" ay tumutukoy sa buong tao ((cf. Deut. 6:4-5). Itong mga Isrealite unang naniwala ngunit noong kalaunan hindi gumawa na may katapatan. Hindi nila nawala ang kanila kaligtasan, ngunit hindi sila pinayagang makapasok sa Lupang Pinangako.

NATATANGING PAKSA: ANG PUSO

Ang Griyegong salitang kardia ay ginamit sa Septuagint at NT upang isalamin ang Hebreong salitang leb (BDB 523). Ito ay ginamit sa ilang paraan (cf. Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, A Greek-English Lexicon, pp. 403-404):

1. ang sentro ng pisikal na buhay, isang paghahambing para sa tao (cf. Acts 14:17; II Corinthians 3:2-3; James 5:5)

2. ang sentro ng espiritwal na buhay (gaya ng, moral)

   d. alam ng Diyos ang puso (cf. Luke 16:15; Rom. 8:27; I Cor. 14:25; I Thess. 2:4; Rev. 2:23)

   e. ang gamit ng espiritwal na buhay ng sangkatauhan (cf. Matt. 15:18-19; 18:35; Rom. 6:17; I Tim. 1:5; II Tim. 2:22; I Pet. 1:22)

3. ang sentro ng pag-iisip na buhay (i.e. kaisipan, cf. Matt. 13:15; 24:48; Acts 7:23; 16:14; 28:27; Rom. 1:21; 10:6; 16:18; II Cor. 4:6; Eph. 1:18; 4:18; James 1:26; II Pet. 1:19; Rev. 18:7; ang puso ay magkasingkahulugan ng isipan sa Cor. 3:14-15 and Phil. 4:7)

4. ang sentro ng pagkusa (i.e. kalooban, cf. Acts 5:4; 11:23; I Cor. 4:5; 7:37; II Cor. 9:7)

5. ang sentro ng mga damdamin (cf. Matt. 5:28; Acts 2:26,37; 7:54; 21:13; Rom. 1:24; II Cor. 2:4; 7:3; Eph. 6:22; Phil. 1:7)

6. kakaibang lugar ng gawain ng Espiritu (cf. Rom. 5:5; II Cor. 1:22; Gal. 4:6 [i.e., si Kristo sa ating puso, Eph. 3:17])

7. Ang puso ay isang pagsimbolong paraang pagtutukoy sa buong tao (cf. Matt. 22:37, sinipi Deut. 6:5). Ang mga pag-iisip, pakay, at gawaing patungkol sa puso ay kabuuang nagpapakita sa uri ng tao. Ang OT ay may ilang kapuna-punang paggamit ng mga salita

   d. Gen. 6:6; 8:21, "Ang Diyos ay malungkot sa Kanyang puso," pansinin din ang Hosea 11:8-9

   e. Deut. 4:29; 6:5, "ng iyong buong puso at iyong buong kaluluwa"

   f. Deut. 10:16, "hindi hinating puso" at Rom. 2:29

   g. Ezek. 18:31-32, "isang bagong puso"

h. Ezek. 36:26, “isang bagong puso” laban sa “isang pusong bato”

“KATULAD SA ARAW” Ito ay isang halimbawa ng Hebreong salitang “yom” na ginamit sa isang matalinghagang kahulugan (cf. John 8:56; Heb. 8:9), hindi sa kahulugang literal na may 24 na oras na panahon.

NATATANGING PAKSA: YOM Ang mga teorya ng kahulugan ng yom (araw) na kinuha at ibinagay mula sa OT Survey 1 Notebook ni Dr. John Harris (Dean of the School of Christian Studies and Professor of OT at East Texas Baptist University)
1. Ang Literal na Dalawampu’t-Apat na Oras na Panahong Teoriya
Ito ay isang tuwirang pamamaraan (cf. Exod. 20:9-11). Ang mga tanong nagmumula sa pamamarang ito:
a. Paano nagkaroon ng liwanag sa unang araw kung ang araw ay ginawa lamang noong ikaapat na araw?
b. Paano pinangalanan ang lahat ng hayop (lalo na iyung orihinal sa ibang bahagi ng mundo) ng kulang sa isang araw? (cf. Gen. 2:19-20)? 2. Ang Isang Araw-Panahon na Teyoriya
Ang Teoriyang ito at nagnanais na pagtugmain ang siyensiya (lalo na ang heolohiya) sa kasulatan. Ang teoriyang ito ay nagsasaad na ang “mga araw” ay “pangheolohikal na panahon” sa haba. Ang kanilang haba ay nagkakaiba, at sila ay tumatantiya ng ibat-ibang patong nilalarawan sa unipormitariyang heolohiya. Ang mga siyentipiko tila umaayon sa kabuuang pag-unlad ng Gen. 1: ang singaw at isang malatubing tumpok ang nanguna sa paghihiwalay ng lupa at dagat bago ang paglabas ng buhay. Ang buhay halaman ay nauna bago ang buhay hayop, at ang sangkatauhan ay kumatawan sa pinakahuli at pinakamasalimuot na uri ng buhay. Ang mga tanong nagmumula sa ganitong pamamaraan: a. Paano nabuhay ang mga tanim sa loob ng “mahabang panahon” nang walang araw? b. Paano nangyari ang polinasyon sa mga halaman kung ang mga insekto at ibon ay hindi pa nagawa hanggang pagkatapos ng “mahabang panahon”?
3. Ang Alternatibong Panahon-Araw na Teoriya
Ang mga araw ay sa katotohanan dalawamput-apat na oras na panahon, ngunit

ang bawat araw ay hinihiwalay ng mahabang panahon kung saan ang kung ano man na ginawa ay lumago. Ang mga tanong na nagmumula sa ganitong pamamaraan.
d. Parehong mga problema ang lumalabas katulad ng sa Araw-Panahong Teoriya
b. Ang teksto ba ay nagpapakita ng "araw" na gagamitin pareho bilang dalawamput-apat na oras at bilang isang kapanahunan?
4. Ang Pasulong na Paglikha-Kapahamakang Teoriya
Ang teoriyang ito ay ang sumusunod: sa gitna ng Gen. 1:1 and 1:2, mayroong hindi tiyak na panahon kung saan ang mga pangheolohikal na kapanahunan ay nangyari; sa panahong ito, ang mga bago-pangkasaysayang nilalang ay nilikha ayon sa pagkakasunod na pinahiwatig ng mga bakat o fossil; halos 200,000 taong nakaraan, isang higit sa karaniwang kapahamakan ang nangyari at puminsala sa halos lahat na may buhay sa mundong ito ang pinatay ang maraming hayop; pagkatapos ang mga araw ng Genesis 1 ay nangyari. Itong mga araw ay tumutukoy sa isang paglikha muli, kaysa isang orihinal na paglikha.
5. Ang Paraiso-Lamang na Teoriya
Ang paglikhang pagpaliwanag ay tumutukoy lamang sa paglikha at mga pisikal na bahagi ng Hardin ng Paraiso.
6. Ang Puwang na Teoriya
Batay sa Gen. 1:1, gumawa ang Diyos ng ganap sa kabutihang mundo. Batay sa Gen. 1:2, si Lucifer (Satanas) ay ginawang tagapagpamahala ng mundo at naghimagsik. Pagkatapos, hinatulan ng Diyos si Lucifer at ang mundo sa pamamagitan ng hayag na kapinsalaan. Sa loob ng ilang milyong taon, ang mundo ay hinayaan lamang at dumaan ang mga pangheolohikal na panahon. Batay sa Gen. 1:3-2:3, noong 4004 B.C.E., ang anim na literal na dalawamput-apat na oras na mga araw ng paglikha muli ay nangyari. Ang Obispong si Ussher (A.D. 1654) ay gumamit ng mga kanunununuan ng Genesis 5 at 11
7. Ang Banal na Linggong Teoriya
Ang may-akda ng aklat ng Genesis ay gumamit ng konseptong mga araw at isang lingo bilang pampanitikang kasangkapan upang ibahagi ang banal na mensahe ng gawaing paglikha ng Diyos. Ang ganyang istruktura ay nagpapakita ng kagandahan at pagtugma ng mga malikhaing gawain ng Diyos.

3:9 "AKO AY TINUKSO NANG AKO AY SINUBOK" Ang salitang "paghimagsik" sa bersong 8 at ang salitang "pagsubok" sa berso 9 sa Masoretik na Teksyo ay ang mga "meribah" at "massah," dalawang heograpikal na lugar na nabanggit sa Exod.17:1-7 kung saan ang Israel ay naghimagsik laban sa Diyos.

Sa Griyegong pagsalin dalawang magkaibang salita para sa "tukso" o "subok" ay ginamit. Ang una (peirazo) ay karaniwang may ibig sabihin na "pagsubok na may pagtingin tungo sa pagpatibay," ngunit sa kontekstong ito sila ay magkapareho. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:18.

"AT NAKITA NILA ANG AKING MGA GAWA" Ang mga mirakulong gawa ng Diyos sa mga anak ng Israel sa loob ng apatnapung taong kapanahunan ng mga ilang palaboy laboy na hindi nagdala sa kanila sa kabuuang pagtiwala. Ang parabola ni Lukas 16 kay Lazarus at ng isang mayamang taong pinagsama sa kay Matt. 24:24 ay nagpapakita na ang mga mahimala ay hindi kinakailangang hudyat ng Diyos, o ang pinakamagaling na paraan para mahikayat ang mga tao sa pananampalataya (c.f. ang pagtukso ng demonyo kay Jesus sa Matt. 4:3,6).

"APATNAPUNG TAON" Itong bilang ay laging ginagamit sa Bibliya. Ito ay maaaring isang Hebreong kasabihan sa loob ng mahaba, di-tiyak na kapanahunan. Ang katotohanan, sa ganitong konteksto, ito ay tumutukoy sa tatlumput-walong taon (cf. Num. 14:34).

Ang may-akda ng Hebreo ay binago ang parehong Hebreong teksto at Griyegong teksto dito sa salmo (e.g., ang sinipi ni Paul na Ps. 68:18 in Eph. 4:8) sa pamamagitan ng pag-ugnay sa "apatnapung taon" sa mga Esraelite na nakakita ng mga himala ng YHWH sa panahon ng ilang palaboy-laboy na kapanahunan. Ngunit ang Masoretik na Teksto at Septuagint ay umuugnay sa parirala sa galit ng YHWH sa mga tao sa panahong ito (cf. Ps. 95:10). Ang mga may-akda ng Bagong Testamento sa ilalim ng pagbibigay-diwa kalimitang sumasalin sa OT sa pamamagitan ng rabinikal na mga laro ng salita. Ito ay tila lumalabag sa ating makabagong pangako sa hangarin ng may-akda bilang maayos na paraan sa pagsalin ng Bibliya. Dapat hayaan natin ang mga NT may-akda sa karapatang gumamit ng OT sa mga paraang maaaring hindi nababagay para sa mga makabagong tagasalin. Hindi natin maaaring ibalik ang hermaniyotikal na pamamaraan ng mga binigayang-diwang may-akda.

3:10 "AKO AY NAGALIT SA LAHING IYAN" Isang magaling na halimbawa ng galit at hatol ng YHWH ay nakikita sa mga Bilang 14:11,23,27,29-30,35.

"ALAM" Ang Hebreong salita ay may elementong personal na relasyon (cf. Gen. 4:1; Jer. 1:5), hindi lamang katotohanan tungkol sa isang tao o bagay. Ang pangbibibliyang pananampalataya ay parehong may pag-iisip na elemento (mga katotohanan) at isang personal na elemento (tiwala).

"ANG AKING MGA GAWA" Mayroong maraming magkahulugan sa Hebreong tumutukoy sa Batas ng Diyos (cf. Ps. 19:6-9; 119). Ang kalooban ng Diyos ay malinaw sa kanila (i.e., OT

ng mga Israelite) ngunit saloobin nilang tinanggihan ito. Ito ang suliranin ng mga hindi sumasampalatayang Judiong tagatanggap ng Hebreo. Ang mensahe ni Jesus ay nagbago sa "mga gawa ng Diyos" (e.g., Mark 7:19; 10:5-6). Nahirapan itong mga Judiong sumasampalatayang iwanan si Moises at magtiwala ng lubusan sa isang Apostol na mensahe ng isang "bagong tipang" lubusang hiwalay mula sa makataong paggawa!

3:11   "SA AKING PAGKAPOOT SUMUMPA AKO" Ang galit ng Diyos ay pangbibiliyang totoo katulad ng pagmamahal ng Diyos. Ngunit dapat sabihing ito ay ang parehong antropomorpikal na pagsimbolo gamit ang makataong damdamin at salitain. Sila ay lubhang totoo tungkol sa Diyos ngunit hindi ang kahulihulihan. Ang Diyos ay sapat na pinakita ang Kanyang Sarili sa atin, ngunit mayroong napakaraming bagay tungkol sa Diyos na hindi natin matatanggap habang bahagi nitong panandalian, pisikal, makasalanang realidad.

"SUMUMPA" Ang Diyos ay palaging sumusumpa sa Kanyang Sarili sa mabuting paraan para sa pagpapatibay ng Kanyang mga salita, ngunit dito Siya ay gumawa sa negatibong paraan (cf. 4:3).

"HINDI SILA MAKAPASOK SA AKING KAPAHINGAHAN" Ito ay isang bahagyang UNANG URING PASUBALI na walang katapusan ngunit may pinahiwatig na negatibo. Ang salitang "kapahingahan" ay ginagamit sa mga kapitulo 3 at 4 sa apat na ibat-ibang paraan.

1. sa Gen. 2:2 ito ay ginamit para sa pagpahinga ng Diyos sa ikapitong araw ng paglikha (cf. 4:3,4,10)
2. sa Num. 13 at 14 ginamit ito sa pagdala ni Joshua sa mga tao sa Lupang Pinangako (cf. 3:11,18; 4:8)
3. sa Ps. 95:7-11 ginamit ito sa panahon ni David kung saan ang kapahingahan ng Diyos ay hindi pa lubos na dumating (cf. 4:1,9-10)
4. ito ay ginamit bilang pagsimbolo sa kalangitan (ang pagharap ng Diyos)

3:12

NASB, NRSV,

NJB **"Mag-ingat kayo mga kapatid"**

NKJV **"Mag-ingat"**
NJB "**mag-ingat"**

Ito ay isang **PANGKASALUKUYANG TAHASANG PAUTOS**; patuloy na maging mapagmasid! Hindi lamang ito ang nag-iisang unang bahagi ng buhay ng pananampalataya na mahalaga, kundi pati na rin ang katapusan (cf. kapitulo 11)

NASB, NKJV **"mga kapatid**
NRSV **"mga kapatid na lalaki at babae"**
NJB **"mga kapatid na lalaki"**

Tingnan ang sulatin sa 3:1.

"pusong hindi sumasampalataya" Ito ay naglalarawan sa isang sumasampalatayang lumalayo sa buhay na Diyos. Ang isang pusong sumasampalataya ay isang patuloy na matatag hanggang sa katapusan (cf. v. 14 and chapter 11).

"**na magpapalayo sa buhay na Diyos"** Ito ay isang MAKA-AORONG TAHASANG PAWATAS. Ang pandiwang ito ay ang pinanggagalingan ng ating Ingles na salitang "apostasiya." Ito ay nagpapahayag sa lumalagong kawalang pananampalataya (ito ay kabaligtaran ng 3:14). Kanino itong salitain pumapatungkol: (1) sa mga sumasampalatayang Judio o (2) sa mga hindi sumasampalatayang Judio? Ang paggamit ng "mga kapatid" sa 3"1 at ang dagdag na pararilang "kayong kabahagi sa tawag ng makalangit" at "mga kapatid" sa 3:2 ay nagpapakita na ito ay patungkol sa mga sumasampalataya.

Kung ganoon, ano ang babalang patungkol sa: (1) kaligtasan o (2) hindi pagsasampalataya? Sa konteksto ito ay pumapatungkol sa hindi pagsasampalataya; si Jesus ay tapat, sila ay dapat maging matapat. Ang Hebreo ay tumitingin sa Cristianong buhay mula sa katapusan (cf. v. 14), hindi sa simula (katulad ni Paul).

Ang "pagpapalayo" ng v. 13 ay dapat iuugnay sa patuloy na katapatan at pagsusumamo. Ang mga Israelite ay may pagsasampalataya, ngunit hindi kumikilos, nagsusumamong pagsasampalataya. Tinanggihan nila ang pangako ng Diyos ng isang lupang umaagos sa gatas at pulot-pukyutan, hindi ang kanilang pananampalataya sa Diyos. Sa ganitong konteksto ang "pagpapalayo" ay hindi nangangahulugang pagpapalayo sa pananampalataya," kundi "pagpapalayo sa katapatan"!

Ang Diyos ay laging lumalapit sa atin sa isang tipang relasyon. Dapat tayong tumugon sa katapatan at pananampalataya. Ang Naghaharing Diyos ay pinayagan tayong makisali sa ating

panimulang desisyon at patuloy na pagsunod. Ang may-akda ng Hebreo ay mahirap sundan dahil:

1. siya ay gumagamit ng rabinikal na pangangatwiran at hermeniyotik

2. siya ay tumutukoy sa dalawang grupo

    d. mga sumasampalatayang Hudyo

    e. mga hindi sumasampalatayang Hudyo

3. siya ay tumitingin sa katiyakan at pagwagi ng Cristiano mula sa mga batayang katapatan pati nang pananampalataya

4. siya ay tumutuon sa katapatan hanggang sa katapusan (cf. 4:14; kapitulo 11). Tinitingnan niya ang buhay Cristiano mula sa katapusan, hindi sa simula.

Ang pariralang “ang buhay na Diyos” ay isang paglalaro sa tipang pangalan ng Diyos na YHWH na nagmumula sa Hebreong pandiwang “maging” (cf. Exod.3:14). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Kabanalan sa 2:7. Ang mga mambabasang ito ay hindi tinatanggi ang YHWH, ngunit ang nakakapanuya ay ang pagtanggi sa ebanghelyo ni Jesucristo ay, sa katotohanan, isang pagtanggi sa YHWH (cf. I John 5:9-12).

NATATANGING PAKSA: APOSTASIYA (APHISTEMI)

Itong Griyegong salitang aphistemi ay may malawak na semantikong sakop. Ngunit, ang Ingles na salitang “apostasy” ay kinuha mula sa salitang ito at kinukulayan ang kanyang gamit sa mga makabagong mambabasa. Ang konteksto, katulad lagi, ay ang susi, hindi ang kasalukuyang kahulugan.

Ito ay isang pinagsamang salita mula sa pang-ukol na apo, na ang ibig sabihin “mula” o “palayo sa” at histemi, “umupo,” “tumayo,” o ayusin.” Pansinin ang mga sumusunod na mga (hindi pang-teolohiyang) gamit:

1. alisin ng pisikal

    d. mula sa Templo, Luke 2:37

    e. mula sa bahay, Mark 13:34

f. mula sa isang tao, Mark 12:12; 14:50; Acts 5:38

g. mula sa lahat ng bagay, Matt. 19:27,29

2. pangpulitikang alisin, Acts 5:37

3. alisin ang pagkaugnay, Acts 5:38; 15:38; 19:9; 22:29

3. ligal na alisin (paghiwalay), Deut. 24:1,3 (LXX) at NT, Matt. 5:31; 19:7; Mark 10:4; I Cor. 7:11
4. alisin mula sa pagkakautang, Matt. 18:24
6. pagpapakita ng walang pakialam sa pamamagitan ng pag-alis, Matt. 4:20; 22:27; John 4:28; 16:32,
7. pagpapakita ng pag-aalala sa pamamagitan ng hindi pag-alis, John 8:29; 14:18
8. hinahayaan o pinapayagan, Matt. 13:30; 19:14; Mark 14:6; Luke 13:8

Sa isang teolohikal na kaisipan ang pandiwa ay mayroon ding malawak na gamit:

1. upang iurong, ipatawad, ipatawad ang sala ng kasalanan, ang Septuagint ng Exod.32:32; Num. 14:19; Job 42:10 and NT, Matt. 6:12,14-15; Mark 11:25-26

2. pagpigil mula sa kasalanan, II Tim. 2:19

3. pagpabaya sa pamamagitan ng paglayo

c. ang Batas, Matt. 23:23; Acts 21:21

d. ang pananampalataya, Ezek. 20:8 (LXX); Luke 8:13; II Thess. 2:3; I Tim. 4:1; Heb. 3:12

> Ang pananampalataya, Ezek. 20:8 (LXX); Luke 8:13; II Thess. 2:3; I Tim. 4:1; Heb. 3:12 Ang mga makabagong sumasampalataya ay nagtatanong ng maraming teolohikal na mga tanong na ang mga NT may-akda ay hindi kailaman lubos maisip. Ang isa dito ay may kaugnayan sa makabagong pag-uugaling ihiwalay ang pananampalataya sa katapatan.
>
> Mayroong maraming tao sa Bibliyang nasangkot sa mga tao ng Diyos at mayroong nangyari.

III. Lumang Tipan

C. Korah, Num. 16

B. mga anak na lalaki ni Eli, I Sam. 2, 4

C. Saul, I Sam. 11-31

D. Mga huwad na propeta (mga halimbawa)

5. Deut. 13:1-5 18:19-22
6. Jeremiah 28 7. Ezekiel 13:1-7
E. Mga huwad na babaeng propeta
5. Ezekiel 13:17
2. Nehemiah 6:14
F. Mga masamang pinuno ng Isreal (mga halimbawa)
1. Jeremiah 5:30-31; 8:1-2; 23:1-4 2. Ezekiel 22:23-31 3. Micah 3:5-12
II. Bagong
D. Itong Griyegong salita ay literal na apostasiya. Ang mga Luma at Bagong Testamento ay parehong nagpapatunay sa pagtindi ng kasamaan at huwad na pagtuturo bago ang Ikalawang Pagdating (cf. Matt. 24:24; Mark 13:22; Acts 20:29,30; II Thess. 2:3,9-12; II Tim. 4:4). Itong Griyegong salita ay maaaring magsalamin sa mga salita ni Jesus sa Parabola ng mga Lupa na matatagpuan sa Luke 8:13. Itong mga huwad na guro ay maliwanag na hindi mga Cristiano, ngunit sila ay nanggaling sa loob (cf. Acts 20:29-30; I John 2:19); ngunit, sila ay nakakasuyo at nakakahuli ng mga totoo ngunit bubut na mga sumasampalataya (cf. Heb. 3:12).
Ang teolohikal na tanong ay ito bang mga huwad na guro naging mananampalataya? Ito ay mahirap sagutin dahil mayroong mga huwad na guro sa mga lokal na simbahan (cf. I John 2:18-19). Kalimitan ang ating teolohikal o denominasyunal na tradisyon ay sinasagot ang tanong na ito na walang pagtukoy sa tiyak na mga teksto ng Bibliya (maliban ang may-patunay-teksto na pamamaraan sa pagsipi ng isang berso sa labas ng konteksto upang pinapalagay na patunayan ang isang pagkiling).
B. Namamalas na pananampalataya
5. Judas, John 17:12 6. Simon Magnus, Acts 8 7. iyung mga sinabi sa Matt. 7:21-23

5. iyung mga sinabi sa Matt. 13:1-23; Mark 4:1-12; Luke 8:4-10
5. ang mga Hudyo sa John 8:31-59
6. Alexander at Hymenaeus, I Tim. 1:19-20 7. iyung sa Tim. 6:21 8. Hymenaeus at Philetus, II Tim. 2:16-18
9. Demas, II Tim. 4:10
10. namamalas na sumasampalataya sa Heb. 3:16-10
11. mga huwad na guro, II Peter 2:19-21; Jude 12-19
12. mga lumalaban kay Kristo, I John 2:18-19
C. Walang bungang pananampalataya
5. Matthew 7:13-23 6. I Corinthians 3:10-15
3. II Peter 1:8-11
Bihira nating isipin ang tungkol sa mga tekstong ito dahil sa ating sistematikong teolohiya (Calvinismo, Arminianismo, atbp.) ay dumidikta ng nautos na tugon. Pakiusap na huwag ninyo akong pangunahang husgahan dahil aking tinalakay itong paksa. Ang aking inaalala ay ang naaayong hermeniyutikal na pamamaraan. Dapat hayaan nating magsalita ang Bibliya sa atin at huwag subukang ihubog ito sa isang nakatakdang teolohiya. Ito ay kalimitang masakit at nakakabigla dahil marami sa ating teolohiya ay denominasyunal, kultural o batay sa relasyon (magulang, kaibigan, pastor), hindi pangbibliya. Ang ilang nasa Mga Tao ng Diyos ay lumabas na hindi pala nasa Mga Tao ng Diyos (e.g., Rom. 9:6).

3:13 "Ngunit hikayatin ninyo ang bawat isa" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PAUTOS. Ang mga sumasampalataya ay dapat gayahin ang Espiritu at ang Anak sa paghikayat ng pananampalataya at katapatan (cf. 10:24). Ito ay may parehong ugat katulad ng salitang paraclete, na ang ibig sabihin "isang tinawag na kasamang tutulong" at ang ginamit ng Espiritu (cf. John 14:16,26; 15:26; 16:7) and of Jesus (cf. I John 2:1).

"Ngayong Araw" Ang "Ngayong Araw," ay ginamit sa Salmo 95, nagpapakitang ang panahon para sa pagtiwala sa Diyos at makita ang Kanyang kapahingahan ay bukas pa rin katulad noong panahon ni David. Ang may-akda ay nagbibigay-diing ngayon ay ang panahon para sa desisyon dahil darating ang panahong ang patuloy na pagtanggi ay uuwi sa binulag na mga mata na hindi makakita (i.e., hindi mapapatawad ng kasalanan ng mga Ebanghelyo at ang kasalanan hanggang sa kamatayan sa I John).

Walang nakakapili sa oras na sila ay pupunta sa Diyos (cf. John 6:44,65). Ang ating nag-iisang pipiliin ay ang tumugon, at tumugon kaagad. Ang patuloy na pagtanggi at kaloobang hindi pagsasampalataya ay nagdadala ng isang espiritwal na pagmatigas ng puso ng tao (cf. ISANG MAKA-AORONG BALINTIYAK NA PASAKALI "ay pamatigasin ng kataksilan ng kasalanan"). Ito ay hindi kalooban ng Diyos, kundi hindi maiwasang dulot ng pagtanggi. Ang mga tao ng Diyos na umalis sa Egipto na sumasampalataya ay umurong sa pangako ng Diyos na may kaugnayan sa pagmamay-ari ng Lupang Pinangako. Ang mga sumasampalataya ay kalimitang sumasabuhay ng praktikal na hindi pagsasampalataya. Mag-ingat sa paghiwahiwalay sa panimulang pananampalataya mula sa patuloy na pananampalataya (cf. vv. 6,14).

"na walang isa man sa inyo na may masamang puso dahil sa kataksilan ng kasalanan" Ito ay isang MAKA-AORONG BALINTIYAK NA PASAKALI. Ang kasalanan ay isinangkatauhan bilang kalabang nagpapatigas sa mga puso. Pansinin kung paano ang katotohanang ito ay pinahayag:

1. mag-ingat mga kapatid (v. 12)

2. kapag ang isa ay may (v. 12)

   a. isang masamang puso

   b. nagpapalayo sa Diyos

3. hikayatin ang bawat isa (v. 13)

4. kapag ikaw ay pinatigas ng kasalanan v. 13)

5. tayo ay mga kabahagi, kapag manangan tayo (v. 14)

Napakamakapangyarihang paghikayat at babala ang pinapahayag nitong mga berso.

3:14 "tayo ay naging magkabahagi ni Kristo" Ito ay isang PANGNAGDAANG TAHASANG PATUROL. Ito ay nagpapahiwatig ng isang natapos na pag-unlad na nagresulta sa isang masunuring kalayagan ng nilalang.

"kung" Ito ay isang PANGATLONG URING PANG-UKOL NA PASUBALING ang ibig sabihin ay potensiyal na pagkilos. Ito ay isa pang babalang pinagwikaan ang mga Cristianong manangan sa kanilang pangungumpisal (cf. 3:6; 4:14; 10:23).

.

NASB "kapag mananangan tayong may katatagan hanggang sa katapusan"
NKJV " "kapag mananangan tayong may pagtiwalang katatagan hanggang sa katapusan"

NRSV "kapag sana mananangan tayong may pagtiwalang katatagan hanggang sa katapusan"

TEV "kapag mananangan tayong may katatagan hanggang sa katapusan ng ating pagtiwalang mayroon tayo mula sa simula"

NJB "kung tayo ay mananangan sa ating unang pagtiwalang katatagan hanggang sa katapusan"

Ito ay isang pagbibigaydiin sa katatagan. Ito ay isang makatwirang pangbibliyang pagbibigay-diin bilang isang katiwasayan. Sila ay dapat mahigpit na magkakapit ng magkasama para sa isang pangbibliyang pantay na pananaw (cf.3:6; 4:14; Rom. 11:22; Gal. 6:7; I John 2:19; Gal. 6:7; Rev. 2 at 3). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pananagutan sa 2:2.

Ang marami sa mga pangbibliyang doktrina ay nasa dialektikal o paradoksikal na pares. Ang Bibliya ay isang pangsilangang aklat na gumagamit ng masimbolong lengwaheng nagpapahayag ng katotohanan sa napakalakas na paglalahad, ngunit binabalanse naman ito ng ibang tila magkasalungat ng mga paglalahad. Kaya nga ang katotohanan ay makikita sa gitna ng dalawang pinahayag na kasukdulan. Ang mga kanluraning tao ay may ugaling hanapan ng katibayan-teksto ang isang bahagi ng paradox at gawing pangunahing katotohanan sa pamamagitan ng literal at makitid na pagsalin sa isang pagpapahayag ng katotohanang walang paghahanap at pagiging bukas sa kabaligtarang katotohanan. Sa maraming paraan ito ay nagiging malaking dahilan ng tensiyon sa mga makabagong kanluraning denominasyon! Tingnan ang mga Natatanging Paksa sa ilalim.

NATATANGING PAKSA: KRISTIYANONG KATIYAKAN

Ang katiyakan ay parehong isang pangbibliyang katotohanan at isang pananampalatayang karanasan at uri ng pamumuhay ng isang sumasampalataya.

C. Ang pangbibliyang batayan para sa katiyakan ay

1. Diyos ang pagkatao ng Ama

    a. Genesis 3:15; 12:3

    b. Psalm 46:10

    c. John 3:16; 10:28-29

    d. Romans 8:38-39

    e. Ephesians 1:3-14; 2:5,8-9

    f. Philippians 1:6

    g. II Timothy 1:12

    h. I Peter 1:3-5

2. Diyos ang gawain ng Anak

    a. Ang Kanyang pangsaserdoteng panalangin, John 17:9-24, lalo na v. 12

    b. Ang Kanyang paghaliling sakripisyo

        1) Romans 8:31

        2) II Corinthians 5:21

        3) I John 4:9-10

    c. ang Kanyang patuloy na pamamagitan

        1) Romans 8:34

        2) Hebrews 7:25

        3) I John 2:1

3. Diyos ang pagpapayag ng Espiritu

    a. Ang Kanyang tawag, John 6:44,65

    b. Ang Kanyang tatak

        1) II Corinthians 1:22; 5:5

        2) Ephesians 1:13-14; 4:30

    c. Ang Kanyang sariling katiyakan

1) Romans 8:16-17

2) I John 5:7-13

D. Ang kailangang tipang tugon ng sumasampalataya ay

1. panimula at patuloy na pagsisisi at pananampalataya

a. Mark 1:15

b. John 1:12

c. Acts 3:16; 20:21

d. Romans 10:9-13

2. pagtatanda na ang layunin ng kaligtasan ay maging tulad ni Cristo

a. Romans 8:28-29

b. Ephesians 1:4; 2:10

3. pagtatanda na ang katiyakan ay pinagtitibay ng uri ng pamumuhay

a. James

b. I John

4. pagtatanda na ang katiyakan ay pinagtitibay ng tahasang pananampalataya at pagtitiyaga

a. Mark 13:13

b. I Corinthians 15:2

c. Hebrews 3:14

d. II Peter 1:10

e. Jude 20-21

NATATANGING PAKSA: ARCHE

Ang salitang "kaharian" ay isang Griyegong salitang arche, na nangangahulugang ang "simula" o "pinagmulan" ng isang bagay.

1. simula ng nilikhang kaayusan (cf. John 1:1; I John 1:1; Heb. 1:10)
2. ang simula ng ebanghelyo (cf. Mark 1:1; Phil. 4:15; II Thess. 2:13; Heb. 2:3)
3. mga unang saksi (cf. Luke 1:2)
4. mga unang tanda (mga himala, cf. John 2:11)
5. mga simulang prinsipyo (cf. Heb. 5:12) 6. simulang katiyakan batay sa ebanghelyong katotohanan (cf. Heb. 3:14) Ito ay naging gamit ng "pamumuno" o "kapangyarihan" 1. ng pantaong namumunong opisyal a. Luke 12:11 b. Luke 20:20 c. Romans 13:3; Titus 3:1 2. ng mga malaanghel na kapangyarihan a. Romans 8:38 b. I Cor. 15:24 c. Eph. 1:21; 3:10; 6:12 d. Col. 1:16; 2:10,15 Itong mga huwad na guro ay umaalipusta sa lahat ng kapangyarihan, makalupa at makalangit. Sila ay mga antinomiyang libertine. Nilalagay nila sa unahan ang kanilang sarili at ang kanilang pagnanasa bago ang Diyos, mga anghel, mga kapangyarihang sibil, at mga pinuno ng simbahan.

3:15 "kung" Ito ay isang PANGATLONG URING PASAKLING PANGUNGUSAP, katulad ng v. 14, na ang kahulugan ay potensiyal na pagkilos. Ito ay isang sipi mula sa Ps. 95:7-8, na naging napagtuunang-pansin ng kapitulo 3.

3:16-18 Mayroong mga tatlong retorikal na tanong sa mga bersong ito (cf. vv. 16,17,18). Kung ang pagkakahawig na ito ay titingnang literal, tila ang lahat na namatay sa ilang (cf. Num. 14), kasama si Moises, Aaron, at ang mga sumasampalatayang saserdote noong panahon ng

paghihimagsik ni Korah, lahat ay espiritwal na nawawala hanggang magpakailanman. Ito ay di mangyayari. Ito ay isang paglalaro sa mga salitang "kapahingahan" at "di pagsunod," para sa parehong hindi sumasampalataya at sumasampalataya!

MGA TANONG SA TALAKAYAN

Ito ay isang gabay ng pag-aaral na komentaryo, na ang kahulugan ikaw ay may tungkulin para sa iyong sariling pagsalin ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Hindi mo dapat ipaubaya ito sa isang tagapagsalita.

Ang mga pag-uusapang tanong na ito ay binibigay upang makatulong sa iyong makapag-isip sa mga pangunahing isyu nitong bahagi ng aklat. Sila ay binabalak na maging mapagpukaw ng isipan, hindi katiyakan.

1. Bakit si Jesus ay tinawag na "apostol" sa 3:1?
2. Itala ang ibat-ibang gamit ng "kapahingahan."
3. Ibigay ang kahulugan ng "ang pagtitiyaga ng mga santo."

HEBREO 4

TALATANG PAGHAHATI NG MGA MAKABAGONG PAGSASALIN

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Isang Kapahingahan para sa mga Tao ng Diyos		Babala at Paghihikayat	Isang Kapahingahan para sa mga Tao ng Diyos	Paano Marating ang Lupang Kapahingahan ng Diyos
(3:7-4:13)	Ang Pangako ng Kapahingahan	(3:7-4:13)	(3:7-4:13)	(3:7-4:13)
4:1-11	4:1-10	4:1-11	4:1-7	4:1-11
	Ang Salita Tumutuklas sa Ating Kalayagan		4:8-11	
	4:11-13			
4:12-13		4:12-13	4:12-13	4:12-13
Si Jesus ang Pinakapunong Saserdote				
(4:13-5:10)	Ang Ating Mahabaging Pinakapunong Saserdote	Ang Tema na si Jesus ang Ating Pinakapunong Saserdote	Si Jesus ang Pinakapunong Saserdote	Si Jesus ang Mahabaging Pinakapunong Saserdote
		(4:14-5:14)	(4:14-5:10)	(4:14-5:10)
4:14-16	4:14-16	4:14-16	4:14-16	4:14-16

MGA KONTEKSTONG KAALAMAN

A. Ang may akda ay gumagalaw pabali-balik sa gitna na kahigitan ni Jesus at babalang manangan sa Kanya.

B. Ang kahigitan ni Jesus (bagong tipan) kaysa lumang tipan
1. Siya ay ang higit na paglalantad (ang mga propeta, 1:1-3)
2. Siya ay ang higit na tagapagpapamagitan (ang mga propeta, 1:1-3)
3. Siya ay isang higit na lingkod (Moises, 3:1-6)
4. Siya ay isang higit na saserdote (Aaron, 4:14-5:10; 6:13-7:28)
5. Siya ay ang higit na tipan (OT, 8:1-13; 9:15-22)
6. Siya ay isang higit na kapahingahan (templo, 9:1-11, 23-28)
7. Siya ay higit na sakripisyo (mga hayop, 9:12-14; 10:1-18)
8. Siya ay isang higit na bundok (lumang tipan tulad ng Bundok ng Sinai at bagong tipan tulad ng Bundok ng Zion, 11:18-29)

C. Dahil sa kahigitan ni Jesus mayroong isang magkakasunod na mga babala laban sa pagtanggi sa Kanyang ebanghelyo (i.e., ang Bagong Tipan, cf. Jer. 31:31-34; Ezek. 36:22-38) o pagbabalik sa Judaismo (i.e., Lumang Tipan):

1. 2:1-4

2. 3:7-13

3. 4:1-13

4. 5:11-6:12

5. 10:19-39

6. 12:1-17

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 4:1-13

1Kaya nga, dapat tayong matakot, yamang may nananatiling pangako na tayo ay makapasok sa kaniyang kapahingahan. Baka mayroon ilan sa inyo na maaring hindi makapasok. 2Sapagkat may ipinangangaral na ebanghelyo sa atin at gayundin sa kanila. Subalit hindi naging kapakinabangan sa kanila ang salita na ipinangaral. Sapagkat sila na nakinig ay hindi ito sinamahan ng pananampalataya. 3Sapagkat tayo na mga sumasampalataya ay pumasok sa kapahingahang iyon. Katulad ng sinabi niya: "KAYA NGA, SA AKING PAGKAPOOT AY SUMUMPA AKO: KAILANMAN AY HINDI SILA PAPASOK SA AKING KAPAHINGAHAN." Gayunman, ang mga gawa ay natapos mula sa pagkakatatag ng sanlibutan. 4Sapagkat sa isang dako ng Kasulatan, siya ay nagsalita ng ganito patungkol sa ika-pitong araw: "AT SA IKAPITONG ARAW AY NAGPAHINGA ANG DIYOS SA LAHAT NG KANIYANG MGA GAWA." 5At muli, sa dako ring iyon: "SILA AY HINDI MAKAPAPASOK SA AKING KAPAHINGAHAN. 6Kaya nga, nananatili pa na ang iba ay makakapasok sa kapahingahang iyan sapagkat ang mga nakarinig ng ebanghelyo noong una ay hindi sumampalataya. 7Muli, nagtalaga siya ng isang takdang araw, nang siya ay nagsalita kay David pagkalipas ng matagal na panahon. Ang tinawag dito ay Ngayon. Gaya ng sinalita niya noong una, sinabi niya: "NGAYON, KUNG MARINIG NINYO ANG KANIYANG TINIG, HUWAG NINYONG PAGMATIGASIN ANG INYONG MGA PUSO." 8Sapagkat kung binigyan sila ni Josue ng kapahingahan, hindi na sana siya nagsalita ng iba pang araw, pagkatapos niyaon. 9Kaya nga, mayroon pang kapahingahang nananatili para sa mga tao ng Diyos. 10Ito ay sapagkat ang sinumang pumapasok sa kaniyang kapahingahan, siya rin naman ay nagpahinga sa kaniyang mga gawa kung paanong ang Diyos ay nagpahinga mula sa kaniyang mga gawa. 11Kaya nga, sikapin nating makapasok sa kapahingahang iyon upang walang sinumang bumagsak sa ganoon ding halimbawa ng pagsuway. 12Sapagkat buhay at mabisa ang salita ng Diyos at higit na matalas ito kaysa sa alin mang tabak na may dalawang talim. Bumabaon ito hanggang sa ikapaghihiwalay ng kaluluwa at ng espiritu at ng kasu-kasuan at utak ng buto. Nakakatalos ito ng mga pag-iisip at mga saloobin ng puso. 13At walang anumang nilikha ang makakapagkubli ng kaniyang mga gawa sa paningin ng Diyos. Ang lahat ay lantad at hayag sa kaniyang mga mata. At tayo ay magbibigay-sulit sa kaniya.

4:1

NASB, NK JV "matakot"

NRSV, TEV "mag-ingat"
NJB "Mag-ingat"

ANG PANDIWA ay isang MAKA-AORONG BALINTIYAK (deponente) PASAKALI. Ang mga babalang Hebreo (cf. 2:1-4; 3:7-13; 4:1-13; 5:11-16:12; 10:19-29; at 12:1-17) pumupukaw ng pangambang pakiramdam (cf. v. 11). Ang mga babalang ito ay tumatalakay ng mga pangkatapusang isyu ng kaligtasan at katiyakan.

"yamang may nananatiling pangakong makapasok sa Kaniyang kapahingahan" Ito ay isang patuloy na paglalaro ng salita (i.e., "Kaniyang kapahingahan," cf. vv. 1,3,5,8,9,10,11) kung saan ang may-akda ay gumamit ng pamarang rabbinical hermeneutical sa pag-uusap tungkol, sa apat na bahagi ng kasaysayan ng Israel at pag-asa:

1. Gen. 2:2, nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw ng paglikha
2. Num. 13-14, ang kapahingahan ni Josue na ang Lupang Pinangako
3. Ps. 95:7-11 Ang kapahingahan ng Diyos ay nananatili sa panahon ni David
4. vv. 1 at 10-11 ang araw ng kapahingahan bilang pagtukoy sa kapayapaan kasama ng Diyos at buhay kasama ng Diyos (kalangitan)

NASB, NKJV "kumulang ito"

NRSV "mabigong maabot ito

TEV ""mabigong matanggap ang pinangakong kapahingahan"

NJB "na siyang napakahuling dumating para sa pangakong pagpasok sa lugar ng kapahingahan"

This reflects a Hebrew term chatha ("miss the mark") translated as hamartia by the Septuagint, meaning "fall short" or "come short" (cf. 12:15; Rom. 3:23). A related meaning is "come too late" (cf. NJB). Ito ay sumasalamin sa isang Hebreong salitang chatha ("hindi tinamaan ang marka" isinalin bilang hamartia ng Septuagint, ibig sabihin "kumapos" or "kumulang" (cf. 12:15; Rom. 3:23). Ang isang kaugnay na kahulugan ay "napakahuling dumating" (cf. NJB).

4:2 "may ipinangangaral na ebanghelyo sa atin" Ito ay tumutukoy sa ebanghelyong tungkol kay Jesucristo, na maaaring tanggapin ng lahat sa pamamagitan ng pananampalataya. Bago si Cristo ito at tumukoy sa Salita ng Diyos, na ibinigay sa OT sa ibat-ibang paraan (i.e., "huwag kumain mula sa puno"; "gumawa ng arko"; "sundin ang batas"; "sundan Ako sa isang lupain" ; "pumasok sa Lupang Pinangako," atbp.).

"gayundin sa kanila" Ito ay tumutukoy sa mga Israelite na nakinig sa negatibong ulat ng mga sampung espiya. Si Josue at Caleb, gayunman, ay hindi nag-alinlangan sa pangako ng Diyos

tungkol sa paglupig ng Lupang Pinangako (cf. Num. 13-14), ngunit mayroong pananampalataya, upang sila ay makapasok sa Canaan, ngunit ang kanilang hindi sumasampalatayang kasama ay hindi.

.

NASB "sapagkat hindi ito sinamahan ng pananampalataya sa mga iyung nakarinig"

NKJV "hindi isinama sa pananampalataya sa iyung mga nakarinig nito"

NRSV "sapagkat sila ay hindi sinamahan ng pananampalataya sa iyung mga nakarinig"

TEV "hindi nila ito tinanggap na may pananampalataya"

NJB "sapagkat hindi sila nakikiisa sa pananampalataya sa iyung mga nakinig"

Mayroong isang magkakaibang Griyegong sulatin sa pariralang ito. Ang pinakamaraming may pagtotoong pagbasa ay may isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PANGPARATANG PANLALAKING KASARIANG PANGMARAMING PANDIWARI, na tutukoy sa pananampalataya ni Josue at Caleb (cf. NASB, NKJV, NRSV, REB). Ang isang opsyon ay isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PALAGYONG PANLALAKING KASARIANG ISAHANG PANDIWARI, na tutukoy sa pananampalataya sa mensaheng narinig (cf. TEV, NJB, NIV).

Ang teyolohikal na isyu ay sumasangkot sa pananampalataya (kaligtasan) o kulang sa pananampalataya ng mga nasa tamang gulang na Israelite (20 taong gulang at pataas) na sumali sa paglisan. Ang kanila bang kakulangan sa pananampalataya sa inilahad ng mga espiya ay nangangahulugang (1) hindi sila pinayagang pumasok sa Canaan o (1) hindi sila pinayagang pumasok sa kalangitan? Ang tanong na ito ay hindi madaling sagutin dahil sa paglalaro sa salita ng may-akda sa salitang "pahingahan." Ito ay tila magaling na napapatibay sa kanilang panimulang pananampalataya sa YHWH (i.e., kaligtasan), ngunit umaamin na kulang sila sa pananampalatayang magtiwala sa Kanyang bawat pangako (i.e., pagkuha ng Canaan). Ito ang pinakatanong na may kaugnayan sa unang siglong mambabasa. Ang kanila bang kakulangan sa pagtitiyaga ay isang hudyat na sila ay hindi kailanman niligtas o ito ba ang nagpakita ng kanilang mahinang pananampalataya? Sa kanyang komentaryo sa Hebreo sa The New International Commentary Series, si F. F. Bruce ay nagsasabing, "Ang praktikal na ibig sabihin ay malinaw: hindi ang pagdinig ng ebanghelyo sa kanyang sarili ang nagdadala ng pagkaligtas, kundi ang kanyang laang halaga sa pananampalataya; at kung isang tunay na pananampalataya, ito ay magiging matiyagang pananampalataya" (p. 73).

4:3 "katulad ng sinabi Niya" Ito ay isang PANGNAGDAANG TAHASANG PATUROL, na paulit-ulit na ginamit sa pagtukoy sa nabigyang-diwang Kasulatan (cf. 1:13; 4:3,4; 10:9,13; 13:5). Ito ay isang sipi mula sa Ps. 95:11 (katulag ng v. 4 at 3:11),

4:4 "Dahil Siya ay nagsalita sa isang dako" Ito ay sumasalamin sa isang rabinikal na kawikaang paniniwala sa nabigyang-diwang kabuang OT (cf. 2:6). Ang "saan" (i.e., ang tamang kinalalagyan ng teksto) at "sino" (i.e., ang taong may-akda ng teksto), ay hindi kasinghalaga ng pagkamay-akda ng Espiritu ng lahat ng Kasulatan. Ito ay hindi napapahiwatig na ang may-akdang nakalimot kung saan makikita ang OT pagtukoy.

"ikapitong-araw" Ang mga guro ay namilit na ang Sabbath ng Diyos (i.e., "ang Araw ng Pagpahinga") ay hindi kailanman tumigil dahil ang karaniwang pagbubuo ng Gen. 1, "mayroong gabi at mayroong umaga, ang araw…," ay hindi kailanman nabanggit kaugnay nitong ikapitong araw ng paglikha sa Gen. 2:2.

4:6 "dahil sa pagsuway" Ang pananampalataya ay pinapatunayan ng pagsunod (cf. 3:18; 4:6,11; Luke 6:46). Ang mas malaking konteksto ng kapitulo 4 ay sumasalamin sa mga pangyayaring natala sa Num. 13-14, ngunit ang tiyak na pagtukoy sa Kasulatan ay Ps. 95:7-11, na umuugnay sa karanasan ng Israel sa Maribah. Ang salitang "pagsuway" ay ang mga sinaunang Griyegong unsyal na sulating A, B, D, habang ang "hindi pagsasampalataya" ay nasa papyring sulatin P46, at sinaunang unsiyal na sulating W.

4:7 "nagtalaga ng isang takdang araw, "Ngayong Araw," nagsalita sa pamamagitan ni David" Ang Griyegong salita "fixes" ay ang Ingles na salitang "guhit-tagpuan o horizon" na ang kahulugan ay ang paglalagay ng mga hangganan. "Sa pamamagitan ni David" ay wala sa Hebreong teksto ng Ps. 95:7-8, ngunit ang Septuagint ay wastong isinalin at pinasok ang tradisyunal na may-akda ng Salmo. Ang pangangatwiran ng may-akda ay batay sa kapahingahan ng Diyos bilang bukas kahit sa panahon ng paghahari ni David.

Ang Salmo 95:7-11 ay sinipi ng ilang ulit sa konteksto ng mga kapitulo 3 at 4. Sa bawat panahon isang ibang bahagi ng OT sipi ay binigyang-diin (katulad ng isang sermon):

1. 3:7-11 nagbibigay-diin sa "huwag pamatigasin ang inyong puso" ng Ps. 95:8;
2. 3:15 emphasizes "when they provoked Me" of Ps. 95:9; nagbibigay-diin sa "Noong Ako ay kanilang sinubok" ng Ps. 95:9;
3. 4:3,5 nagbibigay-diin sa "hindi sila makakapasok sa Aking kapahingahan" ng Ps. 95:11;
4. 4:7 nagbibigay-diin sa "ngayong araw" ng Ps. 95:7.

4:8 "kung" Ito ay isang PANGALAWANG URING PASUBALING PANGUNGUSAP, na karaniwan ay tinatawag "salungat sa katotohanan." Hindi dinala ni Josue ang lahat ng anak ng Israel papasok sa kapahingahan. Ito ay ang paggamit ng salitang "panahingahan" hindi sa kaisipang Canaan, ngunit sa espiritwal na kapahingahan ng Diyos (cf. vv. 9-10). Mula sa vv. 8-10 nahahalatang ang may-akda ng Hebreo ay gumagamit ng "kapahingahan" sa tatlong pangkasaysayang/teyolohikal na pag-iisip:

1. Ang Lupang Pinangako ng Canaan (v. 8, araw ni Josue, Num. 13-14)
2. the opportunity to trust God (cf. v. 9 i.e., David's day, Ps. 95) ang pagkakataong magtiwala sa Diyos (cf. v. 9 i.e., araw ni David, Ps. 95)
3. ang Genesis 2 (v.4) kapahingahan ng Diyos sa paglikha (v.10)
4. kalangitan (vv. 1 and 11)

"mga puso" Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:8.

"si Josue" Ang pagsalin ng King James ay may "Jesus," na sumusunod sa pagsalin ng Geneva at Bishops Bibles, ngunit ang konteksto ay nangangailangan ng OT "Josue." Ang parehong pangalan ay sinusulat ng magkapareho (i.e., Josue - Hebrew; Jesus - Aramaic)! Ang Sinaunang Simbahan ay kalimitang gumamit ng Josue bilang uri ng Jesus (cf. Acts 7:45, kung saan ang parehong pagkakamali sa pagsalin ay nagagawa).

"Siya" Ito ay dapat tumukoy sa Espiritu bilang banal na may-akda ng Ps. 95.

4:9 Ito ay ang kabuuan ng paglalahad ng may-akda ng Ps. 95. Mayroong unang isang panimulang pangako ng kapahingahan (cf. Gen. 2:2); mayroong pangalawang pangkasaysayang kaganapan (Josue); mayroong ikatlong isang bandang huling pagkakataon (araw ni David); at mayroon pang ikaapat na pagkakataon para kaninumang pumiling isabuhay ang pananampalataya sa mga pangako ng Diyos.

4:10 Sa lahat ng MGA BINIGKAS ng vv. 10-11 ay MAKA-AORON, na alinman ay (1) tumuturo sa isang natapos na gawain o (2) tumitingin sa kalahatan ng buhay bilang isang kabuuan. Ang mga bersong 10 at 11 ay nililinaw na ang "kapahingahan" ng v. 10 ay tumutukoy sa kalangitan. Mawawala ang katiyagaan ng mga sumasampalataya isang araw (cf. Rev. 14:13), ngunit ang v. 11 ay malinaw na nagpapahayag na habang ang pisikal na buhay ay naririto, ang

mga sumasampalataya ay dapat tumuloy sa pananampalataya, pagsisisi, pagsunod, at pagtitiyaga. Ang berso 11 ay isang malakas na babala. Ang kaligtasan ay lubos na libre sa natapos na gawain ni Cristo. Ito ay isang handog ng parangal mula sa Ama at ang sumasakdal na gawain ng Espiritu. Ngunit, ang naghaharing Trinidad ng Diyos ay piniling makitungo sa sangkatauhan sa isang tipang ugnayan. Ang sangkatauhan ay dapat tumugon ang patuloy na tumugon. Ang kaligtasan ay hindi bilyete sa kalangitan o isang pansunog na segurong polisa, kundi isang pang-araw—araw na pananampalatayang ugnayan sa Diyos na nagiging totoo sa isang pasulong na pagka-Cristo! Ang tipan ay may mga pakinabang at tungkulin.

4:11

NASB, NKJV "Sikapin nating makapasok sa kapahingahang iyon"

NRSV "Tayo ay gumawa ng bawat gawain upang makapasok sa kapahingahang iyon"

TE "Gawain nating ang ating pinakamakaya upang matanggap ang kapahingahang iyon"

NJB "Patuloy tayong sumulong upang makapasok dito sa lugar ng kapahingahan"

Sa Ingles ito ay tila tumataguyod sa pantaong paggawa sa pag-abot ng kapahingahan ng Diyos, ngunit ang Griyegong salita nangangahulugang "maging sabik," "magmadali" (cf. II Thess. 2:17; II Tim. 4:9).

"**parehong halimbawa ng pagsuway"** See 3:18 and 4:6.

4:12 "salita ng Diyos" Ang mga bersong 12 at 13 bumubuo ng isang pangungusap sa Griyego. Ang salitang "salita" (logos) hindi tumutukoy sa sarili ni Jesus, katulad sa ginagawa nito sa John 1:1, ngunit sa sinabi (cf. 13:7) o sinulat na mensahe ng Diyos alinman sa pamamagitan ng OT Kasulatan o NT paglalahad. Ang paglalahad ng sarili ng Diyos ay nilalarawan sa tatlong paraan:

1. ay isinasakatauhan bilang nagkakaroon ng sarili nitong buhay
2. ay katulad ng bumabaong kapangyarihan ng isang tabak
3. ito ay isang alam-lahat na tagahatol (cf. v. 13)

Sa kanyang librong Jewish Christianity, si H. E. Dana ay nagmungkahi batay sa Egiptong papyring paggamit na ang "salita" (logos) ay nangangahulugang "pagtutuos" o "pagtawag sa pagpapaliwanag." Kanyang pinaninindigang ito ay bumabagay sa orihinal na kabuuang

pangangatwiran ng may-akda, na magkakaroon ng isang banal na pagtutuos sa pamamagitan ng isang pagsuri, isang pagsimbolo ng isang maninistis (p. 227). Kaya, ang tekstong ito ay hindi isang paglalarawan ng isang inilahad na salita ng Diyos, kundi ang mapabukod na paghatol ng Diyos. Ito ay nakakatuwa, ngunit ang may-akda ng Hebreo ay gumamit ng logos madalas para sa salita ng Diyos (cf. 2:2; 4:2; 5:13; 7:28; 13:7) at ng Griyegong salita rin para sa binigkas na salita, rhema (cf. 6:5; 11:3).

"buhay at masigla at mas matalas" Ito sumasalamin sa Hebreong konsepto ng kapangyarihan ng binibigkas na salita ng Diyos (cf. Gen 1:1,3,6,9,14,20,24,26; Ps. 33:6,9; 148:5; Isa. 45: 23; 55:11; 5:17-19; Matt. 5:17-19; 24:35).

"higit na matalas kaysa may dalawang talim na tabak" Ito ay nagsasabi ng tumatagos na kapangyarihan ng salita ng Diyos (cf. John 12:48 at Rev. 1:6; 2:12,16, kung saan ito ay ginagamit ng Jesus).

"kaluluwa at espiritu" Ito ay hindi isang ontolohikal na pagkahati sa sangkatauhan, ngunit isang dalawahang ugnayan sa parehong planetang ito at sa Diyos. Ang Hebreong salitang nephesh ay ginagamit ng parehong sangkatauhan at ng mga hayop sa Genesis, habang ang "espiritu (ruah) ay ginagamit buko-tangi ng sangkatauhan. Ang salita ng Diyos ay tumatagos sa kailalimang sarili ng sangkatauhan. Ito ay hindi isang may katibabayang-teksto sa katangian ng sangkatauhan bilang isang dalawang-bahagi (nahahati) o tatlong-bahagi (tatlong bahagi) nilalang (cf. I Thess 5:23). Ang sangkatauhan ay ay pangunahing kinakatawan sa Bibliya bilang isang kabuuan (cf. Gen. 2:7). Para sa isang magaling na kabuuan ng mga teoriya ng sangkatauhan bilang tatlong-bahagi, nahahati, o isang kabuuan, tingnan ang Christian Theology (ikalawang edisyon) pp. 538-557 ni Millard J. Erickson at Polarities of Man's Existence in Biblical Perspective ni Frank Stagg.

"at nakakatalos ito ng mga pag-iisip at saloobin ng puso" Sa Hebreong kaisipan ang "puso" ay kumakatawan sa buong tao at sa kanyang saloobing panggaganyak. Tingnan ang Natatanging Palsa sa 3:8.

"ngunit ang lahat ay lantad at hayag" Kilala tayo ng Diyos ng lubusan (cf. I Sam. 16:7; Ps. 7:9; 33:13-15; 139:1-4; Prov. 16:2; 21:2; 24:12; Jer. 11:20; 17:10; 20:12; Luke 16:15; Acts 1:24; 15:8; Rom. 8:27).

NASB	**"sa Kanyang mga mata"**
NKJV	**"hubot-hubad at bukas"**
NRSV	**"hubot-hubad at nakalantad"**
TEV	**"bukas at nakatiwangwang"**
NJB	**"bukas at nakaunat ng lantaran"**

Ang pagsimbolong ito ay literal na nangangahulugang "buksan ang leeg sa pamamagitan ng pagtaas ng baba." Ang OT pagsimbolong ito ay ginamit ng mga tagahatol; dito ito ay tumutukoy sa pakipagkita sa Diyos ng harapan sa araw ng paghatol.

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 4:14-16 (mas buong pampanitikang yunit sa 5:10)

14Kaya nga, yamang tayo ay may isang dakilang pinakapunong-saserdote, si Jesus na Anak ng Diyos na dumaan sa mga langit, tayo ay magpakatatag sa ating ipinahahayag. 15Sapagkat wala tayong pinakapunong-saserdote na hindi maaaring makiramay sa ating mga kahinaan. Siya ay sinubok sa lahat ng paraan katulad natin ngunit siya ay hindi nagkasala. 16Kaya nga, dumulog tayo sa trono ng biyaya na may malaking pagtitiwala upang tayo ay tumanggap ng habag at biyaya na makatutulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.

4:14 "isang dakilang pinakapunong-saserdote" Ang may-akda unang binabanggit si Jesus bilang pinakapunong-saserdote sa 3:1-6. Pagkatapos ng mga babala at paghihikayat ng 3:7-4:13, siya ngayon ay bumalik sa paksa. Itong kaparehong halimbawa ay sinusunod sa mga babala sa 5:11-6:12 at sa pagtalakay ng mga saserdoteng gawain ni Jesus sa 6:13-10:39. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:17.

Ang Hebreo ay ang nag-iisang aklat sa NT na tumatawag kay Jesus ang "pinakapunong-saserdote." Ang paghahambing ng may-akda ng Mosaic na tipan at ng bagong tipan ay pumapatuloy. Ito ay maaaring nagging mahirap para sa mga Judiong tao na tanggapin at intindihin. Si Jesus ay hindi sa saserdoteng lipi ni Levi. Ngunit, si Jesus ay tinatawag "isang saserdote" sa 1:3; 2:17,18; 3:1. Sa OT ang Messiah ay tinitukoy bilang isang saserdote sa dalawang konteksto lamang: Ps. 110 and Zech. 4, ang dalawa ay may parehong makahari ay makasaserdoteng aspeto.

“**na dumaan patagos sa mga langit”** Ito ay isang PANGNAGDAANG PANAHON. Si Jesus ay dumaan patagos sa mga langit (kung mayroon mang 3 o 7), Siya ay bumalik sa harapan ng Ama, at ang kinahinatnan ng Kanyang pagdating (inkarnasyon) at paglisan (pag-akyat) ay nananatili. Kaya, ang mga sumasampalataya ay maaaring ngayon, sa pamamagitan ng Kanyang sangay, ay dumadaan sa mga langit. Sa gnostikong pag-iisip, ang mga langit ay ang pang-anghel na balakid (aeons), ngunit sa OT ganoon sila:

1. ang kalawakan kung saan ang mga ibon ay lumilipad
2. ang mga bintana ng langit kung saan nanggagaling ang ulan
3. ang mga mabituing langit ng araw at buwan
4. ang mismong pagharap ng Diyos

Mayroong maraming talakayan ng mga guro sa kung mayroong tatlo o pitong langit (cf. Eph. 4:10; II Cor. 12:2). Ang pariralang ito ay ginamit din ng mga guro upang ilarawan ang makalangit na tabernakulo, na lubusang umaangkop sa kontekstong ito (cf. 9:23-28).

NATATANGING PAKSA: ANG KALANGITAN

Sa OT salitang “langit” ay karaniwang PANGMARAMI (i.e., shamayim). Ang Hebreong salita ay nangangahulugang “taas.” Ang Diyos ay nakatira sa kahitaasan. Ang konseptong ito ay sumasalamin sa kabanalan at di-katatakdaan ng Diyos.

Sa Gen. 1:1 ang PANGMARAMING “mga langit at lupa” ay tinitingnan bilang Diyos na lumilikha (1) ng kalawakan sa ibabaw ng lupa o (2) isang paraan ng pagtukoy sa lahat ng realidad (1.e., espiritwal at pisikal). Mula sa pangunahing pag-intinding ito ang ibang teskto ay sinabing tumutukoy sa mga lebel ng langit: “ang langit ng mga langit” (cf. Ps. 68:33) o ”langit at ang langit ng mga langit” (cf. Deut. 10:14; I Kgs. 8:27; Neh. 9:6; Ps. 148:4). Ang mga guro ay nag-isip na maaaring mayroong (1) dalawang langit (i.e., R. Judah, Hagigah 12b); (2) tatlong langit (Test. Levi 2-3; Ascen. ng Isa. 6-7; Midrash Tehillim sa Ps. 114:1); (3) limang langit (III Baruch); (4) pitong langit (R. Simonb. Lakish; II Enoch 8; Ascen. ng Isa. 9:7); at kahit (5) sampung langit (II Enoch 20:3b; 22:1). Ang lahat ng ito ay dapat nagpapakita ng pagkahiwalay ng Diyos mula sa pisikal na paglikha at/o kanyang hindi pagkatakda. Ang pinakakaraniwang dami ng mga langit sa rabinikal na Judaismo ay pito. Si A. Cohen, Everyman’s Talmud (p. 30), ay nagsasabing ito ay may kaugnayan sa mga astronomikong pook na nasasakop, ngunit iniisip ko na ito ay tumutukoy sa pito bilang ganap na bilang (i.e., ang mga araw ng

paglikha kung saan ang pito ay kumakatawan sa kapahingahan ng Diyos sa Gen. 1).

Si Paul, sa II Cor. 12:2, ay nagsasabi na ang "ikatlong langit (Griyegong ouranos) bilang isang paraan ng pagkilala sa personal, dakilang pagharap ng Diyos. Si Paul ay mayroong personal na pakikipagharap sa Diyos!

"Hesus" Ito ay maaaring isang tipolohikal na laro kay Jesus bilang bagong Josue. Ang kanilang mga pangalan ay hindi eksaktong magkapareho (i.e., Josue – Hebreo; Jesus –Aramaic). Ang may-akda ng Hebreo ay tumutukoy ng malawakan sa Exodus na gamit. Noong dinala ni Josue ang mga tao ng Diyos papasok sa kapahingahan ng Lupang Pinangako, ganoon din, dadalhin sila ni Jesus papasok sa langit.

"ang Anak ng Diyos" Ito ay parehong isang OT na banal na titulong patungkol kay Jesus ng Nazareth at patuloy na pagbigay-diin rin ng may-akda sa kay Hesus bilang "anak" (cf. 1:2; 3:6; 5:8; 7:28). Hindi ito isang aksidenteng ang sangkatauhan at ang kabanalan ni Hesus ay magkasamang binibigyang-diin (cf. Ezek. 2:1 - tao; Dan. 7:13 - banal). Ito ang pangunahing haligi ng NT katotohanan tungkol sa pagkato ni Kristo (cf. John 1:1,14; I John 4:1-6).

"tayo ay magpakatatag sa ating ipinapahayag" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PASAKALI. Ito ang patuloy na pagbibigay-diin sa pangangailangan para sa pagtitiyaga (cf. 3:6,14). Dapat nating balansehen ang ating panimulang desisyon (cf. John 1:12; 3:16; Rom. 10:9-13) sa patuloy na pagsunod (cf. Matt. 28:19-20; Eph. 2:10). Pareho itong mahalaga! Para sa isang pag-uusap tungkol sa salitang "pangumpisal, tingnan ang sinulat sa 3:1.

NATATANGING PAKSA: ANG PANGANGAILANGAN NG PAGTITIYAGA

Ang mga doktrinang pangbibliyang may kinalaman sa Cristianong buhay ay mahirap ipaliwanag dahil sila ay nilalahad sa karaniwang pangsilangang dialektikal na pares. Ang mga pares na ito ay magkasalungat, ngunit parehong pangbibliya. Ang mga Pangkanluraning Cristiano ay may ugaling piliin ang isang katotohanan at hindi papansinin o pababain ang kasalungat na katotohanan. Hayaang aking ilarawan.

1. Ang kaligtasan ba ay bilang panimulang desisyong magtiwala kay Cristo o isang buong buhay na pagpangako sa pagsunod?

2. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang naghaharing Diyos o paniniwala ng sangkatauhan at pagsisising tugon sa isang banal

na alok?

3. Ang kaligtasan ba, kapag natanggap na, ay hindi na maaaring mawala, o mayroon bang pangangailangan sa patuloy na patitiyaga?

Ang isyu ng pagtitiyaga ay naging dahilan ng pagtatalo sa kabuuang kasaysayan ng simbahan. Ang suliranin ay nagsisimula sa tila magkasalungat na mga sulatin ng NT:

1. mga teksto sa katiyakan

a. mga sinabi ni Jesus (John 6:37; 10:28-29)

b. mga sinabi ni Paul (Rom. 8:35-39; Eph. 1:13; 2:5,8-9; Phil. 1:6; 2:13; II Thess. 3:3; II Tim. 1:12; 4:18)

c. mga sinabi ni Pedro (I Pet. 1:4-5)

2. mga teksto sa pangangailangan ng patitiyaga

a. mga sinabi ni Jesus (Matt. 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Mark 13:13; John 8:31; 15:4-10; Rev. 2:7,17,20; 3:5,12,21)

b. statements of Paul mga sinabi ni Paul (Rom. 11:22; I Cor. 15:2; II Cor. 13:5; Gal. 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; Phil. 2:12; 3:18-20; Col. 1:23)

c. mga sinabi ng may-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)

d. mga sinabi ni John (I John 2:6; II John 9)

e. ang sinabi ng Ama (Rev. 21:7)

Ang pangbibliyang kaligtasan ay nagmumula sa pagmamahal, awa, at biyaya ng isang naghaharing Trinidad na Diyos. Walang taong maaaring iligtas na walang pagsisimula ng Espiritu (cf. John 6:44,65). Ang banal ay unang dumating at nagbibigay ng usapin, ngunit humihingi na ang mga tao ay tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, parehong panimula at tuloy-tuloy. Ang Diyos ay gumagawa kasama ang sangkatauhan sa isang tipang relasyon. Mayroon mga natatanging karapatan at tungkulin!

Ang kamatayan ni Jesus ay tumatalakay sa suliraning pagkasala ng mga bigong nilalang. Ang Diyos ay nagbibigay ng isang daan at nagnanais na ang lahat na ginawa ayon sa Kanyang imahe at tumugon sa Kanyang pagmamahal at alay sa kay Jesus.

Kung nais mo pang magbasa sa paksang ito mula sa isang hindi-Calvinistic na pananaw, tingnan ang

1. Dale Moody, The Word of Truth, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)

2. Howard Marshall, Kept by the Power of God, Bethany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, Life in the Son, Westcott, 1961 Ang Bibliya ay tumutugon sa dalawang magkaibang suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha ng katiyakan bilang isang pahintulot na mamuhay ng mga walang kwenta, makasariling buhay at (2) paghihikayat sa mga nakikibaka sa pagmiministro at sariling pagkasala. Ang suliranin ay ang pagkuha ng maling pangkat sa maling mensahe at pagtayo ng mga teolohikal na sistema batay sa makitid na mga sulating pangbibibliya. Ang ibang mga Cristiano ay desperadong nangangailangan ng mensaheng katiyakan, habang ang iba ay nangangailangan ng mga malupit na babala! Saang pangkat ka ba kasama?

4:15 "nakikiramay sa ating mga kahinaan" Si A. T. Robertson ay nagbibigay ng isa pang maaaring alternatibong pagsalin, "magtiis sa ating mga kahinaan" (cf. 2:17-18). Si Jesus ay walang kasalanan kailanman at hindi bumigay sa kasalanan kailanman, ngunit Siya ay nababad sa totoong tukso dahil sa kasalanan ng sangkatauhan.

"tinukso" Ang salitang (peirazo) ay may konotasyong "pagtukso na may panananaw patungo sa kasiraan" (cf. 2:18; 3:9; 11:37). Ito ay isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PANDIWARING, nagbibigay-diin sa isang tapos ng kalagayan sa pamamagitan ng isang panglabas na kinatawan, katulad ng nanunukso. Ang salitang ito ay isang titulo para kay Satanas ("ang isang nanunukso) sa Matt. 4:3 (pansinin din ang Mark 1:13). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:18.

"sa lahat ng paraan katulad natin ngunit hindi nagkasala" Si Jesus ay parehong buong Diyos at buong tao, at kahit ganoon naiintindihan Niya tayo! Ngunit, Siya ay hindi sumasali sa paghihimagsik ng mga nabigong sangkatauhan at kasarinlan mula sa Ama (i.e., ang inosente, walang kasalanang Isa, cf. 2:17-18; 7:26; Luke 23:41; John 8:46; 14:30; II Cor. 5:21; Phil. 2:7-8; I Pet. 1:19; 2:22; 3:18; I John 3:5).

4:16 "Kaya nga, dumulog tayo palapit" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponente) PASAKALING, nagbibigay-diin sa patuloy na pagsama ng paksa ngunit mayroong elementong pasakali. Ito ay isang teknikal na salita sa Septuagint (LXX) para sa isang saserdoteng papalapit sa Diyos. Sa Hebreo ang salitang ito ay ginagamit para sa kakayanan ng nabigong sangkatauhan sa paglapit sa Diyos dahil sa sakripisyo ni Jesus (cf. 4:16;

7:25; 10:1,22; 11:6). Ginawa ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod bilang isang "kaharian ng mga saserdote" (cf. Exod.19:5,6; I Pet. 2:5,9; Rev. 1:6).

"na may tiwala sa trono ng biyaya" Ang salitang ito ay nangangahulugang "kalayaan na magsalita ng mapangahas." Tayo ay may kalayaan, at kaya, may pagkamapangahas, sa paglapit sa harap ng Diyos sa pamamagitan ni Jesucristo cf. 10:19). Ito ay pareho sa simbolong napunit na belo ng Templo ni Herod sa Jerusalem sa araw ng pagkamatay ni Jesus (cf. Matt. 27:51; Mark 15:38; Luke 23:45). Sa pamamagitan ni Jesus, ang mga makasalanang tao ay maaaring lumapit sa karapan ng banal na Diyos kung saan makakatanggap sila ng awa at biyaya, hindi parusa.

"sa trono ng biyaya" Ito ay maaaring sirkumlokusyon para sa Diyos, katulad ng paggamit ng BALINTIYAK NA TINIG. Ang may-akda ng Hebreo ay tinitingnan ang langit bilang isang espiritwal na tabernakulo (cf. 9:11,24), ngunit isa ring pangkalangitang trono (cf. 1:8; 4:16; 8:1; 12:2).

"makatutulong sa panahon ng pangangailangan" Ang konteksto ay nagsasabi ng mga babala laban sa hindi pagnangan sa ating pangungumpisal. Ang Diyos ay tiyak na tutulong sa atin sa mga panahon ng mga pagsubok at panunukso (1) sa pamamagitan ni Jesus at (2) sa Kanyang sariling katangian.

MGA TANONG SA TALAKAYAN

Ito ay isang gabay sa pag-aaral, na ang ibig sabihing ikaw ay may tungkulin sa iyong sariling pagsalin ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Hindi mo dapat pinapaubaya ito sa tagapagsalita.

Ang mga talakayang tanong na ito at binibigay upang makatulong sa iyong makapag-isip sa mga pangunahing isyu nitong bahagi ng aklat. Sila ay inaasahang maging mapagpukaw-isipan, hindi katiyakan.

1. Bakit ang kapitulong ito ay napakahirap para sa ating intindihin?

2. Bakit ang pagbibigay diin sa "manangan" ay paulit-ulit sa Hebreo?

3. Mayroon bang teolohikal na kahalagahan sa kay Jesus ang tawagin parehong “Jesus” at “Anak ng Diyos” sa v.4?
4. Ano ang ibig sabihin na si Jesus “dumaan patagos sa mga kalangitan?
5. Paanong pagtitiyaga ay may kaugnayan sa katiwasayan ng sumasampalataya?

HEBREO 5

PAGHAHATI NG MGA TALATA SA MAKABAGONG PAGSALIN

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Si Jesus ang Nakahihigit na Pinakapunong-Saserdote		Ang Tema ni Jesus Ang Ating Pinakapunong-Saserdote	Si Jesus ang Nakahihigit na Pinakapunong-Saserdote	Si Jesus ang Mahabaging Pinakapunong-Saserdote
(4:14-5:10)	Mga Katangiang Kailangan para sa Pinakapunong-Pagkasaserdote	(4:14-5:14)	(4:14-5:10)	(4:14-5:10)
5:1-4	5:1-4	5:1-6	5:1-6	5:1-10
	Isang Saserdote Magpakailanman			
5:5-10	5:5-11			
		5:7-10	5:7-10	
Babala Laban sa Apostasia			Babala Laban sa Pagtalikod sa Pananampalataya	Cristianong Buhay at Teolohiya
(5:11-6:12)			(5:11-6:17)	
5:11-6:8	Spiritual Immaturity Espitiwal na Hindi Ganap	5:11-14	5:11-14	5:11-14
	5:12-14			

MGA KONTEKSTONG KAALAMAN

A. Sa 3:1 dalawang salita ang unang ginamit upang ilarawan si Jesus: "apostoles" at "pinakapunong saserdote."

B. Alam ng may-akda ng Hebreong ang konseptong si Jesus bilang pinakapunong saserdote sa linya ni Melquisedec ay magiging mahirap para sa Kanyang mga Judiong Cristianong tagatanggap na tanggapin.

C. Ang pampanitikang yunit, 5:11-6:20, ay isang panaklong sa talakayan ng may-akda tungkol kay Melquisedec upang magbabala sa parehong sumasampalatayang Judio at mga hindi sumasampalatayang Judio.

D. Sa 5:11-12 mayroon tayong dalawang pangunahing panghalip: "tayo" (v.11) at "kayo" (vv. 11—tatlong ulit). Itong mga panghalip ay sumasalamin sa tatlong pangkat sa mas malawak na konteksto ng 5:11-6:12.

1. "tayo" at "tayo," 5:11; 6:1-3, ang may-akda at ang kanyang lumilingkod na koponan
2. "kayo," 5:11-12; 6:9-12, ang mga sumasampalatayang Judio kung kanino sumusulat ang may-akda
3. "sila" at "sila," 6:4-8, ang mga hindi sumasampalatayang Judiong mga kapwa tagasamba at kaibigan ng mga tagatanggap ng sulat

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 5:1-4
1Sapagkat ang bawat pinakapunong-saserdote ay kinuha mula sa mga kalalakihan upang siya ang dapat na kumatawan sa kanila sa mga bagay na may kinalaman sa Diyos at upang siya ay naghandog ng mga kaloob at mga handog para sa kasalanan. 2Yamang siya rin naman ay napapaligiran ng kahinaan, maaari siyang makitungo nang mahinahon sa mga mangmang at sa mga naliligaw. 3Dahil dito, kailangan niyang maghandog ng mga handog para sa kasalanan. Kung papaanong siya ay naghandog para sa mga tao, gayundin naman ay maghandog siya para sa kaniyang sarili. 4Walang sinumang nag-angkin ng karangalang ito para sa kaniyang sarili, kundi siya na tinawag ng Diyos tulad ng kaniyang pagkatawag kay Aaron.

5:1 "bawat pinakapunong saserdote" Ang mga bersong 1-4 ay naglalarawan ng mga OT saserdote:

1. nagmumula sa isa sa mga lipi (Levi)
2. tumatayo sa harapan ng Diyos para sa kapakanan ng sangkatauhan
3. nagbibigay ng mga handog at hain para sa kasalanan (cf. 8:3; 9:9)
4. humaharap sa nga makasalanan dahil siya ay isang makasalanan (cf. Lev. 16:3,6)
5. hindi kumukuha ng personal na karangalan, ngunit napaparangal sa pamamagitan ng pagpili at gamit ng Diyos

5:2

NASB, NRSV	**"nang mahinahon"**
NKJV	**"mahabagin"**
TEV	**"kayang maging mahinahon"**
NJB	**"nakikiramay sa"**

Itong Griyegong salita ay ginagamit lamang dito sa NT at hindi na makikita sa Septuagint. Ito ay ginagamit sa Aristeas 256 upang tumukoy sa pilosopiya ng katamtaman (cf. Moulton at Milligan, The Vocabulary of the Greek New Testament, p. 406).

o **"ang mangmang at naliligaw"** Sa OT ang mga kasalanang kamangmangan at simbuyo ay maaaring patawarin sa pamamagitan ng handog (cf. Lev. 4:2,3; Num. 15:22-31; Deut. 17:12,13; Ps. 51), ngunit ang mga kasalanang may pagpaplano ay hindi (cf. Lev. 4:22,27; 5:15-18; 22:14; Num. 15:24,27-31).

Sa Word Pictures in the New Testament, Vol. V, si A. T. Robertson ay gumagawa ng teolohikal na kaugnayan sa gitna ng mga sadyang kasalanan ng OT kung saan walang pagpapatawad sa pamamagitan ng handog at ang mga babala sa 3:12 and 10:26. Ang kanyang sinasabi ay "para sa sadyang apostasiya (3:12; 10:26) walang kapatawarang binibigay" (p. 368).

5:3 "dahil dito kailangan niyang maghandog ng mga handog para sa kasalanan para sa mga tao, gayundin naman para sa kaniyang sarili" Ito ay tumutukoy sa mga pamamaraan ng mga Araw ng Pagbabayad-Sala (cf. Lev. 16). Ang pamamaraan para sa pagbabayad-sala ng pinakapunong saserdote para sa kanyang sarili ay matatagpuan sa Lev. 9:7-17; 16:6-19; at Heb. 9:7. Ating nalaman mula sa Heb. 7:26,27 na si Jesus ay hindi kailanman naghandog ng handog para sa Kanyang sariling kasalanan.

5:4 "walang sinumang nag-angkin ng karangalan para sa kanyang sarili" Ang Diyos ay humirang ng isang tiyak na lipi (Levi) at isang tiyak na pamilya (Aaron's, cf. Exod.28:1; I Chr. 23:13) upang gumanap bilang mga saserdote (cf. Num. 16:40; 18:7; I Sam. 12:9-14; II Chr. 16:18).

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 5:5-10

5Gayundin naman, hindi inangkin ni Cristo para sa kaniyang sarili ang kaluwalhatian ng pagiging isang pinakapunong-saserdote. Subalit sinabi ng Diyos sa kaniya: "IKAW AY ANG AKING ANAK. SA ARAW NA ITO AY IPINANGANAK KITA." 6Gayundin naman sa ibang dako ay sinabi niya ito: "IKAW AY ISANG SASERDOTE MAGPAKAILANMAN, AYON SA PANGKAT NI MELQUISEDEC." 7Siya, nang nabubuhay pa sa laman, ay kapwa humiling at dumalangin na may malakas na iyak at pagluha sa kaniya na makakapagligtas sa kaniya mula sa kamatayan. At dahil siya ay may banal na pagkatakot, siya ay dininig. 8Bagaman siya ay isang anak, natutunan niyang sumunod mula sa mga bagay na kaniyang tiniis. 9Nang siya ay naging ganap, siya ay naging pinagmulan ng walang hanggang kaligtasan para sa lahat ng mga sumusunod sa kaniya. 10Siya ay itinalaga ng Diyos na maging isang pinakapunong-saserdote ayon sa pangkat ni

Melquisedec.

5:5 "hindi inangkin ni Cristo para sa Kanyang sarili ang kaluwalhatian" (cf. John 8:50,54)

o **"pagiging isang pinakapunong saserdote"** Lubhang napakahirap na paniniwalain ang isang pangkat ng mga Judiong si Jesus ay isang pinakapunong saserdote gayong hindi Siya nanggaling sa lipi ni Levi. Ito ang layunin nitong mahabang pangangatwiran batay sa mga OT sipi.

o **"subalit Siyang nagsabi"** Ang may-akda ay naninindigang ang Ama ay pinapatibay ang pinuring posisyon ni Jesus sa pamamagitan ng pagsipi ng isang pangunahing makaharing Psalm, 2:7. Ang Ama ay nagsipi nitong parehong Salmong isinama sa Isa. 42:1 sa binyag ni Jesus (cf. 3:17)

Si Arius (i.e., noong ikaapat na siglo A.D.) sa kanyang pangteolohikal na gulo kay Athanasius tungkol sa kabuuang pagkadiyos ni Jesus) ay gumamit ng ikawalang bahagi nitong sipi upang ipanindigang si Jesus ay una at pinakamataas na nilikha ng Diyos (cf. Prov. 8:22-31), ngunit ang layunin ng sipi ay ang pagiging anak ni Jesus (cf. 1:2; 3:6; 5:8; 7:28).

5:6 "IKAW AY ISANG SASERDOTE MAGPAKAILANMAN, AYON SA PANGKAT NI MELQUISEDEC" Itong sipi ay mula sa Ps. 110:4. Ang Salmong ito ay bukod-tangi sa katotohanang ito ay tiyak na nagbibigay sa Messiah ng parehong katungkulan ng pagiging isang pagkasaserdote at isang pagkahari (cf. Zech. 4:3,11-14; 6:13). Ating nalaman mula sa mga Dead Sea Scroll na ang mga Essene ay umaasa sa dalawang Messiah, isang makahari at isang makasaserdote. Si Jesus ay parehong ginampanan ang dalawang tungkulin. Bilang katotohanan, Siya ay gumagampan ng tatlong OT hinirang na mga tungkulin: propeta, saserdote at hari (cf. 1:1-3).

o **"Melquisedec"** Ang buong pagpapaunlad nitong tema ay nasa kapitulo 7.

5:7 "nang nabubuhay pa sa Kanyang laman" Ito ay tumutukoy kay Jesus, hindi kay Melquisedec. Ito ay hindi nangangahulugang nagpapahiwatig na si Jesus ay hindi nanatiling tao. Si Jesus ay naging Inkarnasyon at nanatiling Inkarnasyon magpakailanman.

o **“mga panalangin at hiling na may malakas na iyak at pagluha”** Ito ay maaaring umuugnay sa karanasan ni Jesus sa Gethsemane sa Matt. 26:37 at Luke 22:44. Ito ay maaaring may kaugnayan sa tatlong antas ng panalangin ng mga guro, nagpapakita ng pagkatindi ng damdamin ni Jesus sa Hardin ng Gethsemane o ang Kanyang pinakapunong pagkasaserdoteng panalangin sa John 17 noong gabi ng Pasko na hapunan ng mga disipulo bago ang Gethsemane.

o **“sa Kaniyang makakapagligtas sa Kaniya mula sa kamatayan”** Si Jesus ba ay takot sa kamatayan? Ang kamatayan ay isang karaniwang takot ng tao at si Jesus ay buong tao. Sa pinakamataas sa tingin ko Siya ay natakot sa pagkawala ng samahan sa Ama (cf. Mark 15:34). Alam Niya kung sino Siya at bakit Siya dumating (cf. Mark 10:45; Matt. 16:21).

Ang tatlong mga tao ng Trinidad ay nasangkot sa muling pagkabuhay ni Jesus, hindi lamang ang Ama (cf. the Spirit, Rom. 8:11; at Jesus, John 10:17-18).

Itong parirala ay maaaring sumalamin sa ilang OT tekstong naninindigang ang YHWH ay liligtas sa Messiah mula sa pisikal na kamatayan (cf. Ps. 33:19; 56:13 or Hos. 13:14) o muling bubuhay sa Kaniya mula sa kamatayan (cf. Ps. 16:10; 49:15; 86:13). Kung itong konteksto ay sumasalamin sa panalangin ni Jesus sa Gethsemana, kung ganoon opsyon #1 ang pinakamaganda.

NASB “Siya ay dininig dahil sa Kaniyang banal na pagkatakot”
NKJV “at dininig dahil sa Kaniyang makadiyos na pagkatakot”
NRSV “siya ay dininig dahil sa kanyang magalang na pagpapakababa”
TEV “Dahil siya ay mapagkumbaba at deboto, dininig siya ng Diyos”
NJB “nanalo ng isang pagdinig sa pamamagitan ng kanyang paggalang”

Ang pariralng ito, tulad ng Rom. 1:4, ay ginamit upang suportahan ang teyolohikal heretical na konsepto ng “pagpapatibay,” na naninindigang ang Diyos ginantimpalaan ang taong Jesus dahil sa Kaniyang makadiyos, masunuring buhay. Ang NT sa kabuuan ay nagpapahayag sa paradox na si Jesus ay inkarnasyong diyos at ginantimpalaan dahil sa Kaniyang magandang paglingkod! Kahit paano, ang dalawa ay parehong totoo.

” Ang mga pagkakaiba sa mga Ingles na pagsalin ay nanggagaling mula sa kalabuan ng Hebreong salitang “takot,” lalo na ito ay ginagamit sa relasyon ng sangkatauhan sa Diyos. Tila ito ay nangangahulugang “magalang na sindak” o kabanalan, hindi :takot ng.”

5:8 “Bagaman Siya ay isang Anak” Ang salitang “anak” ay hindi dapat gawing malaking titik. Ito ay isa sa ilang paghahambing sa gitna ng isang kasapi ng pamilya laban sa tagalingkod ng pamilya (cf. 1:2; 3:6; 5:8; 7:28).

o **“natutunan Niyang sumunod mula sa mga bagay na Kaniyang tiniis”** Itong buong seksiyon ay nagbibigay-diin pareho sa kay Jesus bilang isang “anak” ng Diyos (cf. 4:14) at sa kabila noon tao (cf. “nang nabubuhay pa sa Kaniyang laman” v. 7, 5:7). Siya ay sinubok; Siya ay nanalangin; Siya ay umiyak; Siya ay nagtiis; Natuto Siya ng pagsunod! Mahirap na teolohikal na panghawakan ang totoong pagkadiyos at totoong pagkatao ni Jesus bilang isang katotohanan (isang kalikasan). Sa kabuuang kasaysayan ng Simbahan, nagkaroon ng mga hakahaka sa tuwing ang saan man sa dalawang bahagi ay binababa ang kahalagahan.

Mahirap sa mga sumasampalatayang maisip na dapat nilang sundin ang halimbawa ni Jesus. Ito ang suliraning hinaharap ng mga sumasampalatayang tagatanggap. Sila ba, tulad ni Jesus, ay makakatagal hanggang sa katapusan, kahit na ito ay sasangkot ng paghihirap? Ang kahirapan ay bahagi ng kabuuan (cf. 2:10; Matt. 5:10-12; John 15:18-21; 16:1-2; 17:14; Rom. 8:17; II Cor. 4:16-18; I Pet. 4:12-19).

Ito ay tumutukoy sa Kanyang pag-unlad bilang isang tao (cf. Luke 2:40,52). Ang paghihirap ay mayroong layuning pagpapaunlad ng tiwala dahil walang ibang bagay na maaari. Kung totoong layon ng Diyos para sa bawat sumasampalataya ang pagiging katulad ni Kristo, bakit ang mga makabagong kanluraning kristiano ay lumalayo sa pinakamekanismong dumudulot ng kaganapan?

5:9 “at nang siya ay naging ganap” Ito ay isang MAKA-AORONG BALINTIYAK (deponente) PANDIWARI. Ang salitang “ganap” ay nangangahulugang “nasa kapanahunan” o “handang-handa para sa binigay na gawain.” Ang kaganapan o kapanahunan pareho ni Jesus at ng Kanyang tagasunod ay isang pangunahing konsepto sa Hebreo (cf. 2:10; 5:9,14; 6:1; 7:11,19,28; 9:9,11; 10:1,14; 11:40; 12:2,23). Tingnan ang buong sulatin sa 10:1.

o **“sa lahat ng mga sumusunod sa Kaniya”** Ang pagsunod ay isang patunay ng totoong pagiging disipulo (cf. Luke 6:46). Si Jesus ang ating halimbawa sa lahat ng bahagi.

5:10 “itinalaga ng Diyos na maging isang pinakapunong-saserdote ayon sa pangkat” Sa Hebreo mayroong dalawang titulo para kay Jesus na binabanggit (1) anak, at (2) pinakapunong-saserdote. Tingnan ang Natatanging Paksa: Jesus bilang Pinakapunong-Saserdote sa 2:17.

o **“Melquisedec”** Si Melquisedec ay tinutukoy dahil siya lamang ang iisang tao sa OT na tinatawag na parehong saserdote at hari, at sapat na gumaganap sa teolohikal na pangangailangan para sa rabinikal na pangangatwirang ito. Si Melquisedec ay tila isang maaninong anyo ng Gen. 14:17-20 at Ps. 110:4 na ginagamit upang ilarawan ang kahigitan ng pagkasaserdote ni Jesus kay sa Maka-Aarong pagkasaserdote. Tingnan ang buong talakayan sa kapitulo 7.

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 5:11-14

11Marami kaming masasabi patungkol sa kaniya na mahirap ipaliwanag dahil kayo ay naging mapurol sa pakikinig. 12Sapagkat sa panahon na kayo ay dapat na maging mga guro, nangangailangan pa kayo na may magturo sa inyong muli ng panimulang katuruan ng mga aral ng Diyos. Kayo ay naging katulad ng mga nangangailangan pa ng gatas at hindi tulad ng mga nangangailangan ang matigas na pagkain. 13Sapagkat ang sinumang nabubuhay sa gatas ay hindi pa sanay sa katuruang patungkol sa katuwiran sapagkat siya ay isa pang sanggol. 14Ngunit ang pagkaing matigas ay para sa mga taong ganap na. Dahil sa pagsagawa ay nasanay na nila ang kanilang mga kaisipan upang makilala ang masama at mabuti.

5:11 “kaniya” Itong panghalip ay maaaring alinman sa PANLALAKI o DI-TIYAK. Sa tingin ko ang DI-TIYAK ay mas umaangkop (cf. NRSV, TEV, NJB, NIV). Kaya, ito ay tumutukoy sa pagka-Melquisedec na pagkasaserdote ni Jesus.

o **“Tayo”** Ito ay isang pampanitikang PANGMARAMI, at tumutukoy sa nag-iisang may-akda.

o **“kayo ay naging mapurol ang pakikinig”** Ito ay isang PANGNAGDAANG TAHASANG PATUROL, na nagbibigay-diin sa isang nanahang kalagayan ng nilalang. Ang salitang “purol”

ay dalawang ulit lamang ginamit sa NT, dito at sa 6:12. Ang may-akda ay mayroong kahirapan sa pagpapaliwanag, hindi dahil sa paksa, kundi dahil sa wala hindi ganap ang mga mambabasa. Sila ay napurol ang pandinig at naging tamad sa mga espiritwal na bagay.

Ang kontekstong ito ay bukod-tangi sa Hebreo dahil ang tatlong PANGHALIP ay ginagamit: "kayo" (5:11,12; 6:9-12), "tayo" and "tayo" (5:11; 6:1- 3,9), and "sila" (6:4-8). Ito ay tila sumusuporta sa pinapalagay na pangkasaysayang pagbubuo muli na ang aklat ng Hebreo ay sinulat sa isang pangkat ng mga sumasampalatayang Judiong nananatiling masaya sa pagsamba sa isang sambahayang lugar kasama ang mga hindi sumasampalatayang Hudyo, hindi magpakailanman niyayakap ang mga maaaring kalabasan ng ebanghelyo.

5:12 "Sapagkat sa panahon na kayo ay dapat na maging guro" Kahit na ang mga sumasampalatayang ito ay naging mga Kristiano na sa loob ng mahabang panahon, sila ay hindi ganap. Ang haba ng panahon ay hindi tahasang umuugnay sa kaganapan. Tila sila ay patuloy sa pakikisama sa mga hindi sumasampalatayang Judio sa batayan ng hindi-magusot na mga Judiong paksain (cf. 6:1-2). Ito ay maaaring (1) upang makaiwas sa pampamahalaang pag-usig at/o (2) upang makaiwas sa "matinding paggawang" pangakong kinakailangan sa mga Kristiano.

NASB "panimulang katuruan"
NKJV "unang katuruan"
NRSV "ang mga pangunahing elemento"
TEV "ang mga unang aral"
NJB "ang mga elemento ng mga katuruan"

Ang salitang ito ay mayroong maraming maaaring kahulugan (i.e. malawak sa semantikong sakop): (1) ang mga pangunahing aral ng isang paksa; (2) ang pinanggalingan ng isang paksa; o (3) mga pang-anghel na kapangyarihan (cf. Gal. 4:3,9; Col. 2:8). Sa ganitong konteksto ang #1 ay tila pinakamaganda. Ang may-akda ay naninindigang itong mga hindi ganap na sumasampalataya ay nangangailangan ng mga panimula ng Kristianismong ituro sa kanila (gamitin ang # 1), ngunit sa 6:1, ang kahulugang #2 ay umaangkop dahil ang 6:1-2 ay mayroong kaugnayan sa Judiong turo, hindi bukod-tanging mga Kristianong turo, na sila ay dapat lumampas. Ang Griyegong salita dito ay stoichea, habang sa 6:1 ito ay arche (tingnan ang Natatanging Paksa: Arche sa 3:14.

"mga aral ng Diyos" Ang salitang ito ay ginagamit sa mga OT katotohanan sa Acts 7:38 and Rom. 3:2.

"gatas…matigas na pagkain" Ito ay parehong bigay ng Diyos at parehong angkop sa tiyak ng mga panahon. Ngunit, ang gatas ay hindi angkop para sa ganap (cf. I Cor. 3:2; I Pet. 2:2).

5:13 "katuruang patungkol sa katuwiran" Ang pangsaling tanong ay paano itong pariralang ito umuugnay sa "mabuti at masama" ng v.14? Ang NJV ay sumasalin sa una bilang may kaugnayan sa doktrina, "ang doktrina ng mapagligtas na katarungan." Ang TEV ay sumasalin sa kanila bilang magkahanay "tama at mali" (v. 13) at "mabuti at masama" (v. 14). Ang unang parirala ay tumatalakay sa suliranin ng hindi ganap, habang ang ikalawa ay tumatalakay sa isang suliraning kakulangan ng gawa/karanasan.

Maaring ang pariralang ito ay pinag-iiba sa "ang mga panimulang katuruan" ng v. 12; 6:1.

Kaya ito ay tutukoy sa ebanghelyo kaysa laban sa mga Juding doktrina ng of 6:1-2.

Para sa isang pag-aaral ng salita sa makatuwiran tingnan ang natatanging paksa sa 1:9.

5:14 "ang ganap" ang salitang ito mula sa parehong Griyegong ugat nasalin sa "ganap" sa 5:9. Ang telos ay nangangahulugang ganap, may buong kakayanan para sa isang inatas na gawain. Ang pagkatao ni Jesus ay isang halimbawa ng katapatan at pag-unlad sa kaganapan (cf. vv. 8-9), katulad ng mga buhay ng mambabasang dapat maging. Itong mga sumasampalatayang Judio ay nakaranas ng ilang pag-usig (cf. 12:4), ngunit sila ay may ugaling umurong (cf. "tumalikod" 10:38) sa inaakalang kaligtasan ng Judaismo.

"dahil sa pagsagawa nasanay na nila ang kanilang mga kaisipan" Ito ay isasng PAGNAGDAANG BALINTIYAK NA PANDIWARI, na nagsasabi ng umuulit na gawang naging isang pagbubuo sa isang nanahang kalagayan ng nilalang-ang pagsasanay ay patungo sa pagiging ganap!

MGA TANONG PANGTALAKAYANG

Ito ay isang gabay ng pag-aaral na komentaryong nangangahulugang tungkulin mo ang iyong sariling pagsalin ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Dapat hindi mo ipaubaya ito sa isang tagapagsalita.

Itong mga pangtalakayang tanong ay binibigay upang makatulong sa iyong pag-isipan ang mga pangunahing usapin nitong seksiyon ng aklat. Sila ay inaasahang maging pangpukaw-isipan, hindi katiyakan.

1. Bakit napakahirap para sa mga Judiong taong tanggapin ang katotohanang si Jesus ang pinakapunong-saserdote?
2. Paano umuugnay ang paghihirap sa kaganapan, pareho ni Jesus at ng mga sumasampalataya?
3. Anong mga bagay ang nagdulot sa mga mambabasang itong hindi maging ganap?

HEBREO 6

PAGHAHATI NG M,GA TALATA SA MAKABAGONG PAGSALIN

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Babala Laban sa Apostasiya			Babala Laban sa Pagtalikod sa Pananampalataya	Ang May-Akda ay Nagpapaliwanag ng Kaniyang Hangarin
(5:11-6:12)			(5:11-6:12)	
5:11-6:8	Ang Panganib ng Hindi Sumusulong	Paghikatay at Pagpahayag ng Layunin		
	6:1-8	6:1-8	6:1-3	6:1-8
	Isang Mas Higit na Pagtantiya		6:4-8	Mga Salita ng Pag-asa at Pangpalakas-Loob
6:9-12	6:9-12	6:9-12	6:9-12	6:9-12
Ang Tiyak na Pangako ng Diyos	Ang Hindi Nababaling Layunin ng Diyos kay Kristo		Ang Tiyak na Pangako ng Diyos	
6:13-20	6:13-20	6:13-20	6:13-20	6:13-20

MGA KONTEKSTONG KAALAMAN

A. Dahil sa gamit ng mga PANGHALIP "Tayo/tayo" sa 6:1-3, "sila/sila" sa 6:4-8, at "kayo" sa 6:9-12 at 5:11-12, ako ay naniniwalang dalawang magkaibang pangkat ang pinapahayagan sa kapitulo 6: ang mga sumasampalatayang Judio at hindi sumasampalatayang Judio. Isa pa, ang mga Judiong (hindi Cristiano) kalikasan ng

mga pangunahing doktrina ng 6:1-2 ay tumuturo sa mga katotohanang kapareho sa Judaismo. Tila mayroong tatlong pangkat na binanggit

1. ang may-akda at ang kanyang tagalingkod na koponan ("tayo" at "tayo," vv. 1-3,9; 5:11)

2. mga hindi sumasampalatayang Judio ("sila" at "sila," vv. 4-8)

3. mga hindi sumasampalatayang Judio ("kayo," vv. 9-12 at 5:11-12)

B. Mayroong ilang teoriya tungkol sa kung sino ang pinapahayagan:

1. ito ay isang pahpapalagay (na karaniwan ay naglalagay ng "kung" sa v. 6)

2. ito ay tumutukoy sa mga Judiong hindi sumasampalataya

3. ito ay tumutukoy sa totoong apostasiya (mga Judiong sumasampalatayang malapit nang bumalik sa mga OT pag-asa at pamamaraan sa halip ng patuloy na pananampalataya kay Jesus bilang ang Messiah)

4. ito ay tumutukoy sa unang-siglong kalagayan lamang (na nakakaintindi sa pangkasaysayang kalagayan bilang isang sambahayang lugar ng mga sumasampalataya at hindi sumasampalatayang Judio)

5. ito ay tumutukoy sa mga OT halimbawa ng hindi pananampalataya, hindi mga pangkasalukuyang sumasampalataya

C. Ang mga babala ng 6:1-12 ay dapat may kaugnayan sa naunang mga babala sa

1. mag-ingat na madala lampas sa ligtas na pagkaangla, 2:1

2. mag-ingat sa sadyang hindi pagsasampalataya (bilang mga OT Israelite), 3:12-19

3. mag-ingat ng mananatiling hindi ganap na mga sumasampalataya, 5:11-14

D. Ang kasalukuyang pagtatalo sa simbahan tungkol sa "minsang naligtas laging ligtas"; "niligtas, nawala, at muling naligtas" at "minsang lumabas laging nasa labas" ay umiikot sa:

1. ang paggamit ng bukod na mga teksto (katibayang-teksto)

2. ang paggamit ng lohikal na pag-iisip (pagbibigay halaga sa dahilan kaysa Kasulatan)

3. ang paggamit ng mga sistematikong teolohikal na grid (Calvinismo, Arminianismo, Dispensationalismo, atbp.)

E. Mayroong maraming pangbibliyang halimbawa ng mga taong may suliraning kaugnay sa kanilang pananampalataya, ngunit walang madaling sagot na sasakop sa kanilang lahat

1. ang mga sumasampalataya ay nagiging hindi angkop para sa paglingkod

   a. mga karnal na Cristiano o mga tamad na Cristinanong pinuno (I Cor. 3:10-15)

   b. mga sanggol na Cristiano (Heb. 5:11-14)

   c. mga hindi kwalipikadong Cristiano (I Cor. 9:27)

   d. hindi orthodox na mga Cristiano (I Tim. 1:19-20)

   e. walang bungang mga Cristiano (II Pet. 1:8-11)

2. mga maling pagpapahayag ng pananampalataya

   a. parabola ng mga lupa (Matt. 13; Mark 4)

   b. mga bunga na walang personal na relasyon (Matt. 7:21-23)

   c. mga huwad na guro (I John 2:18-19; II Pet. 2:19-20)

3. maaaring apostasiya

   a. Saul (OT)

   b. Judas (NT)

   c. mga huling tagasalin (Revelation 22:19)

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

NASB (ISINAPAHAON) TEKSTO: 6:1-8

1Dahil dito, itigil na natin ang pag-uusap sa mga panimulang katuruan patungkol kay Cristo. Dapat tayong magpatuloy na lumago sa lalong ganap na mga bagay. Huwag na nating muling ilagay ang saligan ng pagsisisi mula sa mga patay na gawa at pananampalataya sa Diyos. 2Gayundin naman ang patungkol sa mga pagbabawtismo, pagpapatong ng mga kamay, muling pagkabuhay ng mga patay at

kahatulang walang hanggan. 3Kung ipahihintulot ng Diyos, gagawin namin ito. 4Sapagkat minsan ay naliwanagan na ang mga tao. Natikman na nila ang makalangit na kaloob at naging kabahagi na ng Banal na Espiritu. 5Natikman na nila ang mabuting Salita ng Diyos at ang mga kapangyarihan ng darating na kapanahunan. 6Kung sila ay tatalikod, hindi na maaring mapanumbalik sila sa pagsisisi. Sapagkat muli nilang ipinako sa krus para sa kanilang sarili ang anak ng Diyos. 7Sapagkat ang lupa ay umiinom ng ulang malimit bumuhos dito. Pagkatapos, ito ay nagbibigay ng mga tanim na mapapakinabangan ng mga nagbungkal nito. Ito ay tumatanggap ng pagpapalang mula sa Diyos. 8Ngunit ang lupang tinutubuan ng mga tinik at mga dawag ay tinatanggihan at nanganganib na sumpain. At ito ay susunugin sa katapusan.

6:1-2 Itong isang tala ng mga doktrina ay nag-uugnay sa mga usaping parehong pinapaniwalaan ng Judaismo at Cristianismo. Ngunit, sila ay pangunahing Judio (i.e., mga paghugas at pagpatong ng mga kamay). Ito ay mga doktrinang parehong ang sumasampalataya at hindi sumasampalatayang Judio ay madaling sasang-ayon dito. Sila ay hindi mga mahalagang teolohikal na usaping may kaugnayan kay Jesus ng Nazareth bilang ang pinopropesiyang Messiah.

Mayroong isang maaaring teoriyang ang unang parirala ay dapat sumalin sa arche (mga panimulang katuruan) bilang "ang mga pinanggalingan ng Messiah" (cf. A. B. Bruce, The Epistle to the Hebrews, p. 197). Maaari kayang ang isang pangkat ng mga Judio ay nabigo sa pag-usbong ng Hentiles na katangian ng Cristianismo at nagtatanong kung paano maisaganap ni Jesus ang OT propesiya at mga inaasahan? Maari kayang ang tala ng mga Judiong doktrina ay ang pinagtuunan ng isang talakayan tungkol sa maaaring pagbalik sa Mosaic na tipan para sa kaligtasan, sa halip na si Jesus?

6:1

NASB, NJB	**"mga panimulang katuruan patungkol kay Cristo"**
NKJV	**"ang talakayan ng mga panimulang kay Cristo"**
NRSV	**"ang mga pangunahing katuruan patungkol kay Cristo"**
TEV	**"ang mga unang aral ng Cristianong mensahe"**

Ang Griyegong salitang arche ay mayroong isang malaking semantikal na sakop (tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:14). Ang pangunahing layunin ay ang pagsisimula ng ilang bagay

(ang unang dahilan ng kapangyarihan/pamumuno). Ito ang pangkontekstong kasalungat ng teleios ("kaganapan" v. 1b).

Ang suliranin sa pag-intindi nitong parirala ay ang mga katuruang itinala sa vv. 1-2 hindi umuugnay sa Messiah kaysa tradisyunal na mga katuruan ng Judaismo. Ito ang ating tekstong dahilan para sa palagay na ang aklat ay sinulat sa isang Judiong sambahayan tagapakinig (cf. 10:25) ng parehong sumasampalataya at hindi sumasampalatayang mga Judio.

o **"dapat tayong patuloy na lumago"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PASAKALI, "dapat tayong ipanganak." Ang pinagtutuunan ay ang patuloy na pagbibigay ng isang banal na kinatawan! Sila ay susulong patungong kaganapan kung hayaan nila ang Espiritung malayang ganyakin sila. Itong nakapa-Hriyegong salita ay ginamit ng mga Pythagoreyang pilosopo para sumulong sa isang mas mataas na antas ng pag-unawa (cf. A. T. Robertson's Word Pictures in the New Testament, p. 373).

NASB, TEV "kaganapan"
NKJV, NRSV "kaganapan"
NJB "kabuuan"

Ito ay isang anyo ng Griyegong salitang teleios, na ginagamit lamang dito sa NT. Ito ang kontekstong salungat ng arche of v. 1a (pangunahing katuruan). Itong mga sumasampalataya ay dapat gumalaw lampas sa mga teolohikal na paksa na mayroong kapareho sa kanilang mga Judiong kaibigan at kasambahan.

o "pagsisisi…pananampalataya" Ito ang mga luma at bagong tipang tungkulin, isang negatibo at isang positibo. Ang pagsisisi ay isang mahirap na paksa dahil sa kaguluhan tungkol sa kanyang kahulugan. Ang Hebreong salita ay sumasalamin sa isang pagbabago ng gawa habang ang Griyegong salita ay sumasalamin ng isang pagbabago ng isip. Ang pagsisisi ay ang pagtalikod mula sa isang nakatuon sa sarili, sariling ang nangangasiwang buhay patungo sa isang nakatuon sa Diyos, Diyos ang nangangasiwang buhay: (1)Si Jesus ay nag-ugnay sa kakulangan ng pagsisisi sa pagkamatay (cf. Luke 13:3,5 and II Pet. 3:9); (2) ang pagsisisi ay inuugnay bilang kasamang tungkulin sa pananampalataya cf. Mark 1:15; Acts 2:38, 41; 3:16; 19; 20:21); at (3) Ang Diyos ay lalo pang pinapatibay na bilang pinanggagalingan ng pagsisisi (cf. Acts 5:31; 11:18; II Tim. 2:25).

6:2 "pagbabawtismo" Ang PANGMARAMI ay hindi kailanman ginagamit para sa Cristianong binyag, ngunit para sa mga OT pangseremonyang absolusyon (cf. Mark 7:4; Heb. 9:10). Itong tatlong pares ng mga doktrina ay hindi bukod-tanging Cristiano. Sila ay tila mga karaniwang doktrina sa Judaismo, lalo na silang mga kapareho ng mga Pharisee sa Cristianismo.

o **"pagpapatong ng mga kamay"** Ito ay ginagamit sa ilang kaisipan sa OT at NT. Ito ay nagpapakita ng kaugnayan sa:

1. pag-iisang-tabi ng isa sa napiling gawain ng Diyos (cf. Num. 27:18,23; Deut. 34:9; Acts 6:6; 13:3; I Tim. 4:14; 5:22; II Tim. 1:6)
2. pagkikiisa sa isang handog
   a. saserdote (cf. Exod.29:10,15,19; Lev. 16:21; Num. 8:12)
   b. karaniwang mga tao (cf. Lev. 1:4; 3:2,8; 4:4,15,24; II Chr. 29:23
3. pakikiisa sa isang biktima ng pambabato (cf. Lev. 24:14)
4. pananalangin para sa biyaya (cf. Matt. 19:13,15)
5. para sa kagalingan (cf. Matt. 9:18; Mark 5:23; 6:5; 7:32; 8:23; 16:18; Luke 4:40; 13:13; Acts 9:17; 28:8)
6. pananalangin para sa pagtanggap ng Espiritu(cf. Acts 8:17-19; 19:6)

"ang muling pagkabuhay…kahatulang walang hanggan" Ang mga Pharisee at Essene (i.e., ang bayan ng mga the Dead Sea Scroll) hinawakan itong mga eskatolohikal na mga doktrinang may pagkapareho sa Cristianismo.

NATATANGING PAKSA: WALANG HANGGAN

Si Robert B. Girdlestone, sa kanyang aklat na Synonyms of the Old Testament, ay mayroong nakakawiling sinabi sa salitang "walang hanggan":

> **Ang pang-uring aionios ay ginagamit ng mas marami kaysa apatnapung ulit sa N.T. may kaugnayan sa walang hanggang buhay, na tititingnang bahagya bilang isang pangkasalukuyang handog, bahagya bilang isang pangako para sa hinaharap. Ito ay ginagamit rin sa walang hanggang pagkabuhay ng Diyos sa Rom. 16.26; sa walang hanggang pagkabisa ng pagbabayad-sala ni Cristo sa Heb. 9.12, 13.20; at sa mga nakaraang panahon sa Rom. 16, 25, 2 Tim. 1,9, Titus**

1.2.

Ang salitang ito ay ginagamit pantukoy sa walang hanggang apoy, Matt. 18.8,25. 41, Jude 7; walang katapusang parusa, Matt. 25.46; walang katapusang paghukom o pagsumpa, Mark 3.29, Heb. 6.2; walang katapusang pagkawasak, 2 Thess. 1.9. Ang salita sa mga sulating ito ay nagpapahiwatig

ng katapusan, at tila nangangahulugang sa panahon nitong mga paghatol ay ipapatupad, ang panahon ng pagmamasid, pagbabago, o ang pagkakataong mabawi ang ari-arian ng isa, ay nakalipas nang buo at magpakailanman. Kaunti ang ating naiintindihan tungkol sa hinaharap, tungkol sa relasyon ng buhay ng tap sa ibang nabubuhay, at ang tungkol ibang nabubuhay, at tungkol sa moral na bigat ng hindi pagsasampalataya, bilang tinitingnan sa liwanag ng kawalang hanggan. Kung, sa isang banda, maling magdagdag sa salita ng Diyos, sa kabila naman hindi tayo kumuha galing dito; at kung tayo ay lulupaypay sa ilalim nitong doktrina ng walang hanggang kaparusahan katulad ng nakasaad sa Kasulatan, dapat tayong masiyahang maghintay, sumunod sa Ebanghelyo ng pag-ibig ng Diyos sa kay Cristo, habang kinikilalang mayroong isang madilim na kapaligiran na hindi natin kayang maintindihan" (pp. 318-319).

6:3 "kung" Ito ay isang PANGATLONG URING PASUBALING PANGUNGUSAP na nangangahulugang parating na gawa. Ang Diyos ay papayag, kung sila ay makikipagtulungan!

6:4-6a "minsan..natikman…naging..natikman…tatalikod" Ang lahat nitong mga PANDIWARI ay mga MAKA-AORON, habang ang v. 6b ay nagsisimulang isang serye ng MGA PANGKASALUKUYANG PANAHUNANG PANDIWA. Ito ay mga malalakas na pangungusap. Ang kahulugan ay tila malinaw: kilala nila ang Diyos, ngunit tumalikod sila ng Diyos. Ngunit, dalawang pangkontekstong usapin ay kailangang suriin: (1) ang pagkakaroon ng tatlong pangkat ("tayo" [vv. 1-3], "sila" [vv. 4-8], "kayo" [vv. 9-12]) at (2) ang Judiong kalikasan ng mga doktrina sa 6:1-2. Ito ay tumuturo sa isang sambahayan kung saan ang mga sumasampalataya at hindi sumasampalatayang Judio ay sumamba at nag-aral ng magkasama. Ang mga hindi sumasampalatayang Judio ay malinaw na nakita ang kapangyarihan, kaluwalhatian, at katotohanan ng ebanghelyo sa mga Kasulatan at sa pahayag at mga nabagong buhay ng kanilang sumasampalatayang kaibigan.

Tila mayroong dalawang babala sa Hebreo: (1) sa mga sumasampalatayang Judiong gumawa ng kanila publikong paninindigan kasama ng inusig na simbahan at hindi tatalikod sa

Judaismo at (2) sa mga hindi sumasampalatayang Jundiong yakapin si Cristo. Sa maraming paraan ang unang babala ay bukod-tangi sa aklat na ito, ngunit sa ikalawa ay parehong-pareho sa hindi mapapatawad na kasalanan ng mga Pharisee sa mga Ebanghelyo at ang kalasanan patungong kamatayan ng mga huwad na guro sa I John.

6:5 "ang mga kapangyarihan ng darating na kapanahunan" Ang isa pang halimbawa ng nawawalang nasangkot sa kapangyarihan ng darating na kapanahunan ay sa Matt. 7:21-23. Sila ay mayroong kapangyarihanng walang kaukulang personal na relasyon. Itong parehong bagay ay maaaring sabihin kay Judas Iscariot (sa mga Ebanghelyo), Simon Magnus (sa Acts), at ang mga huwad na guro (cf. I John 2:18-19).

Tingnan ang natatanging paksa sa 1:2.

"ay tatalikod" Ito ay isang MAKA-AORONG TAHASANG PANDIWARI. Ito ang teolohikal na kasukdulan ng Griyegong pangungusap na nagsimula sa v. 4.

NATATANGING PAKSA: MAYROON BANG SUMASAMPALATAYANG NAKATALIKOD? (APOSTASIYA, APHISTEMI)

Itong Griyegong salitang aphistemi ay mayroong isang malawak na sematikong sakop. Ngunit, ang Ingles na salitang "apostasiya" ay nakukuha mula sa salitang ito at nakukulayan ang kanyang gamit sa mga makabagong mambabasa. Ang konteksto, katulad lagi, ay ang susi, hindi ang nakaukit nang kahulugan. Ito ay isang pinagsamang salita mula sa pang-ukol na apo, na nangangahulugang "mula" o "palayo mula" at histemi, "umupo," "tumayo," o "ayusin." Pansinin ang mga sumusunod (hindi teolohikal) na mga gamit:

1. pisikal na alisin

c. mula sa Templo, Luke 2:37

d. mula sa bahay, Mark 13:34

e. mula sa isang tao, Mark 12:12; 14:50; Acts 5:38

f. mula sa lahat ng bagay, Matt. 19:27,29

2. pangpolitikang alisin, Acts 5:37

3. alising pangrelasyon, Acts 5:38; 15:38; 19:9; 22:29

4. alising naayon sa batas (paghiwalay), Deut. 24:1,3 (LXX) at NT, Matt. 5:31; 19:7; Mark 10:4; I Cor. 7:11

5. alisin ang isang utang, Matt. 18:24

6. magpakita ng kawalang-pakialam sa pamamagitan ng pag-alis, Matt. 4:20; 22:27; John 4:28; 16:32

7. magpapakita ng pagkabahala sa pamamagitan ng hindi pag-alis, John 8:29; 14:18

8. hayaan o pahintulutan, Matt. 13:30; 19:14; Mark 14:6; Luke 13:8

Sa isang teplohikal na kaisipan ang pandiwa ay mayroon ring isang malawak na gamit:

1. iurong, patawarin, ibigay ang kasalanan, ang Septuagint ng Exod.32:32; Num. 14:19; Job 42:10 at NT, Matt. 6:12,14-15; Mark 11:25-26

2. pagpigil mula sa kasalanan, II Tim. 2:19

3. pagpapabaya sa pamamagitan ng pag-alis mula sa

c. ang Kautusan, Matt. 23:23; Acts 21:21

d. ang pananampalataya, Ezek. 20:8 (LXX); Luke 8:13; II Thess. 2:3; I Tim. 4:1; Heb. 3:12

Ang mga makabagong sumasampalataya ay nagtatanong ng maraming teolohikal na mga tanong na hindi kailanman naisip ng mga NT manunulat. Ang isa sa mga ito ay may kaugnayan sa makabagong pag-uugaling paghiwalay ng pananampalataya mula sa katapatan.

Mayroong mga tao sa Bibliya na nasasangkot sa mga tao ng Diyos at mayroong nagyayari

III. Lumang Testamento

C. Korah, Num. 16

B. Eli's sons, mga anal ni Eli, I Sam. 2, 4

C. Saul, I Sam. 11-31

D. Huwad na mga propeta (mga halimbawa)
5. Deut. 13:1-5 18:19-22 **6. Jeremiah 28** **7. Ezekiel 13:1-7**
E. Mga huwad na babaeng propeta
5. Ezekiel 13:17 **6. Nehemiah 6:14**
F. Mga masamang pinuno ng Israel (mga halimbawa)
1. Jeremiah 5:30-31; 8:1-2; 23:1-4 **2. Ezekiel 22:23-31** **3. Micah 3:5-12**
II. Bagong Testamento
C. Itong Griyegong salita ay literal na pag-apostasya. Ang mga Luma at Bagong Testamento ay parehong nagpapatibay sa pagtindi ng kasamaan at maling katuruan bago ang Ikalawang Pagdating (cf. Matt. 24:24; Mark 13:22; Acts 20:29,30; II Thess. 2:3,9-12; II Tim. 4:4). Ang Griyegong salita ay maaaring sumasalamin sa mga salita ni Jesus sa Parabola ng mga Lupang makikita sa Lucas 8:13. Itong mga huwad na guro ay maliwanag na hindi mga Cristiano, ngunit sila ay nanggaling sa loob (cf. Acts 20:29-30; I John 2:19); ngunit nakaya nilang suyuin at hulihin ang totoo, ngunit hindi ganap, na mga sumasampalataya (cf. Heb. 3:12).
Ang teolohikal na tanong ay ang mga huwad na guro ba ay minsan naging sumasampalataya? Ito ay mahirap sagutin dahil mayroong mga huwad na guro sa mga lokal na simbahan (cf. I John 2:18-19). Kalimitan ang ating mga teolohikal o denomisyunal na tradisyon ay sumasagot sa tanong na itong walang pagtukoy sa tiyak na mga Bibliyang teksto (maliban sa katibayan-tekstong pamamaraan ng pagsipi ng isang bersong labas sa kontekto upang kunwaring patunayan ang sariling pagkiling).
B. Maliwanag na pananampalataya

5. Judas, John 17:12 **6. Simon Magnus, Acts 8** **7. silang sinabi sa Matt. 7:21-23**
5. silang sinabi sa Matt. 13:1-23; Mark 4:1-12; Luke 8:4-10
5. ang mga Judio ng John 8:31-59
6. Alexander at Hymenaeus, I Tim. 1:19-20 **7. sila sa I Tim. 6:21** **8. Hymenaeus at Philetus, II Tim. 2:16-18**
9. Demas, II Tim. 4:10
10. maliwanag na mga sumasampalataya ng Heb. 3:16-10
11. huwad na mga guro, II Peter 2:19-21; Jude 12-19
12. laban kay Cristo, I John 2:18-19
C. Hindi nagbungang pananampalataya
5. Matthew 7:13-23 **6. I Corinthians 3:10-15**
3. II Peter 1:8-11
Bihira tayong mag-isip tungkol sa mga tekstong ito dahil ang ating sistematikong teolohiya (Calvinismo, Arminianismo, atbp.) ay nagdidikta ng nakautos na tugon. Pakiusap na huwag ninyo akong paunang hatulan dahil binuksan ko itong paksa. Ang aking inaalala ay ang kaukulang hermeniyutikal na paraan. Dapat hayaan nating magsalita sa atin ang Bibliya at huwag subukang ihubog ito sa isang nakatakdang teolohiya. Ito ay kalimitang masakit at nakakabigla dahil ang marami sa ating teolohiya ay denominasyunal, pangkultura o pangrelasyon (magulang, kaibigan, pastor), hindi pangbibliya. Ang ilang nasa Mga Tao ng Diyos ay lumalabas na hindi nasa Mga Tao ng Diyos (e.g., Rom. 9:6).

6:6

NASB	**"at kung"**
NKJV	**"kung"**
NRSV, TEV	**"at kung"**
NJB	**"at kahit sa kabila nito"**

Mayroong hindi pagkakaintindihan sa mga Griyegong iskolar kung ito ay isang mahinahong pasubaling istruktura o isang walang pagbabagong magkahanay na istruktura mula sa berso 4. Silang mga pumipilit ng isang pasubaling istruktura ginagawa ito para sa teolohikal na layuning pagpapanindigang ang berso 6a ay isang inaakalang kalagayan. Ngunit, itong lahat na pangbararilang katangian ay nagpapahiwatig na ang lahat na nangyayari: (1) ang pag-uulit ng halimbawa ng mga MAKA-AORONG PANDIWARI (naliwanagan, natikman, ibinahagi, natikman at tumalikod); (2) ang pag-uulit na gamit ng "kai" (at) kasama ng huling tatlo; at (3) ang isang PANGPATARANG PANLALAKING PANGMARAMING PANTUKOY sa berso 4 na umuugnay sa lahat ng mga PANG-UKOL ng bersong 4-6.

NASB, TEV,	
NJB	**"hindi maaari" (v. 6)**
NKJV, NRSV	**"hindi maaari" (v. 4)**

Ang salita ay makikita sa v. 4, ngunit ang mas malawak na konteksto ay sumasama ng v. 6. Ito ang Griyegong salitang dunatos (kaya) na mayroong ALPHA PAGKAPRIBADO (hindi kaya). Itong dalawang salita ay ginagamit na mayroong ibig sabihing kung ano ang ginagawa ng Diyos at hindi ginagawa! Ito ay ginagamit sa Griyegong Papyring nakita sa Egipto ng (1) mga lalaking may sapat na lakas upang magtrabaho at (1) mga saksing hindi maaaring tumestigo. Ito ay ginagamit ng apat na ulit sa Hebreo:

1. hindi sila maaaring baguhin muli patungong pagsisisi (6:4)

2. hindi maaari para sa Diyos na magsinungaling (6:18)

3. hindi maaari para sa mga OT handog na makaligtas (10:4)

4. kung walang pananampalataya hindi maaaring mapalugod ang Diyos(11:6)

Sa bawat kalagayan ang salita ay nangangahulugang hindi maaari. Kaya, nakakabiglang ang Lowe and Nida's Greek English Lexicon of the New Testament ay nagsasabing "Sa He. 6.4 ang paggamit ng adunaton ay tila isang pagkakataon ng isang hyperbola kung isaalang-alang ang mga babala laban sa apostasiya (tingnan ang He. 5.11-6.12). Kaya, maaaring isalin ang adunaton

sa He. 6.4 bilang “lubhang napakahirap ang’” (p. 669). Ito ay tila mas teolohikal kaysa leksikal kapag ang lahat ng ibang gamit ng salita sa Hebreo ay humihingi ng “hindi maaari.”

Ang pag-aalinlangang kunin itong salita ng literal ay dahil ito patungo sa teolohiya ng “minsang lumabas laging nasa labas” kung ito ay tumutukoy sa mga sumasampalatayang tinatalikuran ang kanilang pananampalataya. Itong mga denominasyunal na mga pangkat na nagtuturo ng apostasiya ay nangangaral din ng pagsisisi at pagbabalik. Itong teksto ay tila nagpapababa sa halaga nitong posisyon.

Sa maraming paraan ang pangkasaysayang lugar ay susi sa pagsalin.

1. dalawang pangkat na pinapahayagan (sumasampalataya at hindi sumasampalatayang Judio)
2. isang pangkat (mga sumasampalatayang Judiong hindi pa ganap at ngayon ay nag-iisip na bumalik kay Moises)

Ito ay parehong hakakahaka sa mga maka-Judaismo sa Galatians na natuksong tumiwala sa mga OT ritwal (kasama si Cristo). Si Paul ay naninindigang sila ay bumagsak mula sa biyaya (cf. Gal. 5:4).

“baguhin” Tingnan ang Natatanging Paksang sumusunod

NATATANGING PAKSA: BINAGO (ANAKAINOSIS)

Itong Griyegong salita sa kanyang ibat-ibang anyo (anakainoo, anakainizo) ay may dalawang pangunahing kahulugan.

3. “maging dahilan ng isang bagay upang maging bago at iba (i.e., mas higit)” - Rom. 12:2; Col. 3:10

4. “maging dahilan ng isang pagbabago sa isang mag nais na kalagayan” - II Cor. 4:16; Heb. 6:4-6

(kinuha mula sa Louw and Nida’s Greek-English Lexicon, vol. 1, pp. 157, 594)

Sina Moulton at Milligan, The Vocabulary of the Greek Testament, ay

nagsasabing itong salita (i.e., anakkainosis) ay hindi nakikita sa Griyegong panitikang mas nauna kaysa kay Paul. Si Paul ang maaaring gumawa nitong salita mismo (p. 34).

Si Frank Stagg, New Testament Theology, ay mayroong nakawiwiling sinabi.

Ang pagbabago ay pagmamay-ari lamang ng Diyos. Anakkainosis, ang salita para sa "pagbabago," ay isang pangkilos na pangngalan, at ito ay ginagamit sa Bagong Testamento, kasama ang mga pandiwang anyo, upang ilarawan ang isang patuloy na pagbabago, katulad ng sa Romans 12:2, 'Kayo ay magbago ayon sa pagbabago ng inyong isip' at ang 2 Corinthians 4:16, 'Ang ating kaloobang tao ay binanago araw araw.' Ang Colossians 3:10 ay naglalarawan ng "bagong tao" bilang "ang isang binabago sa pamamagitan ng kaalaman ayon sa imahen ng isang lumikha sa kanya.' Kaya ang 'bagong tao,' ang 'kabaguhan ng buhay,' ang 'pagbabago,' paano man sabihin, ay mababakas sa isang panimulang gawa at isang patulioy na gawa ng Diyos bilang tagapagbigay at tagapagmalagi ng walang hanggang buhay" (p. 118).

"muli nilang ipinako sa krus para sa kanilang sarili" Ang Griyegong tambalan (anastauroo) ay maaaring mangangahulugan ng "ipinako sa krus" (o "ipako," itong pinatinding anyo ay nasa mga JB, NEB at Moffatt pagsalin) o "ipinako sa krus muli" (NASB, NKJV, NRSV, TEB, NJB, NIV translations). Ang The Greek- English-Lexicon of the New Testament nina Bauer, Arndt, Gingrich, and Danker, ay nagsasabing "sa dagdag-pambibliyang Griyego itong salita ay palaging nangangahulugann "ipako sa krus" (p. 61). Si Tertullian ay gumamit sa sulating ito upang ipanindigang ang pagkatapos ng binyag na mga kasalanan ay hindi mapapatawad.

Ang mga naunang Griyegong Ama ay naintindihan itong konteksto at ang tambalan ng ana upang humiling ng "ipako sa krus muli," na sinusunod ng karamihan sa makabagong Ingles na pagsalin. Paano ito umuugnay ng pangteolohikal sa apostasiya? Ito ay nagpapahiwatig ng mga sumasampalataya; ngunit, kung ang pinatinding anyo "personal na ipinako" ay sinunod, ang mga hindi sumasampalataya ang maaaring tinutukoy. Ang mga tagasalin ay dapat hayaang ang teksto, hindi ang kanilang teolohikal na mga pagkiling o mga teolohikal na sistema, ang magsalita. Itong tekstong ito ay napakahirap isalin ng may katiyakan. Kalimitan tayo ay nag-iisip na alam natin kung ano ang dapat nito o hindi dapat nito isakahulugan bago tayo nakikibaka sa (1) aklat bilang isang kabuuan; (2) ang apat na mga

babala lalo na; at (3) ang tiyak na konteksto. Kahit sa papanong paraan man isasalin ng isa ang mga tekstong ito, ang mga babala ay dapat dibdibin!

"nilagay Siya sa hayag na kahihiyan" Itong salita ay ginagamit sa Matt. 1:19 para sa hindi kagustuhan ni Joseng pampublikong masiraang puri si Maria. Paano ito umuugnay sa konteksto? Ito ay maaaring karaniwang tumutukoy sa paunang pagpako sa krus kay Jesus bilang "publikong kahihiyang" wala ang pinapahiwatig na "muli."

6:8 Ito ay maaaring paglalarawang kinuha mula sa Gen. 3 o Isa. 5:1-2 o maaaring kahit ang parabola ng mga lupa sa Matt. 13. Ang pagbubunga ay ang karaniwang katibayan ng isang may bisang pagpapahayag! Ang pagbubunga (cf. John 15:5-6), hindi ang pagtubo, ay ang katibayan ng isang totoong relasyon kay Cristo. Ang bunga ay ang katibayan ng, hindi ang mga paraan sa!

NASB (ISIPANAHON) TEKSTO: 6:9-12

9Ngunit mga minamahal, bagaman kami ay nagsasalita ng ganito, nakakatiyak kami ng higit na mabubuting bagay patungkol sa inyo at mga bagay na nauukol sa kaligtasan. 10Ang Diyos ay makatarungan at hindi niya kalilimutan ang inyong mga gawa at pagpapagal sa pag-ibig na inyong ipinakita sa kaniyang pangalan. Kayo na naglingkod ay patuloy na naglilingkod sa mga banal. 11Ninanais namin na ang bawat isa sa inyo ay magpakita ng gayunding pagsusumikap patungo sa lubos na katiyakan ng pag-asa hanggang sa wakas. 12Hindi namin nais na kayo ay maging tamad kundi inyong tularan sila na sa pamamagitan ng pananampalataya at pagtitiyaga ay magmamana ng ipinangako ng Diyos.

6:9 "minamahal" Ang talatang ito ay nagpapakita ng masidhing pagmamahal at pagkalinga na mayroon ang may-aksa para sa mga mambabasa. Ang berso 11 ay bumabanggit (1) "pagnanasa," na maaaring isalin sa "matinding pagnanasa" at (2) "bawat isa sa inyo," na nagpapakita ng bawat-taong pag-aalala.

"nakakatiyak kami ng higit na mabubuting bagay patungkol sa inyo" Ito ay isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PATUROL NA PANGMARAMI. Ang may-akda ay nakatiyak na ang kanyang mga mambabasa ay mga Cristiano!

Para sa "mas higit" tingnan ang buong sulatin sa 7:7.

NASB, NKJV	**"mga bagay na nauukol sa kaligtasan**
NRSV	**"mga bagay na kasama sa kaligtasan"**
TEV	**"na kasama sa iyong kaligtasan"**
NJB	**"patungo sa kaligtasan"**

Itong Griyegong parirala ay literal na "pagkaroon ng (PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI) kaligtasang" nangangahulugang "mas higit na mga bagay" ng v. 9.

6:10 "upang hindi malilimutan ang inyong mga gawa" ang Diyos ay hahatol ng makatarungan batay sa (1) aklat ng buhay (cf. Exod. 32:32-33; Ps. 69:28; Dan. 12:1; Luke 10:20; Phil. 4:3; Heb. 12:23; Rev. 3:5; 13:8; 17:8; 20:12,15; 21:27) at (2) aklat ng mga gawa (cf. Ps. 56:8; 139:16; Isa. 65:6; Mal. 3:16; Matt. 25:31-46; Gal. 6:7).

o **"ang pag-ibig na inyong ipinakita sa Kaniyang pangalan sa paglilingkod at patuloy na naglilingkod sa mga banal."** Kahit na itong mga sumasampalatayang Judio ay hindi buong kumilala sa Simbahan, sila ay tumulong sa Simbahan sa kanyang panahon ng pag-uusig (cf. 10:32-34). Alalahaning ang Sambahayan ay iniisip na ayon sa kautusan, habang ang simbahan ay hindi naaayon sa kautusan sa Romang kautusan nitong panahon!

"Mga Banal" (hagioi) ay pangteolohikal na kaugnay sa OT salitang "banal" (kadash), na ang ibig sabihin "itatabi para sa paglingkod sa Diyos" (cf. I Cor. 1:2; II Cor. 1:1; Rom. 1:1; Eph. 1:1; Phil. 1:1). Ito ay palaging PANGMARAMI sa NT maliban sa isang pagkakataon sa Philippians 4:21; kahit dito, ito ay ginagamit sa isang samahang konteksto. Upang maligtas ay maging bahagi ng tipang bayan ng pananampalataya, ang pamilya ng mga sumasampalataya.

Ang mga tao ng Diyos ay banal dahil sa akalang pagkamakatuwiran ni Jesucristo (cf. Rom. 4 and II Cor. 5:21). Ito ay kalooban ng Diyos na sila ay mabuhay ng mga banal na buhay (cf. 1:22; 3:12; Eph. 1:4; 2:10; 4:1; 5:27; James 2:14-26; I Pet. 1:16). Ang mga sumasampalataya ay parehong pinahayag na banal (pangposisyong kabanalan) at tinawag sa pamumuhay ng kabanalan (pasulong na kabanalan). Ito ay pangkaraniwan sa mga NT teolohikal na tensiyon sa gitna ng "nasa Kaharian ng Diyos" at ang "hindi nasa Kaharian ng Diyos."

NATATANGING PAKSA: MGA BANAL

Ito ang Griyegong katapat ng Hebreong kadash, na mayroong pangunahing kahulugan ng pag-iisangtabi ng isa, isang bagay, o isang lugar para sa tanging gamit ng YHWH (BDB 871). Ito ay nangangahulugan ng Ingles na konseptong "ang banal." Ang YHWH ay hinihiwalay mula sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang kalikasan (walang hanggang hindi-nilikha ng Espiritu) at ang Kanyang katangian (moral na kaganapan). Siya ang batayan kung saan ang lahat ay sinusukat at hahatulan. Siya ay ang walang katapusan, Banal na Isa, Banal na Iba.

Ang Diyos ay nilikha ang mga tao para sa pagsasama, ngunit ang pagkabigo (gen. 3) ay nagdulot ng isang pangrelasyon at moral na balakid sa gitna ng isang Banal na Diyos at ng makasalanang sangkatauhan, ang Diyos ay piniling ibalik ang Kanyang sadyang nilikha; kaya, tinatawag Niya ang Kanyang mga tao upang maging "banal" (cf. Lev. 11:44; 19:2; 20:7,26; 21:8). Sa pamamagitan ng isang pananampalatayang relasyon sa YHWH ang Kanyang mga tao ay magiging banal sa pamamagitan ng kanilang pangtipang posisyon sa Kanya, ngunit tinatawag ring mamuhay ng banal (cf. Matt. 5:48).

Itong banal na pamumuhay ay maaari dahil ang mga sumasampalataya ay tinatanggap ng buo at pinapatawad sa pamamagitan ng buhay ay gawa ni Jesus at ang pagharap ng Banal na Espiritu sa kanilang mga isipan at puso. Ito ay nagtatatag ng paradoksikal na kalagayan ng

1. pagiging banal dahil sa inaakalang pagkamakatuwiran ni Cristo

2. tinawag na mamuhay ng banal dahil sa pagharap ng Espiritu

Ang mga sumasampalataya ay "mga banal" (hagioi) dahil sa pagharap sa ating buhay ng (1) kalooban ng Banal na Isa (ang Ama); (2) ang gawa ng Banal na Anak (Jesus); at (3) ang pagharap ng Banal na Espiritu.

Ang NT ay kalimitang tumutukoy sa mga banal bilang PANGMARAMI (maliban sa isang panahon sa Phil. 4:12, ngunit kahit na ang konteksto ay gumagawa ditong PANGMARAMI). Ang maligtas ay pagiging bahagi ng isang pamilya, isang katawan, isang gusali! Ang pangbibliyang pananampalataya ay nagsisimula sa isang personal na pagtanggap, ngunit nagiging isang samahang pagsasama. Ang bawat isa sa atin ay hinandugan (cf. I Cor. 12:11) para sa kalusugan, pag-unlad, at ikabubuti ng katawan ni Cristo – ang simbahan (cf. I Cor. 12:7). Tayo ay nililigtas

upang makapaglingkod! Ang kabanalan ay isang pampamilyang katangian!

6:11 "lubos na katiyakan" Pansinin itong may kaugnayan sa pamumuhay na gawa (cf. James, I Peter, and I John). Ang katiyakan ay hindi pangunahin isang doktrinang pinagtitibay, kundi isang buhay na isinasabuhay (cf. Matt. 7).

o **"hanggang sa wakas"** Ang pagtitiyaga ay kasing totoo bilang isang pangbibliyang doktrina tulad ng katiwasayan. Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga makikilala ninyo sila (cf. Matt. 7; James 2:14-26). Tingnan ang sulatin sa 4:14.

6:12 "tamad" Ito ay katulad na salita sa "mapurol" (cf. 5:11). Ito ay ginagamit ng may pagkakaiba sa "kasipagan" sa v. 11. Ang mga sumasampalataya ay (cf. 12:1-3). hindi umunlad sa pagiging katulad ni Cristo o ng Dakilang Paggawa na sila ay nararapat.

o **"inyong tularan sila na sa pamamagitan ng pananampalataya at pagtitiyaga ay magmamana ng ipinangako"** Ito ay maaaring tumukoy sa pagtatawag ng mga tapat sa kapitulo 11. Itong mga tapat na OT sumasampalataya ay nanangan hanggang sa katapusan sa gitna ng mga matinding kaguluhan at pagsubok, kalimitan nauuwi sa pisikal na kamatayan (cf. kalimitan sa kapitulo 11 at maaari sa 12:4). Ang mga pangako ng Diyos ang pinagtutuunan ng talata, 6:13-20. Sila ay tiyak at tapat dahil Siya ay tiyak at tapat!

NATATANGING PAKSA: ANG MANA NG MGA SUMASAMPALATAYA

Ang Kasulatan ay nagsasabi tungkol sa mga sumasampalatayang magmamana ng maraming bagay dahil sa kanilang relasyon kay Jesus na tagapagmana ng lahat ng bagay (cf. Heb. 1:2), at silang kapwa-tagapagmana (cf. Rom. 8:17; Gal. 4:7) ng

1. ang kaharian (cf. Matt. 25:34, I Cor. 6:9-10; 15:50)

2. walang hanggang buhay (cf. Matt. 19:29)

3. mga pangako ng Diyos (cf. Heb. 6:12)

4. ang pagtanggol ng Diyos ng Kanyang mga pangako (cf. I Pet. 1:4; 5:9).

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 6:13-20

13Sapagkat nang mangako ang Diyos kay Abraham, sumumpa siya sa kaniyang sarili yamang wala nang sinumang makakahigit pa na kaniyang mapanumpaan. 14Sinabi niya: "TIYAK NA PAGPAPALAIN KITA AT IBIBIGAY SA IYO ANG MARAMING ANGKAN." 15At sa ganoong mahabang pagtitiis, tinanggap niya ang pangako. 16Sapagkat sumusumpa ang mga tao sa sinumang nakakahigit. At ang sumpa ang siyang nagpapatibay sa mga sinabi nila at nagbibigay wakas sa bawat pagtatalo. 17Gayundin lalong higit na ninais ng Diyos na ipakita nang may kasaganaan ang hindi pagkabago ng kaniyang layunin sa mga tagapagmana ng pangako. Ito ay kaniyang pinagtibay sa pamamagitan ng isang sumpa. 18Sa pamamagitan ng dalawang bagay na hindi kailanman nagbabago, hindi maaari para sa Diyos ang magsinungaling sa pamamagitan ng dalawang bagay na iyon. Ginawa niya ito upang tayo ay magkaroon ng matibay na kalakasan ng loob, na mga lumapit sa kaniya upang manangan sa pag-asang inilagay niya sa harapan natin. 19Ito ang ating pag-asa na katulad ng isang angkla ng ating kaluluwa ay matatag at may katiyakan. Ito ay pumapasok doon sa kabilang dako ng tabing. 20Dito pumasok si Jesus bilang tagapanguna natin para sa ating kapakinabangan, na maging isang pinakapunong-saserdote magpakailanman ayon sa uri ni Melquisedec.

6:13-20 Ito ay isang makapangyarihang pangako ng katiwasayan at pag-asa batay sa katangian at mga pangako ng Diyos (cf. v. 18a), kung tayo ay tutugon lamang ng naaayon (cf. v. 18b).

6:13 "nang mangako ang Diyos kay Abraham" Si Abraham ay binabanggit dahil siya ay tinitingnang ama ng Hebreong bansa (cf. Gen. 12, 15, 17, 18, 22), at dahil din sa kanyang relasyon kay Melquisedec (cf. Gen. 14). Ang kanyang pananampalataya sa Diyos ay dumating bago ang kautusan (cf. Rom. 4) at ginagamit bilang isang NT halimbawa para sa lahat na binubuhay ang panapampalataya.

Pangteolohikal na maaari ring si Abraham ay pinili dahil ang mga pangako ng Diyos sa kanya ay hindi batay sa kanyang paggawa kundi sa walang kondisyong pangako ng Diyos (cf. Gen. 15:12-21) habang ang tipan kay Moises ay batay sa pagsunod, isang kondisyunal na tipan.

"sumumpa Siya sa Kanyang sarili" Ito ay pangkasaysayang tumutukoy sa Gen. 22:16-17 o pangkonteksto sa Ps. 110:4. Ang mga sumpa at pangako ng Diyos ay maaasahan (cf. vv. 16-17).

Ito ang teolohikal na layunin ng talata. Ang ating pag-asa ay nasa hindi nagbabagong katangian (cf. Ps. 102:27; Mal. 3:6; Heb. 13:8) at mga pangako ng Diyos (cf. Isa. 40:8; 55:11).

6:14 Ang isang suliranin sa pagsalin nitong seksiyon ng Hebreo ay sumasangkot sa paggamit ng may-akda ng mga OT sipi. Ang Diyos ay nangangako kay Abraham tungkol sa maraming pinagmulan. Ang teolohikal na suliranin ay hindi lahat ng likas na pinagmulan ni Abraham ay mga tapat na tagasunod ng YHWH. Sila ay mga "tipan," "piniling" mga tao, ngunit hindi sumasabuhay ng personal na pananampalataya. Ang relasyon sa gitna ng lumang tipang pangangailangan at ng bagong tipang pangangailangan ay hindi ang usapin sa puntong ito. Ito ay ang patuloy na personal na pananampalataya at pagsunod laban sa nasyunal, panglahing tipang mga ritwal. Ang tunay na usapin ay hindi kung aling tipan ang isa ay napapailalim sa isang kapanahunan kundi ang katapatan ng Diyos, pinakita sa pananampalataya at katapatan gn Kanyang mga tao.

6:15 Ito ay hindi naglalarawan sa ganap na pananampalataya ni Abraham (siya ay mayroong mga anak sa ilang babae, sinubukan niyang ipamigay si Sarah ng dalawang ulit upang iligtas ang kanyang sariling buhay) tungkol sa salita ng Diyos kundi ang kanyang tapat na puso at pagsunod. Si Abraham, tulad ng lahat ng tao, ay isang naiibang halo ng pananampalataya at takot, kabutihan at kasamaan.

6:18 "dalawang bagay na hindi kailanman nagbabago" Ito ay tumutukoy sa sumpa ng Diyos (i.e., Ps. 110:4 sinipi sa 5:6; 6:20; 7:17) at pangako ng Diyos (cf. v. 14). Ang salita ng Diyos ang ating katiyakan (cf. Isa. 55:11; Matt. 5:17-18).

"hindi maaari sa Diyos ang magsinungaling" Ito ay maaaring isang pagtukoy sa Num. 23:19 o I Sam. 15:29. Itong parehong katotohanan ay pinagtitibay ni Paul sa Tim. 2:13 at Titus 1:2. Tingnan ang buong sulatin sa 6:6.

"tayong mga lumapit" Ito ay maaaring iuugnay sa:

1. ang mga OT lungsod na silungan, 6:6-34; Deut. 4:41-43; Josh. 21)
2. isang simbolo para sa isang ligtas na silungan sa isang bagyo (cf. 2:14; 6:19)

3. isang pagsimbolong tumutukoy sa Diyos bilang isang matibay na lugar kung saan ang Kanyang mga tao ay makasilong (cf. Ps. 18:1-2; 31:3; 91:2,9; 94:22; 144:2; Isa. 17:10; 25:4; Jer. 16:19; Joel 3:16; Nah. 1:7)

Itong parirala ay nagdadala sa kaisipan ng himnong, "Gaano Katibay ang Batayan," na napakahalaga para sa akin.

" "magkaroon ng matibay na kalakasan ng loob upang manangan sa pag-asang inilagay sa harapan natin" Sa berso 18 tayo ay mayroong teolohikal na balanse ng isang matibay, mapagkatiwalaan, naghaharing Diyos (cf. v. 18a) kung kanino ang mga tao ay dapat tumugon, at patuloy na tumugon sa pamamagitan ng pananampalataya hanggang sa katapusan (cf. v. 18b).

6:19 "ang angkla" Ito ay isang sinaunang Cristianong simbolo para sa kaligtasan, katiwasayan, at pag-asa. Ito ay makikita sa mga dingding ng mga Romanong sementeryo. Itong salita ay nagpapaalala ng himnong,

"Aking inangkla ang aking kaluluwa sa silungan ng kapahingahan,

Hindi na ako papalaot sa ilang dagat.

Ang sigwa ay maaaring dumaan sa itaas ng ilang mabagyong kalaliman

Ngunit sa kay Jesus ako ay ligtas magpakailanman"

o **"matatag"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Garantiya sat 2:2.

"ito ay pumapasok doon sa kabilang dako ng tabing" Dito ang angkla ng pag-asa ay magkakahanay sa kay Jesus ang pinakapunong saserdoteng pumapasok sa banal na dako, na sumimbolo sa pinakapagharap ng Diyos. Ang pag-asa ng mga sumasampalataya ay nasa katangian at mga pangako ng Diyos at ng natapos na gawa ni Jesucristo.

Hindi ito Platonismo (mga makalupang anyo laban sa makalangit na mga ideya), kundi ang makalangit na tabernakulong halimbawang pinakita kay Moises sa Bundok ng Sinai (cf. Exod. 25-40). Itong uri ng pagkadalawa ay makikita sa mga Dead Sea Scroll. Itong uri ng pangangatwiran (i.e., isang makalupang larawan ng isang makalangit na bagay) ay mas nauna kaysa Griyeging pilosopong si Plano. Ito ay nagsasabi ng ating hindi nakikita ngunit tiyak na pag-asa kay Cristo (cf. 9:23ff).

6:20 “bilang tagapanguna” Itong Griyegong salita ay ginamit ng (1) isang tagatuklas na unang pumunta, natututo at nagmamarka ng tamang daan (i.e., isang nangunguna) o (2) isang maliit na barkong nangunguna sa isang mas malaking barko patungo sa isang ligtas na silungan. Si Jesus ay nauna bago ang mga sumasampalataya sa lahat na kinakailangang paraan – tagadaig, tagapamagitan, tagapagligtas, saserdote, ang ganap na handog!

MGA PANGTALAKAYANG TANONG

Ito ay isang gabay ng pag-aaral na komentaryong nangangahulugang tungkulin mo ang iyong sariling pagsalin ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Dapat hindi mo ipaubaya ito sa isang tagapagsalita.

Itong mga pangtalakayang tanong ay binibigay upang makatulong sa iyong pag-isipan ang mga pangunahing usapin nitong seksiyon ng aklat. Sila ay inaasahang maging pangpukaw-isipan, hindi katiyakan.

1. Ang mga bersong 2-4 ba ay isang talaan ng mga Cristianong pangangailangan o katotohanan ng Judaismo
2. Ang aklat ng Hebreo ba ay nagtuturo “pagbagsak mula sa biyaya”? Bakit o bakit hindi?
3. Bakit ang pangkasaysayang kalagayan nitong aklat ay napakahalaga sa isang maayos na pagsalin?
4. Ang Bibliya ba ay nagtuturo na ang totoong naligtas ay manangan hanggang sa katapusan o silang nanangan sa pananampalataya hanggang sa katapusan ay ang naligtas?
5. Ang pinapahayagan ba sa mga bersong 4-6 mga sumasampalataya o hindi sumasampalataya? Bakit?
6. Paano ang mga “kayo” sa v. 9 naugnay sa “sila” ng v. 4?
7. Ilarawan ang pag-usig na hinarap ng mga sumasampalataya
8. Ano ang dalawang hindi nagbabagong bagay sa v. 18?
9. Paano ang parehong paghahari ng Diyos at ang malayang kalooban ng tao nababalanse sa v. 18?
10. Paano ang katangian ng Diyos at ang natapos na gawa ng Diyos magkaugnay sa vv. 13-20?

HEBREO 7

PAGHAHATI NG MGA TALATA SA MAKABAGONG PAGSASALIN

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang Makasaserdoteng Sugo ni Melchizedek	Ang Hari ng Katuwiran	Ang Pagkasaserdote ni Melchizedek at ang Levite na Pagkasaserdote	Ang Saserdoteng si Melchizedek	Melchizedek
7:1-3	7:1-3	7:1-3	7:1-3	7:1-3
				Si Melchizedek Tumatanggap ng Ikapu mula kay Abraham
7:4-10	7:4-10	7:4-10	7:4-10	7:4-10
	Ang Pangangailangan para sa Isang Bagong Pagkasaserdote			Mula sa Levite na Pagkasaserdote Patungo sa Pagkasaserdote ni Melchizedek
7:11-19	7:11-19	7:11-14	7:11-14	7:11-12
				7:13-14
				Ang Pagbawi ng Lumang Batas
		7:15-19	7:15-19	7:15-19
	Ang Kahigitan ng Bagong Saserdeote			Ang Pagkasaserdote ni Kristo ay Mananatili

7:20-25	7:20-28	7:20-25	7:20-22	7:20-25
			7:23-25	Ang Kaganapan ng Makalangitan ng Pinakapunong Saserdote
7:26-28		7:26-28	7:26-28	7:26-28

PAG-AARAL NG SALITA T PARIRALA

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 7:1-3

1Ang Melquisedec na ito ay hari ng Salem at siya ay naging saserdote ng kataas-taasang Diyos. Nasalubong niya si Abraham pagkatapos niyang maipalipol ang mga hari at pinagpala niya siya. 2Ibinigay ni Abraham sa kaniya ang ikapu ng lahat ng nasamsam niya. Ayon sa kahulugan ng kaniyang pangalan, na una sa lahat ay ang hari ng katuwiran, siya rin naman ay hari ng Salem, na hari ng kapayapaan. 3Wala siyang ama o ina, wala siyang talaan ng mga angkan. Ang kaniyang mga taon ay walang simula, ang kaniyang buhay ay walang wakas. Siya ay natutulad sa anak ng Diyos. Siya ay nanatiling saserdote magpakailanman.

7:1 "Melquisedec" Siya ay isang Hentiles ng hari/saserdote ng lumang Canaanite na Jerusalem (JEBUS), noon tinawag na Salem. Ang kanyang pangalan ay nangangahulugang "aking hari ng katuwiran" (parehong-pareho sa pangalan ng hari ng Jerusalem sa Josh. 10:1, "ang aking panginoon ay mabuti"). Ang kanyang talaan ng angkan ay hindi nabanggit kailanman, ngunit si Abraham ay nagbibigay pugay sa kanya. Kaya ito ang dahilan kung bakit siya ay naayong OT uri para kay Jesucristo. Nabanggit lamang siya sa Gen. 14:18-20 at Ps. 110:4. Mayroong maraming talakayan tungkol sa kanyang pagkatao:

1. para kay Philo, siya ay isang imahen ng kaluluwa ng tao
2. para kay Origen, siya ay isang anghel
3. kay Ambrose, siya ay ang anghel ng Diyos
4. para sa iba, siya ay ang anghel ni Michael

5. para kay Epiphanius, siya ay ang inkarnasyon ng Banal na Espiritu

6. para sa mga maka-Melquisedec, siya ay mas higit kaysa Messiah at ang lahat ng panalangin ay dumadaan sa kanya

7. para sa ilang Hudyo, sina Jerome at Luther, siya ay si Shem, ang anak ni Noah

Si Melquisedec ay ginagamit bilang isang uring pagkasaserdote ni Jesus sa apat na mga dahilan:

1. Si Abraham ay nagbigay ng ikapu sa kanya (ang mga mas mababa ay palaging nagbibigay ng ikapu sa mga mas mataas) at sa pamamagitan ng rabinikal na hermeneutika si Levi ay nagbigay rin ng ikapu (cf. vv. 4-9)

2. Ang kanyang mga magulang ay hindi naitala, kaya ang rabinikal na teolohiya ay nagsabi na siya ay walang magulang at kaya nga walang katapusan (cf. v.3)

3. siya ay pinuno sa huling banal na lungsod, Jerusalem (Salem, cf. Gen. 14:18)

4. siya ay isang saserdote ng Kataas-taasang Diyos (cf. Gen. 14:19)

5. hinahayaan niya ang may-akdang magtukod ng isang lehitimong pagkasaserdote maliban sa Leviteng Pagsasaserdote.

"hari…saserdote" Siya ang nag-iisang tao sa OT na nagsasama ng pagkahari at pagkasaserdote.

"at pinagpala siya" Ang mas higit at pinagpapala ang mas mababa, kaya, si Abraham (at sa mga rabinikal na pagpapahiwatig ang kanyang mga pinanggalingan, si Levi), ay pinagpala ni Melquisedec (cf. Gen. 14:19), na nagpapakita ng kanyang kahigitan kaysa maka-Aoron na pagkasaserdote. Nagpapakita rin ito na si Jesus, na mula sa linya ni Juda, ay maaaring isang saserdoteng kakaibang sugo.

7:2 "ikapu" Pansining ang ikapu (cf. Gen 14:20) ay mas matanda kaysa Mosaic na kautusan. Ito ay isang paraan katulad ng Sabbath at ng mga unang bunga ng pagpapakita ng pag-aari ng Diyos ng lahat (cf. Gen. 14:19c).

32:17; and 54:10). **"sa pagsalin ng *kanyang pangalan*"** Ang tiyak na etimolohiya ng pariralang "hari ng katawiran" ay hindi tiyak ngunit ang titulo ay ginagamit para sa Messiah sa Jer. 23:6 at

33:6. Isa pa, ang Messiah ay magiging makatuwiran at magdadala ng kapayapaan (cf. Isa. 9:6; 26:3,12; 32:17; at 54:10).

"Hari ng katuwiran" Tignan ang Natatanging Paksa sa 1:9.

"Salem" Ang lungsod ay maaaring nakakuha ng kanyang pangalan mula sa Hebreong salitang shalom na ang ibig sabihin ay "kapayapaan." Ang ilang iskolar ay nag-iisip na ito ay tumutukoy sa isang Jebusiteng banal. Ang lungsod ay tinatawag na Salem sa Gen. 14, ngunit sa Ps. 76:2 inuugnay ito sa Jerusalem, na tinawag na Jebus noong kapanahunan ng Canaanite.

7:3 Ito ay isang rabinikal na hermaniyotika (midrash) batay sa katotohanang ang pinanggalingan ni Melquisedec ay hindi binibigay sa Gen. 14:18-20. Tulad ng lahat na taong nilalang si Melquisedec ay may mga magulang, ngunit siya ay naglilingkod sa isa pang uri ng walang katapusang Messiah. Ito ay pinalawig sa vv. 8,12,16,17,21,24,25,28.

"mga simula" Tingnan ang Natatanging Paksa: Arches a 3:14

NASB (BINAGO) TEKSTO: 7:4-10.

4Ngayon, isipin natin kung gaano kadakila ang taong ito, na maging si Abraham na ating ninuno ay nagbigay sa kaniya ng ikapu sa kaniyang mga samsam. 5Ang mga anak nga ni Levi na naging mga saserdote ay may kautusan na kumuha ng ikapu mula sa mga tao. Ito ay ang kaniyang mga kapatid bagaman sila ay nagmula sa baywang ni Abraham. 6Ngunit siya na ang angkan ay hindi nanggaling sa kanila ay kumuha ng ikapu mula kay Abraham at siya na tumanggap ng mga pangako ay kaniyang pinagpala. 7Ngunit walang pagtatalo na ang nakakababa ay pinagpala sa pamamagitan niya na nakakahigit. 8At dito, ang mga taong tumatangap ng ikapu ay namamatay. Ngunit sa kabilang dako, siya ay tumatanggap ng ikapu at mayroon siyang patooo na siya ay buhay. 9Marahil, maaaring masabi ng sinuman na maging si Levi na kumukuha ng ikapu ay nagbayad ng ikapu sa pamamagitan ni Abraham. 10Sapagkat nang salubungin ni Melquisedec si Abraham, si Levi ay nasa baywang pa ng kaniyang ninuno.

7:5 "kahit sila ay nagmula sa baywang ni Abraham" Ito ay isang rabinikal na pangangatwiran batay sa pagiging nasa lomo ni Abraham si Levi (cf. v. 10). Ito ay isang Judiong exegesis, hindi isang maka-agham na katotohanan.

7:7 "na nakakahigit" Ang puso ng aklat ng Hebreo ay ang paghahambing sa Mosaic na tipan at ang bagong tipan sa kay Kristo. Itong kaibahan ay palaging ipinapahayag sa pamamagitan ng salitang "nakakahigit" (kreittou/kreissou), na ang ibig sabihin ay "mas nakakataas," "mas magaling," "Mas mahalaga," "mas may mataas na uri." Ito ay isang paulit-ulit na tema sa Hebreo:

1. mas higit kaysa mga angel (cf. 1:4)

2. mas mabuting bagay patungkol sa iyo (cf. 6:9)

3. ang mas nakakababa ay pinagpala ng mas nakakahigit (cf. 7:7)

4. isang mas mabuting pag-asa (cf. 7:19)

5. isang mas mabuting tipan (cf. 7:22; 8:6)

6. ng mas higit na hain (cf. 9:23)

7. isang mas higit na mabuting pag-aari (cf.10:34)

8.) isang higit na mabuting muling pagkabuhay (cf. 11:35)

9. ang Diyos ay naglaan ng higit na mabuting bagay (cf.11:40)

10. ang winisik na dugo ay nangungusap ng higit na mabuti (cf. 12:24)

7:8 "patuloy na nabubugay" Ito ay tumutukoy sa kawalang hangganan ni Melquisedec dahil ang kanyang mga magulang (pinanggalingan) ay hindi sinasabi sa Gen. 14 at sa Ps. 110:4b rin na tiyak ng mga salita ("kailanman").

7:9-10 Ito ay isang rabinikal na exegesis. Dahil si Levi na lipi ni Aaron ay nanggaling kay Abraham, kung ganoon sa pamamagitan ng pagkakahawig, Judiong pagkasaserdote (gaya ng, kahit ang Pinakapunong Saserdote) ay nagbabayad ng ikapu kay Melquisedec. Kaya nga, si Melquisedec ay nakahihigit at si Jesus ay nakahiigit kaysa mga Hudyong saserdote.

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 7:11-22

11Nang ibigay ng Diyos ang kautusan sa mga tao, ito ay nakabatay sa gawaing pagiging saserdote na nauukol sa mga angkan ni Levi. Hindi ba totoo na kung ang pagiging-ganap ay sa pamamagitan ng gawain ng pagiging saserdoteng iyon, hindi na kailangang magkaroon ng iba pang saserdote? Gayunman, itinalaga ng Diyos ang saserdote na ito ayon sa pangkat ni Melquisedec at hindi ayon sa angkan ni Aaron.
12Sapagkat nang baguhin ng Diyos ang pagkasaserdote, kinakailangang baguhin din niya ang kautusan. 13Sapagkat siya, na tinutukoy ng mga bagay na ito, ay kabahagi ng ibang lipi, kung saan ay walang sinuman ang naglingkod sa dambana. 14Sapagkat malinaw na ang ating Panginoon ay nagmula sa lipi ni Juda. At nang tukuyin ni Moises ang liping ito, siya ay walang binanggit patungkol sa mga pagkasaserdote. 15Kung may lilitaw na bagong saserdote na katulad ni Melquisedec, lalo itong nagiging malinaw. 16Ito ay hindi nakabatay ayon sa makalamang kautusan, kundi sa kapangyarihan ng buhay na kailanman ay hindi masisira. 17Sapagkat pinatotohanan ng kasulatan: "IKAW AY ISANG SASERDOTE MAGPAKAILANMAN, AYON SA URI ni MELQUISEDEC."
18Sapagkat ang dating kautusan ay isina isangtabi dahil ito ay mahina at walang kabuluhan. 19Sapagkat walang napapaging-ganap ang kautusan. Sa kabilang dako, mayroong pagpapakilala ng lalong mabuting pag-asa, na sa pamamagitan nito, tayo ay lumalapit sa Diyos. 20Ito ay hindi ginawa ng walang panunumpa. 21Sa isang dako, sila ay naging saserdote ng walang panunumpa, sa kabilang dako si Jesus ay naging saserdote ng may panunumpa sa pamamagitan niyaong nagsasabi sa kaniya: ANG PANGINOON AY SUMUMPA AT HINDI MAGSISISI. IKAW AY SASERDOTE MAGPAKAILANMAN AYON SA URI NI MELQUISEDEC." 22Sa pamamagitan nito, si Jesus ang naging katiyakan ng isang lalong higit na mabuting tipan.

7:11 "kung" Ito ay isang PANGALAWANG URING PASUBALING tinatawag sa kasulungat ng katotohanan. Ang isang maling pangungusap ay ginagawa upang gumawa ng isang punto. Ang Leviteng pagkasaserdote ay hindi nagdulot ng espiritwal na kaganapan o kapanahunan.

"kaganapan" Ang Griyegong pamilya ng mga salitang nakabatay sa telos ay pangunahing nangangahulugang "ang dalhin sa katapusan," "ang dalhin sa kabuuan," o "ang dalhin sa kapanahunan."

NATATANGING PAKSA: KATAPUSAN O KABUUAN (TELOS)

Itong katapusan ng mga espiritwal na bagay ay isang paulit-ulit na tema sa Hebreo.

1. *telos* katapusan, kaganapan (3:6,14; 6:8,11)

2. *teleioo*

- **a. (Hesus) ang pagganap ng may-akda ng kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng kahirapan (cf. 2:10)**
- **b. (Hesus) ng siya ay naging ganap sa pamamagitan ng kahirapan (cf. 5:8-9)**
- **c. ang Kautusan walang napapaging-ganap (cf. 7:19)**
- **d. isang Anak, tinalaga na pinaging-ganap magpakailanman (cf. 7:28)**
- **e. gumagawa sa mga sumasambang ganap (cf. 9:9)**
- **f. gumagawang ganap doon sa mga lumalapit (cf. 10:1)**
- **g. ginawa Niyang ganap magpakailanman ang mga pinapaging-banal (cf.10:14)**
- **h. hiwalay sa atin sila ay hindi magiging-ganap (cf. 11:40)**
- **i. ang espiritu ng mga matuwid na pinaging-ganap (cf. 12:23)**

3. *teleios*, ang ganap (cf. 5:14)

4. *teleios*, lalong ganap na tabernakulo (cf. 9:11)

5. *teleiotes*, magpatuloy na lumago (cf. 6:1)

6. *teleiosis*, kung ang pagiging ganap ay sa pamamagitan ng Leviteng pagiging saserdote (cf. 7:11)

7. *teleiotes*, ang may-akda at tagaganap ng pananampalataya (cf. 12:2)

Si Jesus ay nagdadala ng kapanahunan at kaganapang ang Mosaic na Tipan ay hindi magawa magpakailanman!

"sa pamamagitan ng Leviteng pagiging saserdote (dahil sa batayang ito ang mga tao ay tumanggap ng Kautusan)" Ito ay tila tumutukoy sa (1) kay Moises na mula sa lipi ni Levi o (2) ang mga kasulatan ni Moises ay nagpapaliwanag at umaayos sa sistemang paghain ng Israel.

7:12 "isa ring pagbabago ng kautusan" Ang layunin ng Mosaic na kautusan ay hindi ang pagdudulot kailanman ng katwiran kundi ang pagpapakita ng patuloy na mga kalalabasan ng pagbagsak at ang walang kakayanan ng sangkatauhang pasiyahin ang Diyos (cf. Gal. 3:24-25).

7:13 "mula sa kung saan ay walang sinuman ang naglingkod sa dambana" Ito ay isang PANGNAGDAANG TAHASANG PATUROL, na maaaring nagpapahiwatig na ang sistemang paghain ay patuloy. Kung ganoon, ang Hebreo ay sinulat bago ang pagsira ni Titus sa Jerusalem noong A.D. 70.

7:14 "ang ating Panginoon ay nagmula sa lipi ni Juda" Ito ay isang PANGNAGDAANG TAHASANG PATUROL. Ang pandiwang "nagmula" ay nangangahulugang "nanggaling mula" at ginagamit para sa (1) ang pagsikat ng araw (cf. Matt. 5:45); (2) ang paggalaw ng mga planeta; (3) pagtubo ng mga tanim; at (4) sumisimbolo, para sa taong pinamulan (cf. Zech. 3:6,12; Isa. 11:1; Jer. 23:5-6).

"Judah" Si Jesus ay mula sa marangal na linya ni David ng Juda ((cf. Gen. 49:8-12; II Sam. 7:12-16; Isa. 9:6,7). Ang pagpapaniwala sa mga Judio na si Jesus ay ang pinakapunong saserdote ay lubhang napakahirap dahil Siya ay hindi nanggaling sa saserdoteng lipi ni Levi tulad ni Moises at Aaron.

7:15 "kung" Ito ay isang UNANG URING PASUBALING PANGUNGUSAP na pinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin.

7:16

NASB "hindi nababatay sa isang kautusang pisikal na pangangailangan"
NKJV "hindi naaayon sa mga batas ng isang makalamang kautusan"
NRSV "hindi sa pamamagitan ng isang makautusang pangangailangan tungkol sa pisikal na pinagmulan"
TEV "hindi sa pamamagitan ng mga pantaong batas at pagsasaayos"
NJB "hindi sa pamamagitan ng isang kautusan ng may pisikal na pinagmulan"

Ang kapangyarihang pagiging saserdote ni Jesus ay hindi bumabatay sa kung anong lipi/pamilya Siya nanggaling, kundi mula sa Kanyang pag-angkin ng walang hangganang, hindi nasisirang buhay (cf. Ps. 110:4). Si Jesus ay mayroong walang hangganang buhay ng Diyos (pati na rin ng sumpa at pangako ng Diyos).

NASB, NRSV,
NJB "isang hindi nasisirang buhay"
NKJV "isang walang katapusang buhay"
TEV "isang buhay na walang katapusan"

Ito ay tila may kaugnayan sa rabinikal exegetical (Midrash) na kahulugan mula sa Ps. 110:4b na si Melquisedec ay walang mga magulang at dahil dito ay walang hangganan (cf. vv. 6,8).

7:17 "Sapagkat ito ay pinatotohanan sa Kanya" Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Ps. 110:4 (katulad ng v. 21).

7:18

NASB "mayroong isina isangtabi"
NKJV "mayroong isang pagbabawi"
NRSV "ang pagbabawi"
TEV "ay isina isangtabi"
NJB "ay kaya inalis"

Ito ay isang salita na nakita sa Egiptong papyri sa kaisipan ng (1) "iisina isangtabi"; (2) "gawing walang bisa"; o (3) "bayaran ng buo." Ang bersong ito ay nagsasalita ng pag-iisangtabi ng isang kautusan (maaaring ang pisikal na pinanggalingan ng pinakapunong saserdote). Ito ay nakakabiglang ang isang binigyang-diwang OT na sulatin (cf. Matt. 5:17-19) ay maaaring "iisangtabi," ngunit ito ang tumpak na punto ni Paul sa Gal. 3, sa paggalang sa pangkaligtasang layunin ng kautusang isinasantabi. Ngunit pinaninindigan ni Paul na iyon ay ang kahinaan ng bigong tao (cf. Rom. 7), hindi ang OT. Ang may-akda ng Hebreo ay nagpapakita ng kahigitan ni Jesus kaysa kay Moises at tinatawag ang "Kautusang" mahina at walang gamit (cf. 8:13).

"ng isang dating kautusan" Ito ay tumutukoy sa Levitikal na sistema o ang Lumang Tipang may katangian ng Mosaic na kautusan.

"dahil sa kanyang kahinaan ay kawalang-gamit" Ang Romans 7 at Gal. 3 ay nakakatulong sa pagsasalin nitong parirala. Hindi iyon ang Kautusan ng Diyos, kundi ang katangian ng pantaong kabiguang mahina at ang Kautusan ay hindi nakagawa ng kanyang pagbabalik na gawain!

7:19 "(sapagkat walang napapaging-ganap ang Kautusan" Tingnan ang buong sulatin sa 10:1.

"mas mabuti" Tingnan ang buong sulatin sa 7:7

. **"sa pamamagitan nito tayo ay lumalapit sa Diyos"** Ito ay isang pangunahing konsepto (cf. 8:13). Ang may-akda ay naninindigang ang Moisaic na Kautusan, na may kanyang Levitikal na pagiging saserdote at mga paghain, ay nabigong dalhin ang sangkatauhan sa Diyos, ngunit si Jesus, ang ating pinakapunong sasersdote, hindi nabigo at hindi mabibigo (cf. 10:22; James 4:7).

Pansinin na si Jesus ay nagdadala ng mas mabuting tipan, ngunit ito ay isa pa ring tipan kung saan ang mga tao ay dapat tumugon katulad ng mga saserdote (ang mga sumasampalataya ay ngayon mga bagong tipang saserdote sa isang samahang kaisipan, cf. II Pet. 2:5,9; Rev. 1:6).

7:20 "ito ay hindi ginawa ng walang panunumpa" Ang mga pangako ng Diyos ay maaaring pagkakatiwalaan dahil ang Kanyang katangian at kapangyarihan ay nakatayo sa likod ng mga ito (cf. Isa. 46:10). Ang sumpang ito ay isang pagtukoy sa Ps. 110:4, na tinalakay sa Heb. 6:13-17.

7:21 Ito ay isa pang sipi mula sa Septuagint ng Ps. 110:4 (katulad sa v. 17).

7:22

NASB, NRSV,
TEV, NJB "ang garantiya"
NKJV, ASV "ang katiyakan"

Ang Hebreong pinagmulan ay "isang sumpang nilagay sa kamay," na nagpapahiwatig ng katiyakan. Ito ay ginamit sa Griyego para sa kolateral ng isang utang o isang pyansa sa bilangguan. Isa pa, sa Romang kautusan ito ay tumatayo para sa isang bagay na naaayon sa kautusang katiyakan. Si Jesus ay ang katiyakan ng Ama para sa pagiging mabuti ng bagong tipan.

"isang mas mabuting tipan" Ang Jer. 31:31-34 ay nagsasabi tungkol sa "bagong tipang" (cf. Ezek. 36:22-36) ito kung saan ang pinagtutuunan ay sang isang panloob na kautusang ginanyak at ginagawa ng Espiritu, hindi ng isang panlabas na koda na nakasalalay sa pantaong paggampan.

Para sa "mas mabuti" tingnan ang buong sulatin sa 7:7

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 7:23-25

23Sa isang dako, dahil pinigilan sila ng kamatayan upang magpatuloy, kinakailangan ang maraming saserdote. 24Sa kabilang dako naman, dahil si Jesus ay nabubuhay magpakailanman, siya ay may pagkasaserdoteng mananatili magpakailanman. 25Kaya nga, ang mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya ay maililigtas niya nang lubusan, yamang siya ay nabubuhay magpakailanman upang siya ay mamagitan sa kanila.

7:23 Ito ay isa pang paghahambing sa gitna ni Jesus at mga OT saserdote. Itong isa ay tumatalakay sa kanilang mga bilang at panahon sa katungkulan.

7:24 Ito ay isang rabinikal na katapusan batay sa Gen. 14, kung saan ang pinagmulan ni Melquisedec ay hindi binibigay, at Ps. 110, na isang pagtutukoy kay Melquisedec at gumagamit ng salitang "magpakailanman" (cf. Ps. 110:4b).

7:25

NASB **"mailigtas magpakailanman"**
NKJV **"mailigtas ng lubusan"**
NRSV **"para sa lahat ng panahong mailigtas"**
TEV **"ngayon at palagi, mailigtas"**
NJB **"kapangyarihang mailigtas…ay kabuuan"**

Katulad ng pinapakitang nasa itaas na Ingles na pagsalin, ang salitang ito ay may ilang ibig sabihin. Nakayanan Niyang kabuuang mailigtas, ang lahat, magpakailanman (cf. 10:14). Tingnan ang natatanging paksa sa 3:14.

"sila" Ito ay isang pangkabuuang paanyaya! Sino man ay maaaring pumunta (cf. John 1:12; Rom. 10:9-13; I Tim. 2:4; II Pet. 3:9).

"silang lumalapit sa Diyos sa pamamagitan Niya" Si Jesus ay planong pangkaligtasan ng Diyos (cf. John 10:9; 14:6). Sinuman ay maaaring lumapit, ngunit sila ay dapat lumapit sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya at dapat silang patuloy sa pananampalataya (PANGKASALUKUYANG PANDIWARI).

"Siya ay palaging nabubuhay upang pamamagitan para sa kanila" Ang gawain ni Jesus ay hindi natapos sa krus, kundi kahit hanggang ngayon Siya ay nananalangin at sumusumamo pa rin para sa mga sumasampalataya (cf. Isa. 53:12; Rom. 8:34; I John 2:1).

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 7:26-28

26Sapagkat nararapat na ibigay sa atin ang ganitong uri ng pinakapunong-saserdote. Siya ay banal, walang kapintasan at malinis. Siya ay nahihiwalay sa mga makasalanan at itinaas siya ng Diyos na mataas pa sa kalangitan. 27Siya ay hindi natutulad sa ibang mga pinunong-saserdote na kailangang maghandog ng mga handog araw-araw, una para sa kaniyang mga kasalanan. At pagkatapos ay maghahandog sila ng mga handog para sa mga kasalanan ng ibang tao. Sapagkat kaniyang ginawa ito nang minsan at magpakailanman, nang ihandog niya ang kaniyang sarili. 28Sapagkat ang kautusan ay nagtatalaga ng mga pinunong-saserdote na mga taong may kahinaan. Ngunit ang salita ng panunumpa na dumating pagkatapos ng kautusan ay nagtalaga sa anak na pinaging-ganap magpakailanman.

7:26 Ito ay maaaring isang sipi mula sa sinaunang kanta o tula (katulad ng Phil. 2:6-11; I Tim. 3:16; II Tim. 2:11-13; at maaaring I Tim. 1:17; 6:15-16). Ang salitang "banal" ay maaaring nangangahulugang "maawain" mula sa LXX (cf. Ps. 16:10). Ang salitang "walang bahid" ay isang panghaing salitang karaniwang sinalin sa OT bilang "walang dumi." Ito ay isang kahanga-hangang pangumpisal na kabuuan.

NATATANGING PAKSA: WALANG PAGSISISI, WALANG KASALANAN, PAGKAINOSENTE, WALANG PANINISI

A. Pagbubukas ng mga Salita

3. Ang konseptong ito ay teolohikal na naglalarawan sa orihinal na kalagayan ng sangkatauhan (i.e., Gen. 1, ang Hardin ng Paraiso). 4. Ang kasalanan at paghihimagsik ay sumira sa ganitong kalagayan ng ganap na pagsasama (i.e., Gen. 3).
c. Ang mga tao (lalaki at babae) ay nangungulila para sa pagbabalik ng pagsasama sa Diyos dahil sila ay ginawa sa Kanyang larawan at pagiging kapareho (i.e., Gen. 1:26-27).
4. Ang Diyos ay humaharap sa sangkatauhan sa ilang paraan
e. makadiyos na mga pinuno (i.e., Abraham, Moses, Isaiah) f. panghaing sistema(i.e., Lev. 1-7) g. makadiyos na mga halimbawa (i.e., Noah, Job)
5. Sa katapusan, ang Diyos ay nagbigay sa Messiah
a. bilang buong paglalahad ng Kanyang sarili
b. bilang ganap na paghain para sa kasalanan
6. ang mga Kristiano ay ginagawang walang kasalanan
e. s ayon sa kautusan sa pamamagitan ng sinasabing pagkamakatuwiran ni Cristo f. pasulong sa pamamagitan ng gawain ng Espiritu
g. ang layunin ng Cristianismo ay pagiging katulad ni Cristo (cf. Rom. 8:28-29; Eph. 1:4), na sa katotohanan, ay ang pagbabalik sa larawan ng Diyos na nawala sa pagbagsak nina Adam at Eba
7. Ang langit ay isang pagbabalik ng ganap na pagsasama ng Hardin ng Paraiso. Ang langit ay ang Bagong Jerusalem na bumaba mula sa pagharap ng Diyos (cf. Rev. 21:2) sa isang dinalisay na lupa (cf. II Pet. 3:10). Ang Bibliya ay nagsisimula ay nagtatapos sa parehong tema. a. malapit, personal na pagsasama sa Diyos b. sa isang kinalalagyang hardin (Gen. 1-2 and Rev. 21-22)
c. s sa pamamagitan ng nagpapahiwatig na salita, ang pagharap at pagsama ng mga hayop (cf. Isa. 11:6-9) B. Lumang Tipan

7. Mayroong napakaraming ibat-ibang Hebreong salitang nagdadala ng konseptong kaganapan, walang kasalanan, pagkainosente na ito ay napakahirap pangalanan at ipakita sa lahat na masalimuot na mga kaugnayan.

2. Ang mga pangunahing salitang nagdadala ng konseptong pagkaganap, walang kasalanan, o pagkainosente (ayon kay Robert B. Girdlestone, Synonyms of the Old Testament, pp. 94-99) ay ang mga:

a. shalom

b. thamam

c. calah

3.. Ang Septuagint (i.e., ang Bibliya ng sinaunang simbaha) ay nagsasalin sa maraming ganitong konsepto sa mga Koine Griyegong salitang ginamit sa NT.

4. Ang pangunahing konsepto ay may kaugnayan sa paghaing sistema.

e. am mos (cf. Exod. 29:1; Lev. 1:3,10; 3:1,6,9; Num. 6:14; Ps. 26:1,11)

f. amiantos ay aspilus ay mayroon ding mga pangkultong ibig sabihin

C. Bagong Tipan

1. ang ayon sa kautusang konsepto

e. Ang Hebreong ayon sa kautusang pangkultong kahulugan ay sinalin ni am mos (cf. Eph. 5:27; Phil. 2:15; I Pet. 1:19)

f. Griyegong ayon sa kautusang kahulugan (cf. I Cor. 1:8; Col. 1:22)

8. Si Kristo ay walang sala, walang kasalanan, inosenting Isa (am mos) (cf. Heb. 9:14; I Pet. 1:19)

9. Ang mga tagasunod ni Kristo ay ginagaya Siya (am mos) (cf. Eph. 1:4; 5:27; Phil. 2:15; Col. 1:22; II Pet. 3:14; Jude 24; Rev. 14:5)

10. Itong konsepto ay ginamit rin sa mga pinuno ng simbahan

e. anegkl tos, “walang pagbibintang (cf. I Tim. 3:10; Titus 1:6-7)

f. anepileptos, “lampas sa pagpuna” o walang mapanghawakan para sa pagpuna” (cf. I Tim. 3:2; 5:7; 6:14; Titus 2:8)

11. Ang konsepto ng “hindi nadumihan” (amiantos) ay ginagamit sa

e. Cristo mismo (cf. Heb. 7:26) f. sa Cristianong mana (cf. I Pet. 1:4)
12. Ang konsepto ng "kabuuan" o "katuwiran"(holokl ria) (cf. Acts 3:16; I Thess. 5:23; James 1:4)
7. Ang konsepto ng "walang sala," walang kasalanang pagka-inosente ay pinapahayag ng amemptos (cf. Luke 1:6; Phil. 2:15; 3:6; I Thess. 2:10; 3:13; 5:23)
8. Ang konsepto ng "hindi paksa ng paninisi" ay pinapahayag ng am m tos (cf. I Pet. 3:14)
9. Ang konsepto ng "walang dumi," "walang bahid" ay karaniwang ginagamit sa mga sulatin na mayroong isa sa mga nasa itaas din na salita (cf. I Tim. 6:14; James 1:27; I Pet. 1:19; II Pet. 3:14)
D. Ang mga bilang ng salita sa Hebreo at Griyegong nagpapahayag nitong konsepto ay nagpapakita ng kanyang kahalagahan. Ang Diyos ay nagbibigay ng ating mga pangangailangan sa pamamagitan ni Kristo at ngayon ay tumatawag sa atin upang maging katulad Niya.
Ang mga sumasampalataya ay nakalagay, pagtitistis na sinabing "tama," "makatarungan," "walang kasalanang" sa pamamagitan ng gawain ni Kristo. Ngayon ang mga sumasampalataya ay magmamay-ari ng kanilang posisyon. "Lumakad sa liwanag dahil Siya ang liwanag" (cf. I John 1:7). "Lumakad na kasing-halaga ng tawag" (cf. Eph. 4:1,17; 5:2,15). Si Hesus ay nagbalik sa larawan ng Diyos. Ang malapit na pagsasama ay ngayon maaari na, ngunit alalahaning ang Diyos gusto ang mga taong sumasalamin sa Kanyang katangian, katulad ng Kanyang Anak. Tayo ay tinatawag sa walang hihigit pang kabanalan (cf. Matt. 5:20,48; Eph. 1:4; I Pet. 1:13-16). Ang kabanalan ng Diyos, hindi lamang ayon sa kautusan, kundi sa pagkabuhay!

"nilayo mula sa mga makasalanan" Ito ay isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ito ay hindi sumasalamin sa pagkatao ni Jesus (cf. Phil. 2:6-7), kundi nagsasabi ng Kanyang kawalang-kasalanan (cf. 4:15; 9:14; II Cor. 5:21; I Pet. 2:22; I John 2:1; 3:5).

"itinaas sa ibabaw ng mga langit" Ito ay maaring (1) pangungusap ng kadakilaan; (2) isang pagtukoy sa gnostikong pananaw ng mga huwad na guro ng kaligtasan bilang isang pagtagos sa

mga pang-anghel na mundo (cf. 4:14); o (3) isang paraan ng pagtukoy sa muling pagkabuhay/pagakyat.

7:27. Ito ay tila mayroong kaugnayan sa Araw ng Katubusan (cf. Lev. 16), ngunit dito ito ay ginagamit sa kaisipang pang-araw-araw na mga paghandog (ang OT na pagpapatuloy). Ito ay maaaring mapatunayan sa pamamagitan ng kasaysayan at ng rabinikal na ang pinakapunong saserdote ay tahasang kasama sa pang-araw-araw na mga paghandog sa mas huling Judaismo ngunit maaaring hindi sa panahon ng mga araw ng tabernakulo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Jesus Bilang Pinakapunong Saserdote sa 2:17.

"Siya ay naghandog" Ito ay ang kaparehong salitang ginamit sa Isa. 53:11 sa Septuagint (LXX), "dalhin." Ang iba tinitingnan ito bilang pagpapahiwatig sa usok ng mga paghandog na umakyat pataas sa Diyos.

"ito Kanyang ginawa minsan para sa lahat" Ang Hebreo ay nagbibigay-diin sa kahulihang minsang-pagbigay panghandog na kamatayan ni Jesus. Itong minsanang-ginawang pagligtas at pagpatawad ay ginawa magpakailanman (cf. "minsan" [ephapax] , 7:27; 9:12; 10:10 at "minsanan lamang" [hapax], 6:4; 9:7,26,27,28; 10:2; 12:26,27). Ito ang paulit-ulit na pagpatibay ng nagawang paghandog.

"hinandog ang Kanyang sarili" Si Jesus ay ang pinakapunong saserdote (cf. Ps. 110:4) at biktima ng banal na dako (cf. 9:24). Ito ay isang haligi ng NT pagbigay-diin sa napagpapalit, hayag na katubusan (cf. Mark 10:45; Rom. 8:3; II Cor. 5:21).

7:28 "nagtatalaga ng isang Anak" Si Jesus ay isang nakakahigit na saserdote dahil Siya ay bahagi ng pamilya ng Diyos (cf. 1:2; 3:6; 5:8). Ang pagtukoy na ito ay tila sumasama sa Ps. 2 at Ps. 110 na mga Makahari at Makasaserdoteng Salmo. Siya ay sumasama sa parehong OT binasbasang lugar ng katungkulan sa Kanyang Sarili sa pamamagitan ng sumpa ng Ama.

"ginawang ganap magpakailanman" Ito ay isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Siya ay ginawang ganap (pagsasalita batay sa tao) sa pamamagitan ng paghihirap at ang kaganapang ito ay pumapatuloy (cf. 2:10; 5:8-9). Tingnan ang buong sulatin sa 10:1.

MGA PANGTALAKAYANG TANONG

Ito ay isang gabay ng pag-aaral na komentary, na ang ibig sabihin ikaw ay may tungkulin sa iyong sariling pagsalin sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Hindi mo dapat ito pinapaubaya sa isang tagapagsalita.

Ang mga pangtalakayang tanong na ito ay binibigay upang ikaw ay matulungang makapag-isip sa mga pangunahing isyu nitong aklat. Sila ay nilalayong pangpukaw-isip, hindi katiyakan.

1. Bakit napakatagal ng may-akdang paunlarin ang konsepto ni Jesus bilang pinakapunong saserdote?
2. Paano inuugnay si Levi kay Melquisedec?
3. Panno inuugnay ang Ps. 110 sa Gen 14:18-20?
4. Bakit ginagawing isang uri ng Messiah si Melquisedec?
5. Sino si Melquisedec?

HEBREO 8

PAGHAHATI NG MGA TALATA SA MAKABAGONG PAGSALIN

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang Pinakapunong Saserdote ng isang Bago at Mas Mabuting Tipan	Ang mga Bagong Makasaserdoteng Lingkod	Ang Kabanalang Dako at ang Bagong Tipan	Hesus, Ating Pinakapunong Saserdote	Ang Bagong Pagkasaserdote at ang Bagong Dako
8:1-6	8:1-6	8:1-7	8:1-2	8:1-5
			8:3-6	Si Kristo ay ang Tagapamagitan ng isang Mas Nakahihigit na Tipan
	Isang Bagong Tipan			8:6-13
8:7-13	8:7-13		8:7-13	
		8:8-13		

MGA KONTEKSTONG KAALAMAN: HEBREO 8:1-13

A. Ito ay isang bahagi ng isang binuong tekstong may kaugnayan sa pangangailangan ng mambabasa para sa kabuuan. Ang seksiyong ito ay tumatakbo mula 5:11-10:18 na may panaklong ng babala mula 5:12-6:20.

B. Habang umuunlad ang kapitulo 2 gamit ang Ps. 8, ang mga kapitulo 3 at 4 ay umuunlad gamit ang Ps. 110 at ang kapitulo 8 ay gumagamit ng Jer. 31:31-34 (ang kapitulo 10 ay gagamit ng Ps. 40).

C. Ang totoong tabernakulo sa langit na pinapahiwatig sa 6:19-20 at 8:2 ay hindi kabuuang mapapaunlad hanggang makarating sa kapitulo 9.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

NASB (BINAGO) TEKSTO 8:1-13

1Ngayon, ito ang buod ng mga bagay na sinasabi. Mayroon tayong gayong pinakapunong-saserdote na nakaupo sa kanan ng trono ng kamahalan sa mga kalangitan. 2Siya ay naglilingkod sa banal na dako at tunay na tabernakulo na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao. 3Sapagkat ang bawat pinunong-sasedote na itinalaga upang makapaghandog ng mga kaloob at mga handog, kinakailangan na ang pinakapunong-saserdoteng ito ay magkaroon din ng maihahandog. 4Sapagkat kung narito siya sa lupa, hindi siya magiging isang saserdote dahil may ibang mga saserderdote na naririto na naghahandog ng mga kaloob ayon sa kautusan. 5Sila ay naglilingkod sa isang tabernakulo na isang larawan at isang anino ng nasa kalangitan. Kaya nang si Moises ay handa na upang magtayo ng tabernakulo, nagbabala ang Diyos sa kaniya. Sinabi niya: Tiyakin mong gawin ang lahat ayon sa huwarang ipinakita ko sa iyo sa bundok. 6Ngunit ngayon si Jesus ay nagtamo ng isang higit na dakilang paglilingkod, yamang siya ay tagapamagitan ng isang tipan na higit na mabuti. Ang tipang ito ay natatag sa lalong mabuting pangako. 7Sapagkat kung ang unang tipan ay walang kakulangan, hindi na sana naghahanap pa ng lugar para sa ikalawang tipan. 8Sapagkat nakita ng Diyos ang pagkukulang sa kanila, na sinasabi: AKONG PANGINOON ANG NAGSASABI: NARITO, DUMARATING ANG MGA ARAW. ITATATAG KO ANG ISANG BAGONG TIPAN SA SAMBAYANAN NI ISREAL AT SA SAMBAHAYAN NI JUDA. 9ITO AY HINDI TULAD SA LUMANG TIPAN NA AKING GINAGAWA SA KANILANG MGA NINUMO, SA ARAW NANG AKAYIN KO SILA AT INILABAS SA BAYAN NG EGIPTO. DAHIL HINDI SILA NATING TAPAT SA AKING TIPAN, KAYA PINABAYAAN KO SILA. 10AT AKONG PANGINOON ANG NAGSASABI: ITO ANG TIPAN NG AKING GAGAWIN SA SAMBAHAYAN NI ISRAEL PAGKARAAN NG MGA ARAW NA YAON. ILALAGAY KO ANG AKING MGA KAUTUSAN SA KANILANG MGA ISIP AT ISUSULAT KO DIN ANG MGA ITO SA KANILANG MGA PUSO. AT AKO AY MAGIGING DIYOS NILA AT SILA AY MAGIGING MGA TAO KO. 11WALA

NANG MAGTUTURO SA KANIYANG KAPWA O SA KANIYANG KAPATID: KILALANIN MO ANG PANGINOON. SAPAGKAT MAKIKILALA AKO NG LAHAT, MAGING NG MGA DAKILA AT HINDI DAKILA. 12SAPAGKAT KAHAHABAGAN KO SILA SA KANILANG MGA KALIKURAN AT HINDI KO NA ALALAHANIN PA ANG KANILANG MGA KASALANAN AT HINDI PAGKILALA SA KAUTUSAN NG DIYOS. 13Nang sabihin niya: Isang bagong tipan, pinaging luma niya ang unang tipan. Ito ngayon ay tumatanda na at malapit nang mawala.

8:1
NASB, NKJV,
NRSV "pangunahing punto"
TEV "ang buong punto"
NJB "ang puntong prinsipyo"

Ito ay isang uri ng Griyegong salitang "ulong," (kephale) ginamit ng may pagpahiwatig para sa kabuuang suma ng mga pera (cf. Acts 22:28). Ang mga Sinauna ay nagdadgag ng kanilang mga bilang pataas imbes na pababa. Ang salitang ito ay may dagdag na pagpapahiwatig na kaisipan ng (1) ang pinakamahalagang punto sa pangangatwiran ng aklat hanggang dito o (2) isang buod ng isang pangangatwirang naibigay na.

"pinakapunong saserdote" Ang titulong ito para kay Jesus ay nakikita lamang sa Hebreo (cf. 2:17; 3:1; 4:14-15; 5:10; 6:20; 7:26; 8:1,3; 9:11,25). Ang pagkasaserdoteng katangian ng Messiah ay nilalantad sa Ps. 110 at Zech. 3 at 4. Siya ay parehong saserdote at hain (cf. Isa. 53). Siya ay tumatayo sa harap ng Diyos para sa kapakanan ng sangkatauhan at inaalay ang Kanyang sarili bilang kalutasan sa kasalanang suliranin.

"siya na kumukuha ng Kanyang upuan" Ito ay ang patuloy na paggamit ng Ps. 110. Ito ay tumutukoy sa natapos ng paglingkod ni Cristo (cf. Heb. 1:3; I John 2:1). Ngunit, ito ay may makahari, hindi makasaserdoteng, kahulugan. Walang saserdoteng nakaupo mula noon, mga hari lamang.

"sa kanang kamay" Ito ay isang antropomorpikong parirala para sa lugar ng awtoridad at kapangyarihan (cf. 1:3,17; 8:1; 10:12-13; 12:2; Acts 2:33-35**).**

"ng trono ng Kamahalan sa mga kalangitan" Ang Diyos ay walang pisikal na trono dahil Siya ay isang espiritu. Ito ay isang antropomorpikong pariralang naglalarawan sa Diyos sa mga pantaong mga salita at pag-uuri. Ito ay isang paikot o pahapyaw na paraang pagtukoy sa Diyos na hindi sinasabi ang Kanyang pangalan (cf. 12:2).

Ang salitang "mga langit" ay PANGMARAMI katulad sa OT. Ito ay PANGMARAMI dahil ito ay tumutukoy sa ilang lebel: (1) ang kalawakan sa itaas ng lupa kung saan lumulipad ang mga ibon at nabubuo ang mga ulap (cf. Gen. 1:1); (2) ang mabituing kalangitan, ang lugar ng makalangitang ilaw, araw, buwan, mga bituin, at mga planeta (cf. Gen. 1:14); at (3) ang sariling pagharap ng Diyos at lugar ng mga anghel.

Ang mga guro ay palaging nagtatalo kung mayroong tatlong langit (cf. II Cor. 12:2) o pitong langit (cf. Eph. 4:10). Itong konsepto ng ilang lebel ay maaaring makita sa Deut. 10:14 at Ps. 148:4. Ang mga gnostiko ginamit itong konsepto ng maraming langit upang panindigan ang mga lebel ng pang-anghel na kapangyarihan. Ngunit, si Jesus ay tumagos dito (cf. 4:14). Ang PANGMARAMI laban sa PANG-ISANG ouranos (langit) ay tila walang teolohikal na kahalagahan sa Hebreo (cf. 9:23 laban sa 9:24).

8:**2** **"tabernakulo"** Ito ay isang pagtukoy sa mithiing tabernakulo sa langit (cf. 6:19-20), kung saan ang isang nilantad kay Moises sa Bundok ng Sinai at ginawa sa panahon ng ilang palaboy-laboy na kapanahunan.

"na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao" Ito ay maaaring isang pagpapahiwatig sa Septuagint (LXX) na pagsalin ng Num. 24:6 o ito ay maaaring isang paraan lamang ng pagtutukoy sa banal na tabernakulong ginawa ng Diyos.

8:3 "maghandog" Ito ay simula ng isang pagtuloy na pagbibigay-diin sa minsan-at-panglahatang katangian ng hain ni Cristo. Ang Kanyang handog ay ang Kanyang buhay.

8:4 "kung narito Siya sa lupa, hindi Siya magiging isang saserdote" Ito ay isang IKALAWANG URING PASUBALING PANGUNGUSAP, na tinatawag salungat sa katotohanan (cf. 4:8; 7:11; 8:4,7; 10:2; 11:15). Si Jesus ay hindi nagmula sa makasaserdoteng

Levitikal na lipi, kundi mula sa lipi ni Juda. Ang pangsaserdoteng paglingkod ni Jesus ay ginawa sa kahuli-hulihan sa langit.

8:5 "isang larawan at anino ng nasa kalangitan" Ang gamit ng mga salitang "lawaran" at "anino" ay nagpapaalala ng mga kasulatan ni Philo ng Alexandria, isang Judiong manunulat at pilosopong nabuhay mula 20 B.C. hanggang A.D. 42 at sumunod kay Plato. Kanyang sinimbolo ang OT sa isang pagtatangkang gawin itong makapanahon sa Griyegong lipunan at isulong ang Platonismo bilang isang paraan ng pagpapalawig ng YHWHismo.

Ngunit ang sulatin ay hindi sumasalamin kay Philo, kundi ng sinaunang Judiong tradisyong binigay kay Moises sa Bundok ng Sinai na kopya ng banal na dako – ang tabernakulo ng ilang palaboy laboy na kapanahunan. Itong parehong uri ng pangangatwiran ay makikita sa Dead Sea Scrolls, na nagpapakitang hindi ito bukod-tangi kay Plato (i.e., Griyegong pilosopiya). Nakakatuwang ang may-akda ng Hebreo ay hindi tumatalakay kailanman alinman sa Templo ni Solomon at Herod (o ng kanilang mga pamamaraan). Ito ay hindi kailanman inutos ng Diyos katulad ng tabernakulo (cf. Exod.25-40), pero ang I Chr. 28:19 ay malapit sa pagtanghal na ang mga plano ni Solomon ay binigyang-diwa ng kabanalan.

Ang Judiong tradisyong ang naunang tabernakulo ay isang larawan ng totoong tabernakulo sa langit ay makikita sa (1) Exod.25:9, 40; (2) Rev. 11:10; 13:6; 15:5; (3) II Baruch 4:5; (4) ang Kamartiran at Pag-akyat ni Isaiah 7:10; (5) Karunungan 9:8; (6) ang Kasinaunahan ng mga Judio ni Flavius Josephus 3:6:1.

Ang sulating ito ay hindi maaaring sumasalamin ng Platonismo dahil ang Tabernakulo sa langit ay may nilalaman o katotohanan. Sa Platonismo ang kabanalan ay isang mithiin, isang kaisipang, espiritwal na katotohanan, ngunit sa Bibliya ito ay isang pisikal na katotohanan. Ang langit ay hindi lamang mga mithiin/konsepto/simbolo, kundi isang totoong bahagi ng paglikha (cf. Col. 1:16).

Ang banal na tabernakulong ito ay isang araw mawawala (cf. Rev. 21:22). Ito ay nakapaglingkod ng kanyang layunin sa kapanahunang ito, ngunit hindi na kakailanganin sa eschaton!

NATATANGING PAKSA: URI (TUPOS)
Ang suliranin ay ang salitang tupos, na mayroong ibat-ibang gamit.
4. Moulton and Milligan, The Vocabulary of the Greek New Testament, p. 645
g. huwaran h. plano i. uri o paraan ng pagsusulat j. utos o reskripto k. hatol o desisyon l. modelo ng isang katawan ng tao bilang tanda ng paggalang na mga handog sa nagpapagaling na diyos m. pandiwang ginamit sa kaisipang pagpapatupad ng kasuguan ng kautusan
2. Louw and Nida, Greek-English Lexicon, vol. 2, p. 249
g. peklat (cf. John 20:25) h. larawan (cf. Acts 7:43) i. huwaran (cf. Heb. 8:5) j. halimbawa (cf. I Cor. 10:6; Phil. 3:17) k. arkitipo (cf. Rom. 5:14) l. uri (cf. Acts 23:25) m. mga nilalaman (cf. Acts 23:25)
3. Harold K. Moulton, The Analytical Greek Lexicon Revised, p. 411 a. isang tama, isang pagkintal, isang marka (cf. John 20:25) b. isang paglalarawan c. isang larawan (cf. Acts 7:43) d. isang disenyo, isang plano (cf. Rom. 6:17) e. uri, layunin (cf. Acts 23:25)

f. isang imahen, isang kopya (cf. I Cor. 10:6)

g. isang inaasahang imahen, uri (cf. Rom. 5:14; I Cor. 10:11)

h. isang huwarang larawan (cf. Acts 7:44; Heb. 8:5)

i. isang moral na larawan (cf. Phil. 3:17; I Thess. 1:7; II Thess. 3:9; I Tim. 4:12; I Pet. 5:3)

Sa kontekstong # i sa ibabaw ay tila ang pinakamabuti. Ang ebanghelyo ay may parehong doktrina at pamumuhay na pinapahiwatig. Ang libreng handog na kaligtasan ni Kristo ay humihingi rin ng isang buhay na katulad ni Kristo!

"Kanyang sinasabi" Ito ay isang sipi mula sa Exod. 25:40. Ang tabernakulo ay hindi isang plano ni Moises, kundi ang paglalantad ng Diyos.

8:6 "Siya ay nagtamo ng isang higit na dakilang paglilingkod" Ito ay isang PANGNAGDAANG TAHASANG PATUROL. Itong parehong paglalarawan sa kadakilaan ni Jesus ay ginagamit na may kaugnayan sa mga anghel sa 1:4.

"Siya ay isa ring tagapamagitan ng isang higit na mabuting tipan" Ang lahat ng mga PANDIWA sa v. 6 ay mga PANGNAGDAAN. Katulad ng naunang isa, ito ay isang PAGNAGDAANG TAHASANG PATUROL.

Ang salitang "tagapamagitan" ay isang ayon sa kautusang salitang ang ibig sabihin ay "arbiter" (cf. 9:15; 12:24; I Tim. 2:5). Katulad ng isang saserdoteng tumatayo sa gitna ng Diyos at ng sangkatauhan, ganoon din ang isang tagapamagitan (cf. 9:15; 12:24; Tim. 2:5).

"higit na mabuting tipang natatag sa lalong mga mabuting pangako" Ito ay isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PATUROL. Ang pagpapahayag ng may-akda ng Hebreo sa kapangyarihan ni Jesus kaysa Mosaic na tipan ay nilalantad sa pamamagitan ng kanyang gamit sa salitang "higit."

1. higit kaysa mga anghel (cf. 1:4)

2. higit kaysa kay Levi (cf. 7:7)

3. higit na pag-asa kaysa Kautusan ni Moises(cf. 7:19)

4. higit na garantiya (cf. 7:22)

5. higit na mga pangako (cf. 8:6)

6. higit na mga hain (cf. 9:23)

7. higit na pag-aari (cf. 10:34)

8. higit na pagkabuhay muli (cf. 11:35)

NATATANGING PAKSA: TIPAN

Ang OT salitang berith, tipan, ay hindi madaling bigyang kahulugan. Walang katapat na PANDIWA sa Hebreo. Ang lahat na pagtatangkang makarating sa isang etimolohikal na kahulugan ay hindi nakakakumbinsi. Ngunit, ang hayag na pagkasentro ng konsepto ay pumipilit sa mga iskolar na usisain ang gamit ng salita upang subukang alamin ang kanyang panggamit na kahulugan.

Ang tipan ay ang paraan kung saan ang isang totoong Diyos ay hinaharap ang Kanyang taong nilalang. Ang konsepto ng tipan, kasunduan, o pagkakaisa ay mahalaga sa pag-intindi ng pangbibliyang paglahad. Ang tensiyon sa gitna ng nag-iisang Diyos at kalayaang magpasya ng tao ay malinaw na nakita sa konsepto ng tipan. Ang ilang tipan ay batay sa katangian, mga kilos at mga layunin ng Diyos.

1. ang palikha mismo (cf. Gen. 1-2)

2. ang tawag ni Abraham (cf. Gen. 12)

3. ang tipan kay Abraham (cf. Gen. 15)

4. ang pananatili at pangako ni Noah (cf. Gen. 6-9)

However, the very nature of covenant demands a response Ngunit, ang mismong kalikasan ng tipan ay humihingi ng isang tugon

1. sa pamamagitan ng pananampalataya si Adam ay dapat sumunod sa Diyos at hindi dapat kumain mula sa puno sa gitna ng Paraiso (cf. Gen. 2)

2. sa pamamagitan ng pananampalataya dapat iwanan ni Abraham ang kanyang pamilya, sumunod sa Diyos, at maniwala sa darating na mga pinagmulan (cf. Gen. 12,15)

3. sa pamamagitan ng pananampalataya si Noah ay dapat gumawa ng isang napakalaking barko malayo mula sa tubig at mag-ipon ng mga hayop (cf. Gen. 6-9)

4. sa pamamagitan ng pananampalataya si Moises dinala ang mga Esraelite palabas ng Egipto at tumanggap ng tiyak ng mga gabay para sa pangrelihiyoso at panlipunang buhay na may mga pangako ng mga grasya at sumpa (cf. Deut. 27-28)

Itong parehong tensiyong sumasangkot sa relasyon ng Diyos sa sangkatauhan ay tinutugunan sa "bagong tipan." Ang tensiyon ay malinaw na nakita sa paghahambing ng Ezek. 18 sa Ezek. 36:27-37. Ang tipan ba ay batay sa mabagbiyayang kilos ng Diyos o sinugong taong tugon? Ito ang mainit na usapin ng Lumang Tipan at ng Bago. Ang mga layunin ng dalawa ay pareho: (1) ang pagbabalik ng pagsasamang nawala sa Gen. 3 at (2) ang pagtatayo ng isang makatarungang mga taong sumasalamin sa katangian ng Diyos.

Ang bagong tipan ng Jer. 31:31-34 ay lumulunas sa tensiyon sa pamamagitan ng pag-alis ng pantaong paggampan bilang paraang makamit ang pagtanggap. Ang kautusan ng Diyos ay nagiging isang panloob na kagustuhan imbes na isang panlabas na paggampan. Ang layunin ng isang makadiyos, makatarungang mga taong nananatiling pareho, ngunit ang pamamaraan ay nagbabago. Ang nabigong sangkatauhan ay nagpatibay sa kanilang mga sariling hindi sapat upang maging salamin ng larawan ng Diyos (cf. Rom. 3:9-18). Ang suliranin ay hindi ang tipan, kundi ang pantaong pagkamakasalanan at kahinaan (cf. Rom. 7; Gal. 3).

Ang parehong tensiyon sa gitna ng OT walang kondisyon at may kondisyong mga tipan ay naiiwan sa NT. Ang kaligtasan ay ganap na libre sa natapos na paglingkod ni Jescristo, ngunit ito ay nangangailangan ng pagsisisi at pananampalataya (parehong panimula at tuloy-tuloy). Ito ay parehong isang ayon sa kautusang bigkasin at isang tawag sa pagiging katulad ni Cristo, isang nagpapakitang pangungusap ng pagtanggap at isang pangangailangan sa kabanalan! Ang mga sumasampalataya ay hindi naliligtas sa pamamagitan ng kanilang paggampan, kundi sa pamamagitan ng pagsunod (cf. Eph. 2:8-10). Ang makadiyos na pamumuhay ay nagiging isang patunay ng kaligtasan, hindi isang paraan ng kaligtasan.

8:7 "kung" Ito ay isa pang PANGALAWANG URING PASUBALING PANGUNGUSAP, na tinatawag bilang salungat sa katotohanan (cf. v. 4) Ito ay isang pangunahing punto ng pangangatwiran. Isang hayag na maling pangungusap ay ginagamit upang gumawa ng isang

teolohikal na punto. Ang unang tipan ay hindi naglabas ng ninanais na kahihinatnan ng pagbabalik at katarungan.

8:8 "Sapagkat nakita ng Diyos ang pagkukulang sa kanila" Hindi ang Kautusan, kundi ang pantaong kahinaan ang suliranin (cf. Rom. 7:12,16; Gal. 3).

"Siya ay nagsasabi" Ang mga bersong 8-12 ay mga katigang sipi mula sa Jer. 31:31-34. Pansinin ang "Siya" ay tumutukoy sa YHWH; ngunit, sa 10:15 itong parehong parirala ay pinapatungkol sa Banal na Espiritu. Ang nagbigay-diwa sa OT ay minsan binibigay sa Espiritu at minsan sa Ama.

"ANG BAGONG TIPAN" Ang sulating ito sa Jeremiah (cf. 31:31-34) ay ang nag-iisang pagbanggit sa OT ng isang "bagong" tipan. Ito ay maaaring nakakabigla sa mga Judio.

"SAMBAHAYAN NG ISRAEL" Ito ay nagpapahiwatig ng pagbabalik ng mga tao sa Diyos. Pagkatapos naghiwa-hiwalay ang Nagkaisang Monarkiya (Saul, David, Solomon) noong 922 B.C., ang mga kanluraning lipi sa ilalim ni Jeroboam I ay tinawag na Israel at ang mga katimugang lipi sa ilalim ni Rehoboam ay tinawag na Juda.

8:9 "HINDI TULAD NG TIPAN" Ang pagkakaiba ay hindi sa nilalaman o layunin kundi sa pamamaraan.

"SA ARAW NANG AKAYIN KO SILA" Ito ay tumutukoy sa YHWH bilang Ama (cf. Hosea 11:1-4).

"AT PINABAYAAN KO SILA" Ito ay sumusunod sa Septuagint (LXX) na pagsalin. Ang Masoretikal na Teksto (MT) ay may "kahit na ako ay isang asawa sa kanila."

8:10 "MGA ISIP" Ito ay sumusunod sa Septuagint (LXX) ngunit ang Masoretikal na teksto (MT) ay may "sa loob nila." Ito kung paano ang lumang tipan ay nagkakaiba mula sa bago. Ang luma ay pinagtangi ni Ezek. 18:31, ang bago ayon sa Ezek. 11:19; 36:26-27.

"MGA PUSO" Ito ay tumutukoy sa buong tao (cf. Deut. 6:6; 11:18; 30:6,14). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:8.

"AT AKO ANG MAGIGING DIYOS NILA AT SILA AY MAGIGING MGA TAO KO" Ito ay isang pangtipang pagsasabi ng OT.

8:11 Mayroong isang Griyegong pakakaiba ng kasulatan sa salitang "mga tao" laban sa "mga kapitbahay." Ayon sa Hebreong pag-intindi ng tipang kapatid ang pagkakaiba ay hindi nagbibigay ng pagsaling pagkakaiba. Kung tungkol sa mas luma at mas maaasahang mga Griyegong teksto ang pag-uusapan, ang "mga tao" ang pinakamabuting gamitin (cf. P46, W, A, B, D, K, L, at sa higit na maraming nahuhuling mga minuskulong kasulatan).

8:12 Ito ang pagkapantay-pantay ng bagong tipan, Walang nang pangangailangan para sa mga pinuno, ang lahat ay makikilala ang Panginoon at ang Kanyang nais at mga pamamaraan. Ang mga kasalanang pinapatawad ng Diyos, kinalilimutan ng Diyos (malakas na DOBLENG NEGATIBO). Ang OT pangako ng kabuuang pagpapatawad ay lubos na kahanga-hanga (cf. Ps. 103:3,8-14; Isa. 1:18; 38:17; 43:25; 44:22; Micah 7:19).

8:13
NASB "Ngunit kung ano man ang pinaging luma at tumatanda na ay malapit nang mawala"
NKJV "Ngayong ano man ang pinaging luma at tumatanda na ay handa nang mawala"
NRSV "At ano mang pinaging luma at tumatanda na ay malapit nang mawala"
TEV "Anuman na nagiging matanda at kupas na ay malapit nang mawala"
NJB "At anumang luma at tumatanda ay handa nang mawala"

Ang pariralang ito ay nangangailangan ng ilang komentaryo. Una, alalahanin ang pangkasaysayang kinalalagyan. Mayroong isang pangkat ng mga taong kumakapit sa Mosaic na Kautusan at isang pangkat na nag-iisip na bumalik sa Mosaic na Kautusan. Ikalawa, ito ay mayroong lamang kinalaman sa Kautusan bilang paraan ng kaligtasan. Tiyak na ang OT ay, at

nananatiling paglalantad ng Diyos (cf. Matt. 5:17-19). Ang Mosaic na Kautusan ay mayroon pa ring layunin sa plano ng Diyos (cf. Gal. 3). Ito ay nagdadala sa mga tao kay Cristo sa pamamagitan ng pagpapakita ng nabigong sangkatauhan sa kanilang pagkamakasalanan at pangangailangan ng kaligtasan. Makakatulong sa ating maintindihan ang Diyos at ang Kanyang mga parran. Ito ay may kaugnayan sa bagong tipan bilang pangako ng kaganapan. Hindi nakakaya nitong magdala ng kaligtasan dahil sa kahinaan at pagkamakasalanan ng nabigong sangkatauhan.

MGA TANONG PANTALAKAYAN

Ito ay isang gabay ng pag-aaral na komentaryo, na ngangahulugang tungkulin mo ang iyong sariling pagsalin ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Dapat hindi mo ipaubaya ito sa isang tagapagsalita.

Itong mga pangtalakayang tanong ay binibigay upang makatulong sa iyong mag-isip ng mga pangunahing usapin nitong seksiyon ng aklat. Sila ay inaasahang maging pangpukaw-isipan, hindi katiyakan.

1. Bakit ang may-akda ng Hebreo ay malakas na binibigyang-diin ang kahigitan ng pagkapinakapunong saserdote ni Hesus?
2. Ang aklat ba ng Hebreo ay naimpluensiyahan ng Griyegong pilosopiya (Platonismo)?
3. Bakit sinipi ang Jeremiah 31:31-34?
4. Bakit ang bersong 12 ay isang napakahalagang pangako?
5. Paano nauugnay ang Mosaic na tipan sa bagong tipan ng mga Kristiyano?

HEBREO 9

MGA PAGHAHATI NG MGA TALATA SA MAKABAGONG PAGSALIN

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang Makalupa at ang Makalangit na Kapahingahan	Ang Makalupang Kapahingahan	Ang Paglilingkod ng mga Levitikal na mga Saserdote	Makalupa at Makalangit na Pagsamba	Si Kristo ay Pumapasok sa Makalangit na Kapahingahan
9:1-5	9:1-5	9:1-5	9:1-5	9:1-5
	Ang mga Pagkululang ng Makalupang Kapahingahan			
9:6-10	9:6-10	9:6-10	9:6-10	9:6-10
	Ang Makalangit na Kapahingahan	Ang mga Katangian ng Handog ni Kristo		
		(9:11-10:18)		
9:11-15	9:11-14	9:11-14	9:11-14	9:11-14
			Tinatakan ni Kristo ang Bagong Tipan ng Kanyang Dugo	
9:15-22	Ang Pangangailangan ng Kamatayan ng Tagapamagitan	9:15-22	9:15	9:15-28

	9:16-22		9:16-22	
Iwinaksing Kasalanan sa Pamamagitan ng Paghandog ni Kristo	Ang Kadakilaan ng Handog ni Kristo		Ang Handog ni Kristo ay Nag-aalis ng Kasalanan	
(9:23-10:18)			(9:23-10:18)	
9:23-28	9:23-28	9:23-28	9:23-28	

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

NASB (BINAGONG) TEKSTO: 9:1-5

1Ngayon nga ang unang tipan ay may mga tuntunin sa pagsamba at mayroon ding isang banal na dako sa lupa. 2Ito ay sapagkat ang mga tao ay nagtayo ng isang tabernakulo. Tinawag nila ang unang silid na banal na dako. Dito nila inilalagay ang lagayan ng ilawan, ang mesa at ang tinapay na inilagay sa harap ng Diyos. 3At sa likuran ng ikalawang tabing ay isang silid na tinatawag nilang kabanal-banalang dako. 4Ito ay mayroong isang ginintuang dambana ng kamangyang at kaban ng tipan na ang bawat bahagi ay binalot ng ginto. Naglalaman ito ng sisidlang ginto na may lamang mana, ang tungkod ni Aaron na umusbong at ang tapyas ng bato ng tipan. 5Ang lugar ng kasiya-siyang handog ay nasa ibabaw ng kaban ng tipan at sa ibabaw noon ay kerubin ng kaluwalhatian. Ngunit hindi natin ngayon mapag-usapan ang mga bagay na ito nang isa-isa.

9:1 "ang una" Ang mga patakaran para sa paghandog at pagsamba ay may kaugnayan sa tabernakulong makikita sa Exodus, Leviticus, at mga Bilang.

"tipan" Wala ito sa Griyegong teksto. Marami sa mga Ingles na salin ay pinapalagay ito. Ngunit, si H. E. Dana, sa kanyang Jewish Christianity, p. 255, ay naniniwalang dapat ito ay

isaling “unang paglingkod” dahil ang kapitulo 9 ay nagpapahayag ng isa pang patunay ng kahigitan ng paglilingkod ni Cristo (cf. 8:6). Itinala niya rin ang paghahambing sa p. 255.

Ang Unang Paglilingkod	Ang Ikalawang Paglilingkod
Isang makalupang paglilingkod-	Isang makalangit na paglilingkod-
“ng mundong ito.”	“hindi paglikha nito.”
Gamit ng tao-	Banal na gamit-
“mayroong isang tabernakulong	“hindi gawa ng mga kamay.”
ginawa.”	
Panlabas na mga epekto-	Panloob na mga epekto-
“hindi dahil ang paglapit sa	“linisin ang inyong konsiyensiya
budhi ay gumagawa	mula sa patay na mga gawain
ganap sa pagsamba.”	Upang maglingkod sa buhay na Diyos.”
Panandalian ang kalikasan-	Palagian ang kalikasan-
Karnal na mga tuntunin	“ang pangako ng walang hanggan
Itinukod habang nasa panahon	mana.”
Ng paggawa	

9:2 “isang tabernakulo” Ito ay tumutukoy sa tabernakulo sa ilan, na nilalarawan ng detalyado sa Exod.25-27 at itinayo sa 36-38, 40. Ang may-akda ng Hebreo ay tumutukoy sa panloob na silid bilang unang (panlabas) na tabernakulo (isang banal na dako) at ang pangalawang (panloob) na tabernakulo (ang Kabanal-Banalang Dako).

“ang lagayan ng ilawan” Ito ay tumutukoy sa isang ilawang mayroong pitong lagayang sumusunog ng langis ng olibo, na matatagpuan sa banal na dako. Ito ay tinutukoy sa Exod.25:31-40 at Lev. 24:1-4. Tinawag itong ang Menorah, na Hebreong salita para sa “lagayan ng ilawan.” Pinalawig ni Solomon ang ilawan sa 10 braso (cf. I Kings 7:49; II Chr. 4:7).

“mesa at ang banal na tinapay” Ito ay isang mesang natagpuan sa banal na dakong naglalaman ng labindalawang malalaking (15 libra) tinapay. Sila ay pinalitan bawat lingo at

naging pagkain para sa mga Saserdote (cf. Exod.25:23-30; 37:10-16; Lev. 24:5-9). Sila ay kumakatawan sa pinangakong pisikal na pagkain ng Diyos para sa labindalawang lipi ni Jacob.

"ang banal na dako" Ito ay ang panlabas na silid ng dako kung saan ang mga saserdote ay naglingkod araw araw. Ito ay sumukat ng mga 20 cubit sa 10 cubit (cf. Exod.25-27). Ang may-akda ng Hebreo ay kamilitang gumagamit nitong salitang (hagia) may kasamang PANTUKOY (cf. 9:8,25; 13:11) at gumagamit dito para sa panloob o ikalawang bahagi ng banal na dakong tinawag na Banal ng Kabanal-Banalan (cf. v. 37) kung saan ang Arko ay nakalagay, ngunit sa bersong ito ang PANTUKOY ay nawawala at ang salita ay tumutukoy sa panlabas na dalawa ng tatlong bahagi ng banal na dako, tinawag na banal na dako.

9:3 "ikalawang tabing" Ito ay naghati sa dako sa dalawang bahagi (cf. Exod.26:31-35). Ang Hebreo ay may dalawang natatanging pangalan, isa para sa harap na tabing, na karaniwan ay bahagyang bukas, at ang isa para sa panloob na tabing, na hindi kailanman bukas. Ang pinakapunong saserdote lamang ang nakapasok (dalawang beses) sa Araw ng Pagbabayad-Sala (cf. Lev. 16).

"ang Banal ng Kabanal-Banalan" Ito ay isang ganap na parisukat ng 10 cubit. Ito ay naglaman ng arko kung saan ang YHWH ay pangsimbolong nakatigil sa gitna ng mga pakpak ng kerubin. Ang arkong ito ay ang pisikal na simbolo ng hindi nakikitang Diyos (pagkatapos nilang makapasok sa Lupang Pinangako).

9:4 "gintong dambana ng kamangyan" Ito ang isang pirasong gamit kung saan ang kamangyan ay nakalagay ng maramihan sa Araw ng Pagbabayad-Sala upang gumawa ng makapal na usok na nagtago sa pagharap ng YHWH sa ibabaw ng arko. Ang ating may-akda tila nilalagay ito sa loob ng Banal ng Kabanal-Banalan. Ito ay nagdulot sa mga tagapagsalitang tingnan ang pariralang ito upang tumukoy sa isang "censer" dahil ito ang paraan ng pagsalin sa salitang ito ng Septuagint (cf. Lev. 16:12; II Chr. 26:19; Ezek. 8:11; IV Mac. 7:11). Ngunit si Philo at Josephus ay gumagamit ang parehong Griyegong salita oara sa kamangyang dambana. Sa OT ang dambana ay mahigpit na kinakabit sa Banal ng Kabanal-Banalan (cf. Exod.30:1-10, 37; ngunit lalo na ang I Kgs. 6:22).

Ang uling ay kinuka mula sa dakilang handugang dambana sa may pintuan ng tabernakulo at nilagay dito sa maliit na lagayan. Pagkatapos ang kamangyan ay nilagay sa uling upang makagawa ng maraming usok. Itong mabangong usok ay tumakip sa mga mata ng

pinakapunong saserdoteng mula sa pagkakitan sa YHWH, na nakatigil sa ibabaw ng arko ng tipan sa gitna ng mga pakpak ng kerubin, sa Banal ng Kabanal-Banalan.

"ang arko ng tipan" Ang arko ay nilalarawan sa Exod.25:10-22 at 37:1-9.

NATATANGING PAKSA: ANG ARKO NG TIPAN

I. Its purpose Ang kanyang layunin

A. ang dako kung saan ang YHWH ay nakatigil kasama ang Kanyang mga tao, sa gitna ng mga pakpak ng kerubin

B. dako ng pagpapatawad ng kasalanan, para sa lahat ng mga tao (cf. Israel, Lev. 16 at I Kgs. 8:30-30; mga dayuhan, 8:41,43,60)

II. Ang kanyang nilalaman

A. rabinikal na tradisyon

1. ang dalawang tapyas ng bato kung saan nagsulat ang YHWH ng decalog (cf. Exod. 31:18; 32:15-16)

2. dalawang haligi ng pilak na pumipigil sa mga tapyas (walang mga pangbibliyang pagtukoy)

3. ang mga piraso ng orihinal na dalawang bato ay dinurog ni Moises dahil sa paggawa at pagsamba ng gintong bulo ng Israel (Aaron) (cf. Exod. 32:19; Deut. 9:17; 10:2)

4. isang kopya ng buong Torah (cf. Exod. 25:16)

5. ang mga pangalan ng Diyos (cf. I Kgs. 8:29) na ginawa sa Kabalah, Judiong paghihimala

B. mga pangbibliyang pagtutukoy sa mga nilalaman (hindi tiyak kung ito ay tumutukoy sa mga bagay sa loob ng arko o sa tabi nito)

1. isang banga ng biyaya (cf. Exod. 16:31-36)

2. ang tungkod ni Aaron na umusbong (cf. Num. 17:4,10; Heb. 9:4)

3. ang mga pangmakasalanang hain ng mga Philistine (5 5 gintong daga at

gintong hemorrhoid, cf. I Sam. 6:3-4,8)
4. isang kopya ng Decalog (cf. Deut. 10:4-5; 31:26) **C. sa paghahandog ng Templo ni Solomon sa I Kgs. 8 ang arko ay sinasabing naglalaman lamang ng Torah (cf. 8:9)**
III Ang kanyang maaaring lagayan **A. Mga pangkasaysayang opsyon** **1. dinala sa Egipto ni Shishak (935-914 B.C.) noong nilusob niya ang Juda sa ikalimang taon (926) ng paghahari (cf. I Kgs. 14:25-26; I Chr. 12:9) ni Rehoboam (anak ni Solomon)**
2.) dinala sa Egipto (Zoan, Tanis, Avaris—ibat-ibang pangalan para sa deltang punongbayan ng Seti I) ni Faroan Necco II, na pinalayo ang binhi ni David na si Jehoahaz (anak ni Josiah) noong 597 B.C. (cf. II Kgs.23:31-35; II Chr. 36:1-4)
3.. dinala sa Babylon sa templo ni Maruk ni Nebuchadnezzar II noong pinaalis si Zedekiah (586 B.C.) at nasunog ang Templo (cf. II Kgs. 25:9,13-17; II Chr. 36:18). **B. Mga tradisyon ng Hudyo** **1. tinago sa Bundok ng Nebo/Pisgah ni Jaremiah bago ang pagbagsak ng Jerusalem** **2. ang apokripal na aklat ng II Baruch ay nagsasabing ang anghel ay nagtago nito** **3. tinago sa pamamagitan ng hindi alam na paraan, ngunit ibabalik ni Elijah bago dumating ang Messiah (cf. Mal. 4:5)** **4. tinago sa Bundok ng Gerizim (Shechem) kung saan ang mga Samaritan ay gumawa ng kanilang templo para sa YHWH**

"isang gintong bangang naglalaman ng mana" Ang Septuagint at Philo ay mayroong pang-uring "ginto," ngunit ang Masoretik na Hebreong Teksto ay wala (cf. Exod. 16:31-36). Si Josephus ay nagsasabing kaya nitong maglaman ng 4 na ikawalo ng isang galon. Isang himalang hindi nasira ang mana (cf. Exod. 16:18-21,22-25).

"ang tungkod ni Aaron na umusbong" Ang tungkod na ito ay hudyat ng YHWH sa pagpapatibay ng pamumuno ni Moises at Aaron sa pahanon ng paghihimagsik ni Korah (cf. Num. 17:1-11; 20:8-11).

"ang mga mesa ng tipan" Ito ay tumutukoy sa dalawang tapyas ng batong mayroong decalog (sampung mga salita) na nakasulat dito sa pamamagitang ng daliri ng Diyos (cf. Exod. 25:16; Deut. 9:9,11,15;10:3-5; 31:18; 32:15). Ang aklat ng Deuteronomy at Joshua 24 ay sumusunod ng kasunduang modelo ng mga Hettite (ng ikalawang siglo B.C.). Ang kanilang mga tipan ay kalimitang may dalawang kopya, isa para sa basalyong hari upang basahin bawat taon at isa para sa pananambahan ng diyos. Kaya, ang dalawang tapyas ng bato ay maaaring pangalawang kopya.

9:5 "ang kerubin ng kaluwalhatian" Ito ay tumutukoy sa dalawang malaanghel na mga nilalang sa bawat dulo ng upuan ng awang (lid), ang mga pakpak ay tinakpan ng arko (cf. Gen. 3:24; Exod.25:18-22; Ezek. 10:14, ngunit pansining sa Ezek. 41:18 mayroon silang dalawang mukha, hindi apat). Ang Bibliya ay hindi gaanong nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mundo ng anghel. Ang ating pagnanais ng kaalaman ay malimit nauunang tumakbo kaysa pinapahayag na katotohanan. Para sa salitang "luwalhati" tingnan ang sulatin sa 1:3.

"upuan ng awa" Ito ay tumutukoy sa gintong bukasan ng kahong gawa sa kahoy na tinawag "ang arko ng tipan." Ito ay isang natatanging dako para sa "pagtatakip" ng mga kasalanan. Ang pagsisimbolo ay tila ang:

1. YHWH ay tumigil sa gitna ng mga pakpak ng dalawang makaanghel na mga nilalang (ang mga guro ay nagsabi na ito ang Kanyang upuan)
2. ang kahon ay naglalaman ng "sampung salita" (decalog)
3. ang pinakapunong saserdote, sa Araw ng Pagbabayad-Sala (cf. Lev. 16), ay pumunta sa Banal ng Kabanal-banalan ng dalawang ulit upang maglagay ng dugo sa upuan ng awa, minsan para sa kanyang saliring kasalanan at minsan para sa mga hindi alam na kasalanan ng mga bayan sa kabuuan. (cf. v. 7)

Ang mga pangangailangan ng Kautusan ay natakpan, hindi nakita mula sa mga mata ng YHWH ng hinandog na dugo ng isang walang bahid na hayop (ang buhay ay nasa dugo; ang kasalanan ay nangangailangan ng isang buhay).

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTONG: 9:6-10

6Kapag ang lahat ng bagay ay maihanda na nang ganito, ang mga saserdote ay laging pumapasok sa unang silid upang gampanan ang kanilang paglilingkod. 7Ngunit ang pinakapunong-saserdote lang ang pumapasok sa ikalawang silid minsan lang sa isang taon at lagi siyang may dalang dugo. Inihahandog niya ang dugo para sa kaniyang sarili at para sa mga nagawang kasalanan ng mga tao na hindi nila nalalaman. 8Ito ang ipinakikita ng Banal na Espiritu: Habang ang unang tabernakulo ay naroroon pa, hindi pa binubuksan ng Diyos ang daang patungo sa kabanal-banalang dako. 9Ito ay pagsasalarawan para sa kasalukuyang panahon kung saan ang mga kaloob at mga hain na kanilang inihandog ay hindi makakapaglinis ng budhi ng sumasamba. 10Ang mga ito ay binubuo ng pagkain at inumin at mga natatanging paraan ng paglubog at mga alituntunin ng tao. Iniutos ito ng Diyos hanggang sa panahon na babaguhin niya ang mga bagay.

9:6 "laging pumapasok sa unang silid ng tabernakulo" Ang mga saserdote ay dapat maglagay sa mga lalagyan sa menorah ng langis (cf. Exod.27:20-28), palitan ang tinapay bawat linggo (cf. Lev. 24:8-9), at maglagay ng maliliit na dami ng kamangyan sa kamangyang dambana (cf. Exod. 30:7-8).

9:7 "ang pinakapunong saserdote…minsan isang taon" Pumapasok lamang siya tuwing Yom Kippur, ang Araw ng Pagbabayad-Sala (cf. Lev. 16). Ang "kipper" ay nangangahulugang "itakpan"; Ang Akkadiang kapareho ay nangangahulugang "punasan paalis." Ang Hebreo 9 ay tumutuon sa mga ritwal ng Araw ng Pagbabayad-Sala kaysa ano pa mang kapitulo sa NT.

"hindi alam" Ang mga kasalanang hindi sinasadya ay maaaring maayos sa pamamagitan ng paghahandog na pamamaraan. Ang mga sinasadyang kasalanan, o "mga kasalanan ng mataas na kamay" (KJV) ay hindi mababayaran (cf. Lev. 4:2; Num. 15:24,27,30,31; Ps. 51:17).

9:8-10 Ang mga bersong ito ay nagpapakita ng (1) pasimulang kalikasan ng Mosaic na tipan at (2) ang kahigitan ng bagong tipan. Paano naging mas higit ang bagong tipan kay Kristo?

1. sa luma ang pinakapunong saserdote lamang ang makapasok sa loobang dambana minsan sa isang taon para sa kanyang mga kasalanan at sa hindi alam na mga kasalanan ng Isreal (piling paglapit at piling pagpapatawad).

2. sa bagong tipan ang lahat ng mga sumasampalataya ay dinadala palapit sa Diyos dahil sa kawalang-sala ni Jesus at ang pag-alis ng pagkakaiba sa gitna ng sinadya at hindi sinasadyang kasalanan (buong paglapit at buong pagpapatawad).

Ang bagong tipan (cf. Jer. 31:31-34), batay sa pananampalataya sa natapos na gawain ni Kristo,hindi ng may halagang gawa ng isang panlabas na koda, ay nagbigay sa mga sumasamba ng katiyakang (isang bagong puso, isang bagong espiritu, cf. Ezek. 36:20-27) lumapit sa isang banal na Diyos, hindi sa pamamagitan ng mga ritwal na pamamaraan o liturhiya (cf. 6:1-2), kundi sa pamamagitan ng ebanghelyo.

9:8

NASB **"ang panlabas na tabernakulo"**
NKJV **"ang unang tabernakulo"**
NRSV **"ang unang silid"**
TEV **"ang panglabas na silid"**
NJB **"ang lumang silid"**

Ang may-akda ng Hebreo tinatawag ang panlabas na bahagi ng silid na "ang unang tabernakulo," tumutukoy sa "ang banal na dako." Ito ay kumakatawan sa Mosaic na tipang pagsambang hindi pumapayag ng buong paglapit sa Diyos. Ang belo ng Templo ni Herod na napunit mula sa itaas hanggang sa ilalim noong namatay si Jesus (cf. Matt. 27:51) ay sumimbolo dito sa bagong paglapit sa pamamagitan ni Cristo.

9:9 "na hindi makakapaglinis ng budhi ng sumasamba" Ang lumang tipan ay hindi nakapag-alis ng pagdamdam ng kasalanan sa budhi ng sangkatauhan (cf. v. 14). Ang budhi sa NT (hindi sa OT) ay isang moral na gabay (cf. I Pet. 3:21). Ang panganib ay maaari itong humugis ng kultura o maaabuso patungo sa katahimikan (cf. Matt. 23:25-26). Ito ang kontra-punto ng NT sa "tunog na mahinang umiihip" o "ang tahimik na maliit na tinig" ng I Kgs. 19:12.

> "Ang mga sulatin sa epitulo sa Hebreo kung saan ang salita ay makikita higit na nakakawili at mahalaga. Mula sa Heb 9:9, ating nakukuhang ang mga handog sa ilalim ng OT hindi magagawang ang tao "maging ganap kung patungkol sa budhi' i.e. hindi makakaalis sa pag-iisip ng kasalanan na pumipigil sa tao mula sa pagiging isa sa Diyos. Hindi sila nakakaalis ng kasalanan, ang katotohanan, at hindi nila magagawa, mula sa kalikasan ng mga bagay; dahil kung ang epekto ng Levitikal na dispensasyon ay upang gawing ganap ang mga tao, i.e. at iisa sa Diyos, ang mga hinandog ay hindi mangangailangan ng pag-uulit. Kung ang mga sumasamba ay nalinis ng minsanan, dapat wala na silang pag-iisip ng mga kasalanan (Heb. 10.2). Ngunit 'ang dugo ni Cristo' ay naglilinis ng kamalayan ng tao mula sa gawaing patay, at tumutuloy sa kanyang paglingkuran ang buhay na Diyos

(Heb. 9.14); at ang puso ay kung ganoon ‘winisikan mula sa isang masamang budhi’ (10.22). Sa ibang salita, ang tapat na pagtanggap ng handog ni Cristo ay nag-aalis nitong kamalayan ng kasalanang nagiging hadlang sa gitna ng tao at Diyos, at tumutulot sa isang taong mabuhay hindi bilang isang tagalingkod, kundi bilang isang anak” (p. 73).

9:10

NASB “isang panahon ng papapabuti”
NKJV “ang panahon ng pagpapabuti”
NRSV “dumating ang panahong ilagay ng mga bagay-bagay sa tama”
TEV “ang panahon kung kailan ang Diyos ay tutukod ng bagong kaayusan”
NJB ““dumating ang panahon upang itama ang mga bagay-bagay”

Ang pariralang ito ay ginamit ng mga guro sa huling “Jubilee” kung kailan darating ang Messiah. Ito ay ginagamit sa moral na kaisipan sa Jer. 7:3,5.

NASB (BINAGO) TEKSTO: 9:11-14

11Ngunit si Cristo ay naging pinakapunong-saserdote ng magandang mga bagay na darating. Siya ay pumasok sa higit na mahalaga at lalong ganap na tabernakulo na hindi ginawa ng mga kamay ng mga tao at hindi ito bahagi ng nilikhang ito. 12Pumasok siya, hindi sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing o guya kundi sa pamamagitan ng sarili niyang dugo. At nang maganap na niya ang walang hanggang katubusan, pumasok siya sa kabanal-banalang dako nang minsan lamang at magpakailanman. 13Ang dugo ng mga toro at ng kambing at ang abo ng dumalagang baka, na iwiniwisik doon sa mga marurumi, ay nagpapabanal sa ikalilinis ng laman. 14Gaano pa kaya ang dugo ni Jesus na makakapaglinis ng inyong budhi mula sa mga patay na gawa upang maglingkod sa buhay na Diyos. Inihandog niya ang kaniyang sarili sa Diyos nang walang kapintasan sa pamamagitan ng tulong ng walang hanggang Espiritu.

9:11 “Ngunit noong si Cristo ay nagpakita bilang pinakapunong saserdote” Kailan ito nangyari: (1) bago ang paglikha (cf. Rev. 13:8); (2) sa Kalbaryo (cf. v. 12); o (3) pagkatapos ng pag-akyat sa kanang kamay ng Ama (pumasok sa kapahingahan sa langit, cf. 9:24-25)? Dalawang ulit bang hinandog ni Jesus ang Kanyang sarili? Kung ganoon, bakit ang pagbibigay-diin sa “minsan lamang at magpakailanman”? Maaaring hinandog Niya ang Kanyang sarili bilang alay sa Kalbaryo, ngunit kumilos bilang pinakapunong saserdote pagkatapos ng Kanyang pag-akyat o ito ay maaaring karaniwang (1) teolohikal na larawan o (2) binigyang-diwang rabinikal na paghihimala.

"ng mga magagandang bagay na darating" Ang sinaunang mga Griyegong kasulatan ay nag-iiba: (1) mga bagay na darating" sa W, A (NASB, NKJV, NJB) at (2) "mga bagay na naririto na" sa P46, B, D* (RSV, NEB, TEV, NIV).

"hindi ginawa ng mga kamay" Ang ilan ay tinitingnan itong isang pagtukoy sa muling binuhay na mga pisikal ng katawan ng mga sumasampalataya (cf. II Cor. 5:1) at sa katawan ni Jesus (cf. Mark 14:58). Ngunit, ang konteksto ay tila tumutukoy sa makalangit na templo (cf. Heb. 8:2; 9:24).

9:12 "hindi sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at guya" Ang mga kambing ay para sa kasalanan ng mga tao (cf. Lev. 16:11) at ang mga guya ay para sa kasalanan ng mga pinakapunong saserdote (cf. Lev. 16:11). Ang paghandog na kaparaanan ng OT (cf. Lev. 1-7) ay mapagbiyayang bigay ng Diyos sa pagtutugot (bilang isang pagpapauna sa kamatayan ni Cristo) ng isang walang bahid na hayop na bayaran ang kamatayang kaparusahan para sa kasalanan ng tao (cf. Lev. 17:11).

"kundi sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo" Ang Griyegong pang-ukol na "dia" ay maaaring mangahulugang (1) "sa pamamagitan" (NASB, NIV) o (2) "kasama" (NKJV, NRSV, NJB).

"ang banal na dako" Dito ito ay nagpapahiwatig ng "ang Banal ng Kabanal-banalan" ng mga makalangit na tabernakulo.

"minsan lamang at magpakailanman" Ito ay isang malimit uliting pagbibigay-diin (cf. 7:27; 9:28; 10:10). Ito ay nagbibigay-diin sa kabuuan at natapos na paghandog ni Cristo.

9:12

NASB, NKJV,	
NRSV	**"nakakuha ng walang katapusang pagtubos"**
TEV	**"nakakuha ng walang katapusang kaligtasan"**
NJB	**"nanalo ng isang walang katapusang pagtubos"**

Ito ay isang MAKA-AORONG PANGGITNANG PANDIWARING, nangangahulugang isang nabuong gawaing nagbibigay-diin sa pagsali at interes ng pinag-uusapan. Ang salitang "walang katapusan" ay maaaring iugnay sa (1) kanyang katangian, "buhay ng bagong panahon" o (2) sa dami, "buhay na walang katapusan."

Dahil sa mga babala sa Hebreong napakamaramdamin, maaaring ang #1 ay ang pinakaangkop. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Katapusan sa 6:2.

"pagtubos" Itong salita ay tumutukoy sa panubos na binabayad ng isang malapit na kamag-anak para sa pagpapakawala ng isa. Ito ang OT "go'el" (cf. Ruth 4; Isa. 43:1; 44:22,23; 48:20; 12:9; 63:9; Hos. 13:14).

9:13 "kung" Ito ay isang UNANG URING PASUBALING PANGUNGUSAP na inaakalang totoo. Tinanggap ng Diyos ang Mosaic na paghandog na pamamaraan bilang isang paraan ng paglilinis hanggang kay Cristo!

"abo ng dumalagang baka" Ang abo ng pulang dumalagang baka ay ginamit para sa pangseremonyang paglilinis (cf. Num. 19).

"iwinisik" Ito ay bahagi ng Mosaic na ritwal na sumasama ng mga likido (dugo o abo ng pulang dumalagang bakang hinaluan ng tubig). Ito ay isang paraan ng paglipat ng kabanalan o paglilinis na kapangyarihan. Si Robert B. Girdlestone sa kanyang Synonyms of The Old Testament ay mayroong nakakawiling sinabi.

> "Ang mga pagwisik (shantismoi) na natatanging tinukoy sa Epitula ng Hebreo ay may dalawang uri – isang ginawa kasama ang abo ng isang pulang dumalagang baka sa mga taong gumawa ng ilang pagdudumi (Heb. 9.13), at yaong ginawa sa dugo sa mga tao at sa Aklat sa paggawa ng lumang tipan, doon din sa tabernakulo at ibat-ibang mga lalagyang may kinalaman sa banal na paglingkod (Heb. 9.19,21). Ang mga sustansiya kung saan ito ay ang mga anino ay ang pagwisik ng dugo ni Jesus, na nagsasabing mas higit na mga bagay kaysa sa kay Abel (Heb. 12.24)" (p. 152).

9:14 "gaano pa kaya" Ang paghahambing ng mga tipan ay ang tema ng aklat (cf. 2:1-3; 3:3; 8:6; 10:28-29).

"sino sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu" Ito ay alinman sa paunang espiritu ni Cristo o ang Banal na Espiritu.

Ang The United Bible Societies' A Handbook on The Letter to the Hebrews nina Ellingworth and Nida, ay nagtatala ng ilang mga dahilan kung bakit ito ay dapat maliit na "s"

habang ang karamihan sa mga makabagong pagsalin (NASB, NKJV, NRSV, TEV, NJB, NIV) ay mayroong malaking titik.

1. walang TIYAK NA PANTUKOY
2. ang may-akda ay kalimitang nagsasabi ng "ang Banal na Espiritu" at nagsasalita sa Kanya gamit itong buong titulo
3. ang pariralang ito ay maaaring magkaagapay sa "ang kapangyarihan ng hindi nasisirang buhay" sa 7:16 (p. 196).

Sa kanyang komentaryo sa Hebreo sa New International Commentary Series, si F. F. Bruce ay gumawa ng nakakawiling puntong ang konsepto ng Espiritu ay isang pagtukoy sa mga bahagi ng Isaiah na naglalaman ng "tagapaglingkod na mga Kanta" (mga kapitulo 40-54). Sa bahaging ito, ang 42:1 ay nagsasabing "Itinalaga ko ang aking Espiritu sa kanya" (p. 205). Sa isang aklat katulad ng Hebreo, na napakalayang gumagamit ng OT, ito ay mayroong magandang kaisipan.

"inihandog Niya ang Kanyang sarili" Ito ang kusang-loob na ginawa ni Cristo (cf. John 10:17-18; II Cor. 5:21; Phil. 2:8, 16:15; 52:13-53:12). Tingnan ang Natatanging Paksa: Si Hesus Bilang Pinakapunong Saserdote sa 2:17.

"walang kapintasan" Tingnan ang Natatanging Paksa sa 7:26.

"mula sa mga patay na gawa" Itong parehong parirala ay lumalabas sa 6:1 bilang pagtutukoy sa mga OT ritwal at pamamaraan bilang isang paraan ng pagkamit ng kaligtasan. Ang totoong kaparaanan ay ang natapos na pagpapalit na pagbabayad-sala ng Tupa ng Diyos (cf. John 1:29; I John 3:5). Aking lubhang ikikasisiya ang sinabi ni M. R. Vincent sa kanyang Word Studies in the New Testament, na inuugnay ang mga patay na gawa sa makasariling-katuwirang pag-ayon sa batas:

> "Ito ay nagbabago sa katangian ng mga gawa sa pamamagitan ng paglinis sa kanila ng elemento ng kamatayan. Itong elemento ay maging pag-aari hindi lamang ng mga gawang kinikilalang makasalanan at ginagawa ng mga makasalanang tao, kundi sa mga gawang napapailalim sa pangalang makarelihiyon, ngunit isinasagawa lamang ng naaayon sa batas na espiritu. Gayunpaman, dahil ito ay pangunahing relihiyong pananampalataya, ang Cristianismo ba ay pumapataw ng pinakamatindi at pinakapangunahing pagsubok sa mga

gawa. Si Professor Bruce ay buong katotohanang nagsasabi na "ang pinakamatinding pagsubok sa kapangyarihan ni Cristo sa pagtubos ay ang kanyang kakayanang kalasan ang mga taling lumalabas mula sa isang naayon sa batas na relihiyon, kung saan marami ang nakataling kumalas sa pagsakop ng matinding, makasalanang pag-uugali'" (pp. 1139-1140).

"maglingkod sa buhay na Diyos" Pansining ang mga sumasampalataya ay niligtas upang maglingkod (cf. Rom. 6). Ang kaligtasan ay isang kalayaan mula sa kalupitan ng kasalaman, patungo sa paghahari ng Diyos! Ang kaligtasan ay hindi isang produkto (isang nabili nang bilyete patungong langit o isang katibayan sa seguro ng apoy), kundi isang relasyong pananampalataya, pagsunod at paglingkod. Ang lahat ng sumasampalataya ay hinandugan para sa paglingkod (cf. Eph. 4:11-12) at paglingkod sa katawan ni Cristo (cf. I Cor. 12:7,12).

Ang pang-uring "buhay" ay isang laro sa OT tipang pangalan para sa diyos, YHWH, na isang MADAHILANG ugat ng PANDIWANG "para maging." Ang YHWH ay palaging-buhay, nag-iisang-lamang-na-buhay na Isa!

NASB (BINAGO) TEKSTO: 9:15-22

15Dahil dito, siya ang tagapamagitan ng isang bagong tipan upang matubos niya sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan ang mga lumabag sa unang tipan. Ngayon, ang mga tinawag ng Diyos ay tatanggap ng walang hanggang mana na ipinangako niya. 16Sapagkat kung saan naroon ang isang tipan, kinakailangan ang gumawa ng tipan ay mamatay. 17Sapagkat pagkamatay ng isang tao, ang isang tipan ay magiging mabisa. Habang ang taong gumawa nito ay nabubuhay pa, wala itong bisa. 18Iyan ang dahilan kung bakit pinagtibay ang unang tipan sa pamamagitan ng dugo. 19Sapagkat nangusap si Moises sa bawat tuntunin ng kautusan sa lahat ng taong naroroon. Pagkatapos nito ay dinala niya ang dugo ng mga guya at kambing na may kahalong tubig, pulang lana at sanga ng isopo at winisikan niya ang aklat ng kautusan at ang lahat ng taong naroroon. 20Sinabi niya: Ito ang dugo ng tipan na iniutos ng Diyos para sa inyo. 21Gayundin naman, winisikan niya ng dugo ang tabernakulo at lahat ng sisidlan na ginamit nila sa paglilingkod. 22At ayon sa kautusan na halos ang lahat ng bagay ay nalilinis sa pamamagitan ng dugo. Kung walang pagkabuhos ng dugo, walang kapatawaran.

9:15 "tagapamagitan" Tingnan ang sulatin sa 8:6.

"isang bagong tipan" Itong nakakabiglang salita ay matatagpuan lamang sa isang OT teksto (cf. Jer. 31:31-34). Ang mga bersong 15-18 ay mga laro sa salitang "tipan," sa kanyang dalawang kahulugang ayon sa batas na kontrata o kasunduan (Hebreo) at huling kahilingan at testamento (Griyego at Latin).

"upang matubos sa paglabag na ginawa sa ilalim ng unang tipan…maaaring tumanggap ng pangako ng walang hanggang mana" Alalahaning ang Hebreo ay isang paghahambing ng mga Luma at Bagong Tipan. Ang Mosaic na Tipan ay naging isang hatol ng kamatayan (cf. Eph. 2:15; Col. 2:14) sa pinakamataas na nilalang ng Diyos (ang sangkatauhan) dahil pagkatapos ng Gen. 3 hindi nila nakayanang sundin at gawin ang mga sugo ng Diyos. Ang unang tipan ay nagsaad "gumawa ay mabuhay!" ngunit wala ni isang makasunod ng buo sa kanyang mga pangangailangan. Ang Lumang Tipan ay nagsaad "ang kaluluwang nagkakasala ay mamamatay!" Ang tugon ng Diyos ay isang walang kasalanang, huwarang Israeliteng magbabayad ng halaga para sa lahat, sa lahat ng panahon (cf. Isa. 52:13-53:12).

Ang konsepto ng "mana" ay inuugnay sa bukod-tanging relasyon ng mga Levite sa YHWH. Sila ang Kanyang mana at Siya ang kanila (hindi lupa tulad ng ibang lipi). Ang mga sumasampalataya sa bagong tipan ay ngayon tulad ng mga OT saserdote (cf. II Pet. 3:5,9; Rev. 1:6). Ang mga sumasampalataya ay mayroong walang hanggang manang binibigay ni Cristo, binabantayan ng Diyos (cf. I Pet. 1:3-5).

NATATANGING PAKSA: PANUBOS/TUBUSIN

IV. LUMANG TIPAN

A. Mayroong dalawang pangunahing Hebreong ayon sa batas na mga salitang naghahatid nitong konsepto.

7. Gaal, na ang ibig sabihin ay "palayain" sa pamamagitan ng isang halagang binayad. Isang anyo ng salitang go'el ay nagdadagdag sa konsepto, isang personal na tagapamagitan, karaniwan isang kasapi ng pamilya (i.e., kamag-anak na tagatubos). Itong pangkulturang bahagi ng karapatan upang bilhing muli ang mga bagay, mga hayop, lupa (cf. Lev. 25,27), o mga kaanak (cf. Ruth 4:15; Isa. 29:22) ay pangteolohiyang nilipat sa paghatid ng YHWH sa Isreal mula sa Egipto (cf. Exod. 6:6; 15:13; Ps. 74:2; 77;15; Jer. 31:11). Siya ay naging "ang tagapagtubos" (cf. Job 19:25; Ps. 19:14; 78:35; Prov. 23:1; Isa. 41:14; 43:14; 44:6,24; 47:4; 48:17; 49:7,26; 54:5,8; 59:20; 60:16; 63:16; Jer. 50:34).

2. Padah, na ang ibig sabihin ay “ihatid” o “sagipin”

e. t ang pagtubos ng panganay, Exod. 13:13,14 at Num. 18:15-17

f. Pisikal na pagtubos ay hinahambing sa espiritwal na pagtubos, Ps. 49:7,8,15

c. ang YHWH ay tutubos sa Isreal mula sa kanilang kasalanan at paghihimagsik Ps. 130:7-8

B. Ang pangteolohiyang konsepto ay sumasangkot sa tatlong magkakaugnay ng mga bagay

7. Mayroong isang pangangailangan, isang pagkaalipin, isang pag-iilit, isang pagkakulong.

e. pisikal

f. panglipunan

g. espiritwal (cf. Ps. 130:8)

8. Isang halaga ang dapat bayaran para sa kalayaan, pagkalas, at pagbalik.

9. Mayroong isang dapat kumilos bilang isang tagapamagitan at tagapagbigay-pala. Sa gaal ito ay karaniwang isang kasapi ng pamilya o malapit na kamag-anak (i.e., go’el).

10. Ang YHWH ay kamilitang naglalarawan sa Kanyang sarili sa mga pangpamilyang salita.

Ang pagtubos ay natiyak sa pamamagitan ng personal na sangay ng YHWH; isang halaga ang binayaran, at ang pagtubos na nakamit!

II. ANG BAGONG TIPAN

A. Mayroong ilang salitang ginamit upang ihatid ang pangteolohikal na konsepto.

7. Agoraz (cf. I Cor. 6:20; 7:23; II Pet. 2:1; Rev. 5:9; 14:34). Ito ay isang pangkomersyang salitang sumasalamin sa halagang binayad para sa isang bagay. Tayo ay mga taong binili ng dugo na hindi hawak ang ating mga sariling buhay. Tayo ay pag-aari ni Kristo.

8. Exagoraz (cf. Gal. 3:13; 4:5; Eph. 5:16; Col. 4:5). Ito ay sumasalamin sa pamalit na kamatayan ni Jesus para sa ating kapakanan. Si Jesus ang nagdala ng “sumpa” ng isang nakabatay sa gawang kautusan (i.e., ang

Kautusan ng Mosaic), na hindi magawa ng mga makasalanang tao. Binata Niya ang sumpa (cf. Deut. 21:23) para sa ating lahat! Sa kay Hesus, ang katarungan at pagmamahal ng Diyos ay nagsanib sa buong pagpatawad, pagtanggap, at paglapit!

3. Lu , "palayain"

e. Lutron, "isang halagang binayaran" (cf. Matt. 20:28; Mark 10:45). Ito ay mga makapangyarihang salita mula sa sariling bibig ni Hesus tungkol sa layunin ng Kanyang pagdating, upang maging Tagapagligtas ng mundo sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang kasalanang utang hindi Niya inutang (cf. John 1:29).

f. Lutro , "kalasan"

(2) tubusin ang Israel, Luke 24:21

(3) ibigay ang Kanyang sarili upang tubusin at linisin ang isang bayan, Titus 2:14

(4) maging isang walang-kasalanang pamalit, I Pet. 1:18-19

g. "pagtubos, paghatid, o pagpalaya"

(2) ang propesiya ni Zacharias tungkol kay Jesus, Luke 1:68

(3) Ang pagpuri ni Anna sa Diyos para kay Jesus, Luke 2:38

3) ang mas higit, minsan lamang paghandog na pagtitiis ni Jesus, Heb. 9:12

4. Apolytr sis

a. ang pagtubos ng Ikalawang Pagdating (cf. Acts 3:19-21)

(2) Luke 21:28

(3) Romans 8:23

(4) Ephesians 1:14; 4:30

(5) Hebrews 9:15

f. ang pagtubos sa kamatayan ni Cristo

(2) Romans 3:24

(2) I Corinthians 1:30

(3) Ephesians 1:7

(4) Colossians 1:14

5. Antilytron (cf. I Tim. 2:6). Ito ay mahalagang teksto (tulad ng Titus 2:14), na umuugnay sa pagkalas sa pangpalit na kamatayan ni Jesus sa krus. Siya ang isa ay nag-iisang katanggap-tanggap na handog; isang namatay para sa "lahat" (cf. John 1:29; 3:16-17; 4:42; I Tim. 2:4; 4:10; Titus 2:11; II Pet. 3:9; I John 2:2; 4:14).

B. Ang teyolohikal na konsepto sa NT ay nagpapahiwatig ng:

7. Ang sangkatauhan ay inalipin sa kasalanan (cf. John 8:34; Rom. 3:10-18; 6:23).

8. Ang pagkagapos ng sangkatauhan sa kasalanan ay pinakita ng OT Mosaic na Kautusan (cf. Gal. 3) at ang Sermon ni Jesus sa Bundok (cf. Matt. 5-7). Ang gawa ng tao ay nagiging isang hatol ng kamatayan (cf. Col. 2:14).

3. Si Hesus, ang walang-kasalanang tupa ng Diyos, ay dumating at namatay sa ating dako (cf. John 1:29; II Cor. 5:21). Tayo ay binili mula sa kasalanan upang tayo ay makapaglingkod sa Diyos (cf. Rom. 6).

4. Sa pagsasangkot ang parehong YHWH at si Jesus ay "malapit na kaanak" na gumagawa para sa ating kapakanan. Ito ay nagpapatuloy sa pangpamilyang paghahambing (i.e., ama, asawa, anal, kapatis, malapit na kaanak).

5. Ang pagtubos ay hindi halagang binayaran kay Satanas (i.e. Medieval na teolohiya), kundi pagbabalik sa salita ng Diyos sa katarungan ng Diyos na may pag-ibig at buong paglalaan ng Diyos kay Kristo. Sa krus ang kapayapaan ay binalik, ang pantaong paghihimagsik ay pinatawad, ang imahen ng Diyos sa sangkatauhan ay muling buong gumagana sa isang malapit na pagsasama!

6. Mayroong pa ring isang hinaharap na bahagi ang pagtubos (cf. Rom. 8:23; Eph. 1:14; 4:30), na sumasangkot sa ating mga muling binuhay na katawan at pisikal na paglapit sa Trinidad na Diyos.

9:16-18 Mayroong dalawang paraan ng pag-intindi nitong seksyon: (1) ang may-akda ay gumagamit ng isang rabinikal na laro sa salitang "tipan" sa kanyang Griyegong kaisipan ng

"huling saloobin o testamento" (cf. Gal. 3:15). Ang layunin nito ay ang pagbibigay-diing si Cristo ay kailangan mamatay upang ipag-utos ang bagong testamento; o (2) ang salita ay dapat isalin ng iisang paraang "tipan." Ang pinakamagandang maiksing pangangatwiran para sa posisyong ito ay makikita sa M. R. Vincent's Word Studies in the New Testament:

> "Salungat sa pagbigay ng testamento para sa diatheke at sa pagpanig sa pananatili ng tipan, ay ang sumusunod ng mga dapat isaalang-alang: (a) Ang kabiglaan ng pagbabago, at ang kanyang pag-abala sa linya ng pangangatwiran. Ito ay pinapabatid sa gitna ng isang patuloy na pagtatalo, kung saan ang bagong tipan ay hinahambing at pinag-iiba sa Moisaic na tipan (ch. viii. 6-x.18). (b) ang mahalagang punto, pareho sa paghahambing at pagkakaiba, ay ang pagpasiya sa dalawang tipan at pagpatibay sa pamamagitan ng kamatayan; hindi pangkaraniwang, likas na kamatayan, kundi pagtitiis, marahas na kamatayang may kasamang pagbuhos ng dugo bilang mahalagang katangian. Itong isang kamatayan ay malinaw na isinaad sa ver. 15. kung ang diatheke ay sumisimbolo ng testamento, ang thanaton kamatayan sa ver. 16 ay maaaring mangangahulugan ng likas nakamatayang walang pagbuhos ng dugo. (c) ang larawan ng isang testamento ay hindi aakit sa mga Hebreong may kaugnayan sa mana. Sa kasalungat, ang ideya ng kleronomia –ay palaging inuugnay sa Hebreong kaisipan sa mana ng Canaan, at ang manang may ideya ng isang tipan. Tingnan ang See Deut. iv. 20-23; I Chron. xvi.15-18; Ps. cv. 8-11. (d) sa LXX, kung saan ang ating may-akda ay kinaugaliang sumisipi ang diatheke ay may pangsanlibutang kahulugang tipan. Ito ay nangyayari ng halos 350 ulit, halos lahat ay kumakatawan sa tipan. (e) Ang pagpapatibay ng isang tipan sa pamamagitan ng paghihirap ng isang biktima ay pinapatunayan ng Gen. xv.10; Ps. 1.5; Jer. xxxiv. 18. (f) Kung ang testamento ang tamang pagsalin sa vv. 16,17, ang may-akda ay makatarungang paratangan ng retorikal na kamalian; para sa v. 18 ff ay malinaw na tinatangka bilang isang pangkasaysayang paglalarawan ng mga mungkahi sa vv. 16, 17, at ang mga paglalarawan ay bumaling sa isang puntong ibang-iba mula sa bagay na nilalarawan. Ang may-akda ay ginawang magsabi, 'Ang Kalooban ay walang bisa pagkatapos ng kamatayan ng nagsasaad; kaya ang unang tipan ay pinatibay ng dugo ng mga biktima'" (p. 1144).

"pinasiyahan" Tingnan ang sulatin sa 10:20.

9:19 "mga kambing, na may kahalong tubig at pulang lana at sanga ng isopo" Ang may-akda at tila pinagsasama ang paglilinis ng isang ketongin sa Lev. 14:6-7 sa Sinai na paglalahad sa Exod. 24:1-9. Isa pa, ang taberkakulo ay hindi pa nabubuo (cf. Exod.40). Sinabi sa atin ni Josephus na ang pagwisik ng dugo ay bahagi ng ritwal ng Exod. 40.

Ang salitang "mga kambing" ay nawawala sa ilang sinaunang Griyegong kasulatan (P46, Wc, K, L) pati na sa Syriac na pagsalin at ang Griyegong tekstong ginamit ni Origen. Ang mga

kambing ay karaniwang ginagamit para sa mga kasalanang pag-alay, hindi pagpapatibay ng tipan (ngunit hindi natatangi, cf. Gen. 15:9). Ang mga kambing ay hindi sinasama sa pagpapatibay ng "sampung salita" (Torah) sa Exod.24:1-8.

Mahirap mula sa ating makabagong pananaw na magsabing ang Acts 7 (sermon ni Stephen) at ang may-akda ng Hebreo (paglalarawan ng kapitulo 9 sa sinaunang tabernakulo) ay hindi tama. Napakaraming bagay ang hindi alam tungkol sa mga sinaunang ritwal at ang mga maraming pagbabagong rabinikal na tradisyong inuugnay sa kanila.

9:20 Ito ay isang sipi mula sa Exodus 24:8.

9:22 "halos lahat ng bagay" Ang ilang bagay ay nilinis na walang dugo sa OT pamamaraan (1) Lev. 5:11; (2) Num. 16:46; (3) Num. 31:22-23; (4) Exod. 19:10; 32:30-32; Lev. 15:5; 16:26,28; 22:6; (5) Ps. 51.

"kung walang pagkabuhos ng dugo, walang kapatawaran" Sa OT ang paglilinis ay nangangailangan ng (1) apoy, (2) tubig, o (3) dugo. Itong may-akda ay lubhang dinidibdib ang kasalanan. Ang pagpapatawad ay sumasangkot ng isang buhay na inilit (cf. Lev. 17:11,14). Ang OT paghandog na pamamaraan (cf. Lev. 1- 7) ay nagbibigay-daan para sa ating pag-intindi ng pamalit na kamatayan ni Kristo (cf. Matt. 26:28; Mark 10:45; I Cor. 11:25; II Cor. 5:21).

Sa OT mayroong ilang paraang paglinis sa mga bagay/tao na walang dugo: (1) sa pamamagitan ng apoy (cf. Lev. 13:52,55; 16:27; Num. 31:23); (2) tubig (cf. Exod. 19:30; Lev. 15:5; 16:26,28; 22:6; Num. 31:24); (3) harinang handog (cf. Lev. 5:11-13); (4) kamangyan (cf. Num. 16:46-48); (5) pagpapamagitan (cf. Exod. 32:30-32); at (6) panalangin ng pagpapahayag at pagsisisi (cf. Ps. 32 at 51).

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTONG: 9:23-28

23 Kung sa gayon, manangan tayong matibay sa pag-asang ipinahahayag natin na walang pag-aalinlangan sapagkat siya na nangako ay matapat. 24Isaalang-alang natin na magpalakasan tayo ng loob sa isa't isa patungo sa pag-ibig at mga mabubuting gawa. 25Huwag nating pabayaan ang ating pagtitipun-tipon katulad ng iba na may ganyang kaugalian. Sa halip, palakasin natin ang loob ng isa't isa, lalo na, na inyong nakikita na nalalapit na ang araw. 26Sapagkat tinanggap na natin ang kaalaman ng katotohanan at kung sinasadya natin ang pagkakasala, wala nang

natitira pang handog para sa mga kasalanan. 27Ang natitira na lamang ay ang kakila-kilabot na paghihintay para sa paghuhukom at nagngangalit na apoy na siyang lalamon sa mga kaaway. 28Kung tumatanggi ang isang tao sa kautusan ni Moises, mamamatay siya na walang kaawaan ayon sa patotoo ng dalawang o tatlong saksi.

9:23 "upang ang mga larawan ng mga bagay sa langit malinis" Ang konsepto ng mga bagay sa langit na dinumihan ng kasalanan ng sangkatauhan sa lupa ay di karaniwan, ngunit hindi bukod-tangi sa may-akdang ito (cf. Job 15:5; 25:5; Rom. 8:18-19). Ang Araw ng Pagbabayad-Salang tinutukoy palagi sa kapitulogn ito, sumasangkot ng taunang paglilinis ng tabernakulo mula sa pangseremonyang pagdudumi (cf. Exod.30:10; Lev. 16:11-20).

1. ang pagbagsak ng sangkatauhan (cf. Rom. 8:20-22; Col. 1:20)
2. ang pagharap ni Satanas (cf. Job 1-2; Zech. 3)
3. karaniwang isang konsepto sa rabinikal na tradisyon

Para sa "mas higit" tingnan ang buong sulatin sa 7:7.

9:24 "ngayon ay humarap sa Diyos alang-alang sa atin" Ang pangsaserdoteng gawa ni Jesus ay ginawa sa dalawang lebel: (1) bilang pagtitiis sa lupa at (2) bilang saserdote sa langit. Ang pariralang ito ay maiintindihan sa dalawang paraan: sa pangkonteksto ito ay tumutukoy sa Kanyang paghandog ng kamatayan para sa kapakanan ng nabigong sangkatauhan, ngunit ito ay maaaring maintindihan bilang isang pagtukoy sa Kanyang patuloy na pamamagitang gawa (cf. 7:25; Rom. 8:34; I John 2:1).

9:25 Ito ay nagpapatuloy sa pangteolohikal na pagbibigay-diin sa aklat ng Hebreong binigay ni Jesus ang Kanyang sarili ng "minsan" cf. 7:27; 9:11,25-28; 10:10). Ang Kanyang pagkasaserdote, handog at kapahingahan ay nakahihigit.

9:26

NASB **"kung kaya, Siya ay kailangang maghirap palagi"**
NKJV **"Siya kung ganoon ay kailangang maghirap palagi"**
NRSV **"dahil kung ganoon siya ay kailangang maghirap palagi"**
TEV **"dahil kung ganoon siya ay kailangang maghirap ng maraming ulit"**
NJB **"o kung ganoon siya ay kailangang maghirap ng paulit-ulit"**

Sa kanyang Word Pictures in the New Testament, si A. T. Robertson ay naninindigang ito ay isang pinapalagay na PANGALAWANG URING PASUBALING PANGUNGUSAP (Vol. V, p. 404), na nagpapahiwatig ng isang maling pangungusap na lumabas sa isang maling pagtatapos. Si Hesus ay naghirap minsan lamang.

NASB **sa katapusan ng mga kapanahunan"**
NKJV **"sa katapusan ng mga kapanahunan"**
NRSV **"sa katapusan ng panahon"**
TEV **"ngayon kung kalian ang lahat ng kapanahunan ng panahon ay malapit nang matapos"**
NJB **"sa katapusan ng huling panahon"**

Mayroong ilang Griyegong salitang umuugnay sa "panahon," "walang hanggan," at kapanahunan." Sa kapitulo 9 tatlong pansamantalang pagtutukoy ang ginagamit:

1. 9:9, kasalukuyang panahon, i.e., Lumang Tipan
2. 9:10, panahon ng pagbubuti, i.e., Bagong Tipan
3. 9:26, katapusan ng mga kapanahunan, i.e., bagong panahon ng katuwiran

Ang mga guro at ang mga NT may-akda ay may nakitang dalawang kapanahunan (isang pahalang na pagdadalawa): (1) isang pangkasalukuyang masamang panahong may katangian ng taong himagsikan at ang sumpa ng Diyos at (2) ang panahong darating pinasiyahan ng Messiah, isang araw ng katuwiran.

Ang OT ay tumutuon sa dakilang, makapangyarihang pagdating ng Messiah bilang Hukom at Namumuno, ngunit sa paglalantad ng OT, Siya sa darating ng dalawang ulit, minsan bilang naghihirap na tagalingkod, ang Tupa ng Diyos; at sa huli, sa paraang hula ng OT. Itong dalawang magkaibang pagdating ay dumudulot ng pagsanib ng dalawang Judiong kapanahunan. Ang Kaharian ng Diyos ay dumating kasama ng kapanganakan ni Jesus ngunit hindi matatapos hanggang sa Kanyang maluwalhating pagbabalik. Kung ganoon, ang mga sumasampalataya ay mga mamamayan ng dalawang mundo: ang walang hanggang Kaharian at isang panandaliang kaharian.

9:27 Ang bersong ito ay tumatanggi sa anumang pag-iisip ng paglilipat ng mga kaluluwa, ang gulong ng karma, o naunang mga buhay! Ang pang-Cristianong pananaw na "isang buhay,

pagkaapos paghatol" ang sumisindi sa pagmamadali ng ebanghelismo; na sumisira sa teolohikal na konsepto ng pagkasanlibutan (lahat ng tao ay maliligtas sa katapusan); na humihingi ng matinding paggawa (cf. Matt. 28:19-20) na hindi mapunta sa isang magandang mungkahi o ang dakilang opsyon!

9:28 "batahin ang kasalanan ng marami" Ito ay maaaring isang pagtukoy sa Isa. 53:12. Ang salitang "marami" ay hindi natatangi (ilan), kundi magkahanay sa "lahat" ng 53:6 (cf. Rom. 5:18, "all"; 5:19, "many").

Ang salitang "bataha" ay maaari ring isang pagtukoy sa Isa. 53:4,11,12. Ang Hebreong pandiwa ay nangangahulugang "batahin" o "alisin" (cf. I Pet. 2:24). "Si Hesus ay nagbayad ng isang utang hindi Niya pagkautang; nagkautang tayong hindi natin kayang bayaran."

"magpapakita sa ikalawang panahon" Ang Ikalawang Pagdating ni Cristo ay isang paulit-ulit na NT tema (cf. Matt. 24:3,27,30,37,39,42,44; 26:64; Mark 13:20; 14:62; Luke 21:27; John 14:3; Acts 1:11; I Cor. 1:7; 15:23; Phil. 3:20-21; I Thess. 2:19; 3:13; 4:15-16; 5:23; II Thess. 1:7,10; 2:1,8; I Tim. 6:14; II Tim. 4:1,8; Titus 2:13; Heb. 9:28; James 5:7-8; I Pet. 1:7,13; II Pet. 1:16; 3:4,12; I John 2:28). Tingnan ang Natatanging Paksa: Griyegong Pandiwang Kapanahunan Ginamit para sa Pagligtas sa 1:14.

NASB "para sa kaligtasan na walang pagtukoy sa kasalanan"
NKJV "hiwalay sa kasalanan, para sa kaligtasan"
NRSV, TEV "hindi pagharap sa kasalanan, kundi magligtas"
NJB "ang kasalanan bilang wala na…dahil sa kaligtasan"

Ang pariralang ito ay tila nagpapahiwatig na si Cristo ay dumating sa unang pagkakataon upang humarap sa suliraning kasalanan ng sangkatauhan, ngunit Siya ay darating muli upang likumin sa Kanyang sarili (cf. I Thess. 4:13-18) ang mga nagtiwala sa Kanya at nagnanais sa Kanyang pagbalik (cf. Rom. 8:19,23; I Cor. 1:7; Phil. 3:20; Titus 2:13).

MGA TANONG PANGTALAKAYAN

Ito ay isang gabay ng pag-aaral na komentaryong nangangahulugang ikaw ay may tungkulin sa iyong sariling pagsalin ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakas sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Hindi mo dapat ito ipaubaya sa tagapagsalita.

Itong mga pangtalakayang tanong ay binibigay upang makatulong sa iyong pag-isipan ang mga pangunahing usapin nitong seksyon ng aklat. Sila ay tinatayang maging pamukaw-isipan, hindi katiyakan.

1. Bakit ang may-akda ng Hebreo tumatalakay sa sinaunang tabernakulo ng ilan?

2. Bakit ang 9:9 ay pangteolohikal na mahalaga?

3. Mayroon bang tunay na pisikal na tabernakulo sa Langit na totoong pinasok ni Cristo at inalayan ng isang handog?

4. Ano ang dalawang maaring kahulugan ng "tipan" na ginamit ng may-akda sa mga bersong 15-18?

HEBREWS 10

PAGHAHATI NG MGA TALATANG SA MAKABAGONG PAGSALIN

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang Kalasalanan ay Iwinaksi ng Handog ni Cristo	Ang mga Hayop na Handog ay Hindi Sapat	Christ Mga Katangian ng mga Handog ni Cristo	Ang Handog ni Cristo ay Nag-aalis ng mga Kasalanan	Ang Lumang Handog ay Hindi Mabisa
(9:23-10:18)		(9:11-10:18)	(9:23-10:18)	
10:1-4	10:1-4	10:1-10	10:1-4	10:1-10
	Ang Pagpakamatay ni Cristo ay Gumanap sa Kalooban ng Diyos			
10:5-10	10:5-10		10:5-10	
	Ang Kamatayan ni Kristo ay Gumanap sa Kabanalan			Ang Kabisahan ng Handog ni Kristo
10:11-14	10:11-18	10:11-18	10:11-14	10:11-18
10:15-18			10:15-18	
Paghihikayat at Babala	Manangan sa Inyong Pagpapahayagl	Paghihikayat at mga Babala	Tayo ay Lumapit sa Diyos	Ang Pagkakataon ng Cristiano
10:19-25	10:19-25	10:19-25	10:19-25	10:19-25
	Ang Makatarungan ay Nabubuhay sa Pananampalataya			Ang Panganib ng Apostasiya

10:26-31	10:26-39	10:26-31	10:26-31	10:26-31
				Mga Pakay para sa Pagtitiyaga
10:32-39		10:32-39	10:32-39	10:32-39

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 10:1-10

1Ang kautusan ay isang anino ng mabubuting bagay na darating. Hindi iyon ang wangis ng mga tunay na bagay. Bawat taon patuloy silang naghahandog ng gayunding mga handog na kailanman ay hindi nagpapaging-ganap sa kanila na lumalapit. 2Hindi ba sila ay titigil na sa paghahandog ng mga handog? Kung minsan sila ay naghandog ng mga hain na maglilinis sa mga sumasamba, hindi na sila kailanman uusigin ng kanilang mga kasalanan. 3Subalit sa bawat taon ang mga haing iyon ay nagpapaala-ala sa kanila ng kanilang mga kasalanan. 4Sapagkat hindi maaaring maalis ng dugo ng mga baka at kambing ang mga kasalanan. 5Kaya nga, nang dumating siya sa sanlibutan, sinabi niya: "HINDI MO INIBIG ANG MGA HANDOG AT MGA HAIN. NGUNIT NAGHANDA KA NG KATAWAN PARA SA AKIN. 6HINDI KA NALUGOD SA MGA HANDOG NA SUSUNUGIN AT MGA HAIN PARA SA MGA KASALANAN." 7PAGKATAPOS NITO SINABI KO: "NARITO DUMARATING AKO SA BALUMBON NG AKLAT NA NASULAT PATUNGKOL SA AKIN, UPANG SUNDIN ANG IYONG KALOOBAN, O DIYOS. 8Una, sinabi niya: HINDI M INIBIG ANG MGA HANDOG AT HAIN. HINDI KA NALULUGOD SA MGA HANDOG NA SUSUNUGIN AT MGA JAIN PARA SA KASALANAN. ANG MGA ITO AY HININGI NG KAUTUSAN NA IHANDOG." 9Pagkatapos sinabi niya: NARITO, AKO AY PAPARITO UPANG GAWIN ANG IYONG KALOOBAN, O DIYOS. Upang maitatag niya ang ikalawa, inalis niya ang una. 10Sa pamamagitan ng kaniyang kalooban, ginagawa tayong banal sa pamamagitan ng paghandog ng katawan ni Jesucristo minsan at magpakailanman.

10:1 "anino" Ang Mosaic na kautusan at mga ritwal ay mga uri at paunang gawain ng pagkapunong saserdote ni Jesus sa makalangit na tabernakulo, hindi gawa sa mga kamay ng tao (cf. 8:5).

Ang Jerome Biblical Commentary ay may nakawiwiling komentaryo:

"Dito ang may-akda ay hindi gumagamit ng 'anino' katulad sa kanyang ginawa sa 8:5, kung saan ang Platonic na makalangit-makalupang pagkakaiba ay sinadya, ngunit sa Paulinyang kaisipan ng isang pagpauna ng isang paparating sa pamamagitan ni Cristo (cf. Col. 2:17). . .Ang taunang inuulit na mga paghandog sa Araw ng Pagbabayad-Sala ay hindi nakaalis ng kasalanan; sila ay karaniwang nagpauna sa handog ni Jesus (p. 399).

"ng mabubuting mga bagay na darating" Sa 9:11 ito ay tumukoy sa gawain ng pinakapunong pagkasaserdote ni Kristo.

NASB	**"hindi ang tunay na anyo ng mga bagay"**
NKJV	**"hindi ang tunay na imahen ng mga bagay"**
NRSV	**"hindi ang totoong anyo nitong mga katotohanan"**
TEV	**"hindi ang buo at tapat na modelo ng mga tunay na bagay"**
NJB	**"hindi totoong imahen nila"**

Ito ang Griyegong salitang icon, na nangangahulugang isang detalyadong pagsalarawang tumutugma sa katotohanan (cf. II Cor. 4:4; Col. 1:15). Dito ito ay pinapawalang-bisa at pambalarilang inuugnay sa "isang anino."

"gayunding mga handog ang patuloy nilang hinahandog bawat taon" Ito ay tumutukoy sa tatlong paraan kung saan ang gawain ni Jesus ay nakahihigit sa gawain ng mga Levitikal na mga saserdote: (1) Ang kahigitan ng handog ni Jesus (ang Kanyang sariling dugo, cf. 9:12-14); (2) minsan lang at magpakailanmang handog ni Jesus (cf. 9:12); at (3) ang makalangit, hindi makalupang kapahingahan ni Jesus (cf. 9:11).

o **"make perfect"** This term means "to bring to completion," "to fully accomplish." This word (teleioo and its other forms) has been a constant theme throughout the book. **"nagpapaging-ganap"** Ito ay nangangahulugang "dalhin sa kaganapan," "buong pagkatapos." Itong salita (teleioo at ang kanyang ibang anyo) ay palagiang tema sa buong aklat.

Ang salitang telos ay nangangahulugang isang pagganap, marating ang isang layon o katapusan (cf. 3:6,14; 6:11). Sa Heb. 5:14 ang teleios ay ginagamit sa isang nasa kapanahunang tao at sa 6:1 ang teleiotes ay isang tawag sa kapanahunan. Ang mga salita ay ginagamit na may kaugnayan sa gawain ni Melquisedec at ang makalangit na tabernakulo sa 7:11 at 9:11.

Ang PANDIWANG teleioo ay paulit-ulit na ginagamit sa Hebreo:

1. 2:10, si Jesus ay pinaging-ganap sa pamamagitan ng paghihirap
2. 5:9, si Jesus ay pinaging-ganap at naging pinagmulan ng walang hanggang kaligtasan
3. 7:19, Ang Mosaic na Kautusan ay walang pinaging-ganap
4. 7:28, Jt Si Jesus ay pinaging-ganap
5. 9:9, Ang Mosaic na ritwal ay hindi nagawang ipaging-ganap ang mga budhi ng sumasamba
6. 10:1, Ang mga Mosaic na ritwal ay hindi nagawang ganap ang mga sumasamba
7. 10:1, Ang handog ni Jesus ay gumawa sa mga sumasampalatayang ganap magpakailanman
8. 11:40, ang mga OT at NT santo ay pinaging-ganap na magkasama
9. 12:23, t ang mga espiritu ng makatuwirang mga tao ay pinaging-ganap

7:11. Tingnan ang mas buong sulatin sa 7:11

"kanila na lumalapit" Sa OT ito ay tumukoy sa mga saserdoteng lumalapit kay YHWH para sa pagsamba o paglingkod. Ngunit dito, sa ilalim ng bagong tipan, ito ay tumutukoy sa lahat ng mga sumasampalatayang (cf. James 4:8) mayroong matalik na paglapit sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo (cf. 4:16; 7:19,25; 10:1,22)

10:2
NASB, NRSV,
NJB **"o kaya"**
NKJV **"upang sa ganoon"**
TEV **"kung"**

Ito ay PANGALAWANG URING PASUBALING PANGUNGUSAP, kalimitang tinatawag na "salungat sa katotohanan." Isang maling pagpapahayag ang ginagawa upang malakas na makagawa ng isang teolohikal na punto (cf. 4:8; 7:11; 8:4,7; 10:2; 11:15).

Ang bersong 2 ay maaaring isalin bilang (isang tanong tulad sa NASB, NRSV, NAB; (2) isang may kinikilingang tanong, tulad sa NKJV, NIV; o (3) isang pahayag, tulad sa TEV, NJB, REB.

"hindi ba sila ay titigil na sa paghahandog" Ito ay maaaring magpahiwatig (cf. v. 11; 7:28) na ang Templo ay patuloy na gumagana; kaya, ang Hebreo ay maaaring sinulat bago ang A.D. 70, kung saan ang Templo (at Jerusalem) ay kabuuang nasira ng Romanong heneral (noong huli Emperor) Titus.

"dahil ang mga sumasamba, kung minsan sila ay nalinis, hindi na kailanman uusigin ng mga kasalanan" Ito ang suliranin sa Mosaic na ritwal: hindi ito makalilinis ng kaluluwa at isip ng kamalayan ng kasalanan (cf. 9:9,14). Ang bagong tipan kay Cristo ay nagbibigay ng paglapit sa Diyos ng may katapangan (isang malinis na budhi)!

10:3 "nagpapaalala ng mga kasalanan bawat taon" Ito ay tila tumutukoy sa Araw ng Pagbabayad-Sala (cf. Lev. 16), dahil ito ay pinagtuuan sa kapitulo 9. Ang katotohanang ang bawat taong mga hain ay kailangan upang malinis ang tabernakulo at and bayan, patuloy na nagpapaalala sa mga Israelite sa pagkatindi at pagkakaulit ng pantaong kasalanan.

10:4 "sapagkat hindi maaari" Ang salitang hindi maaari ay ginagamit ng ilang ulit sa Hebreo (tingnan ang buong sulatin sa 6:6).

1. 6:4 (in Greek, but 6:6 in NASB's restructuring). It is impossible to renew them to repentance (sa Griyego, ngunit 6:6 sa pagbabago ng istruktura ng NASB). Hindi maaaring baguhin sila muli para sa pagsisisi
2. 6:18, it is impossible for God to lie hindi maaari para sa Diyos ang magsinungaling
3. 10:4, it is impossible for the blood of animals to take away sin hindi maaari para sa dugo ng hayop na alisin ang kasalanan

4. 11:6, without faith it is impossible to please God kung walang pananampalataya hindi maaaring mapalugod ang Diyos

For the author of Hebrews the Greek term "impossible" cannot mean "difficult"! Para sa may-akda ng Hebreo ang Griyegong salitang "hindi maaari" ay hindi nangangahulugang "mahirap"!

10:5

NASB "nang dumarating Siya sa sanlibutan, Siya ay nagsasabi"
NV "nang Siya ay dumating sa sanlibutan, Siya ay nagsabi"

NRSV "nang si Cristo dumating sa sanlibutan, Siya ay nagsabi"

TEV "nang si Cristo ay malapit nang dumating sa sanlibutan, Siya ay nagsabi sa Diyos"

NJB "at kaya bakit niya nasabi, sa pagdating sa sanlibutan"

Ito ay nagpapauna sa isang sipi (cf. vv. 5-7) mula sa Ps. 40:6-7, na nagpapakita sa hindi pagkalugod ng YHWH sa mga OT paghain dahil hindi ito sinabayan ng pamumuhay ng pananampalataya. Ang ating may-akda ay gumagamit ng Ps. 40:7 bilang isang pagtukoy sa pagdating ng Messiah na ganap na magpapalugod sa Diyos.

Ang siping ito ay nagpapahiwatig rin ng pagkabuhay noon ni Cristo (cf. John 1:1-2; 8:57-58; II Cor. 8:9; Phil. 2:6-7; I John 1:1). Walang panahong kailanmang hindi nabubuhay si Jesus! Ang kanyang iisang esensiya sa Ama ay maaaring itala mula sa John 5:18; 10:30; 14:9; 10:28.

"**"ISANG KATAWANG HINANDA MO PARA SA AKIN"** Itong sipi ay sumusunod sa Septuagint ng Ps. 40:6. Ang Masoretik na Teksto ay mayroong "isang tengang hinukay mo para sa akin." Ang tiyak na pagbanggit ng isang pisikal na katawang hinanda para sa Messiah ay magsisilbi rin sa huling unang siglo upang labanan ang nagsisimulang Gnostisimo. Si Jesus ay totoong tao.

10:6 May ilang mga sulatin tulad nito sa OT (cf. I Sam. 15:22; Isa. 1:11-17; Hosea 6:6; Amos 5:21-27; Micah 6:6-8). Hindi sila dapat isalin bilang pagtanggi ng Diyos sa paghandog na pamamaraan, na isang gawain ng Kanyang biyaya upang maayos ang suliraning kasalanan at pakikisama ng sangkatauhan sa tiyak na panahon. Ngunit ang nabigong sangkatauhan ay inabuso ang mga pamamaraan at ginawa itong mekanikal na ritual at liturhiya sa halip na buong-kaluluwang pagsisisi at pananampalataya. Ang Diyos ay tumatanggi sa hindi pinag-iisipang paggawa ng pangrelihiyong ritwal at liturhiya na hindi sumasalamin sa kaluluwa at buhay ng pananampalataya (cf. Isa. 1).

10:7 "**SA BALUMBON NG AKLAT NA NASULAT**" Ito ay isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK, na tumutukoy sa Lumang Testamento. Sa orihinal ang OT ay sinulat sa mga seksiyon sa mga balat na balumbon. Ang mga Dead Sea Scroll na natagpuan noong 1947 ay mayroong sipi ng Isaiah na sinulat sa isang dalawamput-siyam na piyeng balat na balumbon.

"UPANG SUNDIN ANG INYONG KALOOBAN, O DIYOS" Ang kalooban ng Diyos ay isang bagong tipan sa buong sangkatauhang itinayo ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus (cf. Mark 10:45; II Cor. 5:21; Heb. 10:9). Noong ang mga hayop ay namatay sa panghandog na hain wala silang magawa. Si Jesus ay kusang-loob na inalay ang Kanyang sariling buhay (cf. John 10:17-18).

10:8. **"MGA HANDOG"** Itong talaan ng apat na mga salita sa berso 8 ay tila sumasaklaw sa lahat ng uring panghandog na hain (cf. Lev. 1-3). Ang salitang "mga handog" ay literal na nangangahulugang isang kusang-loob na pangkapayapaang hain.

"MGA HAIN" Ito ay tumutukoy sa isang kusang-loob na "pagkaing hain."

"MGA NASUNOG NA HAIN" Ito ay buong kusang-loob, kabuuang natapos na mga handog.

"mga hain PARA SA KASALANAN" Ito ay isa pang uri ng inuutos na mga handog na nabanggit sa Leviticus mga kapitulo 4-5.

"(na ihandog ayon sa hinihingi ng Kautusan)" Ang layunin ng may-akda ay upang ipakita ang kahigitan ng handog ni Jesus kaysa mga Levitikal na handog. Kahit na ang mga OT paghandog ay ginawa sa naaayong aktitud at pamamaraan, sila ay isang pauna lamang sa gawain ni Cristo.

10:9 **"Niya"** Itong pinagmulan ng PANGHALIP ay hindi malinaw. Ito ay maaaring tumukoy sa Ama bilang ang Isang pinapasiyahan ang tipan. Ang pariralang "ang katawan ni Jesucristo"

sa v. 10 ay nagpapahiwatig ring hindi Siya ang simuno. Ngunit, ang lahat ng mga PANDIWA sa sipi mula sa Ps. 40:6-8 (vv. 5-7) ay mayroong Cristo bilang kanilang simuno.

"ang una" Ito at tumutukoy sa Mosaic na tipan (cf. Col. 2:14).

NASB, NKJV	**"takes away" "nag-aalis"**
NRSV	**"abolishes" "inaalis"**
TEV	**"does away with" "inaalis"**
NJB	**"abolishes" "inaalis"**

T Ito ay isang malakas na Griyegong salita para sa "sira." Ang tanong ay kung paano intindihin itong salitang may kaugnayan sa OT? Bilang isang paglalantad mula sa Diyos ito ay walang hanggan (cf. Matt. 5:17-19). Si Paul ay kalimitang sumisipi sa OT bilang isang paghihikayat sa mga sumasampalataya. Ngunit, bilang isang paraan ng kaligtasan o pagpatawad ng kasalanan ito ay isang panimulang hakbang lamang (cf. Gal. 3). Ito ay naging ganap at lumampas sa NT kay Cristo. Ang konteksto ang dapat makapagsabi kung ang salitang ito ay isalin bilang "inalis" (naging ganap) o "inalis" (sinira).

"ikalawa" Ito ay tumutukoy sa Bagong Tipan (cf. Jer. 31:31-34; Ezek. 36:22-36) sa kay Hesus.

10:10

NASB, NKJV	**"sa pamamagitan nitong kalooban ginawa tayong banal sa pamamagitan ng paghandog ng katawan ni Hesucristo minsan at magpakailanman"**
NRSV	**"At kalooban ng Diyos na tayo ay ginawang banal sa pamamagitan ng paghandog ng katawan ni Hesucristo minsan at magpakailanman"**
TEV	**"dahil sa ginawa ni Hesucristo ang kalooban ng Diyos, tayo ay nalinis mula sa kasalanan sa pamamagitan ng paghandog ng kanyang katawan na kanyang ginawa minsan at magpakailanman**
NJB	**"at ang kalooban ay para sa atin maging banal sa pamamagitan ng paghandog ng katawan ni Jesucristo minsan at magpakailanman**

Ang "kalooban" ba ay tumutukoy sa kalooban ni Cristo (cf. vv. 7,9 and NASB, NJB) o sa kalooban ng Ama (NRSV, TEV)? Dahil si Jesus ang nagsasalita sa v. 5 (cf. v. 9), kung ganoon ang konteksto ay nagmumungkahing Kanyang kalooban.

"ginawa tayong banal" Ito ay isang PERIPRASTIK na PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang layon ng Cristinanismo ay isang makatuwirang mga tao. Ito rin ang layon ng OT. Ang kabanalan ay ang pag-alis ng sumpa at mga kalalabasan ng Pagkabigo (cf. Gen. 3), ang pagsira ng imahen ng Diyos sa sangkatauhan. Ang bagong tipan ay tumutugon sa pangangailangang ito sa dalawang paraan: (1) sa pamamagitan ng ayon sa batas na pagpapahayag, isang binigay na posiston (PATUROL) at (2) isang tawag sa kabanalan (PAUTOS). Ang mga sumasampalataya ay ginawang makatarungan at banal ng isang nagsisising pananampalatayang tugon sa mapagligtas na handog ng Diyos na si Jesus. Sa pagkakataong naligtas, sinaniban ng Banal na Espiritu, tayo ay magaganyak ng panloob na kautusan, isang panloob na kagustuhan (bagong puso at bagong kaluluwa) upang maging katulad ni Cristo (cf. Rom. 8:29; Gal. 4:19; Eph. 1:4). Ang kabanalan ay umaapekto pareho sa ating katayuan sa harap ng Diyos at sa ating bagong pangpamilyang katangiang isinasabuhay sa pang-araw araw. Tingnan ang Natataning Paksa sa 2:11.

"sa pamamagitan ng paghandog ng katawan ni Jesucristo" Ang nabigong sangkatauhan ay hindi tinugis ang Diyos (cf. Rom. 3:10-18); ang Diyos ang tumugis sa kanila! Nagbigay siya ng isang paraan para sa lahat ng tao upang bumalik sa samahan Niya (cf. Mark 10:45; II Cor. 5:21; Isa. 53).

"minsan at magpakailanman" Ito ay isang umuulit na tema (cf. 7:27; 9:12,28; 10:10). Ito ay nagpapakita ng kahigitan ng handog ni Jesus kaysa paulit-ulit na mga paghandog ng mg Mosaic na tipan (cf. vv. 11-12). Ang lahat na kailangang gawin para sa kaligtasan ng sangkatauhan ay ibinigay. Ang kailangan lamang natin lahat gawin ay ang tumugon sa hain ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya sa natapos na gawa ni Cristo. "Sinumang niloloob ay maaaring pumunta" (cf. Rom. 10).

NASB (BINAGO) TEKSTO: 10:11-18

11At sa bawat araw ang bawat saserdote ay tumatayo at naglilingkod. Siya ay palaging naghahandog ng gayunding mga handog na kailanman ay hindi makapag-aalis ng mga kasalanan. 12Ngunit pagkatapos niyang maghandog ng isang hain para sa mga kasalanan magpakailanaman, SIYA AY UMUPO SA KANANG DAKO NG DIYOS. 13Mula sa panahong iyon, SIYA AY NAGHIHINTAY HANGGAN MAILAGAY NA ANG TUNTUNGAN NG KANYANGMGA PAA

ANG KANIYANG MGA KAAWAY. 14Sapagkat sa pamamagitan ng paghahandog ng isang hain, ginawa niyang ganap magpakailanman ang mga pinapaging-banal. 15At ang Banal na Espiritu rin ang nagpatotoo sa atin, una, sinabi niya: 16Akong Panginoon ay nagsasabi: ITO ANG TIPAN NA GAGAWIN KO SA KANILA, PAGKATAPOS NG MGA ARAW NA IYON. ILALAGAY KO ANG AKING MGA KAUTUSAN SA KANILANG MGA PUSO. AT ISUSULAT KO RIN ANG MGA ITO SA KANILANG MGA ISIPAN. 17Pagkatapos nito ay sinabi niya: HINDI KO NA KAILANMAN AALALAHANIN PA ANG KANILANG MGA KASALANAN AT ANG KANILANG MGA HINDI PAGKILALA SA KAUTUSAN NG DIYOS. 18Ngunit kung saan mayroong kapatawaran sa mga ito, hindi na kailangan pang maghandog ng mga hain para sa kasalanan.

10:11 "bawat saserdote" Ang sinaunang Griyegong unsiyal na kasulatang A ay mayroong "pinakapunong saserdote." Ang may-akda ay kalimitang gumagamit ng parehong salita para kay Jesus.

10:12. **"isang hain para sa mga kasalanan magpakailanman"** Si Jesus ay humarap sa kasalanang suliranin ng tao. Walang ni isang nawala dahil sa "kasalanan." Ang nag-iisang balakid upang ang buong mundo ay maligtas ay ang hindi pagsasampalataya. Ang Diyos ay nagbigay ng isang paraan para sa lahat, para sa lahat ng panahon.

Ang Griyegong salitang dienekes, sinaling "magpakailanman," o "para sa lahat ng panahon," ay nasa Hebreo ng tatlong ulit (cf. 7:3; 10:12,14). Ito ay karaniwang inuugnay sa salita o pariralang nauuna dito, na maaaring may kaugnayan sa "isang hain para sa mga kasalanan." Hindi ito bahagi ng Ps. 110:1 na siping sumusunod.

. **"UMUPO SA KANANG DAKO NG DIYOS"** Ito ay isang umuulit na pagtukoy sa Ps. 110:1a (cf. 1:3; 8:1; 12:2). Ang 'kanang dako" ay isang antropomorpikong paghahambing sa dako ng kapangyarihan, awtoridad, at kadakilaan. Ito ay isang dako rin ng pagpapamagitan (cf. Rom. 8:34; Heb. 7:25; I John 2:1).

Si Jesus ay ang Saserdote (cf. Ps. 110:4) at Hari (cf. Ps. 110:1-3), katulad ni Melsequidec (kapitulo 7) na nabuhay bago sa atin at nagbigay ng lahat ng ating kailangan.

10:13. **"HANGGANG ANG KANYANG MGA KAAWAY AY MAILAGAY BILANG ISANG TUNTUNGAN NG KANYANG MGA PAA"** Ito ay isa pang sipi mula sa Ps. 110:1b. Ang espiritwal na laban ay napanalo (cf. Col. 2:15), ngunit hindi pa natatapos.

10:14 Ang bersong ito ay nagpapakita ng tensiyon ng buong aklat sa bahagi ng katiwasayan. Ang minsan at magpakailanmang handog ni Jesus ay tuluyang nagpaging-ganap (PANGNAGDAANG TAHASANG PATUROL) ng mga sumasampalataya. Ang handog ay sapat at buo upang magawa ang kanyang mapagligtas na gawain (hindi tulad ng Mosaic na tipan, cf. 7:11,19; 9:9).

Ang mga sumasampalataya ay dapat patuloy sa kanilang pananampalatayang tugon, na ang paggawang banal sa kanila (PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI). Ang patuloy na pananampalataya ang pangunahin sa bawat taong katiyakan ng kaligtasan. Ang bagong kaluluwa at bagong isip ay gumaganyak sa mga sumasampalataya upang mabuhay ng mga makadiyos na buhay na may pagpapasalamat para sa isang malaya, buo, at kabuuang kaligtasan. Sa aklat na ito walang isang tanong magpakailanman tungkol sa pagiging sapat ng handog ni Jesus, ngunit mayroong tanong tungkol sa tugon ng bawat tao-ang panimulang pahayag ng isang pangkat at ang patuloy na pahayag ng ikalawang pangkat.

10:15 "ang Banal na Espiritu" Ito ay nagpapakita sa pananaw ng may-akda ng pagbibigay-diwa ng OT (cf. Matt. 5:17-19; II Tim. 3:16).

10:16-17 Ito ay isang sipi mula sa Jer. 31:33-34, ngunit ang pagkaayos ng mga parirala ay nabaligtad. Ang may-akda ay tila sumipi mula sa gunita dahil ang siping ito ay may pagkakaiba sa Masoretik na Hebreong Teksto at ang Septuagint, tulad ng parehong sipi sa 8:10-12 (maliban kung ito ay isang sadyang pagbaligtad).

10:18 Ito ang kataas-taasan ng pangangatwiran ng mga sumasampalataya at ang ating dakilang pag-asa (cf. 8:13).

NASB (BINAGO) TEKSTO: 10:19-25

19Mga kapatid, yamang tayo nga ay mayroon katiyakan sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, makakapasok na tayo sa kabanal-banalang dako. 20Siya ay nagtatag ng isang bago at buhay na daan para sa atin sa pamamagitan ng tabing na kaniyang katawan. 21At mayroon tayong dakilang saserdote na namumuno sa bahay ng Diyos. 22Tayo ay lumapit na may tapat na puso at lubos na pagtitiwala ng pananampalataya dahil winisikan na Diyos ang ating mga puso upang malinis ang ating masamang budhi at gayundin hinugasan ang ating mga katawan ng dalisay na tubig. 23Manangan tayong matibay sa pag-asang ipinahahayag natin na walang pag-aalinlangan sapagkat siya na nangako ay matapat. 24Isaalang-alang natin na magpalakasan tayo ng loob sa isa't isa patungo sa pag-ibig at mga mabubuting gawa. 25Huwag nating pabayaan ang ating pagtitipun-tipon katulad ng iba na may ganyang kaugalian. Sa halip, palakasin natin ang loob ng isa't isa, lalo na, na inyong nakikita na nalalapit na ang araw.

10:19

NASB, NRSV	**"since we have confidence" "yamang tayo nga ay mayroong katiyakan"**
NKJV	**"having boldness" "mayroong pagpapangahas"**
NJB	"we have. . .complete confidence" "tayo ay mayroong…buong katiyakan"

Ang salitang parrhesia ay nangangahulugang "mapangahas" o "kalayaang magsalita" (cf. 3:6; 4:16; 10:19,35). Ang salitang ito ay nagpapahayag sa bagong kaisipang pagtanggap at pagiging malapit sa Diyos ng mga sumasampalataya. Ang katiyakang ito ay dapat minamangan sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. 3:6,14; 4:14). Ang katiyakan ay nakabatay sa natapos na paghandog na gawain ni Cristo (cf. Eph. 2:8-9), hindi sa paggawa ng tao! Ang katiyakan ay pinapanatli ng makadiyos na pamumuhay (cf. Eph. 2:10).

S NATATANGING PAKSA: PAGKAPANGAHAS (PARRESIA)

Ang Griyegong salita ay isang pinagsama ng "lahat" (pan) at "pagsasalita" (rhesis). Ang kalayaan o kapangahasang ito sa pagsasalita ay kalimitang may kahulugan ng isang kapangahasan sa gitna ng kalaban o pagtanggi (cf. John 7:13; I Thess. 2:2).

Sa mga sinulat ni John (gumamit ng 13 ulit) ito ay kalimitang

nangangahulugang isang publikong pagpapahayag (cf. John 7:4, also in Paul's writings, Col. 2:15). Ngunit, minsan ito ay karaniwang nangangahulugang "maliwanag" (cf. John 10:24; 11:14; 16:25,29).

Sa Acts ang mga Apostoles ay nagsasabi ng mensahe tungkol kay Jesus sa parehong paraan ng pagsasalita ni Jesus tungkol sa Ama at sa Kanyang mga plano at pangako (cf. Acts 2:29; 4:13,29,31; 9:27-28; 13:46; 14:3; 18:26; 19:8; 26:26; 28:31). Si Paul ay nanghingi ng panalanging siya ay maaaring mapangahas na mangaral ng ebanghelyo (cf. Eph. 6:19; I Thess. 2:2) at isabuhay ang ebanghelyo (cf. Phil. 1:20).

Ang eskatolohikal na pag-asa ni Paul sa kay Cristo ay nagbigay sa kanya ng kapahangasan at katiyakang mangaral ng ebanghelyo sa ganitong pangkasalukuyang masamang panahon (cf. II Cor. 3:11-12). Mayroon din siyang katiyakan na ang mga tagasunod ni Jesus ay gumawa ng naaayon (cf. II Cor. 7:4).

Mayroong isa pang bahagi nitong salita. Ang Hebreo ay gumagamit dito sa isang bukod-tanging kaisipan ng mapangahas sa kay Cristo sa paglapit sa Diyos at magsabi sa Kanya (cf. Heb. 3:6; 4:16; 10:19,35). Ang mga sumasampalataya ay buong tinatanggap at sinasalubong sa paglapit sa Ama sa pamamagitan ng Anak!

"makapasok sa banal na dako" Alalahanin, ang isang pangunahing tema ng aklat ay ang paglapit sa Diyos sa pamamagitan ng ating kapatawaran sa pamamagitan ng buhay at kamatayan ni Kristo para sa ating kapakanan. Ang mga pinakapunong saserdote ng OT ay pumasok sa Banal ng Kabanal-Banalan ng tabernakulo dalawang ulit sa isang araw ng taon (cf. 9:25), ang Araw ng Pagbabayad-Sala (cf. Rev. 16). Ngunit sa pamamagitan ng handog ni Cristo ang lahat ng sumasampalataya ay maaaring magkaroon ng patuloy na matalik na paglapit sa Diyos (cf. Mark 15:38).

"sa pamamagitan ng dugo ni Jesus" Hindi ito engkantadong dugo, kundi dugo ng tao. Ito ay kumakatawan sa panghandog na kamatayan ni Jesus sa kapakanan ng makasalanang sangkatauhan (cf. Acts 20:28; Rom. 3:25; 5:9; Eph. 1:7; 2:13; Col. 1:20; Heb. 9:12,14; 12:24; 13:12; I Pet. 1:2,19; Rev. 1:5; 5:9).

10:20 "bago" Ang salitang prosphatos ay nangangahulugang "bagong paslang" at ginagamit lamang dito sa NT.

"buhay na daan" Ito ay isang pagpapatibay ng muling pagkabuhay, Siya ay pinatay, ngunit ngayon Siya ay buhay (cf. Rev. 5:6) magpakailanman!

\
NASB "inaugurated" "nagtatag"
NKJV "consecrated for us" "ginawang banal para sa atin"
NRSV, TEV "he opened for us" "binuksan niya para sa atin"
NJB "has opened for us" "binuksan para sa atin"

Ito ay isang MAKA-AORONG TAHASANG PATUROL. Itong "bago at buhay na daan" ay isang nagawa, pangkasaysayang, espiritwal na katotohanan.

Ang Greek-English Lexicon ni Walter Bauer, isinapanahon ni Arndt, Gingrich, at Danker, ay nagtatala ng dalawang magkaibang pagsalin para sa salitang ito sa ganitong konteksto:

1. upang magbukas ng daan (10:20)

2. pagpasiya o paghandog ng taimtim na ritwal (9:18) (p. 215).

Ang konteksto ay nagmumungkahi sa akin ng isang malapit na ugnayan sa gitna nitong dalawang pangyayari nitong pambihirang NT salita. Muli, ang paghahambing ng mga tipan sa ganitong pananaw; sa pamamagitan ng Kanyang dugo si Jesus ay nagbukas ng isang mas higit na paraan sa paglapit sa Diyos at pananatili ng samahan.

"sa pamamagitan ng tabing" Ito ay mayroong kaugnayan sa panloob na tabing sa tabernakulo sa gitna ng banal na dako at ng Banal ng Kabanal-Banalan (cf. Matt. 27:51). Ngunit ang palaugnayan ay tila inuugnay ito sa "katawan" ni Jesus. Kung ganoon, ito ay tumutukoy sa katawan ni Jesus na sinira ng ating mga kasalanan, kaya, nagbibigay ng paglapit sa Diyos (cf. Isa. 52:13-53:12). Ang may-akda ng Hebreo ay nakikita ang panlabas na bahagi ng dambana (banal na dako) bilang kumakatawan sa pisikal na mundo at ang panloob ng dambana (banal ng kabanal-banalan) ang espiritwal na mundo. Sa ganitong bagay ang makalangit na tabernakulo ay nag-iiba sa makalupang halimbawa (cf. 6:19).

10:21 "isang dakilang saserdote" Tingnan ang Natatanging Paksa: Si Jesus Bilang Pinakapunong Saserdote sa 2:17.

"ang bahay ng Diyos" Ito ay tumutukoy sa OT (cf. 3:5) at NT (cf. 3:6; I Tim. 3:15; I Pet. 4:17) mga sumasampalataya cf. Eph. 2:11-3:13). Gaya nang si Moises ay isang tagalingkod sa bahay ng Diyos, si Jesus ay ang Pinakapunong Saserdote at Anak!

10:22 "tayo ay lumapit" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponente) PASAKALI. Ang katiyakan ng mga sumasampalataya ay nakabatay sa natapos na gawa ni Jesus, ngunit itong kabutihan at tanging karapatan ay dapat yakapin! Ang "paglapit" ay ginagamit sa paglapit ng mga sumasamba sa Diyos. Pansinin ang pagsulong:

1. tayo ay lumapit ng may isang tapat na puso (v. 22)
2. manangan tayo sa pagpapahayag ng ating pag-asa (v. 23)
3. ating isaisip kung paano hikayatin ang bawat isa (v. 24)

Ang bagong tipan (cf. Jer. 31:31-34) ay isang bagong puso at isang bagong espiritu; isang panloob na pagmamahal at isang panlabas na kautusan; isang malayang handog sa natapos na gawa ni Cristo, ngunit ito ay may mga pangangailangan din, inaasahang bunga, nakikitang kinalabasan! Ang katiyakan ng kaligtasan ay nagmumula sa makadiyos na pamumuhay! Hindi ito pangunahing isang kredong pinagtitibay, o isang teolohiyang yakapin, kundi isang pagkatulad ni Cristo (hindi kawalang-kasalanan) na nakikita ng lahat!

"tapat na puso" Isang naaayong aktitud ang pangunahin sa bagong pananampalatayang tipan (mabuti, cf. Ezek. 36:22-36; masama, Isa. 29:13).

"lubos na pagtitiwala ng pananampalataya" Ang lubos na katiyakan ay inuugnay sa pananampalataya! Ang buhay ng pananampalataya ay ang katibayan ng pagbabago. Ang natapos na gawa ni Cristo (cf. II Cor. 5:21) at ang saksi ng Espiritu (cf. Rom. 8:16) ay nagdadala ng katiyakan. Ang gawa ng tao ay hindi nagdadala ng kaligtasan o katiyakan. Ngunit, ang isang nabago at nagbabagong buhay ng pananampalataya ay katibayang ang isa ay totoong natubos. Ang karaniwang kinalalabasan ng pagkikita sa isang Banal na Diyos ay isang banal na buhay. Walang bunga, walang ugat!

Ang pangbibliyang katiyakan ay hindi kailanman inaasahang gawing isang doktrinang kailangang pagtibayin, kundi isang buhay na dapat isinasabuhay! Para sa mga nagsasabing kilala

si Cristo ngunit nabubuhay ng mga walang pakialam, makamundo, nakatuon sa sarili, walang bunga, walang nagagawa, walang diyos na buhay-walang katiyakan!

"winisikan ang ating mga puso upang malinis" Ito ay isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PANDIWARING isang pagtukoy sa ritwal na pasiyahan ng unang tipan (cf. I Pet. 1:2). Ang pagwisik ng dugo ng bagong tipan ay mas mabisa sa paglinis ng kasalanan ng nabigong sangkatauhan (cf. 9:9,14).

"mula sa isang masamang budhi" Ito ang hindi maalis ng OT (cf. 9:9; 10:2).

. **"hinugasan ang ating mga katawan ng dalisay na tubig"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ito ay isang pangkasaysayang paghahambing sa OT paghugas sa pamamagitan ng pagwisik (cf. Lev. 8:6; 16:4; Exod.29:4; 30:17-21; Num. 19:7-8). Ito ay hindi tumutukoy sa Cristianong binyag. Ngunit, ang I Pet. 3:21 ay gumawa ng parehong pag-ugnay sa gitna ng binyag at malinis na budhi.

Ito ay isa pang OT pagtukoy sa mga pangseremonyang paghugas ng mga saserdote. Ito ay malinaw na nagpapakitang ang ritwal ng paggamit ng tubig ay maaaring tumukoy sa (1) kamatayan, libing, at muling pagkabuhay (cf. Rom. 6:1-11 and Col. 2:12) at (2) isang paghuhugas ng kasalanan (cf. Acts 22:16; I Cor. 6:11; Eph. 5:21; Titus 3:5; and I Pet. 3:21). Ang tubig ay hindi ang kaparaanan, kundi isang pagsisimbolo. Dahil ang mga naunang simbahan ay walang gusali, ang mga tao ay hindi pumupunta sa harapan upang pampublikong pagkatiwalaan si Cristo katulad ng ginagawa sa maraming simbahan ngayon. Ang kanilang publikong pagpapahayag at pagsasabi ay ang kanilang binyag. Ito ang pagkakataon at paglalarawan ng kapatawaran ng mga kasalanan at pagtanggap ng Espiritu (cf. Acts 2:38) hindi kaparaanan.

10:23 "manangan tayong matibay sa pag-asang pinapahayag natin na walang pag-aalinlangan" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PASAKALI na ginamit bilang isang PAUTOS. Ito ang pangatlo sa tatlong PANGKASALUKUYANG PASAKALI na nagpapakita ng inaasahang pananampalatayang tugon.

"pag-asa" ang KJV ay mayroong "pananampalataya," ngunit walang itong Griyegong kasulatang batayan. Ang salitang "pag-asa" ay kalimitang tinutukoy sa ating pabibigay kaluwalhatian sa Ikalawang Pagdating (cf. 3:6; 6:11,18; 7:19; I John 3:2).

NASB	**"sapagkat Siya na nangako ay matapat"**
NKJV	**"sapagkat Siya na nangako ay matapat"**
NRSV	**"sapagkat siya na nangako ay matapat"**
TEV	**"sapagkat tayo ay maaaring magtiwala sa Diyos upang tuparin ang kanyang pangako"**
NJB	**"sapagkat ang isang nangako ay mapagkakatiwalaan"**

Ang nag-iisang PANDIWA ay isang MAKA-AORONG PANGGITNANG (deponente) PANDIWARI, "nangako." Ito ang pangteolohiyang balanse sa tatlong "tayo ay…" ng mga pangungusap ng vv. 22-24. Itong paradox ng isang malayang kaligtasan, binigay, ginawa, at inalagaan ng Diyos, ay dapat gumawa ng isang naaayong pangtipang taong tugon! Ang kapangyarihan ng Diyos at ang malayang kalooban ng sangkatauhan ay parehong mga pangbibliyang katotohanan ay kailangang hawakan ng may tensiyon.

10:24 "isaalang-alang natin" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PASAKALI. Ang bawat taong pananampalatayang tugon ay nagmumula sa isang samahang paglingkod sa kabuuan (cf. I Cor. 12:7). Ang mga Kristiano ay dapat umunlad ng magkakasama (cf. Eph. 4:13-15).

. **"paano magpalakasan tayo ng loob sa isa't-isa"** Ito ay isang malakas na Griyegong salitang karaniwan ay may negatibong kahulugan. Ito ay ginagamit ng dalawang ulit lamang sa NT. Ang ibang lugar ay ang kay Paul at Barnabas na pangangatwiran sa Acts 15:39. Ito ay maaaring sumalamin sa tensiyon sa gitna ng sumasampalataya at hindi sumasampalatayang Judiong sumasamba sa sambahayan, na pinakamagandang nagpapaliwanag ng mga pangkat ("tayo," "kayo," at "sila") ng Heb. 6.

"patungo sa pag-ibig at mga mabuting gawa" Ito ang mga totoong bunga ng Cristianismo!

10:25 Ang mga bersong 24-25 ang nagtatala ng tatlong bagay na dapat gawin ng mga sumasampalataya: (1) magpalakasan ng loob ng isa't-isa tungo sa pag-ibig at mabubuting gawa;

(2) magtitipun-tipon; at (3) maghikayatan ang isa't-isa dahil ang Pangalawang Pagdating ay parating.

Ito ang nag-iisang teksto sa NT na humihikayat sa mga sumasampalatayang magtipun-tipong sumamba. Ito ay maaaring sumasalamin sa pangkasaysayang kalagayan ng pag-usig ng Romanong patungkol sa Cristianismo (isang hindi napasiyahang relihiyon) laban sa kaugnay na pagtanggap sa Judaismo (isang pinasiyahang relihiyon). Ito ay maaari ring sumasalamin sa magkakaibang araw ng pagsamba. Noong unang-una pagkatapos unang nagsimulang dumami ang Simbahan sa loob ng Judaismo, ang mga guro ay gumawa ng isang "sumpa" panunumpang kinakailangan ng bawat kasapi ng sambahayan, na sumasangkot sa pagtanggi kay Jesus ng Nazareth bilang ang pinangakong Messiah. Sa puntong ito marami sa mga sumasampalataya ay umalis sa sambahayan sa kanyang Sabbath na talatakdaan ngunit patuloy sa kanilang Linggong pagsamba sa Simbahan.

. **"ang araw"** Ito ay tumutukoy sa Ikalawang Pagdating. Sa diwa ng mga sumusunod na berso, ito ay umuugnay rin sa Araw ng Paghatol.

NASB (BINAGO) TKSTO: 10:26-31

26Sapagkat tinanggap na natin ang kaalaman ng katotohanan at kung sinasadya natin ang pagkakasala, wala nang natitira pang handog para sa mga kasalanan. 27Ang natitira na lamang ay ang kakila-kilabot na paghihintay para sa paghuhukom at nagngangalit na apoy na siyang lalamon sa mga kaaway. 28Kung tumatanggi ang isang tao sa kautusan ni Moises, mamamatay siya na walang kaawaan ayon sa patotoo ng dalawang o tatlong saksi. 29Ang isang tao na tumatanggi sa Anak ng Diyos at itinuring na marumi ang dugo ng tipan na naglinis sa kaniya at tumatanggi sa Espiritu na nagbibigay ng biyaya, kung ginagawa niya ang mga ito, gaanong bigat na parusa sa palagay ninyo ang tatanggapin niya? 30Sapagkat kilala natin siya na nagsabi: Akin ang paghihiganti. Ako ang gaganti, sabi ng Panginoon. At muli, sinabi niya: Ang Pangi-noon ang hahatol sa kaniyang mga tao. 31Kung ang isa ay mahulog sa mga kamay ng buhay na Diyos, ito ay kakila-kilabot na bagay.

10:26 "kung tayo" Ito ay hindi pangkaraniwang pasubaling pangungusap. Maaaring ang HENITIBONG GANAP (hamartanonton hemon) ay gumagana bilang ang PROTASIS (kung sugnay).

Nakakagulat na ang may-akda ay pampanitikang kinikilala ang kanyang sarili kasama ng mga sadyang nagkakasalang pangkat, ngunit ito ay maaaaring isang pampatikang pamamaraan (pangulong tudling pangmarami) katulad sa 2:3. Ang unang panauhan ay hindi karaniwang nagpapakilala sa kanya sa pangkat na kanyang sinabi sa vv. 26-29. Itong parehong uri ng pampanitikang pamamaraang paggamit ng unang panauhan ay maaaring makita sa I Cor. 13:1-3.

"sinasadyang pagkakasala" "Sinasadya" ay unang nilalagay Griyego para sa pagbibigay-diin. Ang salita ay maaaring hinahambing sa "pagyabang" na kasalanan ng OT (cf. sulatin sa 10:7). Ang bararilang anyo ng pandiwa (PANGKASALAKUYANG TAHASANG PANDIWARING HENITIBONG PANLALAKING UNANG PANAUHANG PANGMARAMI) ay nagamit na ng ilan upang imungkahing ito ay tumutukoy sa mga sumasampalatayang patuloy na nagkakasala. Kung sila ay huminto sa pagkakasala makakaiwas sila sa paghatol. Ngunit, hindi ito angkop sa mapanganib na konteksto ng kapitulo 6 at 10:26-29. Ito ay isang buhay o kamatayang babala, isang minsan lamang na paglabas, palaging nakalabas na babala! Ang pagtanggi kay Jesus sa harap ng malinaw na liwanag ng paglalantad ay gumagawa ng napakadilim na maaaring espiritwal na gabi.

. **"pagkatapos tinanggap ang kaalaman ng katotohanan"** Ang PANDIWA sa Ingles, "pagtanggap," ay isang MAKA-AORON TAHASANG PAWATAS. Ito ang puso ng suliranin ng pagsalin. Kung minsan nilang natanggap ang buong pangkaranasang kaalaman (epignosko) ng (TIYAK NA PANTUKOY) katotohanan; ito ay tila mga sumasampalataya! Ito ay parehong teolohikal na usapin sa 6:4-6.

Dapat tanggaping walang madali, malinaw, at maliwanag na pagsalin. Ang aking sariling takot ay ang aking mga saliring pagkiling maaaring maghari sa isang napakalinaw na teksto. Kailangan kung iwasan ang isang maaayos, denominasyunal na mga usapin na magpapatahimik sa makapangyarihang, binigyang-diwang tekstong ito. Ang usapin ay hindi ang mga nagkakasalang sumasampalataya. Ang usapin ay mga sumasampalatayang tumigil sa paniniwala! Hindi ko matanggap ang isang teolohiyang (1) ginagawa ang kaligtasang nakakapit sa paggawa ng tao o (2) ginagawa ang katiyakan sa isang maka-dogmang pagpapahayag na walang kaugnayan sa Cristianong buhay. Tinatanggihan ko ang isang teolohiya ng isang nawala, niligtas, nawala, niligtas, nawala, niligtas! Tinatanggihan ko rin sang isang teolohiya ng "minsang niligtas, laging ligtas" na walang kaugnayan sa patuloy na pagsasampalataya at nabubuhay sa pagsasampalataya. Kung ganoon, ano ang aking gagawin? Aking palalawigin ang teksto: sa kanyang pangkasaysayang lugar, sa kanyang pampanitikang konteksto, sa kanyang pangbararilang pagpapahayag, sa kanyang paggamit ng mg salita, sa kanyang uri, at kanyang kahanay ng mga sulatin. Inaamin kong kung ang aking batayan ay ang 6:4-6 at 10:26-29

lamang, mayroong maliit lamang na opsyon kundi na ang mga sumasampalataya ay nabigo palayo sa biyaya.

Ngunit

1. ang pangkasaysayang lugar, ang pagka-Judio ng libro, at ang pagharap ng pag-usig ay mga pangunahing usapin
2. ang pampanitikang konteksto (cf. 5:11-6:12) at ang tatlong pangkat (cf. "tayo," "kayo," at "sila") ay tila naglalantad ng isang Judiong lugar ng mga "sumasampalatayang Judio" at "hindi sumasampalatayang Judio" sumasamba at nagtitipun-tipon sa isang sambahayang lugar
3. ang paggamit ng napakaraming OT siping kaugnay sa tabernakulo, ang paggamit ng salitang sambahayan (cf. 10:25), at ang pagtawag sa pananampalataya, ay tumuturo papunta sa isang mambabasang dating alam ang OT

Kaya, pagkatapos ng pagpapalawig sa teksto sa tingin ko ang pinakamagandang kabuuang paliwanag (hindi dahil ito ay walang sariling suliranin at mga pagpapalagay) ay ang tinatayang pangkasaysayang pagbubuo muli ni R. E. Glaze, Jr. sa Easy Salvation, inilathala ng Insight Press, 1966.

Ang Hebreo ay tila isang natatanging aklat, sa isang piling pangkat. Ito ba ay nangangahulugang wala itong mensahe para sa ngayon? Ang mga babala nitong binigyang-diwang may-akda (kasama sina James, Peter, at ang may-akda ng I and II John) ay dapat gumanyak sa mga sumasampalatayang magpatuloy sa kanilang takbo sa takbuhan! Ang sagot ay hindi nakasalalay sa isang madaling paniniwala, o sa isang takot-nabubuong pag-ayon sa batas, kundi sa isang makadiyos na buhay ng pananampalataya, isang paghahangad patungong kabanalan, nabuo ng isang aktitud ng pasasalamat sa isang buo, natapos, at katapusang kaligtasan (cf. 10:14) sa pamamagitan ni Cristo ayon sa pananampalataya.

10:27 "paghukom" Ang may-akda ay nagbibigay-diin ng paulit-ulit sa kahanga-hangang pag-asa na mayroon ang mga sumasampalataya sa kay Cristo, ngunit ang negatibong bahagi ay kasing mapilit; ang paghukom at parating, at ang lahat ay tatayo sa harap ng isang banal na Diyos (cf. 9:27; Gal. 6:7).

"ANG NANGANGALIT NA APOY LALAMON SA MGA KAAWAY" Ito ay isang sipi sa mula sa Isa. 26:11. Ang apoy ay kalimitang inuugnay sa kabanalan o paglilinis. Ang Diyos ay isang etikal na nilalang; ang Kanyang nilikha ay isang etikal na katotohanan. Ang mga tao ay hindi lumalabag sa Kanyang mga kautusan, nilalabag nila sa kanilang sarili ang Kanyang mga kautusan.

10:28

NAS	**"isang taong tumanggi sa Kautusan ni Moises"**
NKJV	**"isang taong tumanggi sa kautusan ni Moises"**
NRS	**"isang taong lumabag sa kautusan ni Moises"**
TEV	**"isang taong sinuway ang Kautusan ni Moises"**
NJB	**"isang taong hindi pinapansin ang Kautusan ni Moises"**

Sa A Handbook on the Letter to the Hebrews, sina Ellingworth at Nida ay nagsasabing:Ang salita para sa pagsuway ay isang malakas na salita, ginamit hindi sa mga hindi sinasadyang kasalanan, kundi sa paglabag sa buong tipan (Ezek. 22,26), halimbawa, sa pamamagitan ng paniniwala sa diyos-diyosan (Deut. 17.2.7), maling propesiya (Deut. 18.20), o balspemiya (Lev. 24.13-16)" (p. 236).

"mamamatay siya na walang kaawaan…dalawang o tatlong saksi" Sa OT ang isang mabigat na paglilitis ay kalimitang nangangailangan ng dalawang saksi (cf. Deut. 17:6; 19:5).

10:29 "Gaanong bigat" Ito ay isang pangangatwiran mula sa mas mababang (tipan ni Moises) patungo sa mas dakila (tipan ni Jesus). Ang paghahambing na ito ay isang tema ng Hebreo.

. **"inapakan"** Ito ay nangangahulugan ng paghamak na pagturing. Ito ay isang MAKA-AORONG TAHASANG PANDIWARI, na nagpapahiwatig ng isang natapos na gawa, katulad ng kasunod na PANDIWARI.

o **"regarded"** This means a deliberation of facts resulting in a choice. **"itinuring"** Ito ay nangangahulugan ng isang pag-iisip ng mga katotohanang lalabas sa isang pagpili.

"marumi" Ito ay tumutukoy sa isang bagay na pangseremonyang marumi, hindi angkop para sa kanyang nakatalagang layunin.

"ang dugo ng tipan na naglinis sa kanya" Ang tanong dito ay mayroong kaugnayan sa pandiwa (MAKA-AORONG BALINTIYAK NA PATUROL). Ito ba ay tumutukoy sa panimulang pagtanggi ng bagong tipan o ito ba ay isang paglayo mula sa bagong tipan? Ang mga MAKA-AORONG PANDIWARI sa naunang parirala at ang MAKA-AORONG BALINTIYAK NA PANDIWARI sa sumusunod na parirala ay nagpapahiwatig ng panimulang pagtanggi.

Ang suliranin sa ganitong pagsalin na ang bawat dako sa Hebreo kung saan ginamit ang "nilinis" ito ay tumutukoy sa mga sumasampalataya (cf. 2:11; 9:13; 10:10,14; 13:12). Para sa akin ang usapin ay isang pagtago ng tipan. Ang makapangyarihang Diyos ay gumawa ng isang tipang may kaugnayan sa kaligtasan. Ito ay isang malaya; ito ay para sa lahat; ngunit ito ay dapat tanggapin (malayang kalooban ng tao), hindi lamang sa isang pangdamdaming tugon (cf. Matt. 13:20-22), o sa isang pagbubuklod kasama sa isang simbahan (cf. I John 2:19). Ang pagsasampalataya ay ang pangunahin. Itong mga naniniwala/sumasampalataya/nagtitiwala (lahat ng maaaring pagsalin ng pisteuo) ay naligtas at mayroong katiyakan. Ang dalawahang babala ng Hebreo ay ang (1) pagtanggap sa ebanghelyong hain at (2) lumakad dito. Kung ang isa ay nabigong tumanggap – paghatol; kung ang isa ay tumigil sa pananampalataya-paghatol!

"ang Espiritu" Hinahatulan Niya ang kasalanan, dinadala tayo kay Cristo, binibinyagan tayo sa kay Cristo at hinuhugis si Cristo sa atin bilang mga sumasampalataya (cf. John 16:8-11). Ang Espiritu ay naaalipusta o nagagalit kung ang mga hindi sumasampalataya tinatanggihan ang Kanyang panunuyo at paghahatol. Ito ay mga pagtanggi kay Cristo sa harapan ng malinaw na paglalantad.

10:30 . **"HINGANTI"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Deut. 32:35a at 36a. Hindi ito galit, kundi buong katarungang pagbigay sa lahat na nasasangkot.

"ANG DIYOS AY HAHATOL SA KANYANG MGA TAO" Ito ay isa pang dagdag na sipi mula sa Septuagint ng Deut. 32:36a. Ang Hebreong teksto ay mayroong "pagpapatunay ng pagkamatuwid" sa halip ng "paghatol." Ang parirala bang ito ay nagpapahiwatig na ang ibang buong kaloobang pagkakasala ay minsan naging mga tao ng Diyos? Karaniwan ang iisang

bahagi ng OT sipi ay sinasadya. Ito ay maaari ang "hatol" ang puntong pinagtutuunan ng sipi, hindi na sa kanyang orihinal na konteksto ito ay tumukoy sa makadiyos-diyosang Israel Ang may-akda ay gumagamit ng pagtanggi ng Diyos ng Kanyang sariling tao sa paghatol bilang isang babala sa kabuuang aklat.

10:31" **"ng buhay na Diyos"** Itong parirala ay sumasalamin ng tipang pangalan ng Diyos, "YHWH" (cf. Exod.3:14), mula sa PANGDAHILANG anyo ng Hebreong PANDIWANG "para maging."

NASB (BINAG) TEKSTO: 10:32-39

32Ngunit alalahanin ninyo ang mga araw na nagdaan. Pagkatapos ninyong tanggapin ang liwanag, nagbata kayo ng mahigpit na pakikibaka sa mga paghihirap. 33Sa isang dako, hayagan kayong inalipusta at inusig. Sa kabilang dako naman, nakasama kayo ng mga nakaranas ng gayong paghihirap. 34Sapagkat dinamayan ninyo ako nang ako ay nasa kulungan. At nang kamkamin nila ang inyong ari-arian, tinanggap ninyo ito na may kagalakan, yamang nalalaman ninyo na mayroon kayong higit na mabuti at walang hanggang pag-aari sa langit. 35Kaya nga, huwag ninyong itakwil ang inyong pagtitiwala na may dakilang gantimpala. 36Sapagkat kailangan ninyo ang pagtitiis upang pagkatapos maisagawa ang kalooban ng Diyos ay matanggap ninyo ang kaniyang pangako. 37SAPAGKAT SA NAPAIKLING PANAHON NA LAMANG: SIYA NA PAPARITO AY DARATING NA AT HINDI SIYA MAGTATAGAL. 38NGUNIT ANG MATUWID AY MABUBUHAY SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA. AT KUNG SIYA AY TUMALIKOD, HINDI MALULUGOD ANG AKING KALULUWA SA KANIYA. 39Ngunit hindi tayo kabilang sa mga tumalikod patungo sa pagkawasak. Sa halip tayo ay kabilang sa mga sumasampalataya sa ikaliligtas ng kaluluwa.

10:32 "alalahanin ang mga araw na nagdaan" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS. Nakakawiling ang sa Bibliya ang mga tao ay hinihiling na tumanda at ang Diyos hinihiling na lumimot.

"pagkatapos tanggapin ang liwanag" Ito ay ginamit sa hindi sumasampalatayang pangkat sa 6:4. Ako naniniwalang mayroong dalawang pangkat na kinakausap: (1) ang mga Judiong nakakita ng kapangyarihan ng Diyos sa mga buhay at pahayag ng kanilang mga sumasampalatayang kaibigan at (2) ang sumasampalatayang Judiong patuloy na sumasamba sa

sambahayang lugar. Ang “kayo” ng vv. 32-36 ay pinagkakaiba sa vv. 26-31 (tulad sa s 6:9-12 kasama ang 6:4-8).

“nagbata” Ito ay tumutukoy sa isang panlarong paligsahan (cf. 6:10; 12:4).

. **“mahigpit na pakikibaka sa mga paghihirap”** Ito ay maaaring pagtukoy sa pag-usig na naranasan ng Simbahan dahil ang Judaismo ay isang ayon sa kautusang relihiyon sa ilalim ng Roma, ngunit ang Cristianismo ay hindi. Itong talatang ito ay tila nagpapahiwatig na sila ay tumulong sa ibang dumanas ng pag-usig at dahil dito kahati sa ilang sisi (cf. vv. 33-34).

10:34 “sa mga nakakulong” Ang KJV ay mayroong “sa aking mga tali,” na ang maraming tagapagsalita ay ginagamit bilang katibayan upang itatag ang pagkamay-akda ni Paul. Subalit, mayroong ilang maaaring kasulatang pagkakaiba: (1) “sa mga tali” (P13, A, D*, at ang Vulgate at Peshitta mga pagsalin); (2) “nakatali” (P46,], at ang Griyegong tekstong ginamit ni Origen); at (3) “sa aking mga tali” W, D2, K, L, P at ang Griyegong teksto ginamit ni Clemente ng Alexandria).

Ang katotohanang ang ilang mga Cristiano ay kinulong, ngunit hindi ang mga tagatanggap ng sulat, ay tila nagpapakita na sila ay mga sumasampalataya, ngunit hindi tuluyang kinakabit sa simbahan. Ito ay maaaring magpatibay sa pananaw na sila ay mga Judiong sumasampalatayang patuloy na pumupunta sa isang sambahayan.

“tinanggap na may kagalakan ang pagkamkam ng inyong ari-arian” Ito ay tiyak na katibayan ng ating pag-asa kay Cristo at ating mana sa Kanya (cf. 9:15; 11:16; 13:14; Matt. 5:12; Luke 6:22-23; Rom. 5:3; 8:17).

“mas higit” Tingnan ang buong sulatin sa 7:7.

10:35-36. Itong mga berso ay nagtatala sa pangangailangan ng sumasampalatayang pangkat (1) na hindi itapon ang kanilang katiyakan (cf. 3:6; 4:16; 10:19) at (2) manangan. Sa maraming paraan ito ay katulad ng mensahe ng pitong simbahan ng Rev. 2-3 (cf. 2:3,5,7,10,11,13, 16,17,19,25,26; 3:2,3,5,10,11,12,20). Ang totoong pananampalataya ay matiyagang pananampalataya (cf. I John 2:19). Ang mga tipang pangako ng Diyos ay dapat tanggapin at hawakan.

Ang ilang mga makateolohiya ay magsasabing ang kabiguan sa pagtitiyaga ay katibayan ng isang mababaw, walang bisang paghikayat (cf. Matt. 13). Ito ay maaaring magpanatili sa doktrina ng "minsang niligtas, laging ligtas," ngunit sa tingin ko ito ay nagiging dahilan ng maraming pag-aalangan at pagkabalisa sa mga sumasampalataya kaysa manindigang ang pagpapatuloy, pag-ibig, at pagkamakadiyos ay mga katibayan ng isang totoong paghikayat (cf. James and I John).

Ang tunay na usapin sa katiwasayan ay hindi ang nakikibaka, naglilingkod, nagsasambang mga sumasampalataya, kundi ang karamihang makabagong kanluraning kasapi ng simbahang walang katibayan ng pananampalataya sa kanilang buhay. Ang madaling paniniwala, kasama ng isang higit na pagbibigay-diin sa katiwasayan, ay pumuno sa ating mga simbahan ng mga sanggol na mga Cristiano sa pinakamabuti at mga nawawalang taong nasa Cristianong kasuotan sa pinakamasama! Ang pagiging tagasunod at ang tawag para sa batayang kabanalan ay nawawala sa isang makamateryal, makakapitalista, bulok, makabagong kanluraning kultura. Ang kaligtasan ay ginawang isang produkto (isang bilyete sa langit sa katapusan ng isang pagtuon sa sariling buhay o isang katibayang seguro para sa sunog laban sa patuloy na kasalanan) sa halip ng isang pang-araw araw, umuunlad, personal na relasyon sa Diyos. Ang layon ng Cristianismo ay hindi lamang langit kung tayo ay mamatay (produkto), kundi maging katulad ni Cristo ngayon! Nais ng Diyos na ibalik ang Kanyang imahen sa sangkatauhan upang Kanyang maabot ang mga nabigong sangkatauhan ng Kanyang malayang hain ng paglilingkod at pagsunod.

10:36 "ang kalooban ng Diyos" Tingnan ang Natatanging Paksa sa 13:21.

10:37-38 Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Hab. 2:3-4, ngunit kasama ang huling dalawang sugnay na binaligtad para sa pagbibigay-diin.

. **"SIYA NA PAPARITO"** Ang Hebreong Masoretik na Teksto ay mayroong "iyan," ngunit ang Griyegong Septuagint ay gumagawa nitong personal, na nagpapahiwatig ng Messiah.

10:38 "AKIN" Mayroong maraming Griyegong kasulatang kaguluhan tungkol sa pinanggalingan nitong personal na PANGHALIP. Ito ay mayroong kaugnayan alinman sa "makatuwiran" o "pananampalataya." Ang ating may-akda ay gumagamit ng walang katiyakanng MT at LXX ng mga pagsalin upang magbigay-diin sa (1) pagdating ng Messiah at (2) ang pangangailangan para sa katapatan ng mga sumasampalataya. Sa LXX Peshitta, at ms

D*, “akin” ay umuugnay sa pananampalataya. Sa P13, Dc, Hc, K, P at ang Textus Receptus “akin” ay inalis (kasunod ng pag-alis ni Paul sa kanyang sipi mula sa Hab. 2:4 sa Rom. 1:17; Gal. 3:11).

Ang “kung” sa ikalawang bahagi ng berso ay isang PANGATLONG URING PASUBALING PANGUNGUSAP, na nangangahulugang parating na pagkilos.

10:39 Ang may-akda ay nagbubuod sa kanyang katiyakan sa pagtitiyaga ng kanyang mga mambabasa!

“sa mga tumalikod” Ito ay isang pagtukoy sa Habakkuk 2:4 sa LXX “kapag siya ay tatalikod, ang aking kaluluwa ay walang pagkalugod sa kanya.” Ang usapin sa Hebreo para sa mga sumasampalataya ay katapatan hanggang sa katapusan. Ang malaking panganib ay “pagtalikod.” Ang pangsalin na tanong sa bersong ito at kanino patungkol ang pariralang “yaong mga tumalikod”:

1. mga Esraelite sa panahon ni Habakkuk
2. ang dalawang pangkat ng Heb. 6:1-12, isang Judion at ang isa ay ang mga sumasampalatayang Judio; ang hindi sumasampalatayang pangkat ay tumalikod mula sa malinaw na ebanghelyong saksi patungo sa pagkawasak
3. ang mga sumasampalataya ay hindi nanangan hanggang sa katapusan sa katapatan

Ang konteksto ng aklat bilang kabuuan sa 6:9-12 ay sumusuporta ng #2

“pagkawasak” Ang salitang ito ay kalimitang ginagamit ng mga walang pangwalang hanggang buhay (cf. Matt. 7:13; Phil. 1:28; 3:19; II Thess. 2:3; I Tim. 6:9; II Pet. 2:1,3; 3:7). Ito ay hindi dapat intindihin bilang katapusang pagkawasak ng mga hindi sumasampalataya, kundi ang pagkawala ng pisikal na buhay. Ang kaparehong pagsisimbolong gamit ay marami sa OT. Ang isa sa mga misteryo at kasakitan ng Impiyerno ay ang kanyang walang hanggang bahagi (cf. Dan. 12:2; Matt. 25:46).

o

NASB	**“kundi sa mga sumasampalataya sa ikaliligtas ng kaluluwa”**
NKJV	**“kundi sa mga naniniwala sa pagliligtas ng kaluluwa”**
NRSV	**“kundi sa mga sumasampalataya at kaya naligtas”**

TEV **"sa halip, tayo ay may pananampalataya at naligtas"**
NJB **"tayo ang uring sumasampalataya hanggang ang ating mga kaluluwa ay naligtas"**

Ang kabaligtaran ng "tumalikod" ay katapatan. Ang siping ito mula sa Habakkuk ay ginagamit sa kakaibang paraan kaysa gamit ni Paul sa pagbibigay-diin sa pangangailangan ng panimulang pananampalataya maliban sa mga gawa (cf. Rom. 1:17; Gal. 3:11), habang ang Hebreo ay gumagamit nito para sa patuloy na pananampalataya. Ang pangungusap na ito ay nagbibigay daan para sa pagtawag ng pananampalataya sa kapitulo 11. Ang pagtatawag na ito ay nagpapakitang ang pananampalataya malimit na nagdadala ng pag-usig, kahit kamatayan. Ito ay nagbibigay-diing itong mga OT sumasampalataya, kahit sa gitna ng matinding kahirapan (cf. vv. 32-33) tumuloy sa pananampalataya. Ang may-akda ng Hebreo ay naninindigan sa kanyang katiyakang ang kanyang mga mambabasa ay papatuloy rin sa pananampalataya hanggang sa katapusan.

MGA PANGTALAKAYANG TANONG

Ito ay isang gabay sa pag-aaral na komentaryong nangangahulugang ikaw ay may tungkulin sa iyong sariling pagsalin ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Hindi mo dapat ipaubaya ito sa isang tagapagsalita.

Ang mga pangtalakayang tanong na ito ay binibigay upang makatulong sa iyong pag-isipan ang mga pangunahing usapin nitong seksiyon ng aklat. Sila ay inaasahang maging pampukaw-kaisipan, hindi katiyakan.

1. Bakit napakahalagang si Cristo inalay ang Kanyang sarili "minsan at magpakailanman"?
2. Kailan at ano ang huling, katapusang kaligtasan?
3. Bigyang-kahulugan ang NT salitang "ganap" (telos).
4. Ano ang layunin ng Araw ng Pagbabayad-Sala? Paano ang mga OT handog mayroong kaugnayan sa 10:8?
5. Bakit ang ating may-akda ay inaatang ang mga OT sulatin kay Jesus at sa Espiritu?
6. Ang kabanalan ba ay isang minsan at para sa lahat na gawa (v. 10) o isang pamamaraan (v. 14)?
7. Bakit ang 10:18 ay napakahalaga?

8. Itala ang mga praktikal na mga bagay na tayo ay hinihikayat gawin sa ating buhay dahil sa ating paglapit sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo.

9. Bakit ang mga bersong 26-29 ay nagtuturo ng apostasya?

10. Bakit ang "pagtitipun-tipon" ay isang suliranin para sa mga tumatanggap ng sulat na ito?

11. Ang paghihirap ba ay kalooban ng Diyos? (cf. vv. 32-36).

HEBREO 11

PAGHAHATI NG MGA TALATA SA MAKABAGONG PAGSASALIN

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Pananampalataya	Sa Pamamagitan ng Pananampalataya Tayo ay Nakakaintindi	Pagtatawag ng mga Bayani	Pananampalataya	Ang Modelong Pananampalataya ng Ating mga Ninuno
11:1-2	11:3	11:3	11:1-2	11:1-2
11:3	Ang Pananampalataya sa Bukang-Liwayway ng Kasaysayan		11:3	11:3
11:4-7	11:4-7	11:4-7	11:4	11:4
			11:5-6	11:5-6
	Ang Sumasampalatayang Abraham	11:7	11:7	
11:8-12	11:8-12	11:8-12	11:8-10	11:8-10
	Ang Makalangit na Pag-asa		11:11-12	11:11-12
11:13-16	11:13-16	11:13-16	11:13-16	11:13-16
11:17-22	11:17-22	11:17-22	11:17-19	11:17-19
			11:20	11:20-22
			11:21	
	Ang		11:22	

	Pananampalataya ni Moises			
11:23-31	11:23-29	11:23-28	11:23	11:23-29
			11:24-26	
			11:27-28	
	Sa Pamamagitan ng Pananampalataya Sila ay Nagwagi	11:29-31	11:29	
	11:30-40		11:30-31	11:30-31
11:32-38		11:32-38	11:32-35a	11:32-40
			11:35b-38	
11:32-40		11:32-40	11:32-40	

MGA KONTEKSTONG KAALAMAN

A. Ang Kapitulo 11 ay isang pagkasunod-sunod na mga halimbawa ng OT ng mga naging matapat sa mga mahihirap na kalagayan. Ito ay inaasahang hihikayat sa mga orihinal na mambabasa at sumasampalataya ng bawat panahong manatiling matapat kahit na anumang mga pisikal na kalagayan ang maaaring humarap sa kanila (cf. 10:32-39).

A. Pansinin ding ang mga ito ay hindi pasimulang pagpapahayag ng pananampalataya, kundi mga buhay ng pananampalataya. Ang katapusan ay ang katibayan ng isang totoong simula. Ang mga sumasampalataya ay nagsisimula sa pananampalataya, patuloy sa pananampalataya, at mamamatay sa pananampalataya.

Ang may-akda ng Hebreo ay naninimbang sa buhay ng sumasampalataya mula sa kanyang matapat na pagtapos pati na sa kanyang panimulang pananampalataya.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 11:1-7

1Ngayon, ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na ating inaasahan. Ito ang katunayan ng mga bagay na hindi natin nakikita. 2Sapagkat sa pamamagitan ng pananampalataya, nagpatotoo ang mga matanda. 3Sa pamamagitan ng pananampalataya, nauunawaan natin ang mga ito. Nilikha ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng salita na kaniyang sinabi. Kaya mula sa mga bagay na hindi makikita ng sinuman, inihanda niya ang mga bagay na nakikita. 4Sa pamamagitan ng pananampalataya, naghandog si Abel ng higit na mabuting handog sa Diyos kaysa sa inihandog ni Cain at sa pamamagitan nito, nakita siyang matuwid. Ang Diyos ang nagpatotoo patungkol sa kaniyang mga kaloob bagaman patay na siya ay nagsasalita pa. 5Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Enoc ay kinuha ng Diyos, kaya siya ay hindi nakaranas ng kamatayan. At dahil kinuha siya ng Diyos, hindi na nila siya nakita. Sapagkat bago siya kinuha ng Diyos, pinatotohanan na siya ay tunay na kalugud-lugod sa Diyos. 6Ngunit kung walang pananampalataya, walang sinumang tunay na makakapagbigay-lugod sa kaniya. Sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang may Diyos at dapat siyang sumampalatayang siya ang nagbibigay gantimpala sa mga masikap na humahanap sa kaniya. 7Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noe ay naghanda ng isang arka nang magbabala ang Diyos sa kaniya patungkol sa mga bagay na hindi pa niya nakikita. Inihanda niya ito ng may banal na pagkatakot upang mailigtas niya ang kaniyang sambahayan. Sa pamamagitan nito, hinatulan niya ang sanlibutan. At siya ay naging tagapagmana ng katuwiran na kaniyang tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya.

11:1 "pananampalataya" Ito ay hindi isang teolohikal na kahulugan ng pananampalataya, kundi isang larawan ng praktikal na pagsasabuhay nito. Ang salita ay ginagamit ng dalawamput apat na ulit sa kapitulong ito. Mula sa OT ang pangunahing kaisipan ay ang "katapatan" o "mapagkatiwalaan." Ito ay ang salungat ng apostasya. Ang Griyegong salita para sa pananampalataya (pistis) ay sinasalin sa tatlong Ingles na mga salita: "pananampalataya," "paniniwala," at "patitiwala." Ang pananampalataya ay isang pangtaong tugon sa katapatan ng Diyos at Kanyang pangako. Tayo ay nagtitiwala sa Kanyang katapatan, hindi ng ating sarili. Ang Kanyang katangian ang susi.

.

NASB, NRSV	**"katiyakan ng mga bagay na inaasahan"**
NKJV	**"nilalaman ng mga bagay na inaasahan"**

TEV **"ang makakatiyak ng mga bagay na ating inaasahan"**
NJB **"garantiya ng mga biyayang ating inaasahan"**

Itong Griyegong salita para sa "katiyakan" (hupostasis) ay pangunahing nangangahulugang "ilagay sa ilalim" o "tumayo sa ilalim" kaya nagbibigay ng pang-ilalim o batayan ng isang bagay. Kaya nga, ito ay may maraming ibat-ibang kahulugan sa sinaunang mundo. Ito ay lalong karaniwan sa Griyegong pilosopikal na mga sulatin upang ipaalam ang malinaw na paglalantad ng isang bagay. Iyong isang tunay at totoo laban sa hindi napatotohanan.

1. sa Heb. 1:3 ito ay tumutukoy sa nilalaman

2. sa Heb. 3:14 ito ay tumutukoy sa katotohanan ng mga pangumpisal/pagpahayag ng mga sumasampalataya

3. sa Heb. 11:1 ito ay tumutukoy sa mga pangako ng ebanghelyong sinabuhay sa kasalukuyan, ngunit hindi maisakatuparan hanggang sa darating na panahon.

Ang salitang ito ay nakikita sa Egiptong papyring ang ibig sabihin ay "isang titulong katibayan" (cf. NJB). Sa kaisipang ito, ito ay sumasalamin ng paggamit ni Paul ng Espiritu bilang isang "laan" (cf. II Cor. 1:22; 5:5; Eph. 1:4).

Ang ilan ay nakakita ng pinakamalinaw na mga kahulugan sa kontekstong itong sinalamin sa OT sipi sa 10:38. Ang kapitulo 11 ay isang talaan ng mga halimbawa ng mga hindi "umurong." Ang tekstong ito ay ang kasalungat ng kung ano ang mapanganib na gagawin ng mga unang mambabasa.

"paniniwala" Ang salitang ito ay naririto lamang sa NT. Ito ay tumutukoy sa "katibayan sa pamamagitan ng pagsubok." Ang dalawang parirala sa v.1 ay magkaagapay (parehong PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MGA PANDIWARI); kaya, ang "katiyakan" at "paniniwala" ay mahigpit na magkakaugnay at mula sa kanila sinasabuhay ng mga sumasampalataya ang kanilang buhay.

"mga bagay na hindi nakikita" Ang mga sumusunod na mga halimbawa ay ng mga taong nabubuhay sa (1) pag-asa sa pangkasalukuyan at parating na mga gawain ng Diyos at (2) may tiwala sa espiritwal na mga pangako ng Diyos. Ang kanilang pananaw sa mundo ay gumagabay sa kanilang pang-araw-araw na mga desisyon, hindi mga kalagayan, materyalismo o pagsentro sa sarili.

Ang pisikal na katotohanan ay pumapailalim sa hindi nakikitang espiritwal na katotohanan (cf. v.3). Ang pisikal na katotohanan ay nalalaman ng limang pandamdam, at hindi walang hanggan, kundi panandalian. Ang totoo, walang hanggang katotohanan ay hindi nakikita (cf. v. 27) at: kaya, dapat panghawakan sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi ng pananaw. Ngunit, ito ay napakatunay at totoo sa mga sumasampalatayang ito ay komokontrol at humihingi ng kanilang mga pagpapauna.

11:2

NASB	**"nakakuha ng pagpapatibay"**
NKJV	**"nakakuha ng isang mabuting pagpapatunay"**
NRSV	**"nakatanggap ng pagpapatibay"**
TEV	**"nakakuha ng pagpapatibay ng Diyos"**
NJB	**"ay kinilala"**

Ito ay kapareho sa paggamit ni Paul ng "pananampalataya" sa Rom. 1:17; Gal. 3:11. Ang kanilang mga buhay ng pananampalataya ay hindi nakaligtas sa kanila, kundi nagpatibay ng Espiritu ng Diyos sa kanila.

11:3

NASB, NKJV,	
NRSV	**"mga mundo"**
TEV, NIV	**"ang sanlibutan"**
NJB	**"ang mga panahon"**

Ito ay isa sa dalawang Griyegong mga salitang (kosmos, cf. 1:6 at aion, dito) ginamit upang pangalanan itong pangkasalukuyang pisikal na lugar. Itong "aion" ay tumutukoy sa mga espiritwal na panahon kasama ang parehong pisikal at espiritwal na mga kaharian (cf. 1:2; 6:5; Rom. 12:2; I Cor. 1:20; 2:6,8; 3:18; II Cor. 4:4; Eph. 1:21; 6:12). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:2.

"ang salita ng Diyos" Ito ay hindi isang Griyegong salitang logos kundi rhemang ginagamit sa sinasabing salita. Ito kung ganoon ay tumutukoy sa paglikha sa pamamagitan ng pag-utos, ang binigkas na salita (cf. Gen. 1:3,6,9,14,20,24; Ps. 33:6,9). Mula sa Heb. 1:2 alam natin na ang logos ng Diyos ay ang kinatawan ng Ama ng paglikha (cf. John 1:1,10; I Cor. 8:6; Col. 1:16).

Itong pagpapatibay ng pananampalataya ay nagiging pananaw sa mundo kung saan ang mga sumasampalataya ay sinasabuhay ang kanilang panglupang buhay. Ito ay hindi pagtanggi sa siyentipikong pananaliksik, kundi paglagay nito sa loob ng isang pananampalatayang pananaw. Ang mga sumasampalataya ay hinahayaang ang agham ang tumuklas ng mga kaparaanan ng nilikhang pagkakaayos (likas na paglalantad), ngunit nagpapatibay sa kahuli-hulihan ng Diyos lamang, Siya na inilantad sa Bibliya at sa kataas-taasang kapangyarihan ni Jesucristo.

"kaya kung ano ang nakikita ay hindi ginagawa mula sa mga bagay na nakikita" Ito ay hindi pangunahing isang pagpapatibay sa paglikha ex nihilo (paglikha mula sa kawalan), kundi isang halimbawa ng katotohanan laban sa hindi katotohanan ng v.1. Ang mga sumasampalataya ay nagpapatibay ng kung anong hindi pa nila mismo nakita o naranasan batay sa paglalantad ng Diyos. Ito ay hindi isang kautusang teolohiya kundi isang buhay ng pananampalataya at pag-asa.

11:4 "Abel" Ito ang ikalawang anak nina Adan at Eba, na pinatay ng kanyang kapatid, Cain (cf. Gen. 4:3ff).

"isang higit na mabuting handog" Hindi ang uri ng handog na hinain nina Cain at Abet ang nagdulot ng pagkakaiba, kundi ang aktitud (pananampalataya) kung saan ito ay binigay. Ito ay hindi maaaring isang katibayan-teksto sa kahigitan ng isang dugong handog.

"bagaman siya ay patay na, nagsasalita pa " Ito ay nakatala sa Gen. 4:10; Heb. 12:24. Sa kontekto, ito ay isang pagpapatibay ng pananampalatayang humaharap sa kamatayan at nagwawagi dito. Ang mga mambabasa ay umuurong mula sa pag-usig. Sila ay dapat, tulad ni Abel, magkaroon ng pananampalataya.

11:5. **"Enoch"** Siya ang unang taong pagkatapos ng kabiguan ay hindi ginalaw ng kamatayan (cf. Gen. 5:24). Ang OT ay hindi pumapalawig sa mga kalagayan ngunit naninindigang siya ay "naglakad" kasama ang Diyos.

"kinuha siya" Ito ay nangangahulugang "dinala sa isa pang lugar." Ito ay hindi isang "pagkabuhay muli" kundi isang "pagsalin" tulad ni Ellijah (cf. II Kgs. 2:11). Mayroong isang malinaw na pagkakaiba sa Bibliya sa gitna ng (1) mga taong binalik sa pagkabuhay (pagbibigay buhay muli); (2) mga taong dinala sa langit na walang pisikal ng pagkamatay (pagsalin); (3) ang pagkakaroon ni Hesus ng bagong espiritwal na katawan (pagkabuhay muli).

"siya ay kalugod-lugod sa Diyos" Ito ay sumusunod sa LXX, ngunit ang MT ay may "naglakad kasama ang Diyos."

11:6 "kung walang pananampalataya, walang sinumang makakapagbigay-lugod sa Kanya" Ito ang pangunahing paninindigan nitong pampanitikang yunit. Hindi lamang ang panimulang pananampalataya, kundi patuloy na pananampalataya ang nagbibigay-lugod sa Diyos. Ang lahat ng mga halimbawang ito ay nanatiling tapat hanggang sa katapusan ng buhay, hindi mahalaga kung paano dumating ang katapusang iyon. Ang pananampalataya ay isang paraang ang mga tao naniniwala, nakakakuha, tumatanggap ng mga pangako ng Diyos. Ang kaligtasan at pagsunod ay parehong hindi maaaring mangyaring walang pananampalataya. Ang pananampalataya sa gawain ng Diyos sa nakaraan (paglikha, paglalantad); ang pananampalataya sa pagharap ng Diyos sa kasalukuyan (pag-uusig, kahirapan, kahit kamatayan); ang pananampalataya sa pinangakong gawain ng Diyos sa darating na panahon (kaligtasan, langit).

Para sa "hindi maaaring mangyari" tingnan ang sulatin sa 6:6.

"kailangang sumampalataya" Ang Griyegong salitang pistis ay sinasalin sa pamamagitan ng tatlong Ingles na mga salita: "pananampalataya," "paniniwala," at pagtitiwala." Ang pinagtutuunan ay hindi ang mga pangkaisipang katotohanan lamang, kundi ang personal na pagtiwala sa mapagkakatiwalaang Diyos; ang pananampalataya sa Kanyang katapatan! Hindi lamang ito isang pagpapatibay, kundi isang uri ng pamumuhay.

Ang salitang "kailangan" ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PATUROL, na ang kahulugan ay "ito ay nakakatali," "ito ay kailangan." Ang pananampalataya ay kailangan!

"Siya ay tagabigay ng gantimpala sa mga humahanap sa Kanya" Ito ay tumutukoy sa parehong panimulang pananampalatayang tugon at isang patuloy na pananampalatayang tugon.

11:7 "magbababala ang Diyos patungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita." Heto ang pananamlapatayang huwaran. Itong mga OT santo ay gumawa ayon sa kung ano ang natanggap nila mula sa Diyos. Ang kanilang mga aksiyon ay nagpatunay ng kanilang pananampalataya ay hindi hanggang salita lamang! Maisip ninyo kaya ang pagkutya at kahihiyang naranasan ni Noe sa paggawa ng ganoon kalaking barko, napakalayo mula sa tubig, upang kumarga ng mga hayop! Ngunit ang Diyos ay nagsabi – iyan ang umayos niyan! Ang kanyang mga gawain ay nagligtas sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya.

"arko" Ito ay hindi isang maaaring galawing barko, kundi isang sakayang inaasahang lumutang katulad ng isang troso. Ang salita ay ginamit ng isang "kaban" katulad ng arko ng tipan.

"sa pamamagitan nito hinatulan niya ang sanlibutan" Paano hinatulan ni Noe ang sanlibutan? Mayroong dalawang ikapangyayari: (1) sa pamamagitan ng kanyang mga pananampalatayang gawain at (2) sa pamamagitan ng kanyang pangaral (cf. II Pet. 2:5).

"naging isang tagapagmana ng katuwiran" Sa Gen. 6-8 si Noe ay ang unang tao sa Bibliyang tinawag na "makatuwiran" (cf. II Pet. 2:5). Ito ay hindi nangangahulugang kawalan ng kasalanan kunding si Noe ay naglakad sa liwanag ng kanyang pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos. Katulad ng pananampalataya ni Abraham na noong huli ay inatang sa kanya bilang pagkamakatuwiran (cf. Gen. 15:6), ganoon din, ang kay Noe.

Para sa pag-aaral ng salita sa "Makatuwiran" tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:9.

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTONG: 11:8-12

> **8By faith Abraham, when he was called, obeyed by going out to a place which he was to receive for an inheritance; and he went out, not knowing where he was going. 9By faith he lived as an alien in the land of promise, as in a foreign land, dwelling in tents with Isaac and Jacob, fellow heirs of the same promise; 10for he was looking for the city which has foundations, whose architect and builder is God. 11By faith even Sarah herself received ability to conceive, even beyond the proper time of life, since she considered Him faithful who had promised. 12Therefore there was born even of one man, and him as good as dead at that, as many descendants AS THE STARS OF HEAVEN IN NUMBER, AND INNUMERABLE AS THE SAND WHICH IS BY THE SEASHORE.**

8Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Abraham na tinawag ng Diyos ay sumunod at nagtungo sa isang dako na malapit na niyang tanggapin bilang pamana. Bagaman hindi niya alam kung saan siya patungo, lumabas siya. 9Sa pamamagitan ng pananampalataya, siya ay namuhay tulad ng isang dayuhan sa bayang ipinangako sa kaniya at siya ay tumira sa mga tolda kasama sina Isaac at Jacob. Sila ay mga kasama niyang tagapagmana ng pangako ring iyon. 10Sapagkat inaasahan niyang makita ang isang lungsod na may matibay na saligan na ang

Diyos ang nagplano at nagtayo. 11At sa pamamagitan ng pananampalataya, si Sara ay tumanggap ng kakayahang magdalang-tao. Kahit na siya ay lampas na sa gulang upang magkaanak, nanganak pa rin siya. Sapagkat kinilala niya na ang nangako sa kaniya ay matapat. 12At kaya nga, bagaman siya ay tulad sa isang patay, marami ang nagmula sa kaniya na kasindami ng mga bituin sa langit at na tulad ng buhangin sa tabing dagat na hindi mabilang.

11:8 "si Abraham…sumunod" Sa ilang paraan itong mga kameo ay mga huwarang kinakatawan ng mga buhay nitong mga lalaki. Ang OT ay bukod-tangi sa sinaunang panitikan dahil sa ito ay nagtatala ng parehong kaayaaya at negatibo tungkol sa kanyang mga tauhan. Si Abraham ay isang kakaibang pagsama ng takot at pananampalataya.

1. Takot
   a. Ang Diyos ay nagsabing iwanan mo ang iyong pamilya; dinala niya ang kanyang ama at si Lot
   b. Ang Diyos ay nangako sa isang bata; sinubukan niyang lumikha ng isang bata sa pamamagitan ng alila ni Sarah at nitong huli sinubukang ibigay si Sarah sa parehong isang taga-Egipto at isang Philistinong hari upang maligtas ang kanyang sariling buhay.
2. Pananampalataya
   a. Iniwan nga niya ang Ur
   b. Naniwala nga siyang bibigyan siya ng Diyos ng mga pagmumulan
   c. Nais niyang ihandog si Isaac (cf. Gen. 22) ang Diyos ay hindi naghahanap ng "makapangyarihang-santo," kundi ng mga may kulang na mga taong tutugon sa Kanya sa pagsisisi at pananampalataya at mabuhay para sa Kanya kahit anong kalagayan.

11:9 "siya ay namuhay tulad ng isang dayuhan sa baying ipinangako" Ito ay ang salitang "nanirahang pansamantala," na ang kahulugan ay wala siyang mga karapatan bilang isang mamamayan (cf. v. 13).

11:10 "siya ay naghanap" Ito ay isang DI GANAP NA PANGGITNANG (deponente) PATUROL. Siya ay patuloy na naghanap!

"ang lungsod" Ito ay isang karaniwang pangbibliyang pagtutulad (cf. 11:16; 12:22; 13:14; John 14:2; Gal. 4:6; Rev. 3:12; 21:2), na tumutukoy sa lugar ng kabahayan ng Diyos kasama ng mga tao muli, tulad ng Paraiso.

Si Abraham isinabuhay ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa pagtingin hindi sa pangkasalukuyang kalagayan, kundi sa pinangakong kalagayan. Ang pananampalataya ay nagsasabi "ang mundong ito ay hindi aking tahanan"; ang pananampalataya ay nagsasabi "Ang mga pangako ng Diyos ay tiyak"; ang pananampalataya ay nagsasabi "ang kalagayan ay hindi ang aking nakikita, kundi kung ano ang sinasabi ng Diyos"!

11:11 "Sarah" Ang ilang sinaunang Griyegong kasulatan (P46, D) nagdagdag ng "baog." Mahalagang wala sa mga asawa ng mga makapangyarihang ama (maliban kay Lea) ang maaaring mabuntis na walang tulong ng Diyos. Isa pa, wala sa mga panganay na bata ang mga tagapagmana ng pangako. Ang Diyos ay kumilos upang ipakitang Siya ang namumuno!

Si Sarah, tulad ni Abraham, ay isang paghahalong takot at pananampalataya. Binigay niya kay Abraham ang kanyang alila; tinawanan din niya ang pangako ng Diyos (cf. Gen. 18:12).

11:12 "KASINDAMI NG MGA BITUIN SA LANGIT AT NATULAD NG BUHANGIN SA TABING DAGAT NA HINDI MABILANG" Ito ay bahagi ng pangako ng Diyos kay Abraham, Isaac, at Jacob (cf. Gen. 15:5; 22:17; 32:12). Alalahaning ang lahat ng kanilang mga asawa (maliban kay Lea) ay baog.

"kinilala niyang Siyang nangako sa kanya ay matapat" Siya ay kumilos batay sa pangako ng Diyos, hindi sa pangkasalukuyang kalagayan. Ang pariralang ito ay pareho sa 10:23 (cf. 6:17-18). Ang mga mambabasa ay dapat ding gumawa sa ganitong paraan.

NASB (BINAGO) TEKSTO: 11:13-16

11At sa pamamagitan ng pananampalataya, si Sara ay tumanggap ng kakayahang magdalang-tao. Kahit na siya ay lampas na sa gulang upang

magkaanak, nanganak pa rin siya. Sapagkat kinilala niya na ang nangako sa kaniya ay matapat. 12At kaya nga, bagaman siya ay tulad sa isang patay, marami ang nagmula sa kaniya na kasindami ng mga bituin sa langit at na tulad ng buhangin sa tabing dagat na hindi mabilang. 13Ang lahat ng mga taong ito ay namuhay ayon sa pananampalataya hanggang sa mamatay na hindi nila natanggap ang mga ipinangako. Ngunit natanaw nila ang mga ito. Nahikayat sila at nanghawakan sila dito at inamin nila na sila ay mga dayuhan at mga pansamantalang nanunuluyan sa lupa. 14Sapagkat ang mga taong nagsasalita ng mga ganitong bagay ay nagpapakilala na sila ay naghahangad ng sariling tahanan. 15At kung iniisip nila ang bayan na kanilang iniwan, may panahon pa silang bumalik. 16Ngunit ngayon, hinangad nila ang higit na mabuting bayan na maka-langit, kaya nga, hindi ikinakahiya ng Diyos na tawagin nila siyang Diyos. Siya ay naghanda ng isang lungsod para sa kanila.
binago

11:13 "hindi natanggap ang mga ipinangako" Ito ang puso ng paghahambing ng mga tao ng pananampalataya sa kapitulo 11 sa mga sumasampalatayang mga Judiong tagatanggap na malapit ng "umurong" (cf. 10:38).

"sila ay mga dayuhan at pansamantalang nanulayan sa lupa" Sa literal na usapin, ang mga dayuhang naninirahang walang karapatan bilang mga mamamayan (cf. LXX Gen. 23:4; Ps. 39:12; Phil. 3:20; I Pet. 2:11). Ang pisikal na kalagayan ay hindi totoo, walang hanggang katotohanan. Ang mundong ito ay hindi nila tahanan.

11:15 "kung" Ito ay isang PANGALAWANG URING PASUBALING PANGUNGUSAP na tinatawag "salungat sa katotohanan." Hindi sila lumabas at hindi sila bumalik!

11:16 Ang tunay na kalagayan ay espiritwal, tulad ng makikita sa paghahambing ng isang makalangit na lungsod na ang tagagawa at lumikha ay ang Diyos (cf. 11:10). Ang Diyos ay tumutugon sa pagtitiwala at pananampalataya (cf. 2:11).

NASB (BINAGO) TEKSTO: 11:17-22

17Sa pamamagitan ng pananampalataya, nang siya ay sinubok ng Diyos, inihandog ni Abraham si Isaac bilang isang hain. Siya na tumanggap ng mga pangako ay naghandog ng kaniyang kaisa-isang anak. 18Sa kaniya ay sinabi: Sa pamamagitan ni Isaac ay pangangalanan ko ang iyong binhi. 19Kaniyang itinuring na kaya ng Diyos na buhayin siya sa gitna ng mga patay. Sa pamamagitan ng paglalarawan ay muli niya siyang naangkin mula sa mga patay. 20Sa pamamagitan ng pananampalataya ay pinagpala ni Isaac sina Jacob at Esau patungkol sa mga bagay na darating. 21Sa pamamagitan ng pananampalataya ay pinagpala ni Jacob ang bawat anak ni Jose nang siya ay malapit nang mamatay. At siya ay sumamba habang nakasandal sa dulo ng kaniyang tungkod. 22Sa pamamagitan ng pananampalataya, nang siya ay malapit nang mamatay, naala-ala ni Jose ang patungkol sa paglabas ng mga anak ni Israel mula sa Egipto at nagbigay ng utos patungkol sa kaniyang mga buto.

11:17 "siya ay sinubok" Kapag ang isa ay naghambing ng Gen. 22:1 sa Matt. 6:13 at James 1:13-14, mayroong tilang isang pagkakasalungat. Ngunit, mayroong dalawang salita sa Griyego para sa "pagsubok" na mayroong magkaibang kahulugan. Ang isa ay ang sumubok hanggang sa kasiraan (peirazo) at ang isa naman ay ang sumubok na may isang pananaw patungong kapasiyahan at pagpapatibay (dokimazo). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:18.

Ang Diyos ay nagbibigay ng mga pagkakataon para sa Kanyang mga anak na ipakita at payabungin ang kanilang pananampalataya (cf. Gen. 22:1; Exod.16:4; 20:20; Deut. 8:2,10; 13:3; Jdgs. 2:22; II Chr. 32:31). Ang lahat na mga pagsubok ay nagiging isang hadlang o isang patungan.

"naghandog nga kanyang kaisaisang anak" Ang antas ng pananampalataya ni Abraham ay makikita sa kanyang kagustuhang ibalik sa Diyos ang anak ng pangakong kanyang inantay ng labing-tatlong taon.

Ang paggamit ng iisang binhi ("nag-iisang nakuha") na may kaugnayan kay Isaac ay hindi maaaring mangahulugang "nag-iisang nakuha" dahil si Abraham ay may iba pang anak. Ito ay tiyak na nangangahulugang "ang anak ng pangako," "ang bukod-tanging anak." Ito rin ang kahuluagn ng John 3:16.

11:18 Ito ay isang sipi mula sa Gen. 21:12.

11:19 "buhayin sila mula sa mga patay" Si Abraham ay umaasang babalik si Isaac kasama niya (cf. Gen. 22:5). Ang teksto ay hindi nasasabi kung paano ito mangyayari. Ang Hebreo ay naninindigang maaaring umaasa siya ng pagsagip.

"bilang isang uri" Ang may-akda ay gumagamit ng OT bilang isang uri o pagsasakatawan ng kasalukuyang katotohanan (cf. 9:9; 10:1; 11:19). Dito ang uri ay tila isang pagpapakita ng Kanyang pagmamahal, awa, at biyaya!

11:20 "Jacob" Ang biyaya ni Isaac ay nasa Gen. 27:27ff, habang ang kay Jacob ay nasa Gen. 48:14 para sa anak ni Jose at ang kapitulo 49 para sa kanyang mga anak. Ang biyaya kapag binigay minsan ay hindi na mababawi. Ito ang isang halimbawa kung paano tinuturing ng may-akda ang OT kasaysayan sa isang mapiling paraan (tulad ng Chronicles). Binabanggit lamang niya ang mga mabubuting bagay.

11:21 "nakasandal sa dulo ng kanyang tungkod" Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Gen. 47:31. Ang Masoretik na Hebreong Teksto ay mayroong "yumuko sa uluhang bahagi ng higaan." Ang mga Hebreong salita para sa "higaan" at "tungkod" ay may parehong Hebreong katinig, (mth), ang mga huling patinig na punto ang nag-iiba. Mula sa OT konteksto si Jacob ay tila kumikilala sa pagtupad ng panaginip ni Jose (cf. Gen. 37:5-11), kaya kinikilala ang pambayang kapangyarihan ni Jose sa pamamagitan ng propesiya o pagkilala sa kay Jose bilang isang "tagapagdala" ng Kanyang mga tao, tulad nina Moises at Josue at ng parating na Messiah.

11:22 "nagbigay ng utos patungkol sa kanyang mga buto" Sila ay dapat dalhin palabas ng Egipto at ilibing sa Lupang Pinangako pagkatapos ng paglisan (cf. Gen. 50:24-25; Exod.13:19; Josh. 24:32).

NASB (BINAGO) TEKSTO: 11:23-29

23Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Moises pagkapanganak sa kaniya ay itinago ng kaniyang mga magulang sa loob ng tatlong buwan sapagakat nakita nilang siya ay magandang bata. At hindi sila natakot sa batas na iniutos ng

hari. 24Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Moises nang siya ay malaki na ay tumangging tawaging anak ng babaeng anak ni Faraon. 25Pinili niyang magbata ng kahirapan kasama ng mga tao ng Diyos kaysa magtamasa ng panandaliang kaligayahang dulot ng kasalanan. 26Itinuring niya na ang mga kahihiyan ng Mesiyas ay higit na malaking kayamanan kaysa sa maangkin niya ang mga mahahalagang bagay at kayamanan sa Egipto. Sapagkat nakatuon ang kaniyang mga mata sa gantimpalang darating. 27Sa pamamagitan ng pananampalataya ay kaniyang iniwan ang Egipto. Hindi siya natakot sa poot ng hari. Sapagkat matatag ang kaniyang kalooban dahil waring nakita na niya yaong hindi nakikita. 28Sa pamamagitan ng pananampalataya ay ginanap niya ang paglampas at pagpahid ng dugo upang huwag siyang hipuin ng namumuksa ng mga panganay. 29Sa pamamagitan ng pananampalataya ay natawid nila ang Pulang dagat tulad sa pagtawid sa tuyong lupa. Nang subukin ito ng mga taga-Egipto, nalunod sila.

11:23 "Kanyang mga magulang" Ang Septuagint ay mayroong "mga magulang," habang ang Hebreong Masoretik na Teksto ay mayroong "ina" lamang.

"sapagkat nakita nilang siya ay magandang bata" Ang Judiong tradisyon ay nagsasabing si Moises ay pisikal na isang magandang bata. Anong magulang ang hindi nag-iisip na ang kanilang anak ay maganda? Ngunit hindi ito ang teolohikal na punto. Ito ay isang natatanging, handog ng Diyos na bata.

"hindi sila natakot sa batas na iniutos ng hari" Ang may-akda ay nagbabanggit nitong pariralang mayroong pagtingin patungo sa kanyang mga kasalukuyang mambabasa (cf. v. 27).

11:24 "anak ng babaeng anak ni Faraon" Ito ay isang opisyal na pang-Egiptong titulo at titulo ng kapangyarihan.

11:25-26 Muli ang may-akda ay gumawa ng isang pag-ugnay sa tuksong humaharap sa kanyang mga mambabasa. Dapat nilang ituon ang kanilang mga mata sa darating na araw, tiyak ng mga pangako ng Diyos, hindi sa mga kasalukuyang kalagayan. Ang katapatan kay Cristo ay kahuli-hulihan!

11:27 "iniwan ang Egipto" Ito ay tila tumutukoy sa paglisan ni Moises papuntang Midian, hindi ang Exodus (cf. Exod.2:14-15). Muli ang may-akda ay gumuguhit ng isang tila huwarang larawan ng layunin ni Moises.

"waring nakita na Niya yaong hindi nakikita" (cf. Exod.3:33; 18:23)

11:28 Ito ay isang pagtukoy sa Exod.12. Itong huling salot ay puminsala sa buong Egipto kasama ang lugar ng Goshen. Kahit ang mga Hebreo ay kailangang sumunod sa mga bilin ng Diyos at gumawa sa pananampalataya upang hindi masaktan ng pagbisita ng anghel ng kamatayan.

"panganay" Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:6.

"siyang sumira" Ito ay tumutukoy sa Anghel ng Kamatayan (cf. LXX, Exod.12:23; II Sam. 24:16-17).

11:29 Ito ay isang buod ng mga pagpapaliwanag na Makita sa Exod. 14:21ff.

NASB (BINAGO) TEKSTO: 11:30-31

30Sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya, ang mga pader ng lungsod ng Jerico ay bumagsak pagkatapos nilang mapaikutan ang lungsod sa loob ng pitong araw.

11:30) **"si Jericho ay bumagsak"** (cf. Josh. 6:20; II Cor. 10:4)

11:31 "si Rahab na isang patutot" Itong taga-Canaan ay naging isang sumasampalataya (James 2:25). Maaari ngang siya ang isang nakatala sa linya ng Messiah sa Matt. 1:5.

NASB (BINAGO) TEKSTO: 11:32-38

32Ano pa ang aking masasabi? Sapagkat kukulangin ako ng panahon upang sabihin pa sa inyo ang patungkol kay Gideon, Barak, Samson, Jefta, o ang patungkol kay David at Samuel at mga propeta. 33Sa pamamagitan ng pananampalataya ay nalupig nila ang mga kaharian, gumawa ng katuwiran, tumanggap sila ng mga pangako at nagpatigil ng mga bibig ng leon. 34Pinatay nila ang kapangyarihan ng apoy at nakatakas sila sa talim ng tabak. Bagaman sila ay mahihina, tumanggap sila ng kalakasan. Naging malakas sila sa digmaan at dinaig nila ang mga dayuhang hukbo. 35Tinanggap ng mga kababaihan ang kanilang mga patay na muling binuhay. Ang iba ay pinahirapan dahil tumanggi silang palayain, upang makamtan nila ang higit na mabuting muling pagkabuhay. 36Ang iba ay tumanggap ng pagsubok, ng pangungutya, ng mga paghagupit at oo, ang iba ay iginapos nila at ibinilanggo. 37Ang iba naman ay binato, nilagaring pahati, tinukso at pinatay sa pamamagitan ng tabak. Gumala sila, na ang suot ay balat ng tupa at mga balat ng kambing, na naghihirap, pinag-usig at pinagmalupitan. 38Ang sanlibutang ito ay hindi nararapat para sa kanila. Sila ay nagpagala-gala sa mga ilang at mga bundok, sa mga kuweba at sa mga lungga ng lupa.

11:32 "Gideon" (cf. Jdgs. 6-8)

"Barak" (cf. Jdgs. 4-5)

"Jephthah" (cf. Jdgs. 11-12)

"David" (cf. I Sam. 16:1)

"Samuel" (cf. I Sam. 1:20)

11:33 "**Makatuwiran"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:9.

"napatigil ang mga bibig ng leon" Ito ay maaaring tumutukoy kay Samson, David, Daniel, o isang hindi alam na pangyayari.

11:34 "pinatay nila ang kapangyarihan ng apoy" Itong pagtukoy sa pagsagip mula sa apoy ay maaaring tiyak na tumutukoy sa Dan. 3 o sa ilang ibang hindi alam na pangkasaysayang pangyayari. Maaaring itong pagsagip ay nababanggit sa I Cor. 13:3. Ngunit, mayroong isang suliranin ang Griyegong kasulatang may kaugnayan sa I Cor. 13:3. Ang mga sinaunang Griyegong kasulatang P46, W, A and B ay mayroong "na aking dapat ipagmalaki" (kauchesomai) o C, D, F, G, K at L na mayroong "na ako ay dapat sunugin" (kauthesomai). Ang nauna ay mayroong (1) ang mga mas higit na kasulatan at (2) ang salita ay ginagamit kalimitan ni Paul.

"mula sa kahinaan tumamanggap ng kalakasan" (cf. II Cor. 12:9)

11:35. **"Tinanggap ng mga kababaihan ang kanilang mga patay na muling binuhay"** Sa pangteolohiyang pagsasalita ito ay hindi muling pagkabuhay, kundi pagsagip (cf. I Kings 17:23; II Kings 4:17). Mayroong iisang muling pagkabuhay lamang ng nagdala sa isang walang katapusang katawan, si Hesus.

NASB, NKJV
NRSV "isang mas higit na muling pagkabuhay"
TEV, NJB "isang mas higit na buhay"

Ang pagtukoy ay ang pagbigay-pugay at pagwagi ng isang martir na kamatayan. Sa misteryo ng plano at kagustuhan ng Diyos para dito sa nabigong planeta ang ilan ay binabalik sa pisikal na anyo at ang ilan naman ay hindi. Ang nauna ay dakila at kahanga-hanga, ngunit ang pangalawa ay isang mas makapangyarihang pagpapahayag ng pananampalataya, pananampalataya hanggang sa katapusan.

Ito ay maaaring may kaugnayan sa mga espiritwal na gantimpala, ngunit kung ito nga ang susi ay ang puso ng pananampalataya, hindi ng mga kalagayan ng kamatayan ng isa. Ang mga sumasampalataya ay tinatawag upang mabuhay ng matapang para sa kanilang pananampalataya (sa kay YHWH at kay Jesus). Ang pagwawagi ay ang kanilang katapatan! Si YHWH ay tapat sa Kanyang mga pangako; si Jesus ay tapat sa Kanyang mga gawain; ang mga sumasampalataya ay dapat maging tapat sa kanilang paglakad sa pananampalataya.

Para sa "mas higit" tingnan ang buong sulatin sa 7:7.

11:36 "mga pangungutya at paghagupit" Ito ay maaaring isang pagtukoy sa Maccabean na panahon (cf. I Mac. 1:62-64; 7:34; II Mac. 6:18-20; 7:1-43).

11:37 "Sila ay binato" Ang tradisyon ay nagsasabing si Jeremiah ay binato sa Egipto ng mga Judio. Mayroong isang (hindi ang OT may-akda) nagngangalang Zechariah ay natatalang binato sa II Chr. 24:20-21.

"nilagaring pahati" Ang tradisyon (Ang Pag-akyat ni Isaiah 5:1-14) ay nagsasabing si Isaiah ay nilagay sa isang hungkag na troso at nilagari pahati sa utos ni Manasseh.

"Sila ay tinukso" Ito ay tila isang pangkalahatang pangungusap sa gitna ng ilang napakatiyak na mga pangungusap ng pag-usig at pahirap. Ang sinaunang Papyrus na kasulatang P46 ay hindi nagbabanggit ng parirala. Ang mga kritiko ng teksto ay nagsabing dahil ang magkaugnay na parirala "sila ay nilagari pahati" (epristhesan) ay parehong-pareho sa pariralang ito "sila ay sinubok" " (epeirasthean) na maaaring isang nadagdag na sulatin ang nangyari noon sa mga tekstong tradisyon. Mayroong maraming pagkakaiba sa mga Griyegong kasulatan (ayos ng mga salita, ang kapanahunan ng mga salita). Ang ikaapat na edisyon ng United Bible Societies na Griyegong teksto ay hindi nagbabanggit ng parirala.

"pinatay sa pamamagitan ng tabak" (cf. Jer. 26:23; Ezek. 19:10)

Ito ay naglalarawan sa kakila-kilabot na kasaysayan ng pag-usig ng mga tagasunod ng Diyos. Bakit magugulat ang mga kasalukuyang mambabasa sa kanilang mga pag-usig?

NASB (BINAGO) TEKSTO: 11:39-40

39Ang lahat ng mga ito, na nagkaroon ng mabuting patotoo sa pamamagitan ng pananampalataya, ay hindi nakatanggap sa mga bagay na ipinangako. 40Sapagkat noon pa mang una ay naglaan na ng higit na mabuting bagay ang Diyos para sa atin, sapagkat sila ay hindi magiging-ganap na hindi tayo kasama.

11:39 "nagkaroon ng mabuting patotoo" Ito ay nag-uugnay sa vv. 2 at 4. Ang mga buhay na isinabuhay sa pananampalataya kahit sa gitna ng mga kakila-kilabot ng kalagayan, kalugod-lugod sa Diyos.

11:40 Ang mga pangako ng Diyos ay nagbubuklod sa lahat ng sumasampalataya ng lahat ng panahon, lahat ng lipi, lahat ng antas sa lipunan, lahat ng antas ng pinag-aralan (cf. Gal. 3:28; Col. 3:11). Ang lahat nitong mga OT mga tao ay tumitingin patungo sa bagong araw ng Diyos. Ito ay dumating sa kay Cristo sa Bethlehem at magiging ganap sa kay Cristo mula sa langit puputok pabukas ang pangsilangang langit! Ang kanyang muling pakabuhay ay ang pag-asa kung saan ang lahat ng mga sumasampalataya, OT at NT, ay patungong tumitingin sa pananampalataya (cf. I John 3:2).

"mas higit" Tingnan ang buong sulatin sa 7:7.

"ganap" Tingnan ang buong sulatin sa 10:1.

MGA TANONG PANTALAKAYAN

Ito ay isang gabay ng pag-aaral na komentaryo, na ang ibig sabihin ikaw ay may tungkulin sa iyong sariling pagsalin ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Hindi mo dapat ipaubaya ito sa isang tagapagsalita.

Itong mga pangtalakayang tanong ay binibigay upang ikaw ay matulungang makapag-isip sa mga pangunahing usapin ng seksiyon ito ng aklat. Sila ay nilalayong maging pangpukaw-isipan, hindi katiyakan.

1. Bigyan-kahulugan ang Hebreo at Griyegong mga salita para sa pananampalataya.
2. Ano ang "fiat," " ex nihilo"?
3. Sinusubok ba ng Diyos ang mga sumasampalataya (cf. 11:17 laban sa James 1:13-14)?
4. Mayroong bang natatanging pagpugay para sa pag-usig? Ang lahat bang Kristiyano ay inuusig?
5. Bakit ang may-akda ng Hebreo ay nagsusulat nitong talaan ng pananampalataya?

HEBREO 12

PAGHAHATI NG MGA TALATA SA MAKABAGONG PAGSALIN

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang Disiplina ng Panginoon	Ang Pagtakbo ng Pananampalataya	Mga Paghihikayat at mga Babala	Diyos ang Ating Ama	Mga Halimbawa ni Jesucristo
12:1-3	12:1-2	12:1-2	12:1-2	12:1-4
	Ang Disiplina ng Diyos			
	12:3-11	12:3-11	12:3-11	
12:4-11				Ang Makaamang Bilin ng Diyos
				12:5-13
12:12-13	12:12-17	12:12-13	12:12-13	
Ang Babala Laban sa Pagtanggi ng Biyaya ng Diyos				Ang Pagtaksil ay Pinaparusahan
12:14-17		12:14-17	12:14-17	12:14-17
	Ang Maluwalhating Pagsama ng Dalawang Tipan			
12:18-24	12:18-24	12:18-24	12:18-21	12:18-29
	Dinggin ang Makalangit na			12:22-24

	Tinig			
12:25-29	12:25-29	12:25-29	12:25-27	
			12:25-29	

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

NASB (BINAGO) TEKSTO: 12:1-2

1Kaya nga, tayo rin naman ay napapalibutan ng gayong makapal na ulap ng mga saksi. Ating isaisangtabi ang bawat bagay na humahadlang sa atin at ang kasalanang napakadaling bumalot sa atin. Takbuhin nating may pagtitiis ang takbuhing inilaan sa atin. 2Ituon natin ang ating mga mata kay Jesus na siya ang nagpasimula at nagpapaging-ganap ng ating pananampalataya. Siya ay nagbata ng krus alang-alang sa kagalakang itinalaga sa kaniya at hinamak niya ang kahihiyan. Pagkatapos ay umupo sa kanang kamay ng trono ng Diyos.

12:1 "Kaya nga" Ang berso 1 ay isang hindi pangkaraniwang pangtatlong pagsasamang makikita dito lamang at sa I Thess. 4:8. Batay sa mga naunang halimbawa ng katapatan, ang mga mambabasa ay dapat mabuhay ng makadiyos na buhay na makakatulong at maghihikayat sa iba.

"ulap" Ito ay literal na "ulap," ngunit palaging ginagamit ng pahambing sa Giyegong patinikan ng isang pangkat ng mga tao (cf. Herodotus VIII.109).

"mga saksi" Ang salitang ito ay maaaring mangangahulugan ng (1) isang ayon sa batas na saksi; (2) isang bumabahagi ng kung ano ang kanilang nakita, nalaman, o naranasan; o (3) isang pinatay (ginawang martir) para sa kanilang pananampalataya kay Cristo. Dahil sa konteksto ng kapitulo 11 tila pinakamagandang tingnan itong bersong hindi bilang nagtuturong "sila" ay tumingin sa atin, kundi na tayo ay tumitingin sa kanilang mga buhay ng katapatan bilang mga halimbawang sundin. Ang bersong ito ay palaging ginagamit, tingin ko, ng hindi tama, upang itaguyod ang pananaw na ang ating mga sumasampalatayang-patay na mga mahal sa buhay na

nasa langit ay tumitingin sa ating mga buhay sa lupa. Ang mga sumasampalataya ay tiyak na magkakakilala at magiging isa sa pagsasama sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ngunit ang Bibliya ay tahimik tungkol sa pagkikita muli sa kamatayan.

Ang Handbook on The Letters to the Hebrews nina Ellingworth at Nida, mula sa United Bible Society, ay gumagawa ng kasalungat ng pagsalin, "Ang kaisipan ay ang mga bayani sa Lumang Testamento ay nanonood kung paano ang may-akda ng Hebreo at ang kanyang mga mambabasa magpapatakbo ng kanilang takbuhin sa Cristianong buhay, dahil ang kanilang sariling kaligtasan ay nakaugnay sa mga Cristiano (11.40)" (p. 287).

"isaisangtabi" Ito ay isang MAKA-AORONG PANGGITNANG PANDIWARING nangangahulugang "isaisangtabi bilang isang damit" (cf. Acts 7:58). Itong bararilang anyo ay nagpapahiwatig ng isang personal (i.e., PANGGITNANG tinig) buong desisyon. Ngunit, si Paul gumamit ng salitang pangmatalinhaga sa isang etikal na kaisipan (cf. Rom. 13:12; Eph. 4:22,25; Col. 3:8-9 at "isuot" sa 13:14; Eph. 4:24; Col. 3:10,12,14). Ang mga Cristiano ay dapat aktibong kumikilos sa kanilang libreng kaligtasan. Mayroong isang takbuhang dapat takbuhin.

NASB **"bawat humahadlang"**
NKJV, NRSV **"bawat bigat"**
TEV **"bawat bagay na humahadlang"**
NJB **"bawat bagay na nagpapabigat sa atin"**

Itong salita ay literal na "mataba" o "bigat." Yaong mga sumali sa Griyegong palarong paligsahan tumatakbo ng halos hubot-hubad. Ito ay ginagamit (1) literal ng taba ng katawan; (2) ng palarong pagsasanay ng mga pabigat' (3) paghahambing sa Griyegong panitikan bilang pagmamalaki' o (4) maka-pilosopo bilang pag-iingat ng "ang kabutihan" bilang kaaway ng "ang pinakamabuti."

"ang kasalanan" Ito ay maaaring tumutukoy sa alinman sa (1) ang kalikasan ng kasalanan; (2) isang pagkaroon ng kasalanan; o (3) hindi pagsasampalataya. Itong bukod-tanging konteksto ay maaaring magbigay ng dagdag na kahulugan ng "pag-urong" (cf. 10:38). Ito ay pinapatungkol sa mga sumasampalataya at hindi sumasampalataya.

NASB "napakadaling bumalot sa atin"
NKJV "napakadaling bumitag sa atin"
NRSV, NJB "na kumakapit sa atin ng mahigpit"
TEV "na kumakapit sa atin ng napakahigpit"

Ang sinaunang papyrus na kasulatan P46 ay mayroong "madaling magulo." Ang pagtukoy na ito ay para sa anumang gumugulo aa sumasampalataya sa pagtakbo ng buhay (cf. Phil. 3:13-14). Ito ay maaaring isang paulit-ulit na kasalanan, isang hindi-balanseng pagnanasa o kahit na ang pagkaroon ng marami ng magandang bagay – anumang dumudulot sa kanila ng pagpapabaya para sa kung saan sila biniyayaan at tinawag ng Diyos.

"takbo" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PASAKALING nagsasabi ng isang patuloy na gawain ngunit may isang tanda ng hindi inaasahang pangyayari. Ito ay tiyak na tumutugma sa kabuuang pagbigay-diin sa apat na babalang patungkol sa mga Judiong sumasampalatayang "umuurong" mula kay Cristo at sa ebanghelyo.

"pagtitiis" Ang kapitulong ito ay maaaring isang rabinikal na paglalaro sa salitang "pagtiisan" (cf. 10:32,36), na ang ibig sabihin "kusang-loob, masugid (TAHASAN), matiyaga (BALINTIYAK) pagtitiis." Ang PANDIWA ay nasa vv. 2, 3, at 7 at ang pangngalan nasa v.1. Ito ang tema ng aklat at lalong itong mga huling ilang kapitulo – magtiyaga lang diyan!

"takbuhan" Itong Griyegong salitang agona ay isang panglarong salita kung saan tayo ay kumuha ng Ingles na salitang "matinding paghihirap."

"na inilaan sa atin" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK (deponente) NAPANDIWARI. Ang Cristianong buhay ay kamilitang binibigyang katangian bilang isang panlarong paligsahan (cf. I Cor. 9:25; Phil. 1:30; II Tim. 2:5; takbuhan, I Cor. 9:24,26; Gal. 2:2; 5:7; Phil. 2:16; boksing, I Cor. 9:26; I Tim. 1:18; 6:12; II Tim. 4:7; pakipagbunuan, Eph. 6:12).

12:2 "ituon nating ang ating mga mata kay Jesus" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARING ang kahulugan ay "tumitinging matindi." Pansining tinitingnan natin Siya – hindi ang maraming tao, hindi ang mga kalagayan, hindi ang ating mga sarili. Ito ay maaaring pagsisimbolo ng patuloy na pagtuon sa bagong tipan (ang ebanghelyo).

.

NASB	**"ang may-akda at tagapagganap ng pananampalataya"**
NKJV	**"ang may-akda at tagatapos ng ating pananampalataya"**
NRSV	**"ang nangunguna at tagapagganap ng ating pananampalataya"**
TEV	**"sa kanino ang ating pananampalataya ay nakasalalay mula sa simula hanggang sa katapusan"**
NJB	**"na namumuno sa atin sa ating pananampalataya at nagdadala nito sa kaganapan"**

Itong unang salita (archegos) ay ginagamit sa 2:10 ni Jesus bilang ang may-akda ng kaligtasan; sa Acts 3:15 ni Jesus bilang ang Prinsipe (ang may-akda) ng buhay; sa Acts 5:31 ni Jesus bilang ang Prinsipe (ang pinuno) at Tagapagligtas. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:10. Ang ikalawang salita (teleiotes) ay nangangahulugang "ang isang nagtatapos at gumaganap." Ito ay tumutukoy sa kabuuang pagtatapos ni Jesus ng inatang na pagligtas na gawain ng Diyos. Sa isang kaisipan ito ay katulad ng titulong Alpha at Omega (cf. Rev. 1:8), ang Pinakauna at Pinakahuli (cf. Rev. 1:18; 2:8). Ang may-akdang ito ay gumagamit ng konseptong "pagpapaganap" ng maraming beses sa aklat (cf. 2:10; 5:9; 6:1; 7:11,19,28; 9:9; 10:1,14; 11:40; at dito).

.

"pananampalataya" Ang pistis ay maaaring tumukoy sa (1) isang personal na pananampalatayang relasyon kay Cristo, (2) isang buhay ng tapat na katulad kay Cristo, at (3) Cristianong doktrina (cf. Jude v. 4,20). Ang Cristianismo ay isang taong dapat tanggapin, isang katawan ng katotohanang kailangang paniwalaan, at isang buhay na dapat isabuhay.

"para sa kagalakan" Ang PANG-UKOL na anti ay karaniwang nangangahulugang "sa pagsaalang-alang ng" o "dahil sa," ngunit maaari ring mangahulugang "sa halip ng." Ang una ay tumutukoy sa kay Cristong paalis ng langit (cf. Phil. 2:5-11), ang ikalawa sa Kanyang kagalakan sa natapos na pagligtas at pag-akyat (cf. Isa. 53:10-12).

"itinalaga sa harap Niya" Ang salitang ito ay nakalagay sa v.1 na tumutukoy sa pakikibaka (takbuhan) ng Cristianong buhay. Ngayon ang salita ay ginagamit muli sa pakikibaka ni Jesus sa Kanyang pag-alay ng buhay para sa atin. Ito ang paraan ng may-akda sa paghikayat ng mga Judiong sumasampalatayang magtiyaga. Ginawa ni Jesus ang Kanyang bahagi; dapat nilang gawin ang kanila. Kapag natapos na Siya doon mayroong dakilang kagalakan, upang ganon din, kapag matapos nila ang gawain.

"ang krus" Ang mga rabbi noong panahon ni Jesus ay tiningnan ito bilang isang sumpa ng Diyos dahil sa kanilang mga pagsalin ng Deut. 21:23. Si Paul ay nagsasabing si Jesus ang pumasan nitong sumpa ng Kautusan para sa atin (cf. Gal. 3:13).

"hinamak ang kahihiyan" Ang krus ay ang nakikitang patunay ng pagmamahal ng Ama at ng Anak (cf. John 3:16 at Rom. 5:8). Ito ay isang malakas na Griyegong salita. Si Jesus ay tumingin sa maluwalhating kalalabasan ng Kanyang kahihiyan (cf. Isa. 53:10-12). Ang krus ay hindi madali, ang halaga ng pagtubos ay hindi mababang halaga!

"ay umupo sa" Ito ay isang PANGNAGDAANG AKTIBONG PATUROL na nagbibigay-diin sa isang nabuong gawaing may mga pamamalaging kalalabasan. Ito ay isang patuloy na pagtukoy sa Ps. 110:1 (cf. 1:3,13; 8:1; 10:12).

"kanang kamay" Ito ay hindi literal, kundi isang pangbibliyang paghahambing para sa "ang lugar ng kapangyarihan," "awtoridad," "katanyagan" (cf. Acts 2:33-36).

"trono ng Diyos" Ang mga nabigong tao ay maaari na lamang mag-isip ng kaluwalhatian at karangalan ng espiriwal na lugar. Dapat itong ilagay sa isang pisikal na larawan (mga kalsada ng ginto, mga daanan ng perlas, dagat ng salamin). Ang Diyos ay isang espiritwal, walang hanggan, nasa lahat ng bagay na nilalang, lubos na dakila para sa ano pa mang trono.

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 12:3-11

3Dapat ninyo siyang isaalang-alang na mabuti upang huwag kayong manlupaypay at huwag manghina ang inyong kaluluwa, dahil siya ay nagtiis ng labis na pagsalungat mula sa mga taong makasalanang laban sa kaniya. 4Sa pakikibaka ninyo laban sa kasalanan ay hindi pa kayo humantong sa pagdanak ng inyong dugo. 5Nakalimutan na ba ninyo ang salitang nagpapalakas ng inyong loob na tumutukoy sa inyo bilang mga anak? Ang sinasabi: ANAK KO, KUNG ITUTUWID KA NG PANGINOON, HUWAG MONG IPAWALANG BAHALA. AT KUNG SINASAWAY KA NIYA, HUWAG MANGHINA ANG IYONG LOOB. 6SAPAGKAT ITINITUWOD NG PANGINOON ANG MGA INIIBIG NIYA, PINAPALO ANG BAWAT TINATANGGAP NIYA BILANG ANAK. 7Kung nagbabata kayo ng pagtutuwid, ang Diyos ay siyang gumagawa sa inyo bilang mga anak. Sapagkat alin bang anak ang hindi itinutuwid ng kaniyang ama? 8Ang lahat

ng anak ay dumaranas ng pagtutuwid. Ngunit kung hindi kayo itinutuwid, kayo ay mga anak sa labas at hindi kayo mga tunay na anak. 9Higit pa dito, lahat tayo ay may mga ama sa laman at itinutuwid nila tayo. At iginagalang natin sila. Hindi ba lalong nararapat na handa tayong magpasakop sa ating Ama ng espiritu upang tayo ay mabuhay? 10Sapagkat sila ay nagtutuwid sa atin, ayon sa ipinapalagay nilang mabuti, sa maikling panahon. Ngunit ang Diyos ay tumutuwid para sa ating kapakinabangan at upang tayo ay maging kabahagi ng kaniyang kabanalan. 11Ngunit walang pagtutuwid na parang kasiya-siya sa kasalukuyan. Ito ay masakit ngunit sa katagalan, ito ay nagdudulot ng mapayapang bunga ng katuwiran, sa mga nasasanay ng pagtutuwid.

12:3 "Dapat isaalang-alang" Ito ay isang MAKA-AORONG PANGGITNANG (deponente) PAUTOS. Ito ay literal na nangangahulugang "idagdag ito" at ginagamit upang magbigay-diin sa maingat na pagsusuri ng isang bagay. Ang mga sinauna ang nagdagdag ng mga bilang pataas at gumuhit ng isang linya sa itaas para sa kabuuan.

"Siyang nagtiis" Ito ay isang PANGNAGDAANG TAHASANG PANDIWARI. Dahil si Jesus ay nagtiis noong nakakahiyang pakitungo para sa kaligtasan ng mga sumasampalataya, kailangan nilang mabuhay para sa Kanya at sa ibang mga sumasampalataya (cf. I John 3:16).

"laban sa Kanyang sarili" Ito ay matatagpuan sa lahat ng mga makabagong pagsalin. Ngunit, ang karamihan sa mga sinaunang Griyegong teksto, mga bersyon, at mga Patristikong sipi ay kumakandili sa isang PANGMARAMI (eis eautous, W*, D*, at eis autous, P13,46, W2); ilang unsiyal na mga kasulatan (A, P, Dc, K, L) ay mayroong eis eauton. Kahit na ito ay karaniwang tinatanggap na paniniwala ng tekstong pamumuna (i.e., tingnan ang Ikalawang Dagdag) na ang pinakahindi pangkaraniwang, pinakamahirap na teksto ay maaaring orihinal, itong PANGMARAMI ay hindi bumabagay sa kontekstong ito. Ang paksa ay malinaw na si Jesus. Ito ay maaaring isang sinaunang pagsulat na kamalian mula sa unang isa hanggang ikalawang daang taon bago ang karamihan ng mga papyring teksto ay sinulat.

"upang huwag kayong manlupaypay at huwag manghina ang inyong kaluluwa" Ito ay mga panlarong salita para sa mga tumatakbong hinihingal at natutumba pagkatapos ng isang mahirap na takbuhang paligsahan. Ang ating may-aksa ay humihikayat dito sa mga Judiong sumasampalatayang magpatuloy kahit na ito ay maaaring mahirap. Itong babalang ay pumapatuloy sa mga bersong 15 at 25-29.

12:4 “hindi pa humantong ang inyong pakikibaka sa pagdanak ng dugo” Ang orihinal na mga mambabasa ay dumanas ng pag-usig, ngunit hindi pa ng kamatayan (cf. 10:32ff). Si Jesus ay nagtiis ng kamatayan para sa kanila, sila ay dapat kusang-loob na mabuhay at mamatay para sa Kanya.

“sa inyong pakikibaka laban sa kasalanan” Ito ay isa pang paglalarong salita katulad ng ginamit sa v. 1. Ito ay sinaling literal sa Ingles bilang “matinding paghihirap.” Ang “kasalanan” sa konteksto ng buong aklat ay tumutukoy sa (1) kasalanang hindi pagsasampalatayang may kaugnayan sa pangkat ng mga hindi sumasampalatayang Judio at (2) kasalanang apostasya (“pag-urong” 10:38) kaugnay sa pangkat ng mga sumasampalatayang Judio.

12:5 “nakalimutan ninyo” Ito ay isang PANGNAGDAANG PANGGITNANG (deponente) PATUROL. Ang salitang ito ay ginagamit lamang dito sa NT. Ito ay nangangahulugang (1) isang buong pagkalimot (i.e., ang pagbibigay-diin sa KAPANAHUNAN) o (2) isang sadyang pagkalimot (i.e., ang pagbibigay-diin sa TINIG).

“HUWAG IPAGWALANG BAHALA…HUWAG MANGHINA KUNG SINASAWAY KA NIYA” Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Prov. 3:11-12. Ito ay parehong PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may isang NEGATIBONG KATAGA, na ang karaniwang kahulugan ay huminto sa gawaing kasalukuyang nangyayari.

“ANG PAGTUTUWID NG PANGINOON” Itong salita ay tumutukoy sa “pagturo ng bata.” Mayroong paglalaro sa salitang ito sa vv. 5-11. Ito ay isa pang pangpamilyang pagtutulad. Tulad ng mga makalupang magulang itinutuwid ang kanilang mga anak, ganoon din, ang Diyos itinutuwid ang Kanya (cf. I Cor. 11:32; Rev. 3:19).

“PARA SA MGA INIIBIG NG PANGINOON KANYANG ITINUTUWID” Ito ay isang dahilan kung bakit ang mga sumasampalataya ay kasama sa paghihirap para sa pananampalataya (cf. Matt. 5:10-12; Acts 8:1b,4; 14:22; II Thess. 1:4-10).

"AT PINAPALO NIYA ANG BAWAT ANAK NA KANYANG TINATANGGAP" Ito ang isang patuloy na sipi mula sa Septuagint ng Pro. 3:11-12. Ito ay napakahalaga! Si Jesus ay tinatawag na "isang anak" ng ilang ulit, habang ang mga OT tauhan ay tinatawag na "mga tagapaglingkod." Ngayon ang mga NT sumasampalataya ay tinatawag na "mga anak" (cf. vv. 7-8). Ang mga ama ay tumutuwid sa mga anak (1) para sa layunin ng ama; (2) para sa ikabubuti ng anak; at (3) para sa ikabubuti ng buong pamilya.

12:7 "kung nagbabata kayo" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PATUROL o PANGKASALUKUYANG TAHASANG PAUTOS (magkatulad na Griyegong morpolohiya). Dahil ang v. 5 ay mayroong dalawang PANGKASALUKUYANG PATUROL, ito ay maaari ring isang PAUTOS. Ang salita ay nangangahulugang "kusang-loob, matatag na pagtitiis" (cf. vv. 1,2,3; 10:32,36). Itong pagsusubok ay mauuwi sa mas malakas na pananampalataya!

"Ang Diyos gumagawa sa inyo bilang mga anak" Itong tema ng Diyos bilang isang tagatuwid na magulang ay maaaring isang pagtukoy sa Deut. 8:5 tulad ng Hosea 11:4.

Ang PANDIWA ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PATUROL ng isang salitang nangangahulugang "ang magdala ng isang bagay sa kay Jesus o sa Diyos, kalimitan sa pamamagitan ng isang handog; ngunit dito ang BALINTIYAK na tinig ay nangangahulugang kagustuhan ng Diyos na lapitan ng mga makasalanang tao, na ang kahulugan ay sa pamamagitan ng paghihirap ni Cristo.

12:8 "kung" Ito ay isang PANGUNAHING URING PASUBALING PANGUNGUSAP, na pinapalagay na totoo para sa mga layunin ng may-akda. Ang lahat ng anak ng Diyos ay nakaranas ng pagtutuwid (PANGNAGDAANG TAHASANG PATUROL).

12:9 "Ama ng mga espiritu" Ito ay walang kinalaman sa mga teoriya ng pinanggalingan ng "kaluluwa." Ito ay ginagamit sa kaisipang totoong pinanggalingan ng lahat ng buhay. Ang Diyos ay hinahambing sa mga makalupang ama (cf. vv. 9-10).

"at mabuhay" Ang pagtutuwid ng Ama ay nagdadala ng totoong buhay, hindi kamatayan.

12:10 "ngunit Siya ay tumutuwid sa atin para sa ating kapakinabangan upang tayo ay maging kabahagi ng Kanyang kabanalan" Ito ang layunin ng Diyos para sa bawat sumasampalataya (cf. Rom. 8:28-30; Gal. 4:19). Ang sumasampalataya ay nakatalaga na sa kabanalan (cf. Eph. 1:4). Ito ay kalimitang nangyayari lamang sa isang pagtutuwid na tagpuan (cf. Heb. 5:8 at Rom. 8:17; II Cor. 1:12).

12:11 "ito ay nagdudulot ng mapayapang bunga ng katuwiran" Ang Cristianong buhay ay mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya, mula sa pagpapatibay (pagpapahayag ng pananampalataya) patungo sa pagkatao (buhay ng pananampalataya, cf. Rom. 5:3-5; James 1:2-4).

Para sa isang pag-aaral ng salita sa "Katuwiran" tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:9.

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 12:12-13

12Kaya nga, itaas ninyo ang inyong mga nanghihinang kamay at ituwid ninyo ang inyong mga tuhod na nangangatog. 13At tuwirin ninyo ang mga daraanan ng inyong mga paa upang ang mga lumpo ay huwag malihis, sa halip, sila ay gumaling.

12:12 Ito ay isang pagtutukoy sa Isa. 35:3-20 na maaaring napag-aralan ng buong pag-uusap sa kapitulo 12. Ang mga ganap ay dapat palakasin ang mga mahihina (iyung malapit sa pag-urong).

12:13 "tuwirin ang mga daraanan ng inyong mga paa" Ito ay maaaring patungkol sa Prov. 4:26 sa Septuagint (LXX) o sa isang kilalang kawikaang gumagamit ng "matuwid na mga daraanan" bilang isang OT pagtutulad para sa katuwiran.

"inalis sa tagpuan" Ang pariralang ito ay maaaring maintindihan (1) sa kanyang OT kaisipan (cf. I Kgs. 18:21) ng isang pagtutulad sa pagpagpalit palit sa dalawang opinion, katulad ng mga tao ng Israel na pumapalit-palit sa YHWH at Ba'al o (2) sa Griyegong panitikang pag-aayos ng daanan upang ang mga lumpo ay hindi matumba at masaktan ang kanilang mga sarili (cf. M. R. Vincent's Word Studies in the New Testament, p. 1168).

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 12:14-17

14Sikapin ninyong mamuhay ng may kapayapaan at kabanalan sa lahat ng tao, dahil walang sinumang makakakita sa Panginoon kung wala ito. 15Mag-ingat kayo baka mayroong magkulang sa biyaya ng Diyos. Ingatan ninyo na baka may sumibol na ugat ng sama ng loob na siyang dahilan ng kaguluhan at sa pamamagitan nito ay nadudungisan ang marami. 16Tiyakin ninyo na walang matagpuan sa inyo na taong imoral o mapaglapastangan tulad ni Esau na kaniyang ipinagbili ang karapatang magmana bilang panganay na anak na lalaki dahil sa isang pagkain. 17Sapagkat alam na ninyong lahat kung ano ang nangyari pagkatapos. Nang ibig na niyang manahin ang basbas, itinakwil siya ng Diyos. Bagaman si Esau ay humanap ng paraan na may pagluha upang siya ay makapagsisi, hindi siya makahanap ng pagkakataon para makapagsisi.

12:14 "Sikaping mamuhahy ng may kapayapaan" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PAUTOS. Sa kontekstong pag-usig mula sa labas, ang hindi pagsasampalataya sa mga magkakaibigan (mga Judiong hindi sumasampalataya na sinasamba pa rin ng mga sumasampalatayang Judio) at pag-aalinlangan sa loob (ang panganib ng "pag-urong" (cf. 10:38) itong talakayang kapayapaan ay napakahalaga, Mayroong ilang magkaugnay na mga sulatin"

1. Ps. 34:14, "hanapin ang kapayapaan, tugisin ito"

2. Mark 9:50, "maging mapayapa sa bawat isa"

3. Rom. 12:18, "Kung maaari, dahil ito ay nakasalalay sa iyo, maging mapayapa kasama ang lahat ng tao"

4. I Cor. 7:15, "Sa kabila kapag ang mga hindi sumasampalataya ay aalis, hayaan siyang umalis…ngunit ang Diyos ay tumawag sa atin sa kapayapaan"

5. II Tim. 2:22, "tugisin ang katuwiran, pananampalataya, pamamahal, at kapayapaan kasama ng mga tinawag ng Panginoon mula sa isang dalisay na puso"

Pansinin ang ibat-ibang pangkat dito sa mga Kasulatang teksto: (1) lahat ng tao; (2) mga kapwa sumasampalataya. Itong mga Judiong Cristiano ay dapat humanap ng isang paraan upang makipag-ugnay sa

1. mga pampook na pinuno ng pamahalaan

2. mga hindi sumasampalatayang Judio ng sambahayan

3. mga kapwa sumasampalatayang Judio (ang may-akda)

4. ibang mga sumasampalataya (mga Hentiles)

5. kanilang sarili

"at ang kabanalan" Ito ay hindi ayon sa katungkulang (agarang) kabanalan, kundi ayon sa karanasang (pasulong) kabanalan. Ang ebanghelyo ay nagpapahayag ng kaligtasan at ng Cristianong buhay sa dalawang may tensiyong paraan. Sa isang kaisipan ito ay isang natapos, malaya, minsan-lamang-para-sa-lahat na handog mula sa Diyos (PATUROL), ngunit ito ay isa ring buhay ng pananampalataya, pagsunod, paglingkod, at pagsamba (PAUTOS). Ang maraming sumasampalataya ay nagbibigay-diin sa isang bahaging hindi kasama ang kabila (Augustine vs. Pelagius; Calvin vs. Arminius). Ang relasyon ng mga sumasampalataya sa Diyos ay nagsisimula sa isang punto ng panahon, isang punto ng paninindigan, at nagtatapos sa pagsisisi at pananampalataya, ngunit ito ay dapat ding gumalaw sa panahon patungo sa isang pagtatapos sa kamatayan o sa Ikalawang Pagdating; ang katapatan, katuwiran, pagtitiyaga ay mahalagang, kailangang mga patunay ng isang totoong kaligtasan.

Ihambing ang mga sumusunod na mga teksto sa kabanalan:

<u>**Ayon sa Posisyon(PATUROL)**</u>	<u>**Pasulong (PAUTOS)**</u>
Acts 20:23; 26:18	Romans 6:19
Romans 15:16	II Corinthians 7:1
I Corinthians 1:2-3; 6:11	Ephesians 1:4; 2:10
II Thessalonians 2:13	I Thessalonians 3:13; 4:3-4,7; 5:23
Hebrews 2:11; 10:10,14; 13:12	I Timothy 2:15
I Peter 1:2	II Timothy 2:21
	Hebrews 12:14
	I Pet. 1:15-16

"kung wala nito walang makakakita sa Panginoon" Ito ay paradoksikal: (1) ang mga sumasampalataya ay makikita ang Panginoon isang araw (cf. Job 19:25-27; Ps. 17:15; Matt. 5:8; I John 3:2; Rev. 22:4) at (2) ang mga sumasampalataya ay hindi makikita ang Panginoon ngayon (cf. Exod.33:20; John 1:18; I Tim. 6:16; I John 4:22). Ito ay maaaring tumukoy sa espiritwal na mga mata ng isa, sa kaisipang pagtugon sa ebanghelyo. Sa kontekstong ito maaari itong pagtutulad ng "pag-unawa."

12:15 "Tinitingnan ito" Sa literal "pagmamasid" (episkopountes) ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PANDIWARING ginamit sa isang PAUTOS na kaisipan. Ang salitang ito ay ginawa sa isang anyo ng isa sa mga salita para sa pastor (sa literal Obispo, episkopos, cf. Phil. 1:1; I Tim. 3:2; Titus 1:7 at kay Jesus sa I Pet. 2:25). Dito ito ay maaaring tumukoy sa mga pinuno ng simbahan o sa mga nasa panahon nang sumasampalatayang dapat mag-alaga ng iba. Ang apostasya ay dapat harapin ng may kapanahunan. Itong pangkat ng mga sumasampalataya ay kailangang-kailangang kumilos sa isang napapanahong paraan (cf. 5:11-14).

Walang Kristianong nag-iisang isla (cf. I Cor. 12:7). Ang Kristianismo ay isang pagpangkat na laro! Ang salitang "santo" ay kalimitang pangmaramihan (maliban sa isang panahon sa Phil. 4:21, kung saan ito ay ginagamit sa isang pangsamahang kaisipan). Tayo ang tagapangalaga ng ating kapatid. Hindi tayo dapat tumigil sa paghikayat sa isa't isa. Tayo ay biniyayaan at hinandugan para sa kalusugan ng lahat.

"na walang magkulang sa biyaya ng Diyos" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PANDIWARI ginamit sa isang PAUTOS na kaisipang nangangahulugang "pagkulang sa biyaya ng Diyos." Itong salita ay ginagamit sa 4:1 sa kaisipang "nabigong maabot," ngunit sa bersong ito ang PANG-UKOL na "palayo" (apo) ay bumubuo ng isang pang-ukol na pariralang nagsasaad ng "isang pag-alis mula sa isang bagay na dating inaari" (cf. 6:4-6; 10:23,38-39; 12:25). Ang apostasiya ay isang tunay na maaaring mangyari sa ganitong pangkulturang kalagayan.

O, tulad ng aking sinabi, mayroong dalawang pangkat na sinasabihan: (1) ang mga sumasampalatayang Judiong nasa panganib ng "pag-urong" at (2) ang hindi sumasampalatayang Judiong malinaw na nakaintindi ng ebanghelyo sa mga buhay at patotoo ng kanilang sumasampalatayang kasama sa sambahayan, tinanggihan si Jesus. Alinman sa teorya ang tama,

ang katotohanan ay nananatiling ang kaligtasan ay hindi produkto, kundi isang relasyon. Ito ay mas higit kaysa sa pasimulang tugon. Ang mga babala ay mabigat, nanghahamon, at tunay. Sa kontekstong ito ito ay isang tawag upang tulungan ang mga sumasampalataya sa panganib ng "pag-urong" (cf. 10:38).

"ugat ng sama ng loob" Ito ay maaaring isang pagtukoy sa Deut. 29:18 sa Septuagint, na nagbigay babala sa mga tao ng Diyos tungkol sa mga panganib ng paniniwala sa diyos-diyusan, pareho para sa bawat tao at bilang samahan. Ang buong Israel ay hindi maayos sa Diyos kailanman, kundi isang sumasampalatayang labi.

"at dahil dito maraming maaaring madungisan" Ang pagkaroon ng isang mayamuting tao ay umaapekto sa buong pangkat. Ang ating mga paniniwala, kilos, at aktitud ay umiimpluwensiya sa iba. Anong isang napakalaking tungkulin!

12:16 "Esau" Siya ay naging isang napakasamang tao sa rabinikal na tradisyon ng Judaismo (cf. Jubilees 25:1,8 at Genesis Rabba 70d,72a). Ngunit ang kontekstong ito, ay gumagamit sa kanya dahil alam niya ang mga pangako ng Diyos ngunit hindi kumilos sa kanila.

12:17 "ang basbas" Ang basbas ng ama ay hindi mababawi. Ito ay sumasangkot sa Hebreong konsepto ng kapangyarihan ng binigkas na salita (cf. Gen. 1 at Isa. 55:10-12).

"hindi siya nakahanap ng pagkakataon para makapagsisi" Dito sa OT kontekstong ito ay tumutukoy sa kanyang kalungkutan pagkatapos si Isaac, ang kanyang ama, ay binasbasan ang kanyang nakababatang kapatid, si Jacob, at ang basbas ay hindi na maaaring bawiin. Ang may-akda ay ginagamit ito bilang isang babala sa mga tatanggap ng sulat. Nais niyang gumawa sila ng isang desisyon para kay Cristo ngayon habang may panahon pa at pagkatapos ay magtiyaga sa ganoong bagong relasyon kay Cristo dahil wala nang ikalawang pagkakataon (cf. 6:6; 10:26).

NATATANGING PAKSA: PAGSISISI

Ang pagsisisi (kasama ang pananampalataya) ay isang tipang pangangailangan ng parehong Lumang Tipan (Nacham, BDB 636, e.g., 13:12; 32:12,14; Shuv, BDB 996,

e.g., I Kgs. 8:47; Ezek. 14:6; 18:30) at ng Bagong Tipan.
1. John the Baptist (Matt. 3:2; Mark 1:4; Luke 3:3,8) **2. Jesus (Matt. 4:17; Mark 1:15; Luke 5:32; 13:3,5; 15:7; 17:3)** **3. Peter (Acts 2:38; 3:19; 8:22; 11:18; II Pet. 3:9)** **4. Paul (Acts 13:24; 17:30; 20:21; 26:20; Rom. 2:4; II Cor. 2:9-10)** **Ngunit ano ang pagsisisi? Ito ba ay kalungkutan? Ito ba ay pagtatapos ng kasalanan? Ang pinakamagandang kapitulo sa NT upang maintindihan ang iba't-ibang maaaring sabihin nitong mga konsepto ay ang II Corinthians 7:8-11, kung saan ang tatlong magkakaugnay, ngunit magkakaibang, Griyegong mga salita ay ginagamit.**
6. "kalungkutan" (lup , cf. vv. 8 [dalawa], 9 [tatlo], 10 [dalawa, 11). Ito ay nangangahulugang dalamhati o kapighatian at mayroong isang makateolohikal na panggitnang kahulugan.
2. "pagsisisi" (metanoeo, cf. vv. 9,10). Ito ay pinagsamang "pagkatapos" at "pag-iisip," na nagpapahiwatig ng isang bagong isip, isang bagong paraan ng pag-iisip, isang bagong aktitud tungkol sa buhay at Diyos. Ito ang totoong pagsisisi
3. "panghihinayang" (metamelomai , cf. vv. 8[dalawa], 10). Ito ay pinagsamang "pagkatapos" at "pag-alala." Ito ay ginagamit kay Judas sa Matt. 27:3 at Esau sa Heb. 12:16-17. Ito ay nangangahulugan ng kalungkutan sa mga kinalabasan, hindi sa mga ginawa. **Ang pagsisisi at pananampalataya ay mga kailanganing tipang gawain (cf. Mark 1:15; Acts 2:38,41; 3:16,19; 20:21). Mayroong ilang mga tekstong nagpapahiwatig na ang Diyos ay nagbibigay ng pagsisisi (cf. Acts 5:31; 11:18; II Tim. 2:25). Ngunit marami sa mga teksto ay nakikita itong isang mahalagang pangtaong pangtipang tugon sa alay ng Diyos ng isang malayang kaligtasan.** **Ang mga kahulugan ng parehong Hebreo at Griyegong salita ay kailangan upang makuha ang buong kahulugan ng pagsisisi. Ang Hebreo ay humihingi ng: isang pagbago ng pagkilos," habang ang Griyego ay himihingi ng "isang pagbabago ng isip." Ang niligtas na tao ay nakakatanggap ng isang bagong isip at puso. Siya ay nag-iisip ng iba at nabubuhay ng iba. Imbes ng "Ano ang para diyan sa akin?" ang tanong ngayon ay "Ano ang kagustuhan ng Diyos?" Ang pagsisisi ay hindi isang damdaming nawawala o isang kabuuang kawalang kasalanan, kundi isang bagong relasyon sa Banal na Isa na nagbabago sa sumasampalataya ng pasulong sa**

isang banal na isa.

"may mga luha" Ito ay mula sa Gen. 27:34 at 38.

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 12:18-24

18Sapagkat hindi kayo nakalapit sa bundok na inyong mahihipo na naglalagablab sa apoy, sa kapusikitan, sa kadiliman at sa unos. 19At ang naroon ay tunog ng trumpeta at ang tinig ng mga salita. Pagkarinig nila ng tinig nito, nagsumamo sila na huwag nang banggitin sa kanilang muli ang mga salitang ito. 20Sapagkat hindi nila makayanang dalhin ang iniutos na sinabi: Kung ang isang hayop ay madikit sa bundok, dapat ninyong batuhin at sa pamagitan ng sibat ay inyong tuhugin. 21Dahil ang tanawin ay labis na nakakasindak, sinabi ni Moises: Nilukuban ako ng takot at ako ay nanginig. 22Subalit kayo ay nakalapit na sa bundok ng Zion at sa lungsod ng buhay na Diyos, sa Jerusalem na maka-langit at sa hindi mabilang na mga anghel. 23Lumapit na kayo sa pangkalahatang pagtitipon at sa iglesiya ng mga panganay na nakatala sa kalangitan. Lumapit na kayo sa Diyos na hukom ng lahat at sa mga espiritu ng mga matuwid na pinaging-ganap. 24Lumapit na kayo kay Jesus na siyang tagapamagitan ng isang bagong tipan at sa dugo na kaniyang iwinisik na nangungusap ng higit na mabubuting bagay kaysa sa dugo ni Abel.

12:18-21 Itong bahagi ay isang paglalarawan ng pagbigay ng Mosaic na Kautusan sa Bundok ng Sinai (cf. Exod.19:16-25; Deut. 4:11-14).

"sa kadiliman at lungkot" Ito ay maaaring isang pagtukoy sa Deut. 5:22.

12:19 "tunog ng trumpeta" Ang tinig ng Diyos ay tulad ng isang trumpeta (cf. Exod.19:16,19; 20:18)

"silang nakarinig nagsumamo na huwag nang banggitin muli ang mga salita sa kanila" Ang matinding kapangyarihan ng YHWH sa Bundok ng Sinai ay sumindak sa mga tao (cf. Exod.20:19; Deut. 5:22-27; 18:16).

12:20 "KUNG ANG ISANG HAYOP AY MADIKIT SA BUNDOK, ITO AY BABATUHIN" Ito ay isang PANGATLONG URING PANDIWARING PANGUNGUSAP. Ito ay isa pang pagtukoy sa matinding kabanalan ng Diyos na bumababa sa Bundok ng Sinai (cf. Exod.19:12-13).

12:21 "NILUKUBAN AKO NG TAKOT AT AKO AY NANGINIG" Ito ay isang sipi mula sa Deut. 9:19 na tumutukoy sa gintong bisiro ni Aaron. Ang mga rabinikal na hermeniyotika ay gumamit nitong parirala para sa takot ni Moises sa Diyos sa Bundok ng Sinai.

12:22 "Subalit kayo ay nakalapit" Ito ay isang malakas na kaibahan. Itong mga sumasampalatayang mambabasa ay hindi nagtitiwala sa isang Sinaitikong tipan, kundi sa isang bagong tipan, isang makalangit na Jerusalem, isang bagong Bukdok ng Zion, isang bagong lungsod. Sa Gal. 4:21-31 si Paul ay gumagamit ng parehong uri ng pagkakahawig gamit ang dalawang OT mga bundok (Bundok ng Sinai laban sa Bundok ng Zion).

"Bundok ng Zion" Ang may-akda ay humahambing sa unang tipan sa Bundok Sinai sa bagong tipang mayroong bagong makalangit na lungsod (cf. 11:10,16; 13:14; Rev. 3:12; 21:2,10).

"ng buhay na Diyos" Ito ay isang laro sa pangalan ng tipan para sa Diyos, YHWH, na isang MAKADAHILANG hugis ng Hebreong PANDIWANG "sa ay." Ang YHWH ay ang laging-buhay, siya-lamang-nabubuhay na Isa. Sa OT Siya ay sumusumpa sa Kanyang saliri, "ang buhay ng Diyos."

12:23 "iglesia ng mga panganay" Dahil sa Exod.4:22 ang ilang tagapagsalita ay naiintindihang ang mga pagtukoy sa mga OT Israelite, ngunit ang konteksto ay humihinging ito ay dapat intindihin bilang lahat ng tao ng pananampalataya (cf. 11:40). Ang "panganay" ay isang pagtukoy kay Cristo, "ang panganay" (1) ng maraming kapatid (ang imahen ng Diyos, Rom. 8:29); (2) ng lahat ng nilalang (ang imahen ng Diyos, Col. 1:15); (3) ng mga namatay (I Col. 1:18 and I Cor. 15:20,23 [first fruits]).

Tingnan ang lahat ng mga paraan ng mga ng mga tao sa NT na pinili ng Diyos sa mga talatang ito:

1. Bundok ng Zion

2. ang lungsod ng mga buhay

3. ang makalangit na pagtitipon

4. iglesia ng mga panganay

Para sa "iglesia" tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:12. Para sa "panganay" tingnan ang Natatanging Paksa sa 1"6.

"nakatala" Ang Bibliya ay nagsasalita tungkol sa dalawang aklat ng Diyos (cf. Dan. 7:10 at Rev. 20:12). Ang isa ay ang aklat ng buhay (cf. Exod.32:32; Ps. 69:28; Dan. 12:1; Luke10:20; Phil. 4:3; Rev. 3:5; 17:8; 20:12,15; 21:27). Ang isa pa ay ang aklat ng mga alaala (cf. Ps. 56:8; 139:16; Isa. 65:6; Mal. 3:16). Ang nauna ay para sa mga sumasampalataya, ang pangalawa ay para sa pareho (cf. Rev. 14:13). Ang mga ito ay pagtutulad sa mga alaala ng Diyos.

"sa Diyos, ang Hukom ng lahat" Ang OT ay tuwinang naglalarawan sa Diyos bilang Hukom (cf. Gen. 18:25; Ps. 50:6; 96:13; 98:9; Isa. 2:4; 51:5; Jer. 11:20; Lam. 3:59; Ezek. 7:3,27). Ang parating na Messiah ay pinapakita ring isang Hukom (cf. Isa. 11:3-4; 16:5). Ang Ama ay nilagay lahat ng paghukom sa mga kamay ng Anak (cf. John 5:22-23,27; 9:39; Acts 10:42; 17:31; II Tim. 4:1; I Pet. 4:5).

"sa espiritu ng mga matuwid na pinaging-ganap" Ito ay isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PANDIWARING, nagpapahiwatig ng "ginawang ganap ng Diyos at ang mga kalalabasan ay patuloy." Dahil sa 11:40 ito ay maaaring tumutukoy sa mga OT santo ng kapitulo 11 at lahat ng mga sumasampalataya bago ang pagdating ni Cristo.

Para sa "ganap" tingnan ang sulatin sa 10:1.

12:24 "si Hesus na Tagapamagitan" Si Jesus, ang pinakapunong saserdote at handog ay (2) tumatayo sa harap ng Ama para sa atin at (2) nagdadala ng isang mas mabuting tipan (cf. 7:2; 8:8,6,9,10; 9:15; Jer. 31:31-34; Ezek. 36:22-36). Karaniwan kapag ang "Jesus" ay ginamit na walang paglalarawan (Panginoon, Kristo) ito ay tumutukoy sa Kanyang pagkatao, ngunit hindi kalimitan (cf. Phil. 2:10-11;).

"sa iwinisik na dugo" Ito ang paraan ng pagpasinaya sa mga OT tipan (cf. 9:19; 10:22; I Pet. 1:2).

"mas higit" Tingnan ang buong sulatin sa 7:7.

"dugo ni Abel" Ang dugo ni Abel ay sumigaw para sa paghiganti; ang dugo ni Jesus ay sumisigaw para sa awa, pagsisisi, at pagmamahal.

NASB (ISINAPANAHON) TEKSTO: 12:25-29

25Tiyakin ninyo na hindi ninyo tinatanggihan ang nagsasalita. Sapagkat kung ang mga tumanggi sa nagsalita sa lupa ay hindi makakaligtas sa paghatol. Ang ating kahatulan ay lalong tiyak kung tatalikuran natin siya na nagmula sa langit.
26Noon ang kaniyang tinig ay yumanig sa lupa. Ngunit ngayon siya ay nangako na sinasabi: Minsan na lang ay yayanigin ko hindi lamang ang lupa kundi gayundin ang langit. 27Nang gamitin niya ang katagang, minsan na lang, ang ibig niyang sabihin ay aalisin niya ang lahat ng bagay na mayayanig, na ang mga ito ay ang mga bagay na ginawa, upang ang mga bagay na hindi mayayanig ay manatili.
28Tinanggap natin ang isang paghahari na walang makakayanig. Kaya nga, tayo nawa ay magkaroon ng biyaya na sa pamamagitan nito, tayo ay maghahandog ng paglilingkod na kalugud-lugod sa Diyos, na may banal na paggalang at pagkatakot.
29Sapagkat ang ating Diyos ay isang apoy na tumutupok.

12:25 "Tiyakin ninyo" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PAUTOS. Ito ay isang kakaibang Griyegong salita kaysa isang ginagamit sa v. 15. Itong parehong babala ay makikita sa 3:12 Pagkatapos maliwanagan sa pamamagitan ng kahigitan ng bagong tipan ni Cristo, mahalagang ang isa ay tumugon nang naaayon. Mayroong panganib (para sa parehong hindi sumasampalataya at sa sumasampalataya) sa pagkakaalam ng katotohanan at hindi pagkilos dito.

"na hindi ninyo Siya tinatanggihan" Ito ay isang MAKA-AORONG PANGGITNANG PASAKALI. Tayo ay dapat gumawa ng isang kagustuhang desisyon. Ang ang iyong gagawin kay Jesus, ang may-akda at tagatapos ng pananampalataya?

"kung" Ito ay isang UNANG URING PASUBALING PANGUNGUSAP na inaakalang totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang layunin. Muli, ang matinding tungkulin ng pagtanggi ng isang nakahihigit na tipan at tao ay ang pinagtutuunan ng pansin.

12:26 "ang Kanyang tinig ay yumanig sa lupa" Ito ay isang pagtukoy sa pagbigay ng kautusan sa Bundok ng Sinai na binanggit sa naunang bahagi nitong kapitulo (cf. Exod.19:18-19), ngunit ito ay isang pagpapalawig mula sa Septuagint ng Haggai 2:6. Itong hula ay nagsasabi ng isang bagong pagyanig ng mga langit at lupang may kaugnayan sa bagong pagkatapos-eksilikang templo (cf. Hag. 2:6-9). Ang bagong templo ay tatanggap ng kaluwalhatian. Ang bagong templo ay magiging mas higit kaysa nauna. Ang bagong templo ay magdadala ng kapayapaan. Itong mga paglalarawan ay pauna sa bagong tipan ni Jesus.

12:27 "Minsan na lang" Itong mundo ay mamamatay. Aking naiisip na lilikhain muli ng Diyos ito (cf. II Pet. 3:10) katulad dati, ngunit walang sumpa ng Gen. 3:14,17; Zech. 14:11; Rev. 22:3. Ang Bibliya ay nagsisimula sa Diyos, tao, at mga hayop (cf. Isa. 11:6-9) sa isang harding tagpuan (cf. Gen. 1-2) at ito ay matatapos sa parehong paraan (cf. Rev. 21-22).

12:28 "isang kahariang hindi mayayanig" Ito ay tumutukoy sa espritwal na kalikasan ng bagong tipan. Ito ang huli at mananatiling tipan sa gitna ng Diyos at ng Kanyang mga tao.

Ang bersong ito ay naglalarawan ng naaayong tugon ng sumasampalataya sa bagong tipan: isang buhay ng paglilingkod dahil sa pagpapasalamat para sa walang-katapat na biyaya ng Trinidad na Diyos (cf. 13:15,21). Tayo ay niligtas upang maglingkod, maglingkod sa pamilya ng pananampalataya (cf. I Cor. 12:7; Eph. 4:12).

NATATANGING PAKSA: ANG KAHARIAN NG DIYOS

Sa mga Sinoptikong pagtatapat sa Mark at Lucas nakikita natin ang pariralang, "ang kaharian ng Diyos." Itong karaniwang paksa ng mga turo ni Jesus ay tumalakay sa pangkasalukuyang paghahari ng Diyos sa mga puso ng mga taong isang araw ay tatapusin sa buong lupa. Ito ay nasasalamin sa dasal ni Jesus sa Matt. 6:10. Si Matthew, sinulat sa mga Judio, ay minabuti ang pariralang hindi gumagamit sa pangalan ng Diyos, habang sina Mark at Lucas, na sumulat sa mga Hentiles, ay gumamit ng pangkaraniwang pag-aatas, gamit ang pangalan ng Diyos.

Ito ay isang pangunahing parirala sa mga Sinoptikong Ebanghelyo. Ang

mga una at huling sermon ni Jesus, at marami sa Kanyang mga parabola, ay tumalakay sa paksang ito. Ito ay tumutukoy sa paghahari ng Diyos sa mga puso ng tao ngayon! Nakakagulat na si John ay gumagamit ng pariralang ito ng dalawang beses lamang (at hinding-hindi sa mga parabola ni Jesus). Sa Ebanghelyo ni John "ang walang hanggang buhay" ay isang pangunahing salita at pagtutulad.

Ang pariralang ito ay umuugnay sa eskatolohikal (katapusang panahon) na layunin ng mga turo ni Jesus. Itong "tapos na, ngunit hindi pa" na teolohikal na paradox ay mayroong kaugnayan sa Judiong konsepto ng dalawang panahon, ang pangkasalukuyang masamang panahon at ang makatuwirang panahong darating, na pasiyahan ng Messiah. Ang mga Judio ay umaasa lamang sa iisang pagdating ng isang Espiritu-binigyang-kapangyarihang pinuno ng militar (katulad ng mga Hukom sa OT). Ang dalawang pagdating ni Jesus ay magdadala ng pagsanib ng dalawang panahon. Ang Kaharian ng Diyos ay pumasok sa kasaysayan ng tao sa pamamagitan ng inkarnasyon sa Bethlehem. Gayon man, Si Jesus ay dumating, hindi bilang military na tagasakop ng Rev. 19, kundi bilang Naghihirap ng Tagalingkod (cf. Isa. 53) at mapagkumbabang pinuno (cf. Zech. 9:9). Ang Kaharian, kung ganoon, ay pinasiyahan (cf. Matt. 3:2; 4:17; 10:7; 11:12; 12:28; Mark 1:15; Luke 9:9,11; 11:20; 21:31-32), ngunit hindi natapos (cf. Matt. 6:10; 16:28; 26:64). Ang mga sumasampalataya ay nabubuhay sa tensiyon sa gitna ng dalawang mga kapanahunan. Sila ay may muling-pagbubuhay na buhay, ngunit sila ay patuloy na pisikal na namamatay. Pinalaya sila mula sa kapangyarihan ng kasalanan, ngunit sila ay patuloy na nagkakasala.

12:29 "isang apoy na tumutupok" Ito ay maaaring isang pagtukoy sa Bundok ng Sinai (cf. Deut. 4:24). Hindi tayo mangahas kalimutan kung Kanino tayo tumutugon (cf. 10:31). Ang apoy ay nakakalinis at dumadalisay o sumisira ng tuluyan. Siya ay ating magiging makalangit na Ama o Siya ay ating Hukom mula sa langit. Ano man ang ating ginagawa at patuloy na ginagawa sa kay Jesus ay ang makakapagsabi. Maniwala! Magtiyaga!

MGA PAGTALAKAYANG TANONG

Ito ay isang gabay ng pag-aaral na komentaryo, na ang ibig sabihin ikaw ay may tungkulin para sa iyong pagsalin ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagsalin. Hindi mo dapat ipaubaya ito sa isang tagapagsalita.

Itong mga pangtalakayang tanong ay binibigay upang makatulong sa iyong pag-isipan ang mga pangunahing usapin nitong seksyon ng aklat. Sila ay inaasahang maging pangpukaw-kaisipan, hindi katiyakan.

1. Itala ang mga katangian ng mga kalalakihan sa Kapitulo 11 at 12:18-29 na dapat nating sundin.

2. Ang berso 1 ba ay nagtuturong ang mga patay ay tinitingnan ang mga buhay ng nabubuhay?

3. Bakit ang may-akda ay gumagamit ng napakaraming paglalarong pagtutulad sa kapitulong ito?

4. Ano ang layunin nitong kapitulong may kaugnayan sa buong aklat?

5.Ano ang pinakahuling layunin ng Diyos para sa ating mga buhay? (vv. 10,28)

HEBREO 13

PAGHATI NG MGA TALATA SA MAKABAGONG PAGSASALIN

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Pagsisilbing nagbibigay kasiyahan sa Diyos	Pangwakas na mga Tagubiling Moral	Pangwakas na mga Babala	Paano Makapagbigay-kasiyahan sa Diyos	Mga Rekomendasyong Pangwakas
13:1-6 13:1-6	13:1-6	13:1-6	13:1-6	13:1-6
			13:4	
	Mga Pangwakas na Tunguhing Relihiyoso		13:5-6	
13:7-16	13:7-17	13:7-16	13:7-9	13:7-16
			13:10-16	Pagkamasunurin sa mga Pinunong Relihiyoso
13:17		13:17	13:17	3:17-19
	Kahilingan sa Pagdasal	Mga Mensaheng Personal		
13:18-19	13:18-19	13:18-19	13:18-19	
Bendisyon at Katapusang Pagbati	Bendisyon, Huling Pangangaral, Pamamaalam	Bendisyon	Katapusang Dasal	Balita, Mabuting Mithiin at pagbati
13:20-21	13:20-25	13:20-21	13:20-21	13:20-21
		Karagdagan	Huling Pananalita	

13:22-25		13:22-25	13:22-23	13:22
				13:23-25
			13:24	
			13:25	

PAG-AARAL NG MGA SALITA AT PARIRALA

NASB (BINAGO) TEKSTO 13:1-6
1Hayaan mong manatili ang pagmamahal sa iyong kapatid. 2Huwag mong kalimutang maging magiliw sa hindi mo mga kakilalang tao, dahil sa may mga pag-aliw ng mga anghel nang hindi nila napag-aalaman. 3Alalahanin mo ang mga nakakulong, na parang nasa loob ka rin ng kulungan kasama sila, at iyong mga hindi tinatrato nang mabuti, dahil kayo rin ay kasamahan nila sa isang katawan. 4Ang pag-aasawa ay dapat bigyan ng karangalan sa lahat, at ang higaan ng mag-asawa ay dapat hindi dinudungisan; dahil sa ang mga nakikipagtalik sa puta at mga nakikiapid ay huhusgahan ng Diyos. 5Tiyakin na ang iyong pag-uugali ay malaya sa pagmamahal ng pera, maging masiyahin kung ano ang mayroon ka: dahil sa Siya ay nagsabi," "HINDI KAILANMAN KITA IIWANAN, NI HINDI KITA PABABAYAAN, 6"Kung kaya't sinasabi namin nangg buong pagtitiwala, "ANG PANGINOON ANG AKING TAGAPAGLIGTAS, HINDI AKO NATATAKOT. ANO PA ANG MAGAGAWA NG TAO SA AKIN?"

13:1
NASB "Hayaan mong ipanatili ang pagmamahal sa kapatid"
NKJV "Hayaan mong ang pagmamahal sa kapatid ay mapanatili"
NRSV "Hayaan mong ang pagmamahalan sa isa't isa ay manatili"
TEV "Manatiling nagmamahalan sa isa't isa bilang mga Kristiyano"
NJB "Panatilihin ang pagmamahalan sa isa't isa na parang magkakapatid"

Isa itong PANGKASALUKUYANG AKTIBONG IMPERATIBO, na ang ibig sabihin ay "pagsunod" o "pagpapanatili." Ang bagay na dapat ipanatili ng mga mambabasa ay ang pagpapanatili sa "pagmamahalang parang kapatid" (Philadelphia, cf. Rom. 12:10; I Thess. 4:9; I Pet. 3:8). Nagawa nila ito sa nakaraan (cf. 6:10; 10:32-35) at hinihikayat na ipanatili ito. Isa itong malinaw na palatandaan na kilala ng isang tao ang Diyos. (cf. John 13:33; 15:12,17; I John 2:10; 3:11,14,17-24; 4:7-21; II John 5).

13:2 "Huwag kaligtaang magpakita ng pagiging magiliw sa mga estranghero." Isa itong PANGKASALUKUYANG GITNANG (deponent) IMPERATIBO. Walang mga motel noong mga panahong iyon maliban sa mga *inn* na ginagamit sa mga imoral na gawain at napakamahal ng mga ito. Ang Kristiyano ay hinihilingan na buksan ang

kanilang mga tahanan sa mga nagbibiyaheng mga ministro (cf. Matt. 25:35; Rom. 12:13; I
Tim. 3:2; Titus 1:8; I Pet. 4:9; II Jn; Didache 11:4-6).

 "Mabuting pakikiharap sa mga anghel nang hindi ito napag-aalaman" Isa itong pagpapahiwatig sa Gen. 18 nang si Abraham ay nakatagpo ng tatlong anghel na kahawig ng mga tao (cf. also Tobit kapitulo 4-7). Hindi ibig sabihin nito na ang mga Kristiyano ay maaaring magkaroon ng mga pagbisita ng anghel; gaya ng mga lalaki noong unang panahon na tumutulong sa mga estranghero at nakakatanggap ng grasya, kaya pati na rin ang mga nananampalataya.

13:3 "Huwag kalimutan ang mga nakakulong" Isa itong PANGKASALUKUYANG GITNANG (deponent) IMPERATIBO. Ang mga mambabasang ito ay sumunod sa mga salita ni Kristo sa Matt. 25:44-45, dahil sa 10:32-36 tumulong sila sa ibang mga hindi nananampalataya. Ang kanilang pagkakulong ay hindi dahil sa masasamang gawain, kundi dahil sa kanilang paniniwala kay Kristo (cf. I Pet. 4:14-15). Ang pagkakakulong ay isang makatotohanang pangyayari para sa lahat ng mga nanampalataya noong unang panahon na gaya rin ng maraming mga nananampalataya sa kasalukuyang mundo.

 "Dahil sa kayo rin ay nasa isang katawan" Maaari itong tumukoy sa (1) pisikal na katawan (cf. II Cor. 12:2, kapareho ng istruktura ng Griyego), na madaling tablan ng pagmamalupit o persekyusyon at pagkakakulong o (2) ang mga naniniwala kay Kristo (kahit na ang teksto ay wala ang inaasahang PANTUKOY na Griyego), ang Simbahan, na siyang layon ng pagmamalupit.

13:4 "Ang pagpapakasal ay dapat bigyan ng karangalan sa lahat" Wala itong pandiwa. Kapag naglagay ng isang INDIKATIBO "ay", kaya ang pangungusap ay laban sa mga nagpapanggap sa pagtuturo (cf. I Cor. 7:38 na nagkaloob ng pagpapakasal na ikinababa ng moralidad kaysa di pag-aasawa o sa I Tim. 4:3). Kung nilagyan ng IMPERATIBO "Gawin…maging…," kaya may panghihkayat laban sa mga tendesyang immoral ng kulturang pagano (v. 4 tumatangkilik sa ganitong opsyun). Ang mga berso 4-6 ay mukhang pinamamamahalaan ng hindi ipinapahayag, subalit nauunawaan ng IMPERATIBONG "dapat":pagpapakasal (ay dapat) igalang; ang higaan (ay dapat) hindi madungisan; ang inyong mga buhay (ay dapat) na malaya sa pagmamahal ng salapi.

 "ang higaan ng mag-asawa ay dapat hindi madungisan" Ang pag-aasawa ay isang handog mula sa Diyos at ang pamantayan para sa lahat (cf. Gen. 1:28; 9:1,7). Hindi ito pagkakasala o ikinakahiya. Ang konseptong pangkaisipan ng mga Griyego sa pagpapakasakit o astesismo, ang pananaw na ang katawan ay masama at ang hindi pagbibigay sa mga gusto at mga pangangailangan nito ay nagpapakita sa mataas na antas ng kabanalan, ay nakaapekto sa simbahan noon! At magpahanggang ngayon! Ang terminong "walang dungis" ay ginamit sa 7:26 upang ilarawan ang sekswal na kadalisayan ni hesus, an ating pinakamataas na saserdote. Ginamit ito sa Septuagint upang tukuyin ang pakikiapid.
Isang babalang ito laban sa sekswal na di-pamimili ay nakakagulat kung ang aklat na ito ay sinulat para sa mga Hudyo. Ang kultura ng mga Gentile ng unang dantaon ay

makikilala sa pagsasamantalang sekswal, subalit hindi ang komunidad ng mga Hudyo. Maraming mga walang katiyakan sa kalagayang pangkasaysayan at ang mga tagatanggap na mga Hebreo.

 "mga nakikipag-unayan sa masasamang babae o puta" Ang termino sa OT ay nangangahulugan ng pakikipag-ugnay na sekswal sa masasamang babae, subalit sa NT ay mayroon itong mas malawak na pakahulugang anumang uri ng sekswal na imoralidad. Nakuha natin dito ang Inglis na salitang "pornograpiya" mula sa terminong Griyego na ito.

 "mga nakikiapid Tumutukoy ito sa ugnayang sekswal sa pagitan ng dalawa ng tao, ang isa o kapwa sa mga ito ay may asawang iba. Ang mga kasalanang sekswal ay pangunahing suliranin ng unang simbahan dahil sa talamak na imoralidad at pagsambang mga gawain ng kulturang pagano (cf. Gal. 5:19-21).

 "Ang Diyos ang siyang maghuhukom" Ang paghuhusga ng Diyos sa mga di tamang sekswalidad ng tao ay makikita sa Rom. 1:24-32; Gal. 5:19-21; Eph. 4:19; Col. 3:5; Rev. 21:8; 22:15. Gayunman, may mga ibang sipi gaya ng I Cor. 5:5 at I Tim. 1:9-11 na iniuugnay sa mga nananampalataya na gumagawa sa mga immoral na gawaing ito. Ang simbahan noon ay hinarap ang mga immoral na buhay ng mga nananampalataya at sunubukang gumawa ng ilang gabay: (1) kailangan nilang magsisi; (2) tutulungan sila ng iba pang mga nananampalataya (cf. Gal. 6:1; James 5:16,19-20); at (3) ang mga nananampalataya ay dapat hindi dapat maging makipagkaibigan ng "mabuti" sa mga immoral na mga nananampalataya (cf. I Cor. 5:9-13). Ang saksing Kristiyano ng moralidad, matibay na mga mag-aasawa, mabuting pagtanggap sa mga bisita, at pagmamahal sa kapatid ay kasing halaga ngayon gaya nang unang dantaon.

13:5
NASB "Tiyaking ang iyong pag-uugali ay malaya sa pagmamahal sa salapi"
NKJV "Hayaang ang iyong pagkilos nang walang pag-iimbot"
NRSV, TEV "panatilihin ang inyong mga buhay nang malayo sa pagmamahal sa salapi"
NJB "Ilayo sa inyong mga buhay pagiging mapag-imbot sa salapi"

Walang PANDIWA. Ang PANGGALAN ay tambalan ng (1) isang ALPHA PRIVITIVE; (2) phileo (ang pangatlong tambalan ay may phileo simula sa v. 1), upang magmahal; at (3) isang baryang pilak. Ibig sabihin "hindi mapagmahal sa salapi." Ang problema ay hindi ang salapi, kundi ang pagmamahal sa salapi (cf. Luke 16:14; I Tim. 3:3; 6:10; II Tim. 3:2).

 "maging kontento kung anong mayroon ka" Isa itong PANGKASALUKUYANG PASSIVE PARTICIPLE na ginamit sa isang pakahulugang IMPERATIVAL. Isa itong pangunahing suliranin upang lumigaya. Isa itong pagtanaw sa mundo na hindi tumutuon sa pisikal at pinakamalapit. Ang pagkakaroon ng kasiyahan ay isang napakagandang handog ng Diyos na dapat tanggapin ng pananampalataya at isabuhay araw-araw (cf. II Cor. 9:8; Phil. 4:11-12; I Tim. 6:6-10).

 “KAILANMAN AY HINDI KITA IIWANAN, KAILANMAN DI KITA PABABAYAAN” Isa ito hiwa-hiwalay na sipi ng dalawang mariing DOBLENG NEGATIBO, kinuha sa mga pangako ng Diyos sa Kanyang mga pinuno at mga tao. Nasa atin ang Diyos at para sa atin (cf. Deut. 31:67; Josh. 1:5; I Chr. 28:20; Isa. 41:10,13,14,17). Hindi dapat matakot ang mga mananampalataya para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan (cf. Matt. 6:19-34).

13:6 “ANG DIYOS” Isa itong sipi mula sa Septuagint ng Ps. 118:6, subalit ang parehong katotohanan ay makikita rin sa Ps. 56:4.

 “ANG DIYOS AY ANG AKING TAGAPAGKALINGA” ang Psalm 118 ay isang makapangyarihang salita ng pagtitiwala sa pagmamahal, pagpapatawad , pagpapakita at pagtulong ng Diyos. Ang may-akda ng Hebreo ay karaniwang nagsisipi mula sa Septuagint (LXX), ang Griyegong salin ng Hebreo ng OT, sinulat sa pagitan ng 250-150 B.C.
Ang PANGGALANG “katulong” ay ginamit lamang dito sa NT (subalit ang PANDIWA ay nasa 2:18), subalit madalas sa LXX. Ibig sabihin ang magbigay ng tulong, tumulong sa kapwa.

 “ANO ANG MAGAGAWA NG TAO SA AKIN?” Ito ang pinakadakilang katotohanan na isinaad din sa bahagyang naiibang termino sa Rom. 8:31b.

NASB(BINAGO) TEKSTO: 13:7-16

7Alalahanin ang mga namuno sa inyo, ang naglahad ng salita ng Diyos sa inyo; at sa pagsasaalang-alang sa ibinunga ng kanilang kilos, ay gayahin ang kanilang pananampalataya. 8Si Hesukristo ay walang-pagbabago kahapon at ngayon at magpakailanman. 9Huwag magpabubuyo sa mga turong paiba-iba at kakaiba; mas mabuti sa puso na mapalakas ng pagpapala, di sa mga pagkain, kung para sa doon sa mga walang panahon ay di-nakinabang. 10Mayroon tayong altar nang ang para doon sa mga nagsisilbi sa tabernakulo ay walang karapatang kumain. 11Para doon sa mga katawan ng hayop na ang dugo ay dinala sa banal na pook ng mataas na saserdote bilang pag-aalay sa kasalanan, ay sinusunog sa labas ng kampo. 12Samakatuwid si Hesus din, nang mapabanal Niya ang mga tao sa pamamagitan ng Kanyang dugo, ay nagdusa sa labas ng tarangkahan. 13Kung kaya, magsilabasan tayo sa kampo para sa Kanya, pasan-pasan ang Kanyang pagsisi. 14Sapagkat mula rito ay wala tayong siyudad na pangmatagalan, ngunit naghahanap tayo ng siyudad na paparating. 15Sa pamamagitan Niya kung gayon, patuloy tayo sa pag-aalay ng sakripisyo upang magpuri sa Diyos, ibig sabihin, ang bunga ng mga labi na nagpapasalamat sa ngalan Niya. 16At huwag magpapabaya sa paggawa ng kabutihan at pagtulong, nang sa ganoong mga pagsasakripisyo ay kalugud-lugod sa Diyos.

13:7 “Alalahanin” Ito ay PANGKASALUKUYANG AKTIBONG IMPERATIBO. Ito ay naiiba, ngunit nahahawig, na salita mula v.3. Ang mga nananampalataya ay narapat na mulat sa pangangailangan ng mapagmahal na paglilingkod nila sa katawan ni Kristo (cf. v. 3) at sa kanyang mga pinuno (cf. vv. 7, 17,24; I Thess. 5:12-13).

“ang mga namuno sa inyo” Ang mga berso 17 at 24 ay tumutukoy sa mga kasalukuyang mga pinuno, kung kaya ang v. 7 ay malamang ay nagbabanggit sa mga naroong pinuno na nagpasimula sa simbahan at ngayon ay mga yumao na.

“ang naglahad ng salita ng Diyos sa inyo” Ito ang gawain ng mga pinunong Kristiyano. Hindi nila itinuturo o isinisermon ang kanilang mga natuklasan o mga kagustuhang pansarili/pangkultura, kundi ang Ebanghelyo ni Kristo. Nang dahil dito ay ikinararangal natin sila, iginagalang sila, at ipinagdarasal sila.

“pagsasaalang-alang sa ibinunga ng kanilang kilos” Ito ay PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARI(*PARTICIPLE*) na ginamit bilang IMPERATIBO. Ang mga pinunong ito, tulad ng nasa talaan ng panawagan ng mga sumasampalataya sa kapitulo 11, ay nanatiling nananampalataya habang may buhay at hanggang kamatayan.

“gayahin ang kanilang pananampalataya” Ito ay PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) IMPERATIBO. Nananawagan ang may-akda sa kanyang mga mambabasa na gayahin ang pananampalataya ng kanilang mga pinuno. Malimit hikayatin ni Paulo ang kanyang mga kapanalig na ang kanyang pananampalataya (cf I Cor. 4:16; 11:1-2; Phil. 3:17; 4:9; I Thess. 1:6; II Thess. 3:7,9).

13:8 “Hesus…walang pagbabago” Ang mga tauhan sa LT ng kapitulo 11 ay mabubuting halimbawa; ang mga pinuno sa nakaraan at kasalukuyan ay mabubuting hjalimbawa; si Kristo ang ating pinakadakilang halimbawa. Ang Kanyang katauhan at katapatan ay hindi nagbabago (cf. Ps. 102:26-27, sinipi sa Heb. 1:2). Binuo ang parehong pahayag na teolohikal na ganito kaugnay sa YHWH sa Mal. 3:6. Ang katauhan at kapatawaran ng Diyos ay di-nagbabago at gayon din kay Kristo.

13:9 “Huwag magpabubuyo” Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PASIBONG IMPERATIBO na may NEGATIBONG KATAGA na karaniwang nangangahulugang ihinto ang isang kilos na nagaganap na. Ang ilang mga mambabasa ay nagninilay-nilay ng “napapariwara” (cf. 2:1;10:38). Ang TINIG NA PASIBO ay nagpapahiwatig ng gawain ni Satanas o ng diyablo.

“ng mga turong paiba-iba at kaiba” Kung ano ang tiyak na kinasasangkutan nito ay di-mawari, ngunit ang kawangis na kombinasyon ng mga praktis na Hudyo at pagano ay kinokondena sa Col. 2:16-23. Ang konteksto ng buong aklat ay nagpapahiwatig ng Judaismo at muling-pagsasabuhay nito ng katapusan ng unang siglo.

NASB "yamang mabuti sa puso na palakasin ng grasya"
NKJV "yamang mabuti na ang puso ay patatagin ng grasya"
NRSV "yamang malusog para sa puso ang palakasin ng grasya"
TEV "Mabuting tumanggap ng panloob na lakas mula sa grasya ng Diyos"
NJB "Mas mainam na umasa sa grasya para sa panloob na lakas"

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PASIBONG INFINITIVO. Ang mga tagapakinig na ito ay narapat na mapatatag, hindi sa pamamagitan ng ritwal, pag-aalay ng hayop, o maiinam na batas, ngunit sa pamamagitan ng di-minamarapat, di-pinahalagahang grasya ng Diyos kay Hesukristo. Sila ay nag-aalinlangan sa pagitan nina Moses at Hesus. Si Hesus, ang di-nagbabagong Salita ng Ama, ay nakakahigit sa mga kaparaanan at salita ng unang Kasunduan. Ang pag-unawa sa di-nagbabagong katauhan at pagmamahal ng Diyos, ay napakalinaw na naipapahayag sa buhay, aral, at kamatayan ni Hesus (ang ebanghelyo), na siyang nakapagkakaloob sa mga nananampalataya ng kasiglahan. Napalalakas ang mga puso't isipan ng mga nananampalataya sa pamamagitan ng kaalaman sa ebanghelyo at personal na relasyon sa Dakilang pastol, hindi sa pamamagitan ng mga panlabas na ritwal at mga kaparaanan (sa matandang kasunduang Mosaic.

Malimit na ipinapapabatid ng may-akdang ito ang isyung espiritwal ng "puso." Sinisipi niya ang ilang teksto sa LT:

1. 3:8,15;4:7, "huwag magpatigas ng inyong mga puso" (Ps. 95:8)
2. 3:10, "maligaw sa kanilang mga puso" (Ps. 95:10)
3. 8:10, "tumimo sa kanilang mga puso" (Jer. 31:3)

Ibinubuod niya pagkatapos ang mga katotohanang ito sa 3:12; 4:12, at 10:22. Nirerepresenta ng puso ang mga aspetong pangkaisipan, pandamdamin, at pagpapasiya ng sangkatauhan. Iniuugnay ng Kristiyanismo ang mga panloob na pangangailangan ng nabuwal na sangkatauhan, samantalang sa Judaismo ay di-naisasagawa.

"puso" Tignan ang Espesyal na Paksa sa 3:8.
"hindi sa pamamagitan ng pagkain kung para sa doon sa mga walang panahon ay di-nakinabang" Ito ay lantarang reperensiya sa Lev. 11. Ang mga batas sa pagkain ay lipas na kay Kristo (cf. Matt. 15:11; Mark 7:18-23; Acts 10; Col. 2:16-23). Ang mga ito ay hindi na pinaiiral sa mga nananampalataya para sa kanilang kaligtasan, ngunit sa isang tagpuang simbahan, ang mga sumasampalataya ay narapat na mulat sa "mahihinang mga kapatid" (cf. Rom. 14:1-15:6; I Cor. 8: 10: 23-33) at sikaping huwag masaktan ang kanilang mahihinang budhi.

13:10 "Mayroon tayong altar" Tila ang analohiya ay sa isang tabernakulong espiritwal(kalangitan), hindi isang pisikal na altar at, kung sa gayon, ay tumutukoy sa

pagsasakripisyo ni Hesukristo sa ngalan ng mga sumasampalataya. Ito ay isang napakamapangyarihang talinghaga ng ating pagharap sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo.

 "walang karapatang kumain" Ito ay isang maliwanag na lugar upang talakayin ang Hapunan ng Panginoon (ang bagong tipang pagkain), ngunit ang ating may-akda ay maingat na hindi magpakailanman magpasok ng ritwal o mga mapagsimbolong gawain.

13:11 "bilang isang hain para sa kasalanan, sinusunog sa labas ng kampamento" Ito ay isang pagtukoy sa mga pamamaraan ng Lev. 16:27—ang Araw ng Pagbabayad-Sala, ang Araw ng Pagtatakip sa Kasalanan.

13:12 "Jesus…naghirap sa labas ng tarangkahan ng lungsod" Ito ay isang rabinikal na laro ng salita dahil habang ang mga OT handog ay dinala sa labas ng kampamento, si Jesus ay dinala sa labas ng lungsod ng Jerusalem.

13:13 "Kaya nga, tayo ay lumapit sa Kanya" Ito ay isang pangunahing berso sa aklat. Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponente) PASAKALI, na nagsasaad ng patuloy na gawa ang nagdadagdag ng elemento ng maaaring mangyari (ito ang pangkatapusang pagpapaalala at babala laban sa "pagtalikod"). Ang mga sumasampalataya ay dapat publikong makiisa sa Kanya at magdadala ng Kanyang sisi anuman ang mga kalalabasan. Ito ay malinaw na tawag para dito sa mga "kinanlong" sambahayang sumasampalatayang pumunta tungo sa buong liwanag ng Dakilang Paggawa ng Cristianismo (cf. Matt. 28:19-20; Acts 1:8).

13:14 "ang lungsod" Ito ay isang simbolo para sa langit gamit ang punong-bayan ng Israel ng Lupang Pinangako (cf. 11:10,16; 12:22; John 14:2).

13:15 " "sa pamamagitan Niya" Ito ay tumutukoy kay Jesus, binanggit ang pangalan sa v. 12, na ginawang banal ang Kanyang mga tao sa pamamagitan ng paghandog ng Kanyang sariling dugo sa labas ng tarangkahan ng Jerusalem. Ang lahat ng espiritwal na kapakinabangan ay darating sa pamamagitan Niya!

 "Patuloy tayong magdala ng handog ng papuri" Ang paghandog na sistema, binigay sa Israel upang itaguyod ang samahan sa Diyos sa pamamagitan ng pagharap sa suliranin ng kasalanan, ay sumangkot ng limang uri ng mga handog. Ang dalawa ay inutos: (1) ang "pangkasalanang handog" at (2) ang "paglabag o kasalanang pakiramdam" na handog. Ang tatlo ay kusang-loob: (1) buong sinunog na handog; (2) butil/pagkaing handog; at (3) pangsamahan, o kapayapaang, handog. Kaugnay nitong tatlong huli kung saan ang konsepto ng pagpapasalamat at papuri ay binanggit (cf. Lev. 7:12). Itong mga handog ay masusing nilalarawan sa Lev. 1-7. Ang mga Salmo ay malimit na nagbabanggit nitong bahagi ng pagpuri (cf. Ps. 27:6;50:14; 69:30; 107:22; 116:17). Itong pariralang "mga handog ng papuri" ay nagmumula sa Septuagint (cf. Lev. 7:2,3,5; II Chr. 29:31; 33:16; Ps.49:14,23; 106:22; 115:8).

 “ang bunga ng mga labi” Itong parirala ay sumasalamin ng Isa. 57:19 at Hosea 14:3 mula sa Septuagint. Ang mga sulating tulad nito ay ginamit ng mga pinaalis na Israelite na pangpalit sa binibigkas na papuri kapalit ng mga hayop na handog dahil ang Templo ay nawasak ng tulyan noong 586 B.C. gawa ni Nebuchadnezzar II, ang bagong taga-Babylong hari.

NASB “na nagpapahayag ng pasasalamat sa Kanyang pangalan”
NKJV “pagbibigay pasasalamat sa Kanyang pangalan”
NRSV “na nagpapahayag ng Kanyang pangalan”
TEV “na nagpapahayag sa kanya bilang Panginoon”
NJB “silang kumikilala sa kanyang pangalan”

Sa mga sumasampalataya ang ating papuri sa Diyos ay ang ating pagpapahayag (homologeo) kay Jesus (gamit ang Kanyang pangalan tulad sa Rom. 10:9-13) bilang Panginoon (cf. TEV na sumasalamin ng Phil. 2:6-11).

13:16 “at huwag kaligtaan ang paggawa ng mabuti” Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS na mayroong isang NEGATIBONG KATAGA, na ang karaniwang kahulugan ay itigil ang isang gawang nangyayari. Ang Diyos ay nalulugod kung ang Kanyang mga anak ay nagmamahalan ay nagtutulungan sa bawat isa (cf. Phil 4:18). Sa isang Judiong Cristianong konteskto itong “mga mabuting bagay” (koinonia) ay maaaring tumutukoy sa pagbibigay ng limos (cf. Matt. 6:1), isang panglinguhang handog ng perang binibigay ng mga kasapi ng sambahayan upang ibili ng pagkain para sa mga nangangailangan. Ang mga Judio ay tinitingnan itong gawaing ito bilang isang gawang makatuwian.

 “pagbabahagi”

NATATANGING PAKSA: KOINONIA

Ang salitang “samahan” (koinonia) ay nangangahulugang:
1. malapit na kaugnayan sa isang tao
a. sa Anak (cf. I John 1:6; I Cor. 1:9)
b. sa Espiritu (cf. II Cor. 13:13; Phil. 2:1)
c. sa Ama at sa Anak (cf. I John 1:3)
d. Sa ibang tipang kapatid (cf. I John 1:7; Acts 2:42; Gal. 2:9; Philemon 17)
2. malapit na kaugnayan sa mga bagay o pangkat
a. sa ebanghelyo (cf. Phil. 1:5; Philemon 6)
b. sa dugo ni Cristo (cf. I Cor. 10:16)
c. hindi sa kadiliman (cf. II Cor. 6:14)
d. sa paghihirap (cf. Phil. 3:10; 4:14; I Pet. 4:13)
3. handog o ambag na ginawa sa mapagbigay na paraan (cf. Rom. 12:13; 15:26; II Cor. 8:4; 9:13; Phil. 4:15; Heb. 13:16)
4. Ang handog na biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo, na nagbabalik sa samahan ng sangkatauhan sa Kanya at kanyang mga kapatid. Ito ay nagpapatibay sa pahalang na relasyon (tao sa tao) na dala ng pataas na relasyon (tao sa Tagalikha). Ito

ay nagbibigay-diin sa pangangailangan para ay kaligayan ng Cristianong bayan. Ang pandiwang panahunan ay nagdidiin sa simula at pagpapatuloy nitong karanasan ng bayan (cf. 1:3 [twice],6,7). Ang Cristiano ay isang samahan!

 "sapagkat kalugod-lugod sa Diyos ang mga handog na tulad nito" Pansinin sa v. 15 ang katanggap-tanggap na handog ay ang pahayag na pananampalataya kay Cristo; ngayon ito ay katulad ni Cristong pamumuhay. Ang ebanghelyo ay tiyak na pareho!

NASB (BINAGO) TEKSTO: 13:17
17Sundin ninyo ang mga nangangasiwa sa inyo at magpasakop kayo sa kanilang pamamahala sapagkat iniingatan nilang patuloy ang inyong mga kaluluwa bilang mga magbibigay sulit para sa inyo. Sundin ninyo sila upang magawa nila itong may kagalakan ay hindi nang may kahapisan, sapagkat ito ay hindi magiging kapakipakinabang sa inyo.

13:17 "Sundin…magpasakop" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK (si A. T. Robertson ay nagtatala nito bilang isang PANGGITNANG TINIG) PAUTOS at PANGKASALUKUYANG TAHASANG PAUTOS. Kahit na ang bawat tao ay malaya kay Cristo, dapat nating ibigay ang ating mga sarili sa espiritwal na kapangyarihan para sa pag-unlad at paglingkod (cf. v. 7; I Cor. 16:16; I Thess. 5:12-13). Itong salita ng pagpapalakas-loob na magpasakop sa mga Cristianong pinuno ay napakakailangan sa ating panahon ng kawalang-paggalang sa kapangyarihang anong uri man, at ang higit na pagbibigay-diin sa mga karapatan at kapangyarihan ng isang tao. Ang Diyos ay naglagay ng ilan bilang mga pinuno sa Kanyang mga tao. Bigyang-dangal natin sila dahil sa kanilang tawag, pagsanay, pangako, at paglingkod. Ngunit, mayroong kasalungat "ditch." Ang tawag ng Diyos ay inaabuso ng ilang mga makapangyarihang katauhan. Dapat mayroong balanse, isang gantihang paggalang, isang pagkakaisang espiritu sa gitna ng mga tao ng Diyos at mga pinuno ng Diyos. Ang lahat ng mga sumasampalataya ay tinatawag upang magpasakop sa bawat isa dahil sa paggalang kay Cristo(cf. Eph. 5:20).

 "**magbantay" Itong salita ay nangangahulugang "magising," "magbantay"** (cf. Mark 13:33; Luke 21:36; Eph. 6:18), na isang simbolo para sa masipag na pagbabantay at paglingkod (cf. Isa. 62:6; Ezek. 3:17; 33:7-9).

 "bilang mga magbibigay sulit" ang mga pinuno ay may tungkulin para sa kanilang paglingkod at magbibigay sulit sa Diyos (cf. Isa. 62:6; Ezek. 3:17; 33:7-9). Sila ay mga tagapangasiwa!

 "Upang magawa nila itong may kagalakan at hindi nang may kahapisan" Itong aktitud ng kongregasyon ay hindi magpapasya sa panglingkod, ngunit ito ay maaaring magdulot ng prosesong nakakagalak o pasakit.

NASB (BINAGO) TEKSTO: 13:18-19
18Ipanalangin ninyo kami. Natitiyak naming malinis ang aming budhi! At ibig naming mamuhay nang maayos sa lahat ng bagay. 19Masikap kong

ipinamamanhik sa inyo na ipanalangin ninyo ako upang makasama ko kayo sa lalong madaling panahon.

13:18 "Ipanalangin ninyo kami" Ang panalangin ng pamumuno at para sa pamumuno ay mahalaga (cf. Eph. 6:18-19; Phil. 4:6; I Thess. 5:7,25; I Tim. 2:5; II Tim. 3:1). Ang PANGMARAMI ay maaaring tumukoy sa isang naglilingkod na pangkat kasama ang Timothy (cf. v. 23).

 "natitiyak naming malinis ang aming budhi at ibig naming mamuhay nang maayos sa lahat ng bagay" Ang aktitud at pamumuhay ay naglalapat ng batayan para sa pamumuno. Ang may-akda ng Hebreo ay nagbabanggt ng "budhi" ng ilang ulit (cf. 9:9,14; 10:2,22; 13:18). Ang kapangyarihang pagligtas ni Jesus at ang pagtira ng Espiritu sa loob ay nag-aalis ng takot sa Diyos at kahihiyan ng nakaraang mga kasalanan at pumapalit sa kanila ng isang kasiyahan, kapayapaan, katiyakan, hindi sa taong paggawa, kundi sa ebanghelyo! Ang kaalamang ito ng ebanghelyo ay ang sombrero ng kaligtasan (cf. Eph. 6:17; I Thess. 5:8). Ang ilang tagapagsalita ay tinitingnan ang bersong ito bilang umuugnay sa ilang uri ng pagbibintang na binibigay sa may-akda (katulad sa kalagayan ni Paul sa I Corinthians at Galatians).

13:19 Ito ay tila isang misteryosong berso. Kahit paano ang pagdating ng may-akda ay inugnay sa kanilang mga panalangin. Ito ay tila tunog Paul (cf. Philemon 22). Ang panalangin ay naglalabas ng mabisang kapangyarihan ng Diyos para sa paglingkod. Ang mga panalangin ng sumasampalataya ay nakakaapekto sa Diyos at sa iba. Ang ibang tagapagsalita (e.g., si H.E. Dana sa Jewish Christianity, p. 268) ay nag-aakalang ito ay tumutukoy sa sakit ng may-aksa, o kahit pagkakulong (ang salitang "sa lalong madaling panahon" ay ginagamit din sa kay Timothy sa v. 23).

NASB (BINAGO) TEKSTO: 13:20-21

Ngayon, ang Diyos ng kapayapaan ang magpapatibay sa inyong bawat gawang mabuti. Siya yaong sa pamamagitan ng dugo ng walang hanggang tipan ang nagbangon muli sa ating Panginoong Jesus mula sa mga patay na siyang Dakilang Pastol ng mga tupa. 21 Gawin nawa niya kayong ganap sa bawat mabubuting gawa upang gawin ang kaniyang kalooban. Sa pamamagitan niJesucristo, maisasagawa niya sa inyo ang anumang makakalugod sa kaniya. Sumakaniya ang kaluwalhatian magpakailanman. Siya nawa.

13:20 "Ngayon ang Diyos ng kapayapaan" Itong titulo para sa Diyos Ama ay ginagamit lamang dito at sa mga kasulatan ni Paul (cf. Rom. 15:33; 16:20; I Cor. 14:33; II Cor. 13:11; Phil. 4:9; I Thess. 5:23; "Lord of Peace" II Thess. 3:16).

 "nagbangon muli mula sa mga patay" ang NT ay karaniwang nagpapakita sa Diyos Ama bilang itinataas si Jesus mula sa mga patay (cf. Acts 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:311; Rom. 6:4,9; 10:9; I Cor. 6:14; II Cor. 4:14; Gal. 1:1; Eph. 1:20; Col. 2:12; I Thess. 1:10). Ito ay nagpapakita sa pagtanggap ng Ama sa buhay, mga katuruan, at handog ni Jesus. Ngunit, mayroong ibang tekstong naninindigang

ang sangay ng muling pagkabuhay ay ang Espiritu (cf. Rom. 8:11) o ang Anak mismo (cf. John 2:19-22; 10:17- 18). Sang pangteolohikal na usapin, ang lahat nang tatlong katauhan ng Trinidad ay kasama sa lahat ng mga gawa ng muling pagkabuhay.

 "ang Dakilang Pastol" Ang salitang "pastol" ay isang OT simbolo para sa :
1. YHWH (cf. Gen. 49:24; Ps. 23:1; 78:52; 80:1; Eccl. 12:11; Isa. 40:11; 63:11; Jer. 31:10; Ezek. 34)
2. ang pamumuno ng Kanyang tao (cf. Jer. 10:21; 50:6-7; Ezek. 34:2-3; Zech. 11:3,5,15,17)
3. ang parating na Messiah, anak ni David (cf. Ps. 78:70-72; Ezek. 34:23-24; 37:24; Micah 5:4; 7:14; Zech. 13:7; John 10:2,11,14; I Pet. 2:25; 5:4)

Ilang ulit sa OT (cf. Num. 27:17; I Kgs. 22:17; II Chr. 18:16; Ezek. 34:5; Zech. 10:2) ang mga tao ng Diyos ay nilalarawan bilang watakwatak at walang pastol, ngunit ngayon ang Dakilang Pastol ay dumating. Tayo ay Kanyang hinatid at nasa atin!

 "sa pamamagitan ng dugo" Ito ay tumutukoy sa Kanyang buhay na inalay na nagpasiya sa bagong tipan (cf. Zech. 9:11; Mark 14:24; I Cor. 11:25).

"ang walang hanggang tipan" Mahirap ayusin ang ibat-ibang "walang hanggang" tipan dahil, tulad ng pinapakita ng Hebreo, ang Mosaic na tipan ay kondisyunal at dahil sa kahinaan ng tao, ay hindi walang hanggan. Ang OT ay nagtatala ng mga kondisyunal at hindi kondisyunal ng tipan. Ang tipan kay Abraham, kung saan ang lahat ng bansa ay biyayaan, ay hindi kondisyunal, at kung ganoon, wlaang hanggan (cf. Gen. 17:7,13,19; Ps. 105:9-10). Ang tipan kay David, unang nilantad sa II Samuel 7, ay isang pauna ng Messiah, anak ni David, na hindi kondisyunal, at kaya, walang hanggan (cf. Ps. 89:3-4). Ang bagong tipan ay binabanggit bilang pangakong bagong panahon ng pagkamakatuwiran (ang bagong panahon ng Espiritu) para sa mga tao ng Diyos (cf. Isa. 55:3; 59:21; 61:8; Jer. 31:33; 32:40; 50:5; Ezek. 16:60; 37:26). Makikita kung paano ang mga Judio ng panahon ni Jesus ay nabigla sa Kanyang mensahe. Siya ay planong kaligtasan ng Diyos noon pa man, ngunit ang pagkabigo ng Israel na manatili sa kautusan ng Diyos na binigay kay Moises ay nagpakita ng pangangailangan para sa isa pang paraan ng kaligtasan kaysa taong paggawa (cf. Galatians 3). Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Hanggan sa 6:2. 13:21.

NASB "bigyan kayo sa bawat mabuting bagay"
NKJV "gawin kayong ganap sa bawat mabubuting gawa"
NRSV "gawin kayong ganap sa bawat mabubuti"
TEV "bigyan kayo ng bawat mabuting bagay"
NJB "ihanda kayo. . .sa bawat uring mabuting gawa"

Ang PANDIWANG (katartizo, isang pambihirang MAKA-AORONG TAHASANG OPTATIBO, na isang hayag na kahilingan o ninanasa) ay nangangahulugang gawin

ang isang tao o isang bagay na buong karampatan, sapat, o buong kwalipikado (cf. Luke 6:40; I Cor. 1:10; II Cor. 13:11; I Thess. 3:10; I Pet. 5:10). Sa pangteolohikal ito ay nakahanay sa Eph. 2:10. Ang kalooban ng Diyos na ang mga sumasampalataya ay umayon sa imahen ni Jesus (cf. Rom. 8:29), na magbubunga sa makadiyos na pamumuhay na aakit ng mga nawawala kay Cristo.

- **"gawin ang Kanyang kalooban"** Ginawa ni Jesus ang kalooban ng Ama sa pagdating bilang ang Naghihirap na Tagalingkod (cf. 10:7). Ngayon ang Kanyang mga tagasunod ay tnatawag upang gawin din ang Kanyang kalooban (cf. 10:36; 13:21).

NATATANGING PAKSA: ANG KALOOBAN (thelema) NGA DIYOS
ANG EBANGHELYO NI JOHN

- **Si Jesus ay dumating upang gawin ang kalooban ng Ama** (cf. 4:34; 5:30; 6:38)
- **upang itaas sa huling araw ang lahat na kung kanino binigay ng Ama ang Anak** (cf. 6:39)
- **na lahat na sumasampalataya sa Anak** (cf. 6:29,40) sinagot na panalanging may kaugnayan sa kalooban ng Diyos (cf. 9:31 and I John 5:14)

ANG BUOD NA MGA EBANGHELYO

- ang paggawa ng kalooban ng Diyos ay mahalaga (cf. 7:21)
- ang paggawa ng kalooban ng Diyos ay gagawa sa isang maging kapatid ni Jesus (cf. Matt. 12:5; Mark 3:35)
- hindi kalooban ng Diyos na mayroon isang mamamatay (cf. Matt. 18:14; I Tim. 2:4; II Pet. 3:9)
- ang Kalbaryo ay ang kalooban ng Ama para kay Jesus (cf. Matt. 26:42; Luke 22:42)

MGA SULAT NI PAUL
- ang kaganapan at panglingkod ng lahat ng sumasampalataya (cf. Rom. 12:1-2)
- ang mga sumasampalataya ay dinala mula sa masamang panahong ito (cf. Gal. 1:4)
- ang kalooban ng Diyos ay ang Kanyang planong pangkaligtasan (cf. Eph. 1:5,9,11)
- ang mga sumasampalatayang dumadanas ay nabubuhay ng puno ng Espiritung buhay (cf. Eph. 5:17)
- ang mga sumasampalataya ay puno ng kaalaman ng Diyos (cf. Col. 1:9)
- ang mga sumasampalataya ay ginawang ganap at buo (cf. Col. 4:12)
- ang mga sumasampalataya ay niligtas (cf. I Thess. 4:3)
- ang mga sumasampalatayang nagpapasalamat sa lahat ng bagay (cf. I Thess. 5:18)

MGA SULAT NI PEDRO
- ang mga sumasampalatayang gumagawa ng tama (i.e., nagpapasakop sa kapangyrihang sibil) at dahil dito napapatahimik ang mga hangal na tao (cf. I Pet. 2:15)
- ang mga sumasampalatayang naghihirap (cf. I Pet. 3:17; 4:19)
- ang mga sumasampalatayang hindi nabubuhay ng nakatuon sa sariling buhay (cf. I Pet. 4:2)

MGA SULAT NI JOHN
 mga sumasampalatayang sumusunod magpakailanman (cf. I John 2:17)
 ang susi ng mga sumasampalataya sa sinagot ng panalangin (cf. I John 5:14)
 "sumakaniya ang kaluwalhatian magpakailanman. Siya nawa" Itong parirala, napakapangkaraniwan sa mga kasulatan nina Paul at Pedro, ay Malabo. Minsan ito ay tumutukoy sa Diyos Ama (cf. Rom. 11:36; Eph. 3:21; I Pet. 4:11; 5:11; Jude 25; Rev. 1:6; 7:12), sometimes to Jesus the Son (cf. II Tim. 4:18; II Pet. 3:18) at minsan sa pareho (cf. Rom. 16:27; I Tim. 1:17; Rev. 5:13 at dito). Kalimitan ang mga NT manunulat ay gumagamit ng parehong titulo, mga gawa, at mga parirala upang ilarawan ang parehong Ama at ang Anak bilang usang paraan ng paninindigan sa kapantayan at makadiyos ni Jesus ng Nazareth.

 "Siya nawa" Ang orihinal na Hebreong salita ay nangangahulugang "maging matatag." Ito ay umunlad sa isang pangsimbolong kaisipan ng katapatan, maasahan, at mapagkatiwalaan (cf. Hab. 2:4). Ito ay ginamit sa kaisipang "Aking pinapatibay" o "Ako ay sumasang-ayon sa" isang tanging pangungusap.

NATATANGING PAKSA: AMEN

I. LUMANG TIPAN
A. Ang terminong "Amen" ay mula sa salitang Hebreo para sa:
1. "katotohanan" (emeth, BDB 49)
2. "pagiging makatotohanan" (emun, emunah, BDB 53)
3. "tiwala" o "ang pagtitiwala"
4. "pananalig" (dmn, BDB 52)

B. Ang etimolohiya ay mula sa matibay na pisikal na tayo ng isang tao. Ang katapat nito ay ang di-matibay, dumadausdos g (cf. Deut. 28:64-67; 38:16; Ps. 40:2; 73:18; Jer. 23:12) o nadadapa (cf. Ps. 73:2). Mula sa literal na paggamit na ito ay nagkaroon ng metaporikang dagdag ang matapat, mapagkakatiwalaan, matapat, nat masasandigan (cf. Gen. 15:16; Hab. 2:4).

C. Mga Natatanging Gamit
1.. isang poste, II Kgs. 18:16 (I Tim. 3:15)
2. pagbibigay kasiguraduhan, Exod. 17:12
3. pagiging matibay, Exod. 17:12
4. pagiging matibay, Isa. 33:6; 34:5-7
5.totoo, I Kgs. 10:6; 17:24; 22:16; Prov. 12:22
6. matatag, II Chr. 20:20; Isa. 7:9
7. mapagkakatiwalaan (Torah), Ps. 119:43,142,151,168

D. Sa OT dalawa pang ibang termino ng Hebreo ang ginamit para sa aktibong pananampalataya.

1. bathach (BDB 105), tiwala

2. yra (BDB 431), pagkatapot, paggalang, pagsamba (cf. Gen. 22:12)

E. Mula sa pagpapakahulugan ng pagtitiwala o pagiging mapagkakatiwalaan nagkaroon ng gamit liturhuikal na siyang ginamit upang mapagtibay ang totoo o mapagkakatiwalaang pahayag ng ibang tao (cf. Deut. 27:15-26; Neh. 8:6; Ps. 41:13; 70:19; 89:52; 106:48).

F. Ang teyolohikal na susi sa terminong ito ay hindi ang pagiging mapagkakatiwalaan angsa sangkatauhan, subalit ang YHWH (cf. Exod. 34:6; Duet. 32:4; Ps. 108:4; 115:1; 117:2; 138:2). Ang pag-asa na lamang ng bagsak nang sangkatauhan ay ang maawaing mapagkakatiwalaang kasunduan ng pagiging tapat ng YHWH at ang Kanyang mga pangako Doon sa mga nakakakilala kay YHWH ay magiging kapareho Niya (cf. Hab. 2:4). Ang Bibliya ay isang kasaysayan at talaan ng Diyos sa pagsasauli sa Kanyang larawan (cf. Gen. 1:26-27) sa sangkatauhan. Ang kaligtasan ang magbabalik sa kakayahan ng sangkatauhan na magkaroong na malapit na ugnayan sa Diyos. Ito ang dahilan kun g bakit tayo nilikha.

II. ANG BAGONG TIPAN

A. Ang paggamit ng salitang "siya nawa" bilang isang pantapos na pangliturhikal na pagpapatibay ng mapagkatiwalaang sinabi ay pangkaraniwan sa NT (cf. I Cor. 14:16; II Cor. 1:20; Rev. 1:7; 5:14; 7:12).

B. Ang paggamit ng salitang pinakamalapit sa isang panalangin ay pangkaraniwan sa NT (cf. Rom. 1:25; 9:5; 11:36; 16:27; Gal. 1:5; 6:18; Eph. 3:21; Phil. 4:20; II Thess. 3:18; I Tim. 1:17; 6:16; II Tim. 4:18).

C. Si Jesus ang ang nag-iisang gumamit ng salita (kalimitang inuulit sa John) upang pauna sa mga mahahalagang pangungusap (cf. Luke 4:24; 12:37; 18:17,29; 21:32; 23:43)

D. Ito ay ginagamit bilang titulo para kay Jesus sa Rev. 3:14 (maaaring isang titulo ng YHWH mula sa Isa. 65:16).

E. Ang konseptp ng katapatan o pananampalataya, mapagkatiwalaan, o tiwala ay pinapahayag sa Griyegong salitang pistos o pistis, na sinasalin sa Ingles bilang "tiwala," "pananampalataya," "paniniwala."

NASB (BINAGO) TEKSTO: 13:22-24

22Mga katapid ko, ipinamamanhik ko sa inyo, na inyong tiisin ang salita ng matapat na panghihikayat, bagaman sinulatan ko na kayo ng maiksing sulat. 23Alamin ninyo na an gating kapatid na si Timoteo ay pinalaya na nila. Kapag siya ay dumating agad, sasama ako sa kaniya at magkikita tayo. 24Batiin ninyo ang lahat ninyong tagapangasiwa at ang lahat ng mga banal. Binabati kayo ng mga nasa Italya.

13:22-24 Ang pantapos na mga berso, 22-24, ay kapareho sa paraan ng pagtatapos ni Paul sa kanyang mga sulat na sinulat ng isang tagasulat, kung saan kinukuha niya ang panulat at magdadagdag ng isang maliit na personal na sulatin at biyaya.

13:22 "ipinamamanhik ko kayo" Ang may-akda ay tinatawag itong kanyang aklat "isang salita ng panghihikayat." Hinihikayat niya ang kanyang mga mambabasa kalimitan (cf. 3:13; 10:25; 12:15; 13:15,22). Sila ay makakapatid kay Cristo, ngunit sila ay dapat kumapit sa Kanya, sundin Siya, panglingkuran Siya!

 "batahin itong salita ng panghikayat" Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS, na nagbibigay-diin sa pagkasangkot ng paksa at umuutos ng patuloy na pakikinig. Ang pariralang "salita ng paghikayat" ay ginagamit sa Acts 13:15 para sa isang sambahayang sermon. Marami ang naniniwalang ito ay kung ano ang Hebreo noong simula, ngunit binago upang maging isang sulat,

13:23 "kapatid na si Timoteo" Tuwing gagamit si Paul ng "kapatid," ang pangalan ng tao ay laging nauuna (cf. Rom. 16:23; I Cor. 1:1; 16:12; II Cor. 1:1; 2:13; Phil. 2:25). Ito ay isang pangunahing katibayan laban sa panunulat ni Paul. Ang pagbanggit kay Timoteo ay naglalantad ng isang kapanahunan para sa katha ng aklat, sa panahong nabubuhay si Paul, o pagkatapos ng kanyang pagkamatay (A.D. 68), bago namatay si Timoteo.

 "pinalaya" Ito ay isang PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Wala tayong alam saan man sa Kasulatan o saan pa mang kinulong si Timoteo. Sa kanyang Word Pictures in the New Testament, p. 451, si A. T. Robertson ay naninindigang si Timoteo ay nakulong noong binisita niya si Paul, nabanggit sa II Tim. 4:11,21. Ang salitang "pinalaya" (PANGNAGDAANG BALINTIYAK NA PANDIWARI) ay ginagamit sa (1) Matt. 27:15; John 19:10; Acts 3:13; 4:21,23; 5:40 para sa paglaya mula sa kulungan at (2) Acts 13:3, pangsimbolo para sa paglaya mula sa isang paglingkod na gawain, at maaaring mangangahulugang ganito dito.

 "kapag siya ay dumating agad, magkikita tayo" Ito ay maaaring magpapahiwatig na ang may-akda ng Hebreo ay gumawa at naglakbay kasama si Timoteo.

13:24 "mga banal" Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:10.

 “iyong mga nagmumula sa Italya upang batiin kayo” Isa itong parirala na maaaring mangahulugan na (1) ang may-akda ay nasa Italya; (2) ang may akda ay mula sa Italya; (3) bahagi ng pangkat misyonaryo ng may-akda ay nagmula sa Italya; o (4) ang may-akda ay sumusulat patungo sa Italya. Sa Kristiyanismo ng mga Hudyo, ang sabi ni H. A. Dana na ang bersong ito ay nagpapahiwatig na ang sulat ay inakda sa mga Judiong pangkat ng simbahang nasa Roma. Ang unang pagbanggit sa aklat ng Hebreo ay ginawa ni Clemente ng Roma noong A.D. 97 (p. 270). Ngunit, sa tingin ko ito ay pinadala sa isang Judiong sambahayang (maaaring sa Roma) mayroong mga sumasampalataya bilang kasapi. Ang mga babala ay patukoy sa dalawang pangkat, ang mga sumasampalatayang Judiong pangkat (ang “kayo” ng kapitulo 6), para sa kanilang huwag tumalikod (cf. 10:38) at sa mga hindi sumasampalatayang pangkat (ang “sila” sa kapitulo 6) upang magsabi/magpahayag na si Jesus ang Messiah ang para sa dalawang pangkat na yakapin ang Cristianismo.

NASB (BINAGO) TEKSTO: 13:25
25Kasiyahan nawa kayong lahat.

13:25 “Kasiyahan nawa kayong lahat” Hindi ito sinaunang mga manuskritong Griyego P46 o W.

MGA TANONG PANTALAKAYAN

Isa itong komentaryo na gabay sa pag-aaral, na ang ibig sabihin ay may pananagutan ka sa iyong sariling interpretasyon ng Bibliya. Bawta isa sa atin ay kailangang maglakad ayon sa ilaw na mayroon tayo. Ikaw, ang Biblya, at ang Banal na Espirito ay ang binibigyang halaga sa interpretasyon. Hindi mo dapat ito ibigay sa isang nagkokomentaryo.

Ang mga tanong pantalakayan na ito ay ibinibigay upang matulungan kang makapag-isp sa mga mahahalagang isyu ng bahaging ito ng aklat. Hangad nito ang maging pamukaw-isipan, hindi pagpapakahulugan.

1. Kung ang Hebreo ay isang sulat, tiyak na makikita ito mula sa kapitulo 13, bakit wala itong panimulang pagbati?
2. Ang paitulo 13 ba ay sumasalamin sa mga di naniniwalang mga Hudyo o mga di-totoong mga tagapagturo?
3. Ano ang sinasabi nitong kapitulo tungkol sa mga “namumunong” mga Kristiyano?
4. Paano ang berso 23 nilagyan ng petsa ang aklat ng Hebreo?

APENDISE ISA

MAIIKLING KAHULUGAN NG MGA TERMINO NG GRIYEGONG GRAMATIKA

Ang Griyegong Koine, madalas na tinatawag na Griyegong Helinistiko, ay ang karaniwang wika ng mundong Mediteranyo simula sa panahon ng pananakop ni Alexander the Great (336-323 B.C.) at tumagal ng mga walong daang taon (300 B.C.-A.D. 500). Hindi lamang itong ginawang simple, na klasikong Griyego, subalit sa maraming mga paraan ito ay isang mas bagong uri ng wikang Griyego na naging pangalawang wika ng sinaunang daigdig na malapit sa silangan at Mediteranyo.

Ang Griyego ng Bagong Tipan ay naiiba dahil sa ang mga gumagamit nito, maliban kay Luke at ang may-akda ng Hebreo, ay maaaring gumamit ng Aramic bilang pangunahing wika nila. Kung sa gayon, ang mga panulat nila ay naimpluwensyahan ng Aramaic ang mga idyoma at mga porma ng istruktura. Dagdag pa, binasa nila at nagsipi sa Septuagint (saling Griyego ng OT) na sinulat rin ng Griyegong Koine. Subalit ang mga Septuagint ay sinulat din ng mga iskolar ng Hudyo na ang unang wika ay hindi Griyego.

Naging tagapagpaalala ito na hindi natin maaaring ipilit ang Bagong Tipan sa isang wikang mahigpit ang istruktura ng gramatika. Naiiba ito ngunit may maraming pagkakapareho sa (1) Septuagint; (2) mga manunalat na Hudyo tulad ng kay Josephus; at (3) ang papyri fan ay natagpuan sa Ehipto. Paano natin ngayon gagawin ang pagsusuri sa gramatika ng Bagong Tipan?

Ang mga katangiang gramatika ng Griyegong Koine at ang Bagong Tipan na Griyegong Koine ay mahusay. Sa maraming paraan isa itong pagpapasimple ng gramatika. Magiging pangunahing gabay natin ang nilalaman. Bibigyan lamang kahulugan ang mga salita sa mas malawak na konteksto. Kung gayon, maaari lamang maunawaan ang gramatikang istruktura sa liwanag ng (1) sa sariling estilo ng may-akda; at (2) isang particular na konteksto. Maaaring walang katiyakan ang mga kahulugan ng mga pormang Griyego. Ang Griyegong Koine ay pangunahing pasalitang wika. Kadalasan ang susi sa interpretasyon ay ang uri at porma ng mga berbal o mga salitang batay sa pandiwa. Ang mga pangunahing pandiwa ay kadalasan makikita sa unahan, na inilalabas ang kahalagahan nito. Sa pagsusuri ng pandiwa ng Griyego, tatlong

pirasong impormasyon ang dapat pansinin: (1) ang pagbibigay ng pangunahing diin sa panahunan/tense, panauhan/voice at panagano/mood (ang paglabas ng mga salita o morpolohiya); (2) ang payak na kahulugan ng tiyak na pandiwa (leksikograpiya); at (3) ang daloy ng konteksto o kahulugan (sintaks).

I. PANAHUNAN/TENSE

A. Ang Panahunan o aspekto ay nagsasaad ng ugnayan ng mga pandiwa sa nakumpleto nang mga kilos o hindi pa nakumpletong kilos. Tinatawag ito kadalasan na “nagawa na” at “di pa nagagawa.”

1. Ang pokus ng mga panahunang perpektibo ay ang pangyayari ng kilos. Wala nang dagdag pang impormasyon ang ibinibigay maliban sa may nangyari! Ang simula nito, pagpapatuloy o katapusan ay hindi tinutugunan.

2. Ang pokus ng mga panahunang di-perpektibo ay ang proseso ng pagpapatuloy ng kilos. Maaari itong ilarawan sa pamamagitan ng mga termino ng diretsong kilos o aksyon, nagpapatuloy na kilos, atbp.

B. Mauuri ang mga panahunan ayon sa kung paano nagpapatuloy ang kilos ayon sa pagtingin ng may-akda.

1. Nangyari na = AORIST
2. Nangyari na at ang tumutugo ang resulta = PERPEKTO
3. Nagyari ito sa nakaraan at ang mga resulta ay tumutugon, subalit hindi ngayon = PLUPERPEKTO
4. Nangyayari ito = PANGKASALUKUYAN
5. Nangyayari ito = DI PA PERPEKTO
6. Mangyayari ito = PANGHINAHARAP

Isang konkretong halimbawa kung paaano ang mga panahunang ito ay makakatulong sa interpretasyon ay ang terminong "ligtas." Ginamit ito sa ilang magkakaibang panahunan upang maipakita ang kapwa proseso nito at kabuuan: I

1. AORIST - "naligtas" (cf. Rom. 8:24)
2. PERPEKTO - "nailigtas ka at nagpatuloy ang resulta” (cf. Eph. 2:5,8)
3. PANGKASALUKUYAN - "inililigtas" (cf. I Cor. 1:18; 15:2)
4. PANGHINAHARAP - "maililigtas" (cf. Rom. 5:9, 10; 10:9)

C. Sa pagbibigay tuon sa panahunan ng pandiwa, ang mga taga-interpret ay tinitingnan ang dahilan ng orihinal na may-akda na maipahayag ang sarili sa ilang panahunan. Ang karaniwan “walang palamuti” na panahunan ay ang AORIST. Ito ang regular na "hindi tiyak”, "walang marka,” o "walang pangalan” na pandiwa. Maaari itong gamitin sa maraming mapagpipiliang mga paraan na dapat natukoy ang konteksto. Ito ay simpleng pagpapahayag lamang ng pangyayari ng isang bagay. Ang nakaraang aspekto ay para lamang sa MOOD NA INDIKATIBO. Kung may iba pang panahunang ginamit, may iang mas tiyak na binibigyang-diin. Subalit ano?

1. PANAHUNANG PERPEKTO. Nagsasaad ito ng kumpletong kilos na may sumusunod na pangyayari. Ilang pagkakataon isa itong kombinasyon ng AORIST at mga PANAHUNANG PANGKASALUKUYAN. Kadalasan ay nakatuon ito sa sumusunod na resulta o pagkukumpleto ng isang kilos (halimbawa: Eph. 2:5 & 8, "nailigtas ka at patuloy na naililigtas”).
2. PANAHUNANG PLUPERFECT. Kagaya ito ng PERPEKTO maliban sa ang pagsunod sa resulta ay nawala. Halimbawa: John 18:16 "Nakatayo sa Pedro sa labas ng pinto.”
3. PANAHUNANG PANGKASALUKUYAN. Nagsasaad ito ng di kumpleto o imperpektong kilos. Ang diin ay kadalasan sa pagpapatuloy ng pangyayari. Halimbawa: I John 3:6 & 9, "Lahat na sumusunod sa Kanya ay hindi patuloy na nagkakasala.” "Lahat ng inangkin ng Diyos ay hindi na gumagawa ng kasalanan.”
4. PANAHUNANG DI PERPEKTO. Sa panahunang ito ang kaugnaya nito sa PANAHUNANG PANGKASALUKUYAN ay kahawig sa kelasyon sa pagitan ng PERPEKTO at ang PLUPERPEKTO. Ang DI PERPEKTO ay nagsasaad ng di-kumpletong kilos na nangyari subalit hindi na nagpatuloy o ang simula ng kilos ay sa nakaraan. Halimbawa: Matt. 3:5, "hanggang ang buong Herusalem ay nagpatuloy na pumunta sa kanya” o pagkatapos lahat ng Herusalem ay nagsimulang pumunta sa kanya.”
5. PANAHUNANG PANGHINAHARAP. Nagsasaad ito ng kilos na kadalasan ay binalak para sa darating na panahon. Nakapokus ito sa maaaring mangyari kaysa kasalukuiyang pangyayari. Madlas nagsasabi ito ng katiyakan ng pangyayari. Halimbawa: Matt. 5:4-9, "Mapalad ang...sila ay magiging...."

II. TINIG/VOICE

A. Ang tinig ay nagpapaliwanag sa ugnayan sa pagitan ng kilos ng pandiwa at simuno nito.

B. TINIG NA TAHASAN/ACTIVE VOICE ay ang karaniwan, inaasahan , di-binibigyan-diin na paraan sa pagpapahayag na ang simuno ang siyang nagsasagawa ng kilos ng pandiwa.

C. Ang TINIG NA KABALIKAN/PASSIVE VOICE ay nangangahulugan na ang simuno ang tumatanggap ng kilos ng pandiwa na isinagawa ng ahente sa labas. Ang tagalabas na ahenteng ito na siyang gumagawa ng kilos ay ipinapahiwatig sa sa Griyegong NT ng sumusunod na mga pangatnig at mga sitwasyon:

1. isang personal na tuwirang ahente ng hupo ng may ABLATIVE CASE (cf. Matt.1:22; Acts 22:30).
2. isang personal na ahenteng tagapamagitan sa dia ng may ABLATIVE CASE (cf. Matt. 1:22).
3. isang di-personal na ahente na karaniwan may en ng may INSTRUMENTAL CASE.
4. minsan maaaaring personal o di-personal na ahnete ng INSTRUMENTAL CASE lamang.

D. Ang GITNANG TINIG/MIDDLE VOICE ay nangangahulugan na ang simuno ang nagsasagawa ng kilos ng pandiwa at tuwiran ding kasama sa kilos ng pandiwa. Kadalasan ay tinatawag itong tinig ng mataas na personal na interes. Ang pagbubuo nito ay hindi matatagpuan sa Ingles. May malawak itong pakahulugan at pagsasasalin sa griyego. Ilang halimbawa ng uring ito ay ang mga:

1. REPLEKSIBO/REFLEXIVE – ang tuwirang aksyon ng simuno. Halimbawa: Matt. 27:5 "nagpatiwakal sa sarili."

2. MASIDHI/INTENSIVE – ang simuno ang nagsasagawa ng kilos para sa sarili. Halimbawa: II Cor. 11:14 "Si Satanas ay nagpapanggap ng kanyang sarili bilang anghel ng liwanag."

3. TUMBASAN/RECIPROCAL – ang paglalaro ng dalawang simuno. Halimbawa:: Matt. 26:4 "nagbigayan sila ng payo sa isa't isa."

III.PANAGANO/MOOD (o "MODE")

A. Mayroong apat na mood sa Griyegong Koin. Ipinpakita ng mga ito ang ugnayan ng pandiwa sa realidad, Kahit sa loob ng isipan ng may-akda. Ang mga mood ay nahahati sa dalawa malalawak na kategorya: iyong nasasaad ng katotohanan (INDICATIVE) at ang nagsasaad ng potensyal o maaari pang mangyari (SUBJUNCTIVE, IMPERATIVE at OPTATIVE).

B. Ang MOOD NA INDIKATIBO ay ang karaniwang mood na nagsasaad ng kilos na nangyari ni kasalukuiyang nangyayari, kahit sa isipan lamang ng may-akda. Sa mood lamang ng Griyego naipapahayag ang tiyak na panahon, at kahit ditto ang aspektong ito ay pangalawa lamang.

C. Ang MOOD NA SUBHETIBO ay nagpapahayag ng maaaring mangyari sa hinaharap. Hindi pa nangyayari ang isang bagay subalit may tsansa na mangyayari ito. Halos kapareho nito ang INDIKATIBO SA HINAHARAP. Ang pagkakaiba nito ay nagpapahayag ang SUBHETIBO ng bahgyang pag-aalinlangan. Sa Inglesh kadalasan ay ipinapapahayag ito sa pamamagitan ng mga terminong "maaaring magawa," "maaaring gawin," "maaari," o "baka."

D. Ang MOOD na OPTATIVE ay nagpapahayag ng hangarin na maaaring mangyari sa isipan. Ipinapalagay itong isang hakbang na mas malayo sa katotohanan kaysa SUHETIBO. Ang ay nagpapahayag ng posibil;idad na mangyari ayon sa ilang kondisyon. Ang OPTATIVE ay madalang matagpuan sa Bagong Tipan. Ang madalas na gamit nito ay sa kilalang parirala ni San Pablo, “Sana hindi ito mangyari,” (KJV, "God forbid"), na ginamit ng labinlimang beses (cf. Rom. 3:4, 6, 31; 6:2, 15; 7:7, 13; 9:14; 11:1, 11; I Cor. 6:15; Gal. 2:17; 3:21; 6:14). Ang ibang mga halimbawa ay matatagpuan sa Luke 1:38, 20:16, Acts 8:20, at I Thess. 3:11.

E. Ang MOOD NA IMPERATIBO ay nagbibigay-diin ng pautos na maaaring mangyari, subalit ang diin ay sa hangarin ng nagsasalita. Ipinipilit lamang ito sa sariling pagkukusa na posibilidad at nakakondisyon sa mga pagpili ng ibang tao. Mayroong mga espesyal na pagagamit ng IMPERATIBO sa mga dasal at pangatlong panauhang pakiusap. Ang mga pag-uutos na ito ay matatagpuan lamang sa PANGKASALUKUYAN at AORIST na mga panahunan sa NT.

F. Ilang gramatika ang nasa kategorya ng mga PARTICIPLES bilang isang uri ng mood. Pangkaraniwan ang mga ito sa sa Griyegong NT, na kadalasan ay pinapakahulugan bilang mga verbal adjectives. Isinasalin ang mga ito na pandugtong sa pangunahing pandiwa kun g saan ito kaugnay. Malawak na mapagpipilian ang possible sa pagsasalin ng mga pandiwiwari. Mahalagang kumunsulta sa olang mga pagsasalin sa Ingles. Ang Bible in Twenty Six Translations na inlathala ni Baker ay makakatulong ng malaki dito. Ang AORIST NA AKTIBONG INDIKATIBO ay ang karaniwan o "walang tanda" na paraan sa pagrekord ng pangyayari. Ang anumang panahunan, *voice* o *mood* ay may ilang tiyak na kahalagahan sa pagpapakahulugan na nais ipaabot ng orihinal na may-akda.

IV. Sa taong hindi pamilyar sa Griyego ang sumusunod na mga pantulong sa pag-aaral ay makakapagbigay ng impormasyon:

A. Friberg, Barbara at Timothy. Analytical Greek New Testament. Grand Rapids: Baker, 1988.

B. Marshall, Alfred. Interlinear Greek-English New Testament. Grand Rapids: Zondervan, 1976.

C. Mounce, William D. The Analytical Lexicon to the Greek New Testament. Grand Rapids: Zondervan, 1993.

D. Summers, Ray. Essentials of New Testament Greek. Nashville: Broadman, 1950.

E. Mga pang-akademikong may akreditasyon na Griyegong Koine na mga kurso sa korespondensya na matatagpuan sa Moody Bible Institute saChicago, IL.

V. PANGNGALAN

A. Ayon sa sintaks, ang mga panggalan ay nauuri sa kaso. Ang kaso ay ang uri ng porma ng panggalan na nagpapakita ng relasyon nito sa pandiwa at iba poabng bahagi ng mga pang-ukol. Dahil sa ang porma ng kaso ay maaaring matukoy sa ilang iba't ibang relasyon nito, ang mga pang-ukol ay nagawa upang makapgbigay ng mas malinaw na paghihiwalay sa posibleng mga gamit nito.

B. Ang mga kasong Griyego ay nauuri sa walong sumusunod na paraan:

1. Ang KASONG NOMINATIBO ay ginamit sa pagpangalan at kalimitan ay siyang simuno ng pangungusap o sugnay. Ginamit din ito sa mga panaguring panggalan at pang-uri na may pandugtong na pandiw na “to be” o “become.”

2. Ang KASONG GENITIBO ay ginagmit sa paglalarawan at kalimitan ay itinatalaga bilang katangian o kalidad ng salita kung saan ito ay may kaugnayan. Sinasagot nito ang tanong, “ "Anong uri?” Kalimitan ay ipinapahayag ito sa Inglis na pang-ukol “ng”.

3. Ang KASONG ABLATIBO ay ginagamit sa parehong porma ng inpleksyon o pagbabago ng tono. Ang KASONG ABLATIBO ay ginagamit sa parehong kaso ng porma ng inpleksyon gaya ng GENITIBO, subalit ito ay ginagamit sa pagllarawan ng paghihbiwalay. Kalimitan ay nagpapahayag din ito ng paghihiwalay ayon sap unto ng oras, espasyo, pinaggalingan, pinagmulan o degri. Madalas ay ipinapahayag ito sa paggamit ng preposisyong Inglis na “mula.”

4. Ang KASONG DATIVE ay naglalarawan ng interes na personal. Maari itong magpahayag ng positibo o negatibong aspekto. Madalas ay isa itong di-tuwirang layon. Madalas itong ipahayag sa pang-ukol na Ilnglis na “sa.”

5. Ang KASONG LOKATIBO ay kaparehong pormang inpleksyon gaya ng DATIVE, subalit inilalalrawan nito ang posisyon o lokasyon sa espasyo, oras o mga lohikal na mga paglilimita. Kalimitan ay ipinapahayag ito sa pang-ukol na Inglis na “sa, sa karamihan, sa panahon, ng, sa pagdating, at katabi.”

6. Ang KASONG INSTRUMENTAL ay kaparehong porma ng inpleksyon ng DATIVE at LOKATBONG mga kaso. Ipinapahayag ito sa pamamaraan o asosasyon. Kalimitan ay ipinapahayag ito sa Inglis na pang-ukol na “ni” o “kasama ang.”

7. Ang KASONG ACCUSATIVE ay ginamit sa paglalarawan ng pagtatapos ng kilos o aksyon. Nagpapahayag ito ng limitasyon. Ang pangnahing gamit nito ay bilang tuwirang layon.Sinagot nito ang tanong na “Gaano kalayo?” o “Hanggang saan?”

8. Ang KASONG VOCATIVE ay ginamit para sa mga tuwirang pag-adres.

VI. MGA TAGAPAG-UGNAY AT TAGAPAGDUGTONG

A. Ang Griyego ay isang ganap o tumpak na wika dahil mayroon itong maraming tagapagdugtong. Pinagdudugtong nila ang mga pag-iisip (mga sugnay, mga pangungusap, at mga talata). Masyadong itong karaniwan na ang kawalaqn ng mga ito (asyndeton) ay

madalas mahalaga sa pagpapaliwanag. Kung tutuusin, ang mga tagapag-ugnay at mga taqgapagdugtong na ito ay nagpapakita sa direksyon ng isipan ng may-akda. Kalimitan ay mahalaga ang mga ito sa pagtukoy kung an gang tiyak na nais na ipaalam niya.

B. Narito listahan ng ilang mga tagapag-ugnay at tagapagdugtong at ang kanilang mga kahulugan (ang impormasyong ito ay karamihang makikita mula sa H. E. Dana at Julius K. Mantey's *A Manual Grammar of the Greek New Testament*).

7. Mga pamanahong tagapagdugtong

e. epei, epeid , hopote, h s, hote, hotan (subj.) - "kailan"

f. he s - "habang"

g. hotan, epan (subj.) - "kapag"

h. he s, achri, mechri (subj.) - "hanggang"

i. priv (infin.) - "bago"

d. hos - "since," "when," "as"

8. Lohikal na mga pandugtong

a. Layon

(1) *hina (subj.), hopos (subj.), hos - "upang"," "nang"*

(2) hoste (articular accusative infinitive) - "iyan"

(3) pros (articular accusative infinitive) or eis (articular accusative infinitive) - "na"

b. Resulta (may malapit na ugnayan sa pagitan ng mga pormang gramatika ng layon at resulta)

(1) hoste (infinitive, this is the most common) - "upang", kung gayon"

(2) hiva (subj.) - "upang"

(3) ara - "upang"

c. Sanhi o dahilan

(*1) gar (dahilan/epekto o dahilan/konklusyon) - "para sa," "dahil sa"*

(2) dioti, hotiy - "because"

(3) epei, epeide, hos - "since"

(4) dia (with accusative) and (with articular infin.) - "because"

d. Paghinuha o Inperensyal

(1) *ara, poinun, hoste - "therefore"*

(2) dio (strongest inferential conjunction) - "para saan","kung sa gayon" "kung gayon"

(3) oun - "kung gayon," "kaya," "pagkatapos," "kaya"

(4) toinoun - "nang alinsunod sa"

e. Pagsalungat o pangkontra

(1) alla (strong adversative) - "subalit," "maliban sa"

(2) de - "but," "however," "yet," "on the other hand"

(3) kai - "but"

(4) mentoi, oun - "however"

(5) plen - "never-the-less" (mostly in Luke)

(6) oun - "however"

f. Paghahambing

(1) *hos, kathos (pagsisimula ng mga sugnay na naghahambing)*

(2) kata (sa mga tambalan, katho, kathoti, kathosper, kathaper)

(3) hosos (sa Henreo)

(4) e - "kaysa"

g. Pagpapatuloy o serye

(1) de - "at," "ngayon"

(2) kai - "at"

(3) tei -"at"

(4) hina, oun - "iyan"

(5) oun - "pagkatapos" (sa John)

9. Mga gamit na pandiin

a. alla - "tiyak," "oo," "ang katotohanan"

b. ara - "sa katunayan," "may katiyakan," "talaga"

c. gar - "subalit ang totoo," "tiyak," "sa katunayan"

d. de - "sa katunayan"

e. ean - “kahit na”

f. kai - “kahit na,” “sa katunayan,” “talaga”

g. mentoi - “sa katunayan”

h. oun - “totoo,” “sa lahat ng paraan”

VII. MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI O KONDISYONAL

A. Ang PANGUNGUSAP NA KONDISYONAL ay nalalaman ng isa o higit pang mga sungnay na kondisyonal. Nakakatulong ang istrukturang gramatika na ito sa pagpapakahulugan dahil sa nagbibigay ito ng mga kondisyon, mga dahilan o mga sanhi kung bakit ang isang kilos o aksyon ng pangunahing pandiwa ay nangyayari o hindi nangyayari. Mayroong apat na uri ng mga pangungusap na kondisyonal. Gumagalaw ito mula sa ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang layon kung saan ito ay hangarin lamang.

B. Ang UNANG URI NG PANGUNGUSAP NA KONDISYONAL ay ipinapahayag sa kilos o pangyayari na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga layon kahit na ipinahayag ito ng may “kung” (cf. Matt. 4:3; Rom. 8:31). Gayunman, hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng mga UNANG URI ay tooto sa katotohanan. Madlas ginagamit ito upang magbigay diin ng punto sa isang pagtatalo o magbigay ng diin sa kamalian (cf. Matt. 12:27).

C. Ang PANGALAWANG URI NG PANGUNGUSAP NA KONDISYONAL ay madalas na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Nagsasaad ito ng hindi nangyayari sa katotohanan sa pagbigay ng punto. Halimbawa:

1. "Kung Siya talaga ay propeta na sa katotohanan ay hindi naman Siya, malalaman Niya kung sino at anong pag-uugali ng babae ang kakapit sa Kanya, sibalit hindi naman Siya " (Luke 7:39)
2. "Kung naniniwala ka talaga kay Moises, na hindi ka naman naniniwala, maniniwala ka sa akin, na hindi ka naman naniniwala " (John 5:46)
3. "Kung nagsisikap pa rin akong maging kaaya-aya sa tao, na hindi naman, hindi ako magiging alipin ng Kristo, na hindi naman ako " (Gal.1:10)

D. Ang PANGATLONG URI ay nagsasaad ng posibleng aksyon sa hinaharap. Nagsasaad ito kadalasan ng di inaasahan. Ang aksyon ng ng pangunahing pandiwa ay inaasahan sa kasyon sa pariralang “kung”. Mga halimbawa mula sa I John: 1:6-10; 2:4,6,9,15,20,21,24,29; 3:21; 4:20; 5:14,16.

E. Ang PANG-APAT URI ang siyang pinakamalayo mula sa posibilidad. Madalang ito sa NT. Sa totoo, walang kumpletong PANG-APAT NA URI NG PANGUNGUSAP NA KONDISYONAL kung saan ang parehong bahagi ng kondisyon ay tumutugma sa kahulugan. Ang isang halimbawa ng PANG-APAT NA URI ay ang panimulang sugnay sa I Pet. 3:14. Ang isang halimbawa ng bahagyang PANG-APAT NA URI sa pagtatapos na sugnay ay ang Acts 8:31.

VIII. MGA PAGBABAWAL

A. Ang PANGKASALUKUYANG IMPRERATIBO na may AKONG KATAGA kadalasan (subalit hindi eksklusibo) ay may pagbibigay-diin sa paghinto sa kilos na nasimulan na. Ilang halimbawa: "ihinto ang pag-iipon ng yaman sa mundo… " (Matt. 6:19); "huminto sa pag-alala tungkol sa iyong buhay. . ." (Matt. 6:25); "huminto sa pagbibigay sa kasalanan ang mga bahagi ng inyong mga katawan bilang instrument ng mga kamalian. . ." (Rom. 6:13); "dapat huminto ka sa paggawa ng masama sa Banal na Espiritu ng Diyos. . ." (Eph. 4:30); at "huminto sa pag-inom ng alak. . ." (5:18).

B. Ang AORIST NA SUHETIBO na may AKONG KATAGA ay nagbibigay-diin sa "huwag magsisimula o simulan ang isang kilos." Ilang mga halimbawa: "Huwag magsisimula na ipalagay na. . ." (Matt. 5:17); "huwag kailanman magsisimulang pag-alala . . ." (Matt. 6:31); "dapat hindi ka mahihiya. . ." (II Tim. 1:8).

C. Ang DOBLENG NEGATIBO na may SUHETIBONG MOOD ay isang pagdidiin na pagtanggi. "Hindi, hindi kailanman” o "hindi sa kahit sa anumang pagkakataon.”

Ilang halimbawa: hindi siya kailanman makakaranas ng pagkamatay" (John 8:51); "Hindi ako kailanman, hindi, hindi kailanman . . ." (I Cor. 8:13).

IX. ANG PANTUKOY

A. Ang Griyegong Koine ang tiyak ng pantukoy na "ang" ay pareho ang gamit sa Inglis. Ang pangunahin nitong gamit ay ang pagiging "tagaturo," isang paraan upang mabigyan ng tuon o atensyon ang salita, pangalan o parirala. Nag-iiba ang gamit sa bawat may-akda sa Bagong Tipan. Ang tiyak na pantukoy ay ginagamit din

1. bilang paraan ng paghahambing gaya ng mga panghalip na pamatlig;
2. bilang palatandaan upang tukuyin ang dati nang naipakilala na paksa o tao;
3.isang paraan upang matukoy ang paksa sa pangungusap na may pandiwang tagapag-ugnay. Mga halimbawa: "Ang Diyos ay Espiritu" (John 4:24); "Ang Diyos ay siyang ilaw"
(I John 1:5); "Ang Diyos ay pag-ibig" (4:8,16).

B. Ang Griyegong Koine ay walang di-tiyak na pantukoy gaya ng Inglis na "a" o "an."Ang pagkawala ng tiyak na pantukoy ay mangangahulugan ng

1.ang pagtuon o pokus sa isang katangian o kalidad ng isang bagay:
2. ang pagtuon o pokus sa uri ng isang bagay.

C. Ang mga may-akda ng NT ay nag-iiba-iba kung paano gagamitin ang pantuntukoy.

X. MGA PARAAN NG PAGPAPAKITA NG PAGBIBIGAY-DIIN SA GRIYEGONG BAGONG TIPAN

A. Ang mga paraan ng pagpapakita ng pagbibigay-diin ay nag-iiba sa bawat may-akda ng sa Bagong Tipan. Ang hindi nagbabago at pormal na mga manunulat ay sina Luke at ang may-akda ng mga Hebreo.

B. Nasabi na naming na ang AORIST ACTIVE INDICATIVE ay istandard at walang pananda sa pagbibigay-diin, subalit ang iba pang tense, voice o mood ay magkahalagahan sa pagbibigay kahulugan o interpretasyon. Hindi ibig sabihin na ang AORIST ACTIVE INDICATIVE ay hindi madalas gamitin sa isang mahalagang gramatikong pakahulugan. (Halibawa: Rom. 6:10 [dalawang beses]).

C. Pagkakaayos ng mga salita sa Griyegong Koine

1. Ang Griyegong Koine ay isang wikang inflected na hindi nakadepende sa pagkakaayos ng mga salita. Kung sa gayon, ang may-akda ay maaaring baguhin ang karaniwang pagkaka-ayos ng mga salita upang maipakita

a. ano ang nais na bigyan-diin ng may-akda para sa mambabasa;

b.kung ano ang iniisip ng may-akda na makakagulat sa mambabasa;

c.ano ang matinding nararamdaman ng may-akda.

2. Ang karaniwang ayos ng mga salitang Griyego ay patuloy pa ring di-mapagkasunduan. Gayunman, ang dapat na ayos ng mga salita ay:

a. para sa mga pandiwang pandugtong

(1) pandiwa

(2) simuno

(3) komplemento

b. para sa mga pandiwang palipat/transitib

(1) pandiwa

(2) simuno

(3) layon

(4) di-tuwirang layon

(5) pariralang pang-ukol

c. para sa mga pariralang pangngalan

(1) panggalan

(2) tagapagturing

(3) pariralang pang-ukol

3. Ang kaayusan ng mga salita ang napakahalagang puntong sa pagpapaliwanag. Mga halimbawa:

a. "binigay nila ang kanang kamay sa akin at sa Barnabas ang pakikipagsamahan o *fellowship*." Ang pariralang “kanang kamay pakikipagsamahan” ay magkahiwalay at naipapakita ang kahalagahan (Gal. 2:9).

b. "kay Kristo” ay iniunan. Pangunahin ang kanyang pagkamatay (Gal. 2:20).

c. "Paunti-unti ito at sa maraming magkaka-ibang paraan (Heb. 1:1) ang unang inilagay. Ipinapakita rito ang kaibhan kung paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang sarili, hindi ang pagkakabunyag. was placed first.

D. Kadalasan ang may ilang antas ng pagbibigay-diin ang ipinakita

1. Ang pag-uulit ng panghalip ay naipakita na sa inflected form ng pandiwa. Halimbawa: "Ako, ako mismo, ay tiyak na makakasama sa iyo. . ." (Matt. 28:20).

2. Ang pagkawala ng inaasahang pangdugtong, o iba pang paraan ng pagdudugtong sa pagitan ng mga salita, parirala, sugnay o mga pangungusap. Tinatawag itong asyndeton ("hindi nakadugtong"). Ang paraang tagapag-ugnay ay inaasahan kung kaya ang pagkawala nito ay nakakakuha ng atensyon. Mga halimbawa:

a. Ang Beatitudes, Matt. 5:3ff (ang binigyang diin na listahan)

b. John 14:1 (bagong paksa)

c. Romans 9:1 (bagong seksyon)

d. II Cor. 12:20 (binigyang diin na listahan)

3. Ang pag-uulit ng mga salita o parirala ay makikita sa ibang kontyeksto Mga halimbawa: "ang pagsamba sa Kanyang kadakilaan " (Eph. 1:6, 12 &14). Ang pariralang ito ay ginamit upang maipakita ang gawain ng bawat tao san g Santisima Trinidad o *Trinity*.

4. Ang paggamit ng idyoma o salita (tunog) sa pahitan ng mga termino

a. euphemisms – pamalit na mga salita para sa mga salitang bawal, gaya ng "pagtulog" para sa pagkamatay (John 11:11-14) o "mga paa" para sa ari ng lalaki (Ruth 3:7-8; I Sam. 24:3).

b. circumlocutions – mga pamalit na salita sa pangalan ng Diyos, gaya ng, “Sa Kaharian ng langit” (Matt. 3:21) o "boses mula sa langit” (Matt. 3:17).

c. mga bahagi ng pananalita

(1) mga di makatotohanang pagmamalabis (Matt. 3:9; 5:29-30; 19:24)

(2) mga pagsasaad na bahagya lamang (Matt. 3:5; Acts 2:36)

(3) pagbibigay katauhan (I Cor. 15:55)

(4) pang-uuyam (Gal. 5:12)

(5) mga tulang passages (Phil. 2:6-11)

(6) mga paglkalaro ng tunog sa pagitan ng mga salita

(a) "simbahan”

(i) "simbahan" (Eph. 3:21)

(ii) "pagtawag" (Eph. 4:1,4)

(iii) "tinawag" (Eph. 4:1,4)

(b) "malaya"

(i) "babaeng malaya" (Gal. 4:31)

(ii) "kalayaan" (Gal. 5:1)

(iii) "malaya" (Gal. 5:1)

d. wikang idyomatiko – wika na kadalasan ay batay sa kultura at wikang tiyak:

(1) piguratibong gamit ng "pagkain." (John 4:31-34)

(2) piguratibong gamit ng "Templo." (John 2:19; Matt. 26:61)

(3) idyoma ng damdamin ng Hebreo, "galit." (Gen. 29:31; Deut. 21:15; Luke 14:36; John 12:25; Rom. 9:13)

(4) "Lahat" kontra "marami." Ikumpara ang Isa. 53:6 ("all") sa 53:11 & 12 ("marami.") Ang mga terminong magkasingkahulugan gaya ng sa Rom. 5:18 at 19 ay nakikita.

5. Ang gamit ng kabuuang pariralang lingguwistiko sa halip na isang salita. Halimbawa: "Ang Panginoong Hesuskristo."

6. Ang espesyal na gamit ng autos

a. kapag may kasamang pantukoy (na nasa attributive position) ito ay isinalin na it was translated "pareho."

b. kapag walang pantukoy (na nasa predicate position) ay isinalin ito na panghali na intensive reflexive —"kanya,""kanya" or "nito."

E. Ang isang mag-aaral ng hindi Griyegong nagbabasa ng Bibliya ay matutukoy ang pagbibigay-diin sa ilang mga paraan:

1. Ang paggamit sa pagsusuring lexicon at interlinear na tekstong Griyego/Ingles.

2. Ang paghahambing sa mga pagsasaling Inglis, partikular na mula sa iba't ibang mga teyorya ng pagsasalin. Halimbawa: pagkukumpara ng "salita sa bawat salita" (KJV, NKJV, ASV, NASB, RSV, NRSV) na may "dinamikong katumbas" (Williams, NIV, NEB, REB, JB, NJB, TEV). Magandang makatulong dito ang The Bible in Twenty-Six Translations na inilathala ni Baker.

3. Ang paggagamit sa The Emphasized Bible ni Joseph Bryant Rotherham (Kregel, 1994).

4. Ang paggamit sa napaka-literal na pagsasalin

a. Ang American Standard Version ng 1901

b. Ang Young's Literal Translation of the Bible ni Robert Young (Guardian Press, 1976).

Ang pag-aaral ng gramatika ay isang matagal at nakakapagod subalit kailangan para sa tamang interpretasyon. Ang maiikling kahulugan, mga komento at mga halimbawa ay upang mahikayat at maibahagi sa mga di-Griyego mga mambabasa ang gamitin ang mga notes sa gramatika na kasama sa volume na ito. Tiyak na ang mga kahulugan dito ay pinadali. Dapat hin di ito gamatin sa isang paraang dogmatic at naibabagay, subalit bilang paunang paraan sa may makabubuting pag-unawa sa kahulugan o sintaktika ng Bagong Tipan. Inaasahan na ang mga kahulugang ito ay makakatulong sa mga mambababsa na maunawaan ang mga komentaryo ng iba pang mga pantulong sa pag-aaral gaya ng teknikal na mga komentaryo sa Bagong Tipan. Kailangan din nating alamin kung an gating mga interpretasyon ay nakabase sa mga aytem ng impormasyon namatatagpuan sa mga tekto ng Bibliya. Ang gramatika ay isa sa mga nakakatulong sa mga aytem na ito; ang iba pang mga aytem ay kabilang ang tagpuang pangkasaysayan, konteksto ng panitikan, pangkasalukuyang gamit ng mga salita, at kaparehong mga *passages.*

APENDISE DALAWA

KRITISISMO SA TEKSTO

Ang paksang ito ay ilalahad sa paraang matatalakay ang mga tekstong nilalaman na matatagpuan sa komentaryong ito. Ang sumusunod na balangkas ay gagamitin.

I. Ang mga pinagmulan ng teksto na galing sa Ingles na Bibliya

A. Lumang Tipan

B. Bagong Tipan

II. Maikling pagtalakay sa mga problema at teyorya ng mababang kritisismo na tinatawag ding kritisismo sa teksto.

III. Mga Mungkahing pinagmulan para sa iba pang babasahin.

I. Ang mga pinanggalingan ng Ingles na Bibliya

A. Lumang Tipan

1. *Mesoretic Text* (MT) – Ang Hebreong teksto ng mga katinig ay inilapat ni Rabbi Aquiba noong AD 100. Ang mga punto ng patinig, mga diin, mga nota sa paligid, pagbabantas at mga punto ng mga aparatus ay sinimulang isinama noong ika-anim na siglo AD at natapos noong ika-siyam na siglo AD. Ito ay ginaya ng isang pamilya ng mga Hudyong iskolar na kilala bilang *Masoretes*. Ang ginamit nilang uri ng teksto ay pareho ng nasa *Mishnah, Talmud, Targums, Pashitta* at *Vulgante*.

2. *Septuagint* (LXX) – Ayon sa tradisyon, ang *Septuagint* ay ginawa ng pitumpong Hudyong iskolar sa loob ng pitumpong araw para sa aklatan ng *Alexandria* sa ilalim ng pensiyon ni Haring Ptolemy II (285-246 BC). Ang pagsalin ay umano'y hiling ng isang Hudyong lider na nakatira sa *Alexandria*. Ang pagsalin na ito ay mula sa "Sulat ni Aristeas." Ang LXX ay karaniwang ibinase sa ibang Hebreong tradisiyong tekstuwal ni Rabbi Aquiba (MT).

3. *Dead Sea Scrolls* (DSS) – Ang *Dead Sea Scrolls* ay isinulat noong Roman BC (200 BC hanggang AD 70) ng isang pangkat ng mga *Jewish separatists* na tinatawag na *Essenes*. Ang mga Hebreong manuskripto, na natagpuan sa maraming lugar sa paligid ng *Dead Sea* ay nagpapakita ng ibang *Hebrew textual family* sa likod ng parehong MT at ng LXX.

4. Ilang tiyak na halimbawa ng pagkukumpara ng mga tekstong ito ay nakatulong sa mga tagapagsalin na intindihin ang Lumang Testamento

a. Ang LXX ay nakatulong sa mga tagasalin at iskolar na intindihin ang MT

(1) ang LXX ni Isa. 52:14, "kasindami ng namamangha sa kanya"

(2) ang MT ni Isa. 52:14, "kasindami ng nagtataka sa kanya"

(3) sa Isa. 52:15 ang kaibhan ng panghalip ng LXX ay nakumpirma

(a) LXX, "upang ang maraming mga bansa ay makita ang kamangha-mangha sa kanya" (b) MT, "upang siya ay magwisik sa maraming mga bansa"

b. Nakatulong ang DSS sa mga tagapagsalin at iskolar na maintindihan ang MT

(1) ang DSS ni Isa. 21:8, "pagkatapos ang tagahula ay umiyak, Sa isang toreng pangbantay ako nakatayo…"

(2) Ang MT ni Isa. 21:8, "at umiyak ako na parang lion! Aking Panginoon, lagi akong nakatayo sa toreng pambantay sa araw…

c. Ang parehong LXX at DSS ay nakatulong na linawin ang Isa. 53:11

(1) LXX at DSS, "pagkatapos ng paghihirap ng kanyang espiritu makikita niya ang liwanag, masisiyahan siya"

(2) MT, "magigita niya . . .ang paghihirap ng kanyang espiritu, Masisiyahan siya"

B. Bagong Tipan

1. Higit sa 5,300 manuskripto ang buo o mayroon pa ring mga parteng Griyegong Bagong Testamento. Mga 85 ay sinulat sa *papyri* at 268 ay nakasulat sa malalaking letra (*uncials*). Nang maglaon, noong bandang ika-siyam na siglo AD, isang iskrito na nagpapatuloy (*miniscule*) ang nagawa. Ang mga Griyegong manuskripto ay nakasulat sa anyong numero ay mga 2, 700. Mayroon din tayong mga 2, 100 kopya ng mga listahan ng mga teksto ng Banal na Bibliya na ginamit sa pagsamba sa mga tinatawag nating *lectionaries*.

2. Mga 85 Griyegong manuskripto ang naglalaman ng mga bahagi ng Bagong Testamento ng mga nakasulat sa *papyrus* ang nakabahay sa mga museo. Ang ilan ay naka-petsa mula ikalawang siglo AD ngunit ang karamihan ay mula sa ikatlo at ika-apat na siglo AD. Wala sa MSS na ito ang naglalaman ng buong Bagong Testamento. Hindi dahil ito ay ang mga pinakalumang kopya ng Bagong Testamento ay ibig sabihin mayroon silang mas kaunting mga pagkakaiba. Marami sa mga ito ay mabilisang kinopya para sa lokal na paggamit. Walang pag-alaga ang naganap sa prosesong ito. Kaya marami silang nilalamang pagkakaiba.

3. *Codex Sinaiticus*, kilala sa pamamagitan ng letrang Griyego na W (*aleph)* ng (01) ay natagpuan sa monasteryo ng *St. Catherine* sa Mt. Sinai. Ito ay nakapetsa mula sa ika-apat na siglo AD at naglalamn ng parehong LXX ng DT at Griyegong NT. Ito ay isa sa mga uri ng *Alexandrian Text*.

4. *Codex Alexandrius* kilala bilang "A" o (02) ay isang ika-limang siglong Griyegong manuskripto na natagpuan sa Alexandria, Ehipto.

5. *Codex Vaticanus*, kilala bilang "B" o (03), ay natagpuan sa aklatan ng *Vatican* sa Roma at nakapetsa mula sa gitna ng ika-apat na siglo AD. Nilalaman nito ang parehong LXX at OT ng Lumang Testamento at ng Griyegong Bagong Tekstamento. Ito ay isa sa mga uri ng *Alexandria Text*.

6. *Codex Ephraemi*, kilala bilang "C" o (04) ay isang ika-limang siglong Griyegong manuskripto na bahagyang nasira.

7. *Codex Bezae*, kilala bilang "D" o (05) ay isang ika-lima o ika-anim na siglong Griyegong manuskripto. Ito ay ang pangunahing gumanap sa tinatawag na W*estern Text*. Ito ay naglalaman ng maraming karagdagan at naging pangunahing Griyegong saksi para sa pagsaling *King James*.

8. Ang NT MSS ay maaaring magrupo sa tatlo, posibleng apat, na pamilya na may katulad na mga katangian.

a. ang teksto ng *Alexandrian* mula sa Ehipto

(1) P75, P66 (AD 200) na nagtatala ng mga Ebanghelyo

(2) P46 (AD 225) na nagtatala ng mga sulat ni *Paul*

(3) P72 (AD 225-250) na kina Pedro at *Jude*

(4) *Codex B* tinatawag na *Vaticanus* (AD 325), na kasama ang buong OT at NT

(5) Mga orihinal na sipi mula sa ganitong uri ng teksto

(6) Iba pang MSS na nagpapakita ng ganitong uri ng teksto ay W, C, L, W, 33

b. *Western Text* mula sa Hilagang Aprika

(1) mga sipi mula sa mga Hilagang Aprikanong puno ng simbahan, *Tertullian, Cyprian* at ang lumang pagsalin sa Latin

(2) mga sipi mula kay Iraneus

(3) mga sipi mula sa pagsaling *Tatian* at *Old Syriac*

(4) *Codex D "Bezea*" ay sumusunod sa ganitong uri ng teksto.

c. *Eastern Byzantine* na teksto mula sa *Constantinopole*

(1) ang uri ng tekstong ito ay inaaanino ng higit sa 80% ng 5, 300 MSS

(2) Iniulit ng *Antioch* ng mga puno ng simbahan ng *Syria, Cappa doceans, Chrysostom* at *Therodoret*

(3) *Codex A* sa *Gospels* lamang

(4) *Codex E* (ika-walong siglo) para sa buong NT

d. Ang pang-apat na posibleng uri ay ang *Caesarean* mula sa *Palestine*

(1) Ito ay pangunahing nakikita sa *Mark* lamang

(2) Ilan sa mga saksi nito ay ang P45 at W

II. Maikling pagtalakay sa mga problema at teyorya ng mababaw na ktritisismo na tinatawag ding kritisismo ng teksto

A. Kung paano nabuo ang pagkakaiba

1. Di sinasadya o aksidental (malawak na karamihan na pangyayari)

a. pagkakamali sa pagtingin sa kopyang kamay na binabasa ang pangalawang mungkahi ng dalawang salita sa pagitan

(1) pagkakamali sa pagtingin sa paglaktaw ng isang salita o *phrase* na may dobleng letra

(2) pagkakamali ng pag-iisp sa pag-uulit ng parirala o linya ng tekstong Griyego

b. pagkakamali sa pogdinig sa knopyang kamay ng pagdidikta kung saan nangyayari ang pagkakamali sa pagbaybay (*itacism*). Karaniwang sinasabi ng mga pagkakamali sa pagbaybay ang isang katunog na Grieygong salita.

c. Ang mga pinakamaagang tekstong Griyego ay walang kabanata o paghahati ng mga sipi, kakaunti o walang pananda at walang paghahati sa pagitan ng mga salita. Posibleng mahati ang mga letra sa iba't ibang lugar na bumubuo ng iba't ibang mga salita.

2. Intensyonal

a. may mga pagbabagong ginawa upang maayos ang anyo ng baralila ng mga kinopyang teksto

b. may mga pagbabagong ginawa upang maalala ang teksto sa pagsunod sa ibang tekstong biblikal (*harmonization of parallels*)

c. may mga pagbabagong ginawa sa pamamagitan ng pagsasama ng dalawa o higit pang ibang mga babasahin sa isang mahabang pinag-isang teksto *(conflation)*

d. may mga pagbabagong ginawa para maitama ang isang kinilalang problema sa teksto (cf. I Cor. 11:27 at I John 5:7-8)

e. ang ilang karagdagang impormasyon sa tagpong historikal o tamang interpretasyon ng teksto ay inilagay sa gilid ng isang manunulat ngunit inilagay sa manulat ng pangalawang eskriba (cf John 5:4)

B. Ang mga payak na simulain ng kritisismo sa teksto (lohikal na tuntunan para sa pagkilala ng orihinal na tuntunan ng isang teksto kung mayroong mga pagbabago)

1. Ang mga pinakakakaibang teksto ay maaring ang orihinal

2. Ang pinamaikling teksto ay maaring ang orihinal

3. Ang mas lumang teksto ay mas binibigyang bigat dahil sa kanyang malapit na kasaysayan sa orihinal, ang iba pa ay magkakapantay.

4 MSS ay malawak ang kinasasakupang lugar ng karaniwang may orihinal na babasahin.

5. Ang mga tekstong mas mahina sa doktrina, lalo na ang mga tumutukoy sa mga pangunahing diskusiyong teyolohiko ng mga pagbabago ng manuskripto gaya ng *Trinity* sa I John 5:7-8, ang mas pinipili

6. Ang tekstong pinaka-nakakatalakay sa simula ng ibang mga pagkakaiba

7. Dalawang *quotes* na nagpapakita ng balance sa mga magugulong pagkakaibang ito.

a. ang libro ni J. Harold Greenlee, Introduction to New Testament Textual Criticism p.68: "Walang Kristiyanong doktrina ang nakabitin sa isang mapagtatalunang teksto; at ang mag-aaral ng NT ay dapat alam ang pangangailangan sa kanyang teksto na maging mas orthodox o mas matibay sa doktrina kaysa doon sa may inspirasyon na orihinal. "

b. Sinabi ni W.A. Criswell kay Greg Garisson ng "*The Birmingham News*" na siya(Criswell) ay hindi naniniwala na ang bawat salita sa Bibliya ay may inspirasyon "kahit hindi na bawat salita ang ibinigay sa makabagong publuko sa maraming sandaantaon ng mga tagapagsalin" Sabi ni Criswell: "Ako ay talagang naniniwala sa kritisismo sa teksto. Sa gayon, sa aking palagay, ang huling kalahating bahagi ng ika-16 na kabanata ng Mark . Dahil sa ganito, sa aking palagay, ang huling kalahati ng ika-16 na kabanata ng Mark ay sabi-sabi lamang: hindi ito inspirado, pinagsama-sama lamang…Kung ikukumpara mo ang mga manuskritong iyon kahit pa sa mga nauna, wala ka makikitang konklusyon sa Aklat ni Mark. May nagdagdag lamang sa ito…"." Ayon din sa sa patriyarko ng SBC inerrantists na ang interpolation ay makikita rin sa John 5, ang salaysay ni Hesus sa lawa ng Bethesda. At kanyang tinalakay ang dalawang magkaibang bersiyon ng pagpapakamatay ni Hudas (cf. Matt. 270 at Acts 1): "Isa lamang ito naiibang pananaw ng pagpapakamatay, sabi ni Criswell "Kung nasa Bibliya ito, may paliwanag tungkol dito. At ang dalawang pangyayari sa pagpapakamatay ni Hudas ay nasa Bibliya." Dagdag ni Criswell, "Ang kritisismo sa teksto ay isang kasiya-siyang siyensya. Hindi ito nananatili, hindi walang kabuluhan. Isa itong dinamiko at napakahalaga…"

III. Mga problema ng manuskripto (kritisismo ng teksto)

A. Mga mungkahing pinagmulan para sa iba pang babasahin

1. *Biblical Criticism: Historical, Literary and Textual*, ni R.H. Harrison

2. *The Text of the New Testament: Its Transmission, Corruption and Restoration* ni Bruce M. Metzger

3. *Introduction to New Testament Textual Criticism*, ni J. H Greenlee

APENDISE TATLO
GLOSARYO

Adoptionism. Ito ang isa sa mga maagang pananaw ukol sa kaugnayan ni Hesus sa pagka-Diyos. Iginiit nito na si Hesus ay isa lamang na pangkaraniwang tao sa lahat ng bagay at inampon lamang siya ng Diyos Ama ng siya's bininyagan (cf. Mt. 3:17; Mc. 1:11) o nang Siya ay nabuhay muli (cf. Ro. 1:4). Dahil naging kapuri-puri ang buhay ni Hesus, inampon siya ng Diyos Ama bilang "anak" Niya (cf. R. 1:4; Fil. 2:9) sa isang bahagi ng kanyang buhay (kabinyagan, pagkabuhay muli). Ito ay menoryang pananaw ng isang batang simbahan at noong ika-walong siglo. Imbis na ang Diyos ang naging tao (ang Pagkakatawang-tao), binaligtad ito at ngayon ang tao ay naging Diyos! Napakahirap sabihin kung papaano si Hesus, na Diyos Anak, na bathala na bago pa man ipinanganak, ay ginantimpalaan o pinuring mabuti ng Diyos Ama dahil sa kanyang ulirang pamumuhay. Kung Siya ay Diyos na, papaano pa Siya gagantimpalaan? Kung Siya ay banal na bago pa man ipinanganak, paano pa daragdagan ang karangalan Niya? Kahit na mahirap natin maintindihan, kahit papaano ay pinarangalan ng Diyos Ama si Hesus sa isang di-pangkaraniwang paraan dahil sa Kanyang ganap na pagpapatupad ng kagustuhan ng Diyos Ama.

Alejandria, Paaralan ng. Ang paraan na ito ng pagpapaliwanag ng Biblia ay umusbong at lumaki sa Alejandria, sa Egipto, sa ikalawang siglo A.D. Ginamit nito ang mga saligang alituntunin sa pagpapaliwanag ni Philo, na isang tagasunod ni Plato. Ito ay madalasang tinatawag na paraang pang-talinghaga o pang-alegorya (allegorical method). Namuno ang paraan na ito sa simbahan hanggang sa panahon ng Pagbabago o Repormasyon. Ang mga pinaka-may-kakayahang tagapagsulong nito ay sina Origen at Agustino. *Tignan ang ginawa ni Moises Silva,* "Has The Church Misread The Bible?" (Academic, 1987)

Alejandrinus. Ang manuskrito na Griyego na ito na mula sa ika-limang siglo at nagmula sa Alejandria, sa Egipto, ay naglalaman ng Matandang Tipan, Apokripa, at halos lahat ng Bagong Tipan. Ito ay isa sa ating mga pangunahing saksi sa buong Bagong Tipan na nasa wikang Griyego (maliban sa ilang bahagi ng Mateo, Juan, at 2 Mga Taga-Corinto). Kapag ang manuskritong ito, na pinangalanan bilang "A", at ang manuskritong pinangalanan bilang "B" (Vaticanus) ay nagkasundo sa isang pagbasa, ito ay itinuturing na isang orihinal ng karamihan ng mga iskolar sa halos lahat ng pagkakataon.

Alegorya o Talinghaga. Ito ay isang uri ng pagpapaliwanag ng Biblia na nagsimula sa Hudaismo ng Alejandria. Ito'y pinatanyag ni Philo ng Alejandria. Ang saligang tulak nito ay ang pagnanais na gawing makabuluhan ang Banal na Kasulatan sa sariling kultura o sistema ng pilosopiya sa pamamagitan ng pag-wawalang-bahala sa kasaysayang kinalalagyan ng Biblia at/o pati ang pampanitikang kahulugan nito. Laging hinahanapan nito ng nakatago o espiritwal na kahulugan ang bawat teksto sa Banal na Kasulatan. Kailangang aminin na si Hesus, sa Mateo 13, at si Pablo, sa 4 Mga Taga-Galacia, ay minsanang gumagamit ng alegorya o talinghaga upang magpahiwatig ng katotohanan. Kaya lang, ito ay nasa anyo ng typology, hindi limitado sa alegoría.

Analytical lexicon. Ito'y isang uri ng kagamitang pananaliksik na tinutulungan sinuman na kilalanin ang bawat Griyegong anyo sa Bagong Tipan. Ito'y isang talaan ng mga anyo at saligang

kahulugan na naka-ayos ayon sa baybayin na Griyego. Kapag sinamahan ng isang pagsasalin na interlinear (interlinear translation), pinapahintulutan ang mga nananampalatayang hindi nakapag-babasa ng Griyego na suriin ang mga anyong balarila at syntaktika na Griyego sa loob ng Bagong Tipan.

Analogy of Scripture (Pagkatulad ng Banal na Kasulatan). Ito ang parirala na ginagamit upang isalarawan ang paningin na ang buong Biblia ay inspirasyon ng Diyos at, samakatwid, ay hindi salungat nguni't bumubuo pa. Ang mapagpalagay na panindigan na ito ang batayan para sa paggamit ng magkatulad na mga sipi sa pagpapaliwanag ng teksto sa Biblia.

Ambiguity. Tumutukoy sa pagka-walang katiyakan na nanggagaling mula sa isang dokumento na maaaring may dalawa o higit pa sa dalawang kahulugan o bagay na tinutukoy ng sabay. Maaaring si Juan ay gumagamit ng ambiguity (double entendres).

Anthropomorphic. Nangangahulugan na "mayroong mga katangian na may kinalaman sa mga tao." Ang katawagang ito ay ginagamit na panglarawan sa ating wikang pang-relihiyon ukol sa Diyos. Ito ay nanggaling sa katawagang Griyego para sa "sangkatauhan." Ang ibig sabihin nito ay nagsasalita tayo tungkol sa Diyos na para Siyang tao. Ang Diyos ay isinasalarawan sa pamamagitan ng mga katawagang may kinalaman sa pisikal, sosyolohikal, at sikolohikal na aspeto ng pagkatao (cf. Gen. 3:8; 1 Har. 22:19-23). Subalit ito ay pagkatulad (analogy) lamang. Gayon pa man, wala tayong mga ibang kategorya o katawagan na magagamit kung hindi iyong sa pang-tao. Samakatwid, ang ating kaalaman sa Diyos ay totoo, nguni't limitado.

Antioch, Paaralan ng. Isang paraan ng pagpapaliwanag ng Biblia na umusbong at lumaki sa Antioch, sa Syria, ng ika-tatlong siglo A.D. bilang sagot sa pamamaraang talinghaga (allegorical method) ng Alejandria, sa Egipto. Ang saligang tulak nito ay ang pag-pokus sa makasaysayang kahulugan ng Biblia. Ipinapaliwanag nito ang Biblia bilang isang normal at gawang-tao na panitikan. Ang paaralan na ito ay nasama sa alitan sa pagitan ng dalawang paningin kay Kristo: kung Siya ba ay may dalawang pagkatao (Nestorianismo) o isa lamang (buong Diyos at buong tao). Tinawag ito na hidwang paniniwala ng Simbahang Katoliko Romano at lumipat sa Persia, nguni't ang paaralan na ito ay naging maliit lamang ang halaga. Ang saligang panuntunang hermenyutika na nito ay naging mga panuntunan sa pagpapaliwanag ng mga Classical Protestant Reformer (Luther at Calvin).

Antithetical. Ito ang isa sa tatlong mapanlarawang katawagan na ginagamit upang ipakilala ang kaugnayan sa pagitan ng mga linya ng tulang Hebreo. May kinalaman ito sa mga linya ng tula na magkatumbalik ang ibig sabihin (cf. Kaw. 10:1, 15:1). Panitikang Apokaliptiko. Nananaig ito, at maaari ngang bukod-tangi ito, sa genre ng mga Hudyo. Ito ay isang uri ng panunulat na may nakatagong kahulugan na ginagamit sa mga panahon ng pagsalakay at pananakop sa mga Hudyo ng mga banyagang makapangyarihan. Ipinapalagay nito na isang pansarili at mapagligtas na Diyos ang gumawa at namamahala sa mga pandaigdigang pangyayari, at ang Israel ay may bukod-tanging halaga sa Kanya. Ipinapangako ng panitikang ito ang tagumpay dahil sa tanging tulong ng Diyos. Ito ay mapagsagisag at mapag-likhang-isip na maraming gamit na katawagan na may mga nakatagong kahulugan. Madalas nitong ipinapahiwatig ang katotohanan sa pamamagitan ng mga kulay, bilang, pangitain, panaginip, tulong ng mga anghel, mga lihim at naka-kodigong mga salita, at madalas na matalim na dualismo sa pagitan ng kabutihan at

kasamaan. Ang ilan sa mga uri o genre nito ay (1) sa Matandang Tipan, Ezekiel (mga kabanata 36-48), Daniel (mga kabanata 7-12), Zacaraias; at (2) sa Bagong Tipan, Mt. 24; Mc.13, II Tes. 2 at Pahayag.

Apologist (Apologetics) / Mga Taga-Hingi ng Paumanhin. Galing ito sa salitang-ugat na Griyego para sa “pananggol na legal” ("legal defense"). Ito ay isang tiyak na disiplina sa loob ng teolohiya na naghahangad magbigay ng katibayan at mga makatwirang paliwanag para sa Kristyanong pananampalataya.

A priori. Kasingkahulugan nito ang katawagang “pagpapalagay” o “palagay.” Kinakabilangan ito ng pangangatwiran mula sa mga dating tinatanggap na kahulugan, alituntunin o panindigan na inakalang totoo. Ito ang mga bagay na tinanggap na wala man lamang pagsisiyasat o pagsusuri.

Arianismo. Si Arius ay isang pari sa simbahan sa Alejandria, sa Egipto, na nabuhay mula sa ika-tatlo hanggang sa maagang bahagi ng ika-apat na siglo. Iginiit niyang si Hesus ay dati nang buhay bago pa man ipanganak, nguni’t hindi siya banal (hindi kasingtulad ng diwa ng Diyos Ama), marahil bilang pagsunod sa Mga Kawikaan 8:22-31. Hinamon siya ng obispo ng Alejandria, na nagsimula (A.D. 318) ng isang alitan na nagtagal ng maraming taon. Ang Arianismo ang naging opisyal na pananampalataya ng Silangang Simbahan (Eastern Church). Tinuligsa ng Sanggunian ng Nicaea (Council of Nicaea) si Arius noong A.D. 325 at pinanindigan ang buong pagkakapantay at kabanalan ng Anak.

Aristotle. Isa siya sa mga pilosopo ng Grecia noong unang panahon, isang mag-aaral ni Plato at guro ni Alexander the Great. Ang kanyang impluho , kahit na ngayon, ay nakakaabot sa lahat ng sulok ng mga makabagong pag-aaral. Ito ay dahilan sa kanyang pagbibigay-diin sa pagkakaroon ng karunungan sa pamamagitan ng pagmamasid at pagbubukod-bukod. Ito ang isa sa mga aral ng siyentipikong paraan.

Autograp, Mga (Autographs). Ito ang pangalan na binigay sa mga orihinal na kasulatan ng Biblia. Nawala na ang lahat ng mga orihinal at sulat-kamay na manuskrito. Ang natira na lamang ay mga kopya. Ito ang pinagmulan ng marami sa mga pagkakaibang kasulatan ng mga manuskrito na Hebreo at Griyego at ng mga lumang salin.

Bezae. Ito ang Griyego at Latin na manuskrito ng ika-anim na siglo A.D. Pinangalanan ito bilang “D.” Nilalaman nito ang mga Ebanghelyo at ilan sa mga Pangkalahatang Epistola. Nakikilala ito sa dami ng mga idinagdag na sulat. Binubuo nito ang batayan para sa “Textus Receptus,” ang pangunahing manuskrito na Griego na nasa likod ng King James Versión.

Bias. Ito ang katawagan na ginagamit upang isalarawan ang malakas na hantad tungo sa isang bagay o pananaw. Ito ang paningin na kung saan ang kawalang-pagkiling sa isang bagay o pananaw ay imposibleng gawin. Ito ay isang panindigan na di-matwid.

Autoridad ng Biblia (Biblical Authority). Ang katawagang ito ay ginagamit sa isang natatanging pagpapakahulugan. Ipinapaliwanag ito bilang pagkakaintindi sa sinabi ng orihinal na manunulat sa kanyang panahon at ang paggamit ng katotohanang ito sa ating panahon. Ang

Autoridad ng Biblia ay kadalasang pinapaliwanag bilang pagtingin sa Biblia bilang ating isa at natatanging gabay na dapat paniwalaan. Gayon pa man, dahil sa naglabasang mga hindi tamang paliwanag ngayon, nilimatahan ko ang kuro-kuro o konsepto sa Biblia sa paliwanag gamit ang mga aral ng paraang pang-kasaysayan at pang-gramatika (historical-grammatical method).

Kanoniko (Canon). Ito ay isang katawagang ginagamit upang isalarawan ang mga kasulatan na pinaniniwalaang bukod-tanging binigyan-sigla. Ito ang ginagamit kapag tumutukoy sa mga Banal na Kasulatan mula sa mga Matanda at Bagong Tipan.

Christocentric. Ito ay isang katawagan na ginagamit upang ilarawan ang kahalagahan ni Hesus. May kinalaman ang paggamit ko nito sa konsepto na si Hesus ang Diyos ng buong Biblia. Siya ang tinuturo ng Matandang Tipan at Siya ang katuparan at layunin nito (cf. Mt 5:17-48).

Paliwanag /Komentaryo (Commentary). Ito ay isang madalubhasang uri ng aklat ng pananaliksik. Binibigay nito ang pangkalahatang kaalaman na nasa likod ng isang aklat ng Biblia. Pagkatapos, ipinapaliwanag ang kahulugan ng bawat seksyon ng aklat. Ang iba ay naka-pokus sa paggamit, habang ang iba ay mas teknikal ang paraan ng pakikitungo sa mga teksto. Ang mga aklat na ito ay nakakatulong, ngunit dapat gamitin lamang matapos mong gumawa ng iyong panimulang pag-aaral. Ang mga pagpapaliwanag ng komentarista ay hindi dapat tanggapin ng walang panunuri. Ang paghahambing ng ilang mga paliwanag/komentaryo mula sa mga iba-ibang teolohikang paningin ay kadalasang nakakatulong.

Concordance. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik para sa pag-aaral ng Biblia. Itinala nito ang bawat paglitaw ng bawat salita sa mga Matanda at Bagong Tipan. Ito ay nakakatulong sa ilang paran: (1) pag-alam ng salitang Hebreo o Griyego na nasa ilalim ng kahit na anong tanging salita sa Ingles; (2) paghahambing ng mga sipi na kung saan ang parehong salita sa Hebreo o Griyego ay ginamit; (3) ipinapakita kung saan ang dalawang magkaibang katawagang Hebreo o Griyego ay isinalin sa parehong salitang Ingles; (4) pinapakita kung gaano kadalas ginamit ang ilang mga salita sa ilang mga aklat o ng ilang mga manunulat; (5) tinutulungan kang hanapin ang isang sipi sa Biblia (cf. Walter Clark's How to Use New Testament Greek Study Aids, p. 54-55).

Mga Balumbon ng Papel mula sa Patay na Dagat (Dead Sea Scrolls). Tumutukoy ito sa isang serye ng mga lumang-lumang kasulatan sa Hebreo at Arameo na natagpuan malapit sa Patay na Dagat noong 1947. Sila ang mga aklatang pang-relihiyon ng isang sekta ng Hudaismo sa unang siglo. Dahil sa bigat ng pananakop ng Roma at mga digmaan ng mga zelotes noong mga 60 A.D., itinago nila ang mga balumbon ng papel sa loob ng mga bangang tinakpang mabuti at ipinasok ang mga banga sa mga kuweba o butas. Natulungan nila tayong intindihin ang makasaysayang kapaligiran ng Palestina noong unang siglo at pinatunayan na walang-kamali-mali ang Masoretic Text, hanggang sa maagang B.C. kapanahunan man lamang. Sila ay pinangalanan sa daglat na "DSS."

Deductive. Ang paraang ito ng lohika ay kumikilos, sa pamamagitan ng katwiran, mula sa mga pangkalahatang alituntunin patungo sa mga tiyak na paggamit. Ito ang salungat ng *inductive reasoning*, na nilalarawan naman ang siyentipikong paraan, mula sa mga napagmasdan na bagay patungo sa mga kalahatang palagay o teyorya.

Dialectical. Ito'y isang paraan ng pangangatwiran na kung saan ang magkasalungat o kabalintunaan ay magkaigting na hinawakan, habang naghahanap ng isang sagot na kinabibilangan ng dalawang bahagi ng kabalintunaan. Maraming doktrina sa Biblia ang may mga diyalektikong pares: kapalaran--malayang kalooban; kaligtasan—pagtitiyaga; pananampalataya—mga gawain; pasya—pagka-disipulo; kalayaang Kristyano—pananagutang Kristyano.

Diaspora. Ito ang teknikal na katawagang Griyego na ginamit ng mga Hudyo sa Palestina upang ilarawan ang mga ibang Hudyo na nakatira at namumuhay sa labas ng heograpiyang handangan ng Ipinangakong Lupain.

Dynamic equivalent. Ito ay pangalan ng isang teoriya sa pagsalin ng Biblia. Ang pagsalin ng Biblia ay maaaring tignan bilang isang "continuum" mula sa "salita sa salita" na pagkakaayon, na kung saan may ipinapalit na salitang Ingles sa bawat salitang Hebreo o Griyego, hanggang sa "pakahulugan sa ibang pangungusap" ("paraphrase") na kung saan ang kahulugan o ideya lamang ang isinalin na kaunti lang ang saalang-alang sa orihinal na pananalita o parirala. Sa pagitan ng dalawang teoriyang ito ay ang "dynamic equivalent" na sumusubok na mataimtim na turingin ang orihinal na teksto, nguni't nakasalin sa mga makabagong gramatikong anyo at idioma. Ang isang magandang pagtalakay na ginawa sa mga iba't-ibang teoriya ng pagsasalin ay matatagpuan sa mga gawa nina Fee at Stuart na pinamagatang, "How To Read the Bible For All It's Worth," sa p. 35, at gawa ni Robert Bratcher na pinamagatang "Introduction to the TEV."

Eclectic. Ang katawagang ito ay ginagamit kapag may kaugnayan sa pagpuna sa teksto. Tumutukoy ito sa pagsasanay ng pagpipili ng mga pagbasa mula sa iba't-ibang manuskritong Griyego upang makarating sa isang teksto na ipinapalagay na malapit sa orihinal na autograph. Di nito tinatanggap ang paningin na mayroong iisang pamilya ng mga manuskritong Griyego na nakuha ang mga orihinal.

Eisegesis. Ito ang salungat ng "exegesis." Kung ang "exegesis" ay ang "tulungang palabasin" ang layunin ng orihinal na manunulat, ang ipinapahiwatig naman ng katawagang ito ay ang "pagtulong paloob" ng isang banyagang ideya o pananaw.

Etimolohiya (Etymology). Ito ay isang bahagi ng pag-aaral ng salita na sinusubukang matiyak ang orihinal na kahulugan ng isang salita. Mula sa kahulugang ugat na ito, ang mga magpakatanging gamit nila ay madaling kilalanin. Sa pagpapaliwanag, hindi etimolohiya ang pokus, kung hindi ang kasalukuyang kahulugan at gamit ng isang salita.

Exegesis. Ito ang teknikal na katawagan para sa pagsasanay ng pagpapaliwanag ng isang particular na sipi. Ang ibig sabihin nito ay "tulungang palabasin" (mula sa teksto), nagpapahiwatig na ang ating layon ay intindihin ang layunin ng orihinal na manunulat na isinaalang-alang ang makasaysayang kapaligiran, kontekstong literary, palaugnayan, at kahulugan ng salita nang panahong iyon.

Genre. Ito ay isang katawagang Pranses na nagpapakilala ng ilang uri ng panitikan. Ang layunin ng katawagang ito ay ang paghahati ng mga anyo ng panitikan sa mga kategorya na may mga parehong katangian: makasaysayang pagsasalaysay, tula, kawikaan, apokaliptiko, at pagbabatas.

Gnosticism. Karamihan ng ating kaalaman sa hidwang paniniwalang ito ay nanggaling sa mga kasulatang gnostiko ng ikalawang siglo. Gayon pa man, ang mga nagsisimula pa lang na mga ideya ay nandoon na sa unang siglo (at maging bago pa doon). Ang ilang sa mga aralang inihatag ng mga Valentian at Cerithian Gnosticism ng ikalawang siglo ay: (1) ang bagay at espirito ay parehong walang-hanggan (isang dualismo na ontolohikal). Ang bagay ay masama, ang epsirito ay mabuti. Ang Diyos, bilang espirito, ay hindi dapat nag-huhulma ng masamang bagay; (2) may mga emanasyon (mga napakatagal na panahon o antas ng pagka-anghel) sa pagitan ng Diyo at bagay. Ang huli o ang pinakamababa ay si YHWH ng Matandang Tipan na gumawa sa sansinukob (kosmos); (3) si Hesus ay isang emanasyon tulad ni YHWH ngunit nasa mas mataas na antas, mas malapit sa tunay na Diyos. Ang iba ay nilagay Siya sa pinaka-itaas, nguni't mas mababa sa Diyos at tiyak na hindi Diyos na nagkatawang tao (cf. Jn 1:14). Kung ang bagay ay masama, hindi maaaring nagkaroon ng katawang tao si Hesus at nanatiling Banal. Siya ay espiritwal na multo (cf. 1 Jn 1:1-3; 4:1-6); at (4) ang pagkakaligtas ay nakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus na may kasamang espesyal na kaalaman, na maaaring malaman lamang ng mga espesyal na tao. Ang kaalaman (mga hudyat) ay kailangan upang makadaan sa mga kalagayang pang-langit. Ang batas ng Hudyo ay kailangan din upang maabot ang Diyos. Ang mga mapandayang guro ng Gnostika ay may minungkahing dalawang magkasalungat na sistemang etikal: (1) para sa iba, ang pamumuhay ay walang kinalaman sa pagkaligtas. Para sa kanila, ang pagkaligtas at espiritwal ay ipinaloob sa mga lihim na kaalaman (mga hudyat) sa pamamagitan ng mga kalagayang pang-anghel (mga eon); o (2) para sa iba, ang pamumuhay ay mahalaga sa pagkaligtas. Binigyan-diin nila na ang pamumuhay asetiko o mapagpakasakit ay ebidensya ng totoong pagka-espiritwal.

Hermeneutics. Ito ang teknikal na katawagan para sa mga alituntunin na gumagabay sa exegesis. Ang hermeneutic na pang-Biblia, o banal, ay kadalasang nahahati sa dalawang kategorya: mga kalahatang alituntunin at mga espesyal na alituntunin. Ang mga ito ay may kinalaman sa iba't-ibang uri ng panitikan na natatagpuan sa Biblia. Ang bawat uri (genre) ay may sarili at bukod-tanging mga gabay, nguni't may binabahaginan silang mga pangkaraniwang palagay at mga paraan ng pagpapaliwanag. Mataas na uri ng Pagpuna. Ito ang paraan ng pagpapaliwanag na pang-biblia na naka-pokus sa makasaysayang kapaligiran at literary structure ng isang particular na uri ng aklat pang-biblia.

Idioma. Ito ang salitang ginagamit para sa mga parirala na natatagpuan sa iba't-ibang cultura na may mga espesyal na kahulugan na walang kinalaman s asa kadalasang kahulugan ng mga individual na katwagan. Ang ilan sa mga modernong halimbawa: "katakot-takot ang ganda noon" o "alam mo, papatayin mo ako sa (ginagawa)." Mayroon ping ganitong uri ng mga parirala ang Biblia.

Tanglaw o Liwanag (Illumination). Ito ang pangalang binigay sa konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o rebelasyon—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at

sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

Inductive. Ito ay isang paraan ng lohika o pangangatwiran na nagsisimula muna sa mga partikular o maliliit na bagay papunta sa kabuoan. Ito ang paraang empirical ng bagong siyensya. Ito ang pamamaraan na ginamit ni Aristotle.

Interlinear. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik na tumutulong sa mga taong hindi makabasa ng salitang pang-biblia na masuri ang kahulugan at balangkas nito.Kaagad na nilalagay ang Ingles na salin sa antas na salita sa salita sa ilalim ng orihinal na wikang biblia. Itong kagamitan na ito, kapag isinama sa "analytical lexicon," ang magbibigay ng mga anyo at saligang kahulugan sa Hebreo at Griyego.

Nagbigay-sigla o Inspirasyon (Inspiration). Ito ang konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pag-gabay sa mg manunulat ng biblia na isulat ng walang-kamalian ang Kanyang pahayag o rebelasyon. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o rebelasyon—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

Interlinear. Ito ay pamamaraan ng pananaliksik para sa mga nagbabasa ng wikang biblikal upang mapag-aralan nila ang kahulugan at balangkas nito. Agad nitong nailalagay ang pagsalin ng bawat salita sa Ingles sa ilalim na orihinal na wikang biblikal. Ang pamamaraang ito, kasama ng *analytical lexicon*, ay maibibigay ang mga anyo at payak na mga kahulugan ng Hebreo at Griyego.

Inspirasyon. Ito ay isang konsepto na ipinarating ng Diyos sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pag-gabay sa mga biblikal na may-akda na eksakto at malinaw na maitala ang Kanyang rebelesyon. Ang kabuuang konsepto ay karaniwang nasasabi sa tatlong termino: (1) rebelesyon – ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan sa tao; (2) inspirasyon – naibigay Niya sa mga piling tao ang tamang interpretasyon at kahulugan ng Kaniyang mga gawa upang maitala para sa sangkatauhan; at, (3) iluminasyon – ibinigay Niya ang Kanyang espiritu para tulungan ang sangkatauhan na maintindihan ang Kanyang pagsabi ng Wika ng deskripsiyon. Ito ay ginagamit sa koneksiyon ng mga wika kung saan ang Lumang Testamento ay nakasulat. Binabanggit nito an gating mundo sa mga terminong humaharap sa limang sentido. Ito ay hindi isang siyentipikong deskripsiyon at hindi rin itinakdang maging ganoon.

Legalismo. Ang kilos na ito ay maiuuri sa sobrang pagdiin ng mga patakaran o ritwal. Ito ay karaniwang umaasa sa gawa ng mga tao at sa mga regulasyon bilang pagtanggap ng Diyos. Karaniwang nitong naibababa ang relasyon at itinataas ang paggawa na parehong mahahalagang aspeto sa relasyong tipan sa pagitan ng sagradong Diyos at makasalanang sangkatauhan.

Literal. Ito ay isang pangalan para sa pamamaraan ng hermeneutics mula sa Antioch na *textually-focused* at makasaysayan. Ang ibig sabihin nito ay ang interpretasyon ay may kasamang normal at litaw na kahulugan ng wika ng tao, kahit na kinikilala pa rin nito ang pagkakaroon ng wikang matalinghaga.

Literary Genre. Tinutukoy nito ang mga bukod-tanging anyo ng maaaring magawa ng komunikasyong pantao, gaya ng mga tula o makasaysayang pagkukuwento. Ang bawat klase ng literature ay mayroong sariling espesyal na pamamaraang hermeneutical, kasama sa mga karaniwang prinsipyo para sa lahat ng nakasulat nga literatura.

Literary Unit. Ito ay tumutukoy sa mga pangunahing bahagi ng pag-iisip ng isang librong biblikal. Maaari itong maglaman ng kaunting mga berso, mga talata o mga kabanata. Ito ay isang bahaging luluan ang sarili na may isang pangunahing paksa.

Mababang Kritisismo. Tingnan ang Kritisismong Tekstwal.

Manuskripto. Ang terminong ito ay tumutukoy sa iba't ibang mga kopya ng Griyegong Bagong Testamento. Ito ay karaniwang nahahati sa iba't ibang mga uri sa pamamagitan ng (1) materyales kung saan sila nakasulat (papyrus, balat), o (2) ang mismong uri ng sulatin (lahat ay malalaking letra o *running script*). Ito ay naka-*abbreviate* ng "MS" (iisa) o "MSS" (higit sa isa).

Masoretic Text. Ito ay tumutukoy sa mga Hebreong manuskripto ng Lumang Testamento na gawa ng mga Hudyong iskolar na naglalaman ng mga puntong katinig at iba pang talang tekstwal noong ika-siyam na siglo AD. Binubuo nito ang "basic" na teksto ng ating Ingles na Lumang Testamento. Ang teksto nito ay makasaysayang naikumpirma ng Hebreong MSS, lalo na si Isaiah, mula sa mga *Dead Sea scrolls*. Ito ay naka-*abbreviate* bilang "MT".

Metonymy. Ito ay isang matalinhagang pagsasalita kung saan ang pangalan ng isang bagay ay ginagamit upang mailarawan ang isa pang bagay na may kinalaman dito. Halimbawa, ang ibig sabihin ng "Ang takuri ay kumukulo" ay "Ang tubig sa loob ng takuri ay kumukulo."

Muratorian Fragments. Ito ay listahan ng mga librong kanonikal ng Bagong Testamento. Ito ay naisulat sa Roma bago ang 200 AD. Pareho nitong naibibigay sa ang dalawampu't pitong mga libro gaya ng Protestant NT. Malinaw nitong naipapakita na ang mga local na simbahan sa iba't ibang bahagi ng Kahariang Romano ay ang talagang naglapat ng kanon sa harap ng mga pangunahing lupon ng simbahan noong ika-apat na siglo.

Natural na Rebelasyon. Ito ay isang kategoryal ng sariling pagsabi ng Diyos sa tao. Kasama nito ang natural na kaayusan (Rom 1:19-20) at ang kamalayang moral (Rom 2:14-15). Ito ay nababanggit sa Ps 19:1-6 at Rom 1-2. ito ay natatangi mula sa espesyal na rebelasyon na tiyak at supremong sariling pagsabi ng Diyos sa Bibliya sa Hesus ng Nazareth. Ang kategoryang theolohikal na ito ay muling idinidiin ng kilos lumang mundo sa mga Kristiyanong siyentipiko. (Halimbawa ang mga sulatin ni Hugh Ross). Ginagamit nila ang kategoryang ito upang masabing

lahat ng katotohanan ya katotohanan ng Diyos. Ang kalikasan ay isang bukas na pinto papunta sa karunungan ukol sa Diyos; ito ay naiiba sa espesyal na rebelasyon (ang Bibliya). Pinapayagan nito ang modernong agham ang kalayaang manaliksik ukol sa likas na kaayusan. Sa aking palagay, ito ay isang mabuti at magandang opurtunidad para masaksihan ang moderno at siyentipikong kanlurang mundo.

Nestorianism. Si Nestorius ay ang patriyarko ni Constantinople sa ika-limang siglo. Siya ay sinanay sa Antioch ng Syria at nagsabing si Hesus ay may dalawang pag-uuri, isang ganap na tao at isang ganap na dakila. Ang pananaw na ito ay lumayo sa karaniwang isang uring pananaw ng Alexandria. Ang pangunahing intindi ni Nestorius ay ang titulong "Ina ng Diyos", na bigay kay Maria. Si Nestorius ay nilabanan ni Cyril ng Alexandria at ng implikasyong kanyang pagsasanay sa Antiodrian. Ang Antioch ay ang punong lugar ng apat na bahagi (alegorya) paaaralan ng interpretasyon. Sa huli, si Nestorius tinanggal sa opisina at itinapon.

Orihinal na May-akda. Ito ay tumutukoy sa mga tunay na may-akda o manunulat ng iskriptura.

Papyri. Ito ay isang klaseng pangsulat na materyal mula sa Ehipto. Ito ay gawa sa mga tambo mula sa ilog. Ito ay ang kung saan nakasulat ang mga pinakalumang kopya ng Griyegong Bagong Testamento.

Parehong mga Sipi (*Parallel Passages*). Ang mga ito ay kabilang sa konsepto na ang buong Bibliya ay bigay ng Diyos kaya ito ang pinakamabuting interpreter at taga-balanse ng mga katotohanang *paradoxical*. Ito rin ay nakakatulong kapag may isang nagtatangkang intindihin ang isang hindi malinaw na sipi. Tumutulong din silang hanapin ang pinkamalinaw na sipi sa isang nakatakdang paksa, pati na rin ang ibang mga aspetong iskriptural ng isang nakatakdang paksa.

Parapreys. Ito ay isang pangalan ng teorya ng pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tanawin bilang isang pakikipag-ugnayan ng patuloy na salita-sa-bawat-salita, na kung saan ang isang salitang Ingles ay kailangang matustusan para sa bawat salitang Hebreo o Griyego; sa isang parapreys kung saan tanging ang kaisipan ay isinasalin na may kaunting pagpuna sa orihinal na mga salita o parirala. orihinal na teksto ngunit isinasalin ito sa modernong anyong bararila at wika. Ang isang magandang diskusyon ng mga teoryang ito ay matatagpuan sa Fee and Stuart's *How to Read the Bible For All Its Worth* (p. 35).

Talata (Paragraph). Ito ay ang payak na bahagi ng lietraryong pagpapakahulugan sa pasulat. Naglalaman ito ng isang pangunahing kaisipan at ang pag-unlad nito. Kapag nanatili tayo sa kanyang pangunahing duldol, hindi natin pangungunahan ang mga wala pa sa tamang edad o palampasin ang kahulugan ng orihinal na may-akda.

Parochialism. Ito ay tumutukoy sa mga pagkiling na nakakabit sa isang lokal o teyolohikal na tagpo. Hindi nito nakikilala ang anyong paglilipat pangkultura ng katotohanang biblikal o ng aplikasyon nito.

Paradox. Ito ay tumutukoy sa mga katotohanang mukhang hindi nagkakasundo ngunit parehong totoo kahi na may tensiyon sa pagitan nila. Binabalangkas nito mula sa magkaibang mga panig. Karamihan ng katotohanang biblikal ay inilalahad nang dalawahan. Ang mga katotohanang biblikal ay hindi mga nag-iisang bituin kundi mga grup ng mga bituin na binubuo ng mga modelo ng mga tala.

Plato. Siya ay isa sa mga pilosopo ng sinaunang *Greece*. Ang kaniyang pilosopiya ay malaki ang naimpluwensiya sa naunang simbahan sa pamamagitan ng mga iskolar ng Alexandria, Ehipto at sa kalaunan, Augustine. Kaniyang isinambit na na ang lahat ng bagay sa mundo ay ilusyon at kopya lamang ng espiritwal na orihinal na modelo. Nang maglaon, tinukoy ng mga theolohikal na esperitwal na mundo ang mga anyo o ideya ni Plato.

Presupposition. Ito ay tumutukoy sa ating unang akalang pagkakaintindi sa mga bagay. Kadalasan tayong nakakabuo ng mga opinyon o palagay ukol sa mga isyu bago natin lapitan ang mga iskriptura. Ang predisposition na ito ay kilala rin bilang bias, isang kalagayang mahalaga, palagay o bago ang pag-unawa.

Proof-texting. Ito ay ang pagsasanay ng pagsasalin ng isang iskriptura sa pamamagitan ng pag-uulit ng isang berso na walang pagkilala sa kanyang pangunahin o mas malaking konteksto sa kaniyang literary unit. Tinatanggal nito ang mga berso mula sa kahulugan ng orihinal na may-akda at karaniwang may kasamang pagsubok na patunayan ang isang personal na opinyon habang idinedeklara ang kapagngyarihang biblikal.

Rabbinical Judaism. Ang parte ng buhay ng mga Hudyo ay nagsimula sa *Babylonian Exile* (586-538 BC). Sa pagtanggal ng impluwensiya ng mga Pari at sa Templo, ang pokus ng buhay Hudyo ay ang mga lokal na sinagoga. Ang mga lokal na sentro ng kulturang Hudyo, fellowship, pagsamba at pag-aaral ng Bibliya ang naging pokus ng nasyonal na buhay relihiyon. Noong panahon ni Hesus, ang relihiyon ng mga Eskriba ay kapareho ng mga pari. Sa paghulog ng Herusalem noong 70 AD, ang anyong eskribal ay pinangunahan ng mga Pariseo; ang nagtimpi sa direksyon ng buhay relihiyon ng mga Hudyo. Ito ay nakilala sa pamamagitan ng isang praktikal at legolistikong pagsalin ng Torah ayon sa pagsalaysay sa oral na tradisyon (Talmud).

Rebelasyon. Ito ay ang pangalang bigay sa konsepto na nagsalita ang Diyos sa sangkatauhan. Ang kabuuang konsepto ay karaniwang nasasabi sa tatlong termino: (1) rebelasyon – ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) inspirasyon – naibigay Niya sa piling mga tao ang tamang interpretasyon at kahulugan ng Kaniyang mga gawa upang maitala para sa sangkatauhan; at (3) iluminasyon – ibinigay Niya ang Kaniyang Espiritu para tulungan ang sangkatauhan na maintindihan ang Kaniyang pagsabi ng wika ng deskripsiyon.

Semantic Field. Ito ay tumutukoy sa kabuuang hanay ng mga kahulugang may kinlaman sa isang salita. Ito ay ang iba't ibang kahulugan ng isang salita sa iba't ibang konteksto.

Septuagint. Ito ang pangalang bigay sa Griyegong pagsalin ng Hebreong Lumang Testamento. Ayon sa tradisyon, ito ay nasulat sa loob ng pitumpung araw ng pitumpung iskolar na Hudyo para sa mga aklatan ng Alexandria, Ehipto. ang tradisyonal na petsa ay bandang 250 BC (sa totoo ay maaaring mahigit sa daang taon para makumpleto). Ang pagsalin ay makahulugan dahil (1) binibigyan tayo nito ng lumang teksto na maaaring ihambing sa tekstong *Masoteric Hebrew*; (2) ipinapakita nito ang anyong Hudyong pagsalin sa ikatlo at pangalawang siglo BC; at (3) binibigyan tayo nito ng pagintinding *Jewish Messianic* bago ang muling-pagkabuhay ni Hesus. Ang *abbreviation* nito ay LXX.

Sinaiticus. Ito ay isang Griyegong manuskripto noong ika-apat na siglo AD. Ito ay itinatag ng Alemang iskolar na si Tischendorf sa monasteryo ng St. Catherine sa Jebel Musa, ang tradisyonal na lugar ng Mt. Sinai. Ang manuskriptong ito ay tinawag sa pamamagitan ng unang letra ng alpabetong Hebreo na *aleph* (W). Kasama nito ang parehong Luma at Bagong mga Testamento. Ito ay isa sa mga pinakalumang MSS.

Spiritualism. Ang terminong ito ay katulad ng *allegorizing* sa kaunawaang tinatanggal nito ang historical at literal na konteksto ng isang sipi at sinasalin ito sa pamamagitan ng ibang *criteria*.

Synonymous. Ito ay tumutukoy sa mga terminong may eksakto o magkalapit na mga kahulugan (pero sa totoo ay walang dalawang salita ang may kumpletong semantic overlap). Sila ay napaka-magkalapit ang relasyon na maaari silang humalilin sa isa't isa na hindi nawawala ang kahulugan. Ginagamit rin ito para kilalanin ang isa sa tatlong *Hebrew poetic parallelism*. Sa ganitong pananaw, ito ay tumutukoy sa dalawang linya ng tula na nagsasabi ng parehong katotohanan (cf. Ps 103:3).

Syntax. Ito ay isang Griyegong termino na tumutukoy sa istraktura ng isang pangungusap. Ito ay tumtukoy sa mga paraan para makabuo ng isang pangungusap upang makagawa ng isang buong kaisipan.

Nthetical. Ito ay isa sa tatlong termino na tumutukoy sa mga uri ng tulang Hebreo. Ang terminong ito ay tumutukoy sa mga linya ng tula na binubuo ang isa't isa sa paraang pataas ang pag-unlad; minsan tinatawag ring *climactic* (cf. Ps 19:7-9).

Systematic Theology. Ito ay isang bahagi ng pagsalin ng sinusubukang isalaysay ang mga katotohanan ng Bibliya sa isang buo at rasyonal na pamamaraan. Ito ay isang lohikal, hindi lang historikal na presentasyon ng Kristiyanong theolohiya sa pamamagitan ng mga kategorya (Diyos, tao, kasalanan, kaligtasan, atbp.).

Talmud. Ito ang pamagat ng kodipikasyon ng *Jewish Oral Tradition*. Naniniwala ang mga Hudyo na ito ay sinabi ng Diyos kay Moses sa bundok ng Sinai. Sa totoo, lumalabas na ito ay pangkalahatang dunong ng mga gurong Hudyo sa paglipas ng mga taon. Mayroong dalawang magkaibang salin ng Talmud: ang *Babylonian* at ang mas maikli at hindi natapos na *Palestinian*.

Tekstwal na Kritisismo. Ito ay ang pag-aaral ng mga manuskripto ng Bibliya. Ang testwal na kritisismo ay kailangan dahil wala nang mga nanatiling orihinal at ang mga kopya ay nagkakaiba sa isa't isa. Sinusubok nitong isalaysay ang mga pagkakaiba at dumating (sa pinakamalapit at posibleng) sa orihinal na pagsasalita ng utographs ng Luma at Bagong mga Testamento. Madalas itong tawagang mababang kritisismo.

Textus Receptus. Ang titulong ito ay umunlad sa limbag ni Elzevir ng Griyegong Bagong Testamento noong 1633 AD. Ito ay isang uri ng Griyegong Bagong Testamento na ginawa mula sa ilang nahuling manuskriptong Griyego at mga salin sa Latin ni Erasmus (1510-1535), Stephanus (1546-1559) at Elzevir (1624-1678). Sa isang panimula sa textual criticism ng Bagong Testamento (p.27), sabi ni A.T. Robertson na "*the Byzantine text is practically the Textus Receptus.*" Ang tekstong Byzantine ang pinaka hindi mahalaga sa tatlong pamilya ng mga naunang Griyegong manuskripto (*Western, Alexandrian, Byzantine*). Nilalaman nito ang kabuuang mga pagkakamali ng pitong siglong tekstong kinopya sa pamamagitan ng kamay. Subalit sinabi rin ni A.T. Robertson na "ang *Textus Receptusay itinago para sa atin na tekstong wasto ang nilalaman* (p.21). Ang Griyegong tradisyon na ito (lalo na ang pangatlong limbag ni Erasmus) ang bumubuo sa basis ng *King James version* noong 1611 AD.

Torah. Ito ang Hebreong termino para sa pagtuturo. Ito ay naging opisyal na titulo para sa mga kasulatan ni Moses (mula *Genesis* hanggang *Deuteronomy*). Para sa mga Hudyo, ito ang pinakamapangyarihang bahagi ng *Hebrew canon*.

Typological. Ito ay isang espesyal na uri ng interpretasyon. Karaniwang kasama nito ang katotohanang Bagong Testamento na matatagpuan sa mga sipi ng Lumang Testamento sa pamamagitan ng mga simbolong *analogical*. Ang uri ng *hermeneutics* na ito ay naging pangunahing elemento ng pamamaraang *Alexandrian*. Dahil sa pag-abuso sa ganitong uri ng interpretasiyon, kailangang limitahan ang paggamit ng mga tiyak na halimbawang nakatala sa Bagong Testamento.

Vaticanus. Ito ay ang Griyegong manuskripto ng ika- apat na siglo AD. Ito'y natagpuan sa aklatan ng *Vatican*. Noong una, kasama rito ang lahat ng Lumang Testamento, *Apocrypha*, at Bagong Testamento. Subalit, ilang bahagi ay nawala (*Genesis, Psalms, Hebrews, Pastorals, Philemon* at *Revelation*). Isa itong nakatulong na manuskripto sa pagkilala ng orihinal na pagsasalita ng mga *autographs*. Ito ay may titulong malaking titik *B*.

Vulgate. It ay ang pangalan ng pagsalin sa Latin ng Bibliya ni *Jerome*. Ito ang naging *basis* o karaniwang pagsalin para sa Simbahang Roman Katoliko. Ito ay ginawa noong 380's AD.

Wisdom Literature. Ito ay isang uri ng literature na naging karaniwan sa lumang silangan (at modernong mundo). Isa siyang pagsubok na makapagturo sa bagong henerasyion ng mga tuntunan para sa matagaumpay na pamumuhay sa pamamagitan ng tula, salawikain at sanaysay. Ito ay mas ipinarating sa indibiduwal kaysa sa lipunan. Hindi ito gumamit ng mga paghihiwatig sa kasaysayan kundi ito'y ibinase sa mga karanasan sa buhay at obserbasiyon. Sa Bibliya, ang *Job* at *Song of Songs* ay ipinalagay na ang pagkakaroon at pagsamba sa YHWH ngunit ang relihiyosong pananaw sa mundong ito ay hindi tiyak sa bawat karanasan ng tao sa lahat ng oras. Bilang *genre*, nagsabi ito ng mga karaniwang katotohanan. Subalit ang *genre* na ito ay hindi magagamit sa bawat tiyak na sitwasiyon. Ito ay karaniwang mga sabi na hindi laging nangyayari sa bawat indibiduwal na sitwasiyon. Ang mga paham na ito ay lakas-loob na nagtanong ng mga mahihirap na tanong ng buhay. Karaniwan nilang hinamon ang mga tradisiyonal na mga relihiyosong pananaw (*Job* at *Ecclesiastes*). Bumubuo sila ng ng balance at tensiyon para sa mga madadaling sagot ukol sa mga trahedya ng buhay.

World picture at worldview. Ito ay mga magkasamang termino. Pareho silang mga konseptong pilosopikal at tumutukoy sa paglikha. Ang terminong *world picture* ay tumutukoy sa "paano" ng paglikha habang ang *world view* ay tumutukoy sa "Sino." Ang mga terminong ito ay tumutukoy sa interpretasiyon na ang Gen. 1-2 ay tumatalakay sa Sino, hindi paano, ng paglikha, YHWH. Ito ay ang pangalang tipan para sa Diyos sa Lumang Testamento. Ito ay ipinaliwanag sa Exod. 3:14. Ito ay ang anyong *CAUSATIVE* ng Hebreong terminong "*to be*." Takot ang mga Hudyong banggitin ang pangalan nab aka magamit nila ito sa kasalanan. Kaya hinalinlin nila ang terminong Hebreo Adonai na "Panginoon." Ganito isinalin sa Ingles ang pangalang tipan.

APENDISE APAT

PAHAYAG NA PANG-DOKTRINA

Hindi ko maunawaani ang mga sinasabi ng relihiyon o mga kredo. Mas pipiliin kong kilalanin ang Bibliya mismo. Subalit, napagtanto ko na ang pagsabi ng relihiyon ay magbibigay ng paraan para maintindihan at matasa ng mga taong hindi ako kilala ang aking pananaw sa doktrina. Sa panahon ngayon na maraming pagkakamali at panlolokong pang-doktrina, ang sumusunod ay maikling paglalahad ng aking aking teyolohiya.

1. Ang Bibliya, kapareho ng Luma at Bagong Tipan, ay inspirado, di-matitinag, makapangyarihan, na laging Salita ng Diyos. Ito ay ang sariling rebelasyon ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng isang makapangyarihang pangunguna. Ito lang ang ating tanging pinanggalingan ng malinaw na katotohanan tungkol sa Diyos at ang Kanyang mga hangarin. Ito rin ang tanging pinagmulan ng relihiyon at paggawa ng Kanyang simbahan.

2. Mayroon lamang isang wlang kamatayang, tagapaglikha, tagapagligtas na Diyos. Siya ang lumikha ng lahat ng bagay, nakikita at hindi nakikita. Ipinakita niya ang Kanyang Sarili bilang mapagmahal at maasikaso ngunit Siya rin ay mabait at wasto. Ipinakita niya ang Kanyang Sarili sa tatlong tiyak na katauhan: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkahiwalay ngunit pareho sa esensiya.

3. Aktibo sa pagkontrol ng Kanyang mundo ang Diyos. Mayroong planong walang katapusan para sa Kanyang likha na hindi mababago at isang nakapokus sa indibiuwal na pinapayagan ang malayang hangarin ng tao. Walang nangyayari kung wala ang katalinuhan at pahintulot ng Diyos, subalit hinahayaan niya ang indibidwal sa pagpili ng mga anghel at tao. Si Hesus ang nakatakdang Tao ng Ama at ang lahat ay posibleng matakda sa Kanya. Ang nauunang kaalaman ng Diyos sa mga pangyayari ay hindi binabalangkas ang mga tao sa isang nakasulat nang iskrip. Lahat tayo ay may pananagutan para sa ating mga pag-iisip at mga gawa.

4. Ang sangkatauhan, kahit na nilikha sa imahe ng Diyos at malaya sa kasalanan, ay piniling magrebelde sa Diyos. Kahit na inakit ng isang ahenteng *supernatural* sina Adan at Eba ay may pananagutan sila sa kanilang gawaing makasarili. Ang kanilang rebelyon ay nakaapekto sa sangkatauhan at ang paglikha. Lahat tayo ay kailangan ang awa at grasya ng Diyos para sa ating kondisyong dulot ni Adan at ang ating indibidwal na rebelyon.

5. Naglaan ang Diyos ng pamamaraan ng pagpapatawad at panunumbalik para sa makasalanang sangkatauhan. Si Hesukristo, ang katangi-tanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay nang walang kasalanan at sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay, ay binayaran ang parusa ng kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang tanging paraan para sa panunumbalik at pakikisama sa Diyos. Wala nang ibang paraan ng kaligtasan liban sa paniniwala sa Kanyang natapos na gawa.

6. Bawat isa sa atin ay kailangang matanggap ang alay ng Diyos na kapatawaran at panunumbalik kay Hesus. Ito ay makukumpleto sa paniniwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan ni Hesus at ang ating kagustuhang lumayo sa kasalanan.

7. Lahat tayo ay buong pinapatawad at nanunumbalik ayon sa ating pagtitiwala kay Kristo at ang ating pagsisisi sa kasalanan. Subalit, ang ebidensiya nito ay makikita sa bagong relasyon sa pamamagitan ng isang panibago at nagbabagong buhay. Ang layon ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang ang langit kundi pati ang pagiging tulad ni Kristo ngayon. Ang mga tunay na nanunumbalik, kahit minsan ay nagkakasala, ay palaging tutuloy sa paniniwala at pagsisisi sa kanilang mga buhay.

8. Ang Espiritu Santo ay ang "isa pang Hesus." Siya ay nananatili sa mundo para gabayan ang mga naliligaw kay Kristo at ipaunlad ang pagiging tulad ni Kristo sa mga nailigtas. Ang mga biyaya ng Espirito ay binibigay at pagliligtas. Sila ay ang buhay at ministro ni Hesus na nakabahagi sa Kanyang Katawan, ang Simbahan. Ang mga biyaya ay ang mga pag-uugali at hangarin ni Hesus ay kailangang maudyukan ng bunga ng Espirito. Ang Espirito ay aktibo sa ating panahon gaya ng sa sinaunang panahonng bibliya.

9. Ibinuhay ng Ama si Hesukristo at ginawa siyang Hukom ng lahat ng bagay. Siya ay babalik sa mundo upang husgahan ang sangkatauhan. Ang mga nagtiwala kay Hesus at ang mga pangalan na masusulat sa libro ng buhay ng Tupa ay makakatanggap ng mga katawang panghabangbuhay na katuwalhatian *s* sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya magpakailanman. Subalit ang mga umaayaw na sumagot sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay magpakailanman sa mga katuwaan ng pagsasama sa Diyos. Sila ay makokondema kasama ng Diyablo at ang kanyang mga anghel. Hindi ito kumpleto o ganap ngunit umaasa akong bibigyan kayo nito ng aking panlasang teyolohikal ng aking puso. Gusto ko ang kasabihang ito:

"Ang mga mahalaga—pagkakaisa;Sa karagdagan—kalayaan ,Sa lahat ng bagay—pag-ibig."